



BINYAG SA NAG-AALAB NA APOY

IKALAWANG AKLAT

Banal na paghahayag ng Langit at Impyerno

Ni Rev. Pastor Yong Doo, Kim

Winika ng Panginoon *“Sa panahong ito, ang panlabas at panloob na pananampalataya ng mga simbahan at kongregasyon ay hindi naaayon sa ninanais Ko para sa kanila. Ang mga namumuno sa simbahan, pati na rin ang mga myembro nito ay sumasampalataya lang sa Akin ng pormal at kilala lang nila Ako ayon sa kung ano ang nasusulat. Ano ang dapat Kong gawin? Bumalik kayo sa Akin ng may nag-aalab na kagustuhan na mas makilala at masumpungan ako.”*

Gustong ipakita sa atin ng Panginoon ang reyalidad ng pakikibaka sa pang-espirituwal na laban sa mga masasamang espirito, kung paano mabuksan ang ating espirituwal na paningin para makita ang langit, impyerno, mga anghel at mga demonyo.

IKALAWANG AKLAT: “Bibinyagan Ko kayo ng Nag-aalab na Apoy”

Naniniwala kami sa Banal na Santatlo.

May tatlong persona sa iisang Diyos.

Ang tatlong persona ay Diyos at ang puso, isip at kakayahan Nila ay may pagkakaisa.

Ang Diyos Ama ay ang ating Amang Diyos sa langit, na Siyang nagbubuhos ng langis sa amin,

Ang Banal na Anak ng Diyos na si Hesus ay namatay para sa ating mga kasalanan at para bigyan tayo ng lakas at buhay na walang hanggan,

Ang proteksyon ng Espirito Santo ang tumutulong upang tayo ay ipanganak muli sa Espirito, Siya ang nagbibigay ng mga biyayang pang-espirituwal at kapangyarihan o otoridad.

Kaya hindi tayo dapat mamahinga kundi patuloy na magdasal sa Diyos.

Bibinyagan ko kayo sa nag-aalab na apoy!

NILALAMAN

Ika-labing anim na karanasan

Ika-labing pitong karanasan

Ika-labing walong karanasan

Ika-labing siyam na karanasan

Ika-dalawampung karanasan

Ika-dalawamput isang karanasan

Ika-dalawamput dalawang karanasan

Ika-dalawamput tatlong karanasan

Ika-dalawamput apat na karanasan

Ika-dalawamput limang karanasan

Ika-dalawamput anim na karanasan

Ika-dalawamput pitong karanasan

Ika-dalawamput walong karanasan

Ika-dalawamput siyam na karanasan

Ika-tatlongpong karanasan

Ang mga miyembro na nagdarasal sa Simbahan ng Panginoon (Lord's Church)

Pastor Kim, Yong Doo: Apatnaput limang taong gulang. Nag-sisimulang malagas ang kanyang buhok. At makikita ang bahagyang pagkakalbo ng kanyang bilugang ulo.

Ang asawa ng Pastor, Kang, Hyun Ja: Apatnaput tatlong taong gulang. Siya ay dating nag-tatrabaho sa gobyerno. Kapansin-pansin na may mahabang pasensya.

Kim, Joseph: Labing anim na taong gulang at nasa ika-walong hakbang ng pag-aaral. Pangarap niyang maging pastor. May pagka-matigas ang ulo at hindi maingat kung kumilos.

Kim, Joo Eun: Labing apat na taong gulang at nasa ika-anim na hakbang ng pag-aaral. Sya ay maganda at matalino. Katulad ng kanyang kapatid, may pagka-matigas ang ulo at hindi kaagad-agad sumusuko.

Sister Baek Bong Nyo: Limampung taong gulang. May tinataglay na malakas na tenasidad. At ang sabi pa ng Panginoon, “Walang makakapigil sakanya.”

Lee, Haak-Sung: Dalawampung pitong taong gulang. Siya ay anak ni Sister Baek Bong Nyo. May karamdaman sa pangkaisipan sa ikatlong lebel. Siya ay may limitasyon na ipahayag sa salita ang kanyang naiisip. Mahina ang kanyang pisikal na pangangatawan. Ang kapansin-pansin niyang katangian ay ang kanyang ngipin.

Lee, Yoo-Kyung: Dalawampung apat na taong gulang. Pangalawang anak ni Sister Baek Bong Nyo. May karamdaman sa pangkaisipan sa ikalawang lebel. May pagka-mabagal ang kanyang pananalita pero maayos naman siyang kausap. Mahilig siyang kumain at matulog.

Meena: Limang taong gulang. Siya’y apo ni Sister Baek Bong Nyo. Kung kumain siya ay kasing takaw ng matanda. Ang rehistro ng kanyang kapanganakan ay hindi pa tapos dahil sa kulang-kulang na dokumento.

Dyakonesa Shin Sung Kyung: Tatlongput tatlong taong gulang. Dati lang siyang dumadalo tuwing umaga ng Linggo sa simbahan pero matapos makadalo sa pagdadasal sa ikalabing limang araw ay nagbago na siya. Ang kanyang siyam na taong anak na si Yae-Ji ay namatay sa sakit na kanser.

Oh, Jung Min: Walong taong gulang. Siya’y anak ni Dyakonesa Shin Sung Kyung. Ang kanyang libangan ay manood ng telebisyon at maglaro sa kompyuter, pero matapos makadalo sa pagdarasal ay nanumpa na siya upang maging pastor. Sa unang araw palang ay nakatanggap na agad siya ng kakayahang magsalita ng ibat-ibang wika.

IKALABING ANIM NA ARAW: ANG AMING MGA KARANASANG ESPIRITUWAL

“¹ Mga minamahal, huwag ninyong paniwalaan ang bawat espiritu, sa halip, subukin muna ninyo ang mga espiritu kung sila ay mula sa Diyos sapagkat maraming bulaang propeta ang naririto na sa sanlibutan.

²Sa ganitong paraan ninyo malalaman ang Espiritu ng Diyos: Ang bawat espiritung kumikilala na si Jesucristo ay nagkatawang tao sa kaniyang pagparito ay mula sa Diyos.

³Ang bawat espiritung hindi kumikilala na si Jesucristo ay nagkatawang tao sa kaniyang pagparito ay hindi mula sa Diyos. Ito ang espiritu ng anticristo na narinig ninyong darating at narito na nga sila ngayon sa sanlibutan.” 1 Juan 4:1-3

Mahal kita Hesus

Lee, Yoo-Kyung: Nang pinapaalis ko ang mga demonyo habang nagdarasal sa ibat-ibang wika ay biglang tinawag ni Hesus ang aking pangalan at nagpakita Siya sa akin na ang sabi, “Minamahal Kong Yoo-Kyung, sumama ka sa Akin sa langit!”

Sa langit, si Hesus, ako at si Yae-Ji ay masayang naglaro. Tinanong ni Yae-Ji si Hesus, “Hesus, gusto kong sumakay sa ulap kasama si ate Yoo-Kyung!” Agad naman na pinagalaw ni Hesus ang ulap at dahan-dahan itong pumunta sa aming harapan. Sumakay kami doon at kami’y lumipad sa kalangitan hanggang sa gusto namin.

Pero di umanoy tinanong ako ni Hesus “Yoo-Kyung, Gusto mo bang bumisita sa impyerno?” Sumagot ako, “Hindi po, salamat po. Hindi na po ako babalik doon kahit kailan. Ayaw ko na pong makitang muli ang impyerno.” Habang nagrereklamo ako ay biglang sumingit si Yae-Ji at sinabi “Ate, madaming magagandang aklat sa langit, gusto mo bang makita?” Dahil sa takot akong isama ni Hesus sa impyerno ay sinagot ko si Yae-Ji “Sige, halika at tingnan natin ang mga aklat na iyon.” Kaya sinundan ko si Yae-Ji habang si Hesus naman ay sumusunod sa amin papunta sa napakalaking kwarto na punong-puno ng mga aklat.

Maraming anghel ang bumati kay Yae-Ji sa pamamagitan ng pagyuko ng kanilang mga ulo. Marami kaming nakitang mga aklat. Lahat ng aklat ay yari sa ginto at kumikinang. Pagkatapos niyon ay bumalik kami sa dating tabing dagat kung saan kami ay nanggaling at kami’y muling naglaro, nagsabuyan ng tubig at lumangoy sa dagat. Tinanong ako ni Hesus, “Yoo-Kyung mahal mo ba Ako?” At sumagot naman ako ng “Opo Hesus, mahal po Kita.” Sumagot si Hesus at sinabi, “Minamahal Kong anak, mahal na mahal Kita.”

Ang pakikipag-away o pakikipag-talo ang nagiging dahilan ng pagguho ang ating tahanan sa langit.

Tinanong ko si Hesus, “Panginoon, ang sabi Niyo sa amin ay may kanya-kanya kaming tahanan sa langit. Gusto kong makita ang aking bahay. Gusto ko ring makita ang bahay ni Haak-Syung, Joseph at Joo-eun. Pumayag naman si Hesus. “Oo naman, kung gustong makita nang minamahal kong Yoo-kyung ay ipapakita ko ito sa iyo.” Kaya sinamahan Niya ako. Naglakbay kami at nang makita ko ang kumikinang na gintong bahay ay sinabi ni Hesus, “Ito ang iyong tahanan.” Napatigil ako sa sobrang paghanga. Ang mga anghel ay abala sa pagpanaog pataas at pababa sa pagpapanday ng aking bahay.

Ang aking tahanan ay gawa sa ginto na kumikinang at halos nakakasilaw. Nang tinanong ko kung gaano na kataas ang aking bahay ay sinabi ni Hesus na ang ika-limang palapag ay malapit nang matapos at ginagawa na rin ang pundasyon ng mga susunod pang palapag. Nakita ko rin ang tahanan ni Haak-syung at ito’y nasa ikapitong palapag na.

Nang tinanong ko naman ang tungkol sa bahay nila Joseph at Joo eun ay biglang nag-aalala si Hesus na ang sabi, “Ano ang gagawin Ko?” Tinanong ko si Hesus kung anong problema at pinaliwanag Niya na ang pangatlo at pang-apat na palapag ng bahay nila Joseph at Joo-eun ay malapit na sanang matapos, ngunit nang sila ay nagkaroon ng pagtatalo ay naguho iyon. Tinuro sa akin ni Hesus na kahit ikaw ay matanda man o bata, kung ikaw ay makasarili at pala-away, ang iyong bahay ay magigiba. Sinabi ni Hesus na kailangan kong pagsabihan

si Joseph at Joo-eun na huwag ng mag-aaway o magtatalo at subukang mag-paubaya kapag nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan.

Malungkot ang mukha ni Hesus lalo na nang makita ang naguhong bahay. Hindi Niya maitago ang kanyang kalungkutan. “Ano ang dapat nating gawin? Bakit madalas mag-away sila Joseph at Joo-eun? Yoo-kyung, pakiusap, pagsabihan mo sila Joseph at Joo-eun na tumigil na sa pag-aaway. Nagsisimula silang magkantiyawan sa isat-isa na sa bandang huli ay nagiging dahilan ng kanilang pag-aaway. At kapag naglalaro sila ng bola, sa bandang huli ay nag-aaway sila. Ang bahay na ito ay pinaghirapang gawin ng mga anghel ayon sa Aking utos sa kanila. Paano namin ito papandaying muli?” Nag-alala si Hesus.

Madalas akong makipag-away sa panganay kong kapatid na si Haak-syung at ngayon ay aking napagtanto na dapat pala ay maging maingat sa pakikipagtalo. Kung mag-aaway kami kahit sa munting bagay lang, ang aming tahanan ay magigiba dahil ito mismo ay aking nasaksihan sa langit.

Binihisan ako ni Hesus ng gintong damit na may pakpak at sinabi Niya, “Mahal kong Yoo-Kyung, ikaw ay naging saksi at nakapangaral sa marami at mahal kita dahil doon.” Mabilis akong sumagot, “Panginoon, lalabas ako muli bukas upang mag-palaganap ng iyong salita.” Sumagot si Hesus, “Talaga? Ipagpatuloy mo lang iyan at mabilis Kong gagawin ang iyong tahanan.”

Humingi ako ng pabor kay Hesus, “Hesus, ngayong araw, ang anak ni Dyakonesa Shin na si Jung-min ay dumalo sa simbahan, kaya maaari bang bigyan Mo rin sya ng palayaw?” At ang sagot naman ni Hesus, “Oo, si Jung-min ay mahilig matulog kaya ang nababagay sa kanyang palayaw ay “antokin”. At pagkatapos niyon ay bumalik na kami sa simbahan kasama si Hesus at nagpatuloy ako sa pagdarasal sa ibat-ibang wika.

Habang lumalalim ang ating karanasan sa espirituwal na mundo ay lalo itong mas nagiging misteryoso

Lee Haak-Syung: Sa loob ng halos sampung minuto habang ako ay nagdadasal ay biglang sumulpot ang tatlong demonyo ng paisa-isa. Ang unang demonyo ay isang malusog na lalaki, ngunit sya ay walang ulo at hindi ko mawari kung anong nangyari sa ulo niya. Mapapansin sa buo niyang katawan ang nakaulwat na mga ugat na halos kaparehas na ng pansit. Ang sumunod naman ay babaeng demonyo na nakasuot ng toga pero hindi ko makita ang kanyang mga mata. Ang akin lang nakita ay ang matangos niyang ilong at ang kanyang bibig na may dugo sa bandang tabi. May narinig ako na parang maingay na ihip ng hangin kasabay ng pag-atake niya sa akin upang saktan ako ng mga hawak niyang pako. Ang pangatlong demonyo naman ay isang napakalaking ahas at itoy dumidila sa akin. Ang haba nito ay humigit kumulang 32 talampakan at kasing kapal naman ng binti ng katamtamang laki na tao. May bibig ito sa kanyang ulo pati na rin sa kanyang buntot. At ang ulo at buntot ay nag-uunahan sa isat-isa.

Umiyak ako sa Panginoon, “Hesus, sagipin mo po ako. Pakiusap, tulungan mo ako!” Dumating kaagad si Hesus at pinaalis ang mga demonyo.

Pinalibutan kaming lahat ni Hesus habang kami ay nagdarasal at isa-isa Niya kaming hinawakan. Hinawakan din ni Hesus ang ulo ni Pastor Kim, at ang sumasakit niyang likod, ang paa ni Joseph at likod ni Joo-eun. Tinanong ni Hesus si Joseph, “Joseph, ano ang iyong kahilingan?” At siya’y sumagot, “Hesus, tulungan mo po si kapatid na Oh Jong-Suk para manatili sa kanyang trabaho at upang makadalo pa rin sa simbahan.” At pumayag naman si Hesus.

Binati naman ni Hesus si Haak-Sung, “Napakalamig ngayong araw pero lumabas ka pa rin upang ipahayag sa iba ang Aking salita. Pinasaya mo Ako ng sobra.”

Nang umalis na si Hesus ay may dumating na babaeng demonyo na naka-toga na may maikling buhok. Lumapit siya sa akin ngunit hindi ko sya pinansin at patuloy pa rin akong nagdasal sa ibat-ibang wika. Nag-pumilit ang demonyo at inilapit niya ang kanyang mukha sa aking mukha ngunit hindi ko nakita ang kanyang mga mata, ilong o bibig. Siya ay may hawak-hawak na malaking balahibo ng manok at kiniliti niya ang aking ilong habang ako’y nagdarasal. Dahil dito, ilang beses akong napa-hatsing. Nang makita niya ito, ay tumawa siya ng tumawa. Tinakluban ko ng aking kamay ang aking bibig at inutusan ko sya sa Pangalan ni Hesus upang lubayan ako. Napakadaming ibat-ibang uri ng demonyo at misteryosong bagay ang nasaksihan ko simula ng

ako ay magdasal ng taimtim. Napagtanto ko na habang lumalalim ang aking karanasan sa espirituwal na mundo, nalalaman ko na napakadaming bagay ang hindi makikita sa mundo ng mga tao. Ako ay manghang-mangha sa bawat karanasan na aking nasasaksihan.

ANG PARUSA SA PAGBUNYAG NG SEKRETO

Kim Yong Doo: Kahapon, ang aking matalik na kaibigan, ang kapitbahay namin na pastor din at ang kanyang asawa ay dumating upang mangamusta. Ang asawa ng pastor ay napakadaming problema sa kanilang simbahan at sa mga myembro na pinautang niya ng pera. Narinig nila na ang Lord's church (ang aming simbahan) ay nag-kakaroon ng pagdarasal tuwing gabi kaya naisip nila na sumali upang sila din ay makatanggap ng biyaya. Natahimik ako at hindi nakapagsalita habang ang aking mga myembro ay nakatayo sa aking tabi. Sinubukan kong ibahin ang aming usapan nang hindi nila napaghahalata.

Sinabi ko sa kanya, "Ang aming simbahan ay wala namang espesyal na kakayahan. Mayroon ka namang asawang pastor na madasalin." Sumagot siya at sinabi na ibang problema ito. Na gusto niya, kahit walang kinalaman sa kanyang asawa, na dumalo sa pagdarasal namin tuwing gabi upang siya rin ay mabiyayaan. Patuloy siyang nag-pumilit sa pabor na iyon at hindi ko na alam ang aking gagawin. Hindi ko kayang sabihan ang isang tao na gustong-gustong maramdaman ang Espirito Santo na hindi siya maaring sumali. Hindi ko sila kayang tanggihan dahil sila rin ay mas matanda sa akin at ayaw kong mawalan ng respeto sa kanila. Kaya sinabi ko nalang, "O sige po..." kahit ang puso ko ay hindi mapakali sa aking desisyon. Tinanong niya ako ng detalye kung saan at anong oras nagsisimula at natatapos ang aming pagdarasal. At sinagot ko siya ng wala sa aking atensyon.

Nang umalis na sila ay nagsimula na ang aking agam-agam. Dadalo sila sa aming simbahan sa pag-aakalang ang aming simbahan ay may simpleng pagdarasal lamang sa loob ng isa o dalawang oras. Ang mga pangyayari sa aming simbahan ay hindi pa dapat malaman ng iba. Dahil nasasaksihan namin ang espirituwal na mundo sa araw-araw, ang mga myembro ng aming simbahan ay nasa bingit ng kamatayan dahil sa pakikipaglaban namin sa mga demonyo. Kung dadalo ang asawa ng pastor sa aming pagdarasal at nalaman niya na nakikipaglaban kami sa mga demonyo ay siguradong mas lalong lalakas ang atake sa amin. Alam ito ni Hesus kaya bago mailathala ang aming aklat ay pinagbawalan Niya kami na ipagsabi ito sa ibang tao na hindi kasali o myembro ng aming simbahan. Sa totoo pa niyan, kung maari ay bawal din kaming bumisita sa iba naming malalapit na kapamilya.

Ang Diyos Amang nasa langit ay may plano na buksan ang aking espirituwal na paningin sa gabi ng Linggo at sinabi Niya din ito sa ibang myembro namin na bukas na ang espirituwal na paningin. Sinabi Nya na kailangan naming maging handa para dito ngunit ako ay labis ng nag-aalala. Ang asawa ng kaibigan kong pastor ay dumating ng alas onse ng gabi. Ito ang oras na ang aming simbahan ay nagsisimula ng magdasal hanggang sa ika-pito at kalahati ng umaga. Kinaumagahan kami ay nagkwekwento ng kanya-kanya naming karanasan at ito ay aking isunusulat upang dalhin sa aking bahay kung saan naman ako ay nagsusulat ng aklat.

Biniyayaan at binasbasan ni Hesus ang aming simbahan. Hinabilin sa akin ni Hesus na dapat akong maging matatag sa aking desisyon na huwag payagan ang asawa ng pastor na dumalo sa aming pagdarasal. Ngunit nabigo ako, at sa kalalim laliman ng aking puso, ay nag-aalala ako sa kung ano ang maaring kalabasan ng ginawa kong pagsuway.

Natapos kaagad ang pang-Linggo naming serbisyo ng pagdarasal dahil sa biglaang pag-ayaw ng asawa ng pastor. Nang dumating ang madaling araw, sa ika-dalawa ng umaga ay tinapos ko na ang unang bahagi ng prayer meeting, at gusto ko nang pauwiin ang asawa ng pastor. Pero siya'y naupo lang at parang may gustong sabihin. Sinigurado ko na bago kami magsimula ay wala kahit isa sa amin ang magkwekwento ng kahit na ano sa aming bisita ngunit ang aking asawa ay hindi nakapagpigil at nasabi niya ang aming sekreto sa bandang huli.

Naikwento ko rin na ang aming simbahan ay bumibisita sa langit at impyerno kapag gusto namin at hindi lang iyon, marami sa amin ang biniyayaan na mabuksan ang espirituwal na paningin. Marami rin ang nakatanggap ng kakayahang magpropesiya, kakayahang malaman kung ang isang espirito ay demonyo o anghel, pagdarasal sa ibat-ibang wika, pananampalataya, karunungan, at kaalaman. Sinabi ko rin na ako ay nag-susulat ng aklat

patungkol sa mga kaganapan sa aming simbahan at ito ay ilalathala. Sinabihan ko siya na bumalik na sa kanilang simbahan upang magdasal ng taimtim. Makikita sa kanya ang pagkadismaya pero alam niya na wala na siyang iba pang pagpipilian.

Ang Diyos Amang nasa langit ay nagalit dahil hindi ko kayang magtago ng sekreto. Sa aking pananaw ito ay simpleng bagay lang at ito rin ay para hindi na bumalik muli ang asawa ng pastor sa aming simbahan. Pero kung sa espirituwal na bagay ang pag-uusapan, ako ay nakagawa ng malaking pagkakamali. Ito ang dahilan kung bakit hindi natuloy ang pagbubukas ng aking espirituwal na paningin.

Ang asawa ng pastor ay minsang dumaan sa aming bahay. Hindi niya alam kung gaano nadidismaya ang Panginoon sa kanyang pagbalik. Nasorpresa ako kaya tinanong ko siya kung bakit siya bumalik at ang sabi naman niya ay “Di ba si Joo-eun ay may kakayahang magpropesiya? Patawad pero gusto ko lang tanungin si Hesus tungkol sa problema ng aming simbahan.” Sinabi niya ang mga detalye ng kanyang mga problema at si Joo-eun naman ang nagtanong nito kay Hesus. Binigay ni Hesus ang Kanyang sagot kay Joo-eun. Ako at ang aking asawa ay nagmasid sa nangyayari at kami’y may naisip tungkol dito.

“Hindi mahalaga na sumangguni pa tayo sa taong may kakayahang magpropesiya dahil tayo ay may sariling pananampalataya, may sariling isip at nakakaunawa. Hindi ba ito ay kawalang respeto sa Panginoon na Siya ay tanungin tungkol sa problema ng iba? At isa pa, kahit nakagawa tayo ng maling desisyon o pagkakamali, tutulungan tayo ni Hesus na malaman ito. Dapat malaman natin na sa mga pagsubok at pagkakamali tayo natututong magkumpisal at makabangon muli.”

Ang asawa ng pastor ay nagtanong pa ng mga problema na madali naman niyang masosolusyunan. Umalis siya na masaya at kontento. Umalis siya na parang ang mga dinadala niya sa buhay ay biglang gumaan. Kinagabihan, bumalik siya na may dala-dalang isang kahon ng tangherina para magpasalamat. Napanatag ako dahil hindi na siya bumalik pero si Hesus ay malungkot.

Habang kami ay nagdarasal, si Sister Baek Bong Nyo ay napaiyak ng malakas. Nagulat ang aking asawa at naisip niya “Paano naging malaking bagay ang aming nagawa?” at siya rin ay humikbi ng walang patid. Dahil hindi ko kayang magtago ng sekreto, wala akong kwentang tao. Hindi ko kayang tumayo sa aking konsensya. Ano ang naramdaman ni Samson? Nang ibunyag ni Samson ang kanyang sekreto sa pagiging Nazarite, ay para na ring nagtaksil siya sa relasyon niya sa Diyos. Nang mapagtanto niya ito, hindi ba patuloy siyang humingi ng tawad sa Diyos habang pinupunit ang kanyang kasootan?

ANG PAGBISITA NI ARKANGHEL MICHAEL

Sister Baek Bong Nyo: Nagbigay ng pangako ang Diyos kay Pastor Kim na bubuksan ang kanyang mata upang makita ang espirituwal na mundo, pero nang hindi ito nangyari ay nadismaya ako. Umiiyak ako at nagmakaawa sa Panginoon. Para akong isang bata na nagpagulong-gulong sa sahig na humihingi ng laruan, pero wala akong magawa kundi umiiyak. Umiiyak ako at nagdadasal ng taimtim nang biglang lumiwanag at may dumating na napakalaking anghel mula sa langit na nakasakay sa puting kabayo.

Alam ko na siya ay si Arkanghel Michael pero siya ay nagpakilala parin sa akin. Si Arkanghel Michael ay napakagwapo at napakalaki. Kinausap niya ako at nagtanong, “Sister, bakit ka umiiyak?” Nasasaktan ang puso ni Hesus dahil naririnig ka Niyang umiiyak kaya pinadala Niya ako para kalmahin ka. Pakiusap, tumahan ka na sa pag-iyak.”

Hindi ako makahingi ng pasensya kay Arkanghel Michael dahil abala ako sa pagtitig sa kanya. Umiiyak pa rin ako pero nakatitig ako sa kanya. Kung sa harapan ko siya titingnan ay may napakaliwanag na ilaw na nagmumula sa kanyang mata kaya naman mahirap tumingin sa mata niya ng direkta. Ang kanyang mga mata ay napakaganda. Ilang sandali ang dumaan at dumating na si Hesus upang kami ay pagalitan.

PINAGALITAN NG PANGINOON SI PASTOR KIM

“Mahal kong Bong Nyo! Bakit ka umiiyak? Si pastor Kim ay nakagawa ng napakalaking pagkakamali, pero bakit ka umiiyak?” Sinabi niya ng may diin, “Kailangang humingi ng tawad si Pastor Kim. Ang mga pangyayari

sa inyong simbahan ay kailangang maitala sa aklat para mabasa ng buong mundo, pero habang hindi pa nangyayari iyon, kailangan itong maging sekreto. Pero bakit niya ibinunyag ang sekreto upang suwayin Ako?” Ang Panginoon ay nadidismaya.

Ang sekretong ito ang magpapakita ng tunay na anyo ng mga demonyo kaya naman mas madaming pagsubok ang inyong pagdaraan. Hindi ka dapat umiyak, kundi marapat mong ipaalam kay Pator Kim ang sinabi Ko sa iyo. Maraming sinabi si Pastor Kim tungkol sa sekreto sa asawa ng kapitbahay ninyong pastor. Malaki ang nagawang pagkakamali ni Pastor Kim. Huwag ka nang umiyak.”

Pero hindi pa rin ako tumigil sa pag-mamakaawa kay Hesus pero sinabi Niya, “Minamahal kong Bong Nyo, tumigil ka na sa pag-iyak. Punasan mo na ang iyong mga luha.” Kaya naman ako ay tumigil na sa pag-iyak.

Binigyan ako ni Hesus ng detalyeng paliwanag, “Ang paraan kung paano nagdadasal ang inyong kongregasyon ng sama-sama at ang mga pangyayaring inyong naranasan ay magdadala ng napakalaking kagulatan sa buong mundo. Ayaw ng mga demonyo na nalalaman ng mga tao ang tunay nilang anyo. Ginagawa nila ang lahat ng kanilang makakaya upang ito’y maitago. Natatakot sila na ang mga nararanasan ninyo ay mabunyang. Kung ang katotohanan tungkol sa kanila ay mabunyang ng hindi pa natatapos ang sinusulat ninyong aklat, mas lalakas ang atake nila sa inyo at kailangan ninyong kayanin ito. Kaya hanggang hindi pa naitatala ang lahat ng inyong karanasan sa aklat, dapat itong manatiling sekreto. Bibigyan ko kayo ng isa pang pagkakataon. Kailangan ni Pastor Kim na magkaroon ng konsentrasyon sa pagdadasal at pagsusulat ng aklat. At isa pa, lahat ng biniyayaan upang makapag-propesiya ay dapat tumigil muna sa pagdarasal para sa iba.”

KAILANGANG HUMANAP NG PARAAN ANG MGA PASTORAL LIDER SA KANILANG SIMBAHAN

Sinasaway ni Hesus ang mga pastor at kanilang asawa dahil sa kawalan ng pokus. Sinabi ni Hesus na ang lahat ng simbahan na itinayo sa Kanyang Pangalan ay dapat makahanap ng solusyon sa mga problema kahit gaano pa kalaki. “Kapag may problema sa simbahan, ang pastor at ang kanyang asawa ay dapat magtulungan sa pagdadasal upang magkaroon ng tiyak na kasagutan mula sa Diyos. Marami ang walang kakayahang magpatuloy, punta rito punta roon, naghahanap ng taong may kakayahang magpropesiya para magdasal para sa kanila. Napakarami sa inyo ang ganito at lubha akong nalulungkot. Kapag ang asawa ng pastor ay tumutulong at nagdadasal kasama ang pastor, lumuluhod sa altar ng kanilang simbahan, ay sasagutin ng Diyos ang kanilang mga panalangin. At isa pa, kung nagdasal ka at ibinigay lahat ng iyong pag-aalala sa Diyos, dapat na maghintay ka dahil iyon ang tunay na pananampalataya.”

Sa hapon ng aming serbisyo, kahit gaano kataimtim ang pangunguna ni Pastor Kim sa aming papuri, kahit gaano kalakas ang kanyang pangangaral, si Hesus ay nakatayo lang sa tabi ng altar na galit ang itsura. Ibinigay ni Pastor Kim ang kanyang sermon na may malalamig na pawis sa kanyang mukha pero parang hindi pa rin naalis ang galit ng Panginoon. Naawa akong pagmasdan si Pastor Kim. Ang aking kaluluwa ay nagdasal at humingi ng tulong kay Hesus. Pero sinabi ni Hesus, “Ang tanging paraan lang ay humingi ng tawad ng taos puso si Pastor Kim” at ang Amang Diyos sa langit ang magdedesisyon.

NAGBIGAY ANG DIYOS NG ISA PANG PAGKAKATAON

Sinabi ni Hesus, “Kung ibunyang niyo ang sekreto sa publiko, lahat ng ibinigay Kong espirituwal na pagpapala ay babawiin.” Si Pastor Kim ay dapat na umiwas sa pakikipagkita sa kanyang mga kamag-anak at malapit na kaibigan at lumayo sa mundo.” Sinabi ni Hesus na kailangan magkaroon ng konsentrasyon si Pastor Kim sa pagdarasal at pagsusulat ng lahat ng ipinakita sa kanya ng Panginoon upang mabilis na mailathala ang aklat.

Tinanong ko muli si Hesus, “Hesus, ang asawa ng pastor na pumunta sa bahay ni Pastor Kim, paano kung bumalik siya sa Linggong hapon ng aming serbisyo para makipagkwentuhan at magdasal? Malambot ang puso ng aming pastor at hindi niya kayang tumanggi.” Ginamit ni Hesus si Joo-eun upang maihatid sa amin ang mensahe ng nagagalit na Amang Diyos. Babawiin Niya ang mga biyayang pang-espirituwal at sararahan ang espirituwal na paningin sa mga nakatanggap nito, at ang pag-susulat ng aklat ay matitigil na rin. Lahat ng pastor at kanilang mga asawa ay hindi dapat pumunta sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) kundi dapat manatili na lamang sa kanilang mga sariling simbahan upang doon ay magdasal.

Pinagalitan ako ng Panginoon, “Ako ba ay albularyong mangkukulam? Bakit mo ako laging tinatanong na parang ako ay manghuhula? Para sa ibang pastor at kanilang asawa, “Kailangan magpokus sa pagdarasal, paghahanap at pagtangis sa akin at saka Ko kayo sasagutin. Hindi Ko alam kung bakit kung saan-saan pa kayo pumupunta upang humanap ng sagot.” Siya ay napakalungkot dahil dito. Sinabi pa Niya na “Ang inyong pastor ay kailangan humingi ng tawad sa pagbubunyag ng sekreto. Ang pamilya ni Pastor Kim at ni Baek Bong Nyo ay makakaranas ng problema sa pananalapi pero sa tamang panahon kayo ay makakatanggap ng biyaya kaya hindi dapat mag-alala.”

Kinumpirma ng Panginoon ng isa pang beses simula kay Joo-eun: na lahat ng nakatanggap ng espirituwal na pagpapala ay kailangang dumistansya sa mga malalapit na kamag-anak, kaibigan, at mag-ingat na huwag ibunyag ang kanilang espirituwal na biyaya kanino man. Si Pastor Kim ay sinabihan na mag-ingat sa mga taong malapit sa kanya. Pinayuhan Niya si Pastor Kim na hindi dapat magkaroon ng bisita sa kanilang bahay o sa simbahan. Kapag ang sekreto ay nabunyag muli, maraming mahihirap na pagsubok ang kahaharapin kaya dapat mag-ingat.

IKA LABING PITONG ARAW: ANG AMING PERSONAL NA KARANASANG PANG-ESPIRITUWAL

Pagtitiyaga at Panalangin

7 Mga kapatid, kaya nga't magtiyaga kayo hanggang sa pagdating ng Panginoon. Tingnan ninyo ang magsasaka. Buong tiyaga niyang hinihintay ang kapana-panabik na ani ng kanyang bukirin, at minamatyagan ang pagpatak ng ulan. 8 Dapat din kayong magtiyaga. Tibayan ninyo ang inyong loob sapagkat nalalapit na ang pagdating ng Panginoon.

9 Mga kapatid, huwag na kayong magsisihan sa isa't isa upang hindi kayo hatulan ng Diyos, sapagkat malapit nang dumating ang Hukom. 10 Mga kapatid, tularan ninyo ang mga propetang nagsalita sa pangalan ng Panginoon. Buong tiyaga silang nagtiis ng kahirapan. 11 Sinasabi nating mapalad ang mga nagtitiyaga at nagtitiis. Narinig na ninyo ang tungkol sa pagtitiis ni Job at ang ginawa sa kanya ng Panginoon sa bandang huli. Talagang napakabuti at tunay na mahabagin ang Panginoon.

12 Ngunit higit sa lahat, mga kapatid, huwag na kayong manunumpa. Huwag ninyong sabihing, "Saksi ko ang langit," o "Saksi ko ang lupa," o "Saksi ko ang ano pa man." Sapat nang sabihin ninyo, "Oo" kung oo at "Hindi" kung hindi, upang hindi kayo hatulan ng Diyos.

13 Nahihirapan ba ang sinuman sa inyo? Manalangin siya. Nagagalak ba ang sinuman? Umawit siya ng papuri sa Diyos. 14 Kung kayo ay may sakit, ipatawag ninyo ang mga pinuno ng iglesya upang ipanalangin kayo at pahiran ng langis sa pangalan ng Panginoon. 15 Pagagalingin ng Diyos ang maysakit dahil sa panalanging may pananampalataya; palalakasin siyang muli ng Panginoon at patatawarin ang kanyang mga kasalanan. Santiago 5:7-15

Dyakonesa Shin, Sung Kyung: Simula Linggo, ako ay nagdadasal sa ibat-ibang wika sa loob ng tatlong araw, nang biglang makaramdam ako sa aking katawan ng mainit at ako'y nagsimulang magdasal sa ibat-ibang wika ng mas malakas. Pagkatapos niyon, isang maliwanag na ilaw ang tumapat sa akin at ako ay umiyak habang nagdadasal at nagkukumpisal. Ang aking luha at sipon ay tumutulo sa aking mukha habang sinasambit ko ang napakarami kong kasalanan.

Hindi ako nangingilin tuwing araw ng Linggo para magbigay ng papuri sa Diyos sa kabila ng aking titulo bilang dyakonesa ng aming simbahan. Binigyan ako ng aming pastor ng napaka-daming mga payo pati na rin sermon. Ang mga payong iyon ay pumapasok lang at lumalabas sa aking tenga at iyon ang aking ugali. Ang panglabas kong itsura ay nagpapakita ng kagalang-galang na dyakonesa, pero ang aking puso ay walang koneksyon sa Diyos. Ito ang pinakadahilan kung bakit gusto kong dumalo sa pagpupuyat na panalangin at determinado akong magbago. Nag-desisyon akong tumigil sa aking trabaho at kasama ko ang aking anak na lalaki na nasa elementarya na si Jung Min sa pagdalo sa pagpupuyat na panalangin simula Linggo ng gabi.

Tatlong araw iyon na kami ay nananabik sa awa ng Diyos. Una, nagkaroon kaagad si Jung Min ng biyaya na kaloob ng Espiritu Santo at ngayong araw, naramdaman ko ng bahagya ang Kanyang kabutihan.

ANG PAGSISISI NI PASTOR KIM

Ang araw kung kailan matatanggap ko na ang aking esperituwal na paningin ay hindi natuloy dahil hindi ko sinunod ang utos ng Panginoon na itago ang sekreto. Naikwento ko ang sekreto sa aking malapit na kaibigan at dahil doon ay nagalit si Hesus. Kung para sa tao, hindi iyon malaking bagay at iyon ay pagkakamali na kayang magawa ng kahit na sino pero ang pag-iisip ng Diyos ay naiiba sa atin. Habang lumalalim ang aming karanasan sa esperituwal na mundo, ay nais ng Panginoon na kami'y maging sensitibo at hanggang hindi pa natatapos ang aklat ay iniutos Niya na ilayo muna namin ang aming mga sarili sa mundo.

Napakahirap na putulin ang koneksyon mo sa mga taong nakakasama o nakikita mo sa araw-araw. Sa aming pamilya ay nagbibigayan kami ng pagmamahal, respeto at kahit anong pagbati sa isat-isa sa pamamagitan ng telepono. Napakadaming desisyon na kailangang pag-usapan ng aming pamilya pero dahil sa utos ng Banal na Diyos, lahat ng aspeto ng aming pang-araw araw na pamumuhay ay naiiba. Lahat ng pangyayari sa aming simbahan ay dapat manatiing sekreto at kailangan naming isara ang aming mga bibig.

Sinabi ng Panginoon na kailangan kong humingi ng tawad. Tuwing gabi, ang aming pagdarasal ay nagsisimula ng ika-siyam at kalahati pero pumupunta ako ng maaga ng ika-pito ng gabi upang lumuhod sa altar at itaas ang aking mga kamay. Wala akong ibang magawa kundi umiyak sa Panginoon at pagsisihan ang aking mga kasalanan.

“Panginoon, sinuway ko po Kayo sapagkat sinabi ko ang sekreto. Nagkasala po ako sa Iyo. Binalewala ko ang Inyong kabanalan, at ginamit ko ang aking madaldal na bibig, kaya pakiusap po na alisin Niyo ang pagiging makasarili ko. Hinihiling ko na mabawasan ang sakit na aking nagawa sa iyo Panginoon. Ano ang gagawin ng walang isip na tagapaglingkod na gaya ko? Minahal Niyo ako at binigyan ng napakaraming biyayang esperituwal at binuksan ninyo ang aming esperituwal na paningin. Kung ang lahat ng ito ay mawawala ng dahil sa akin, ano ang mangyayari sa akin? Hindi ko po pinangarap iyon Panginoon, napakahalaga para sa Inyo na matapos ang aklat. Patawarin Niyo po ako. Aayusin ko na ang aking sarili. Aalisin ko na ang aking pamamaraan.”

Simula Linggo ng gabi, Lunes at ngayong araw ng martes, sa loob ng tatlong araw ay nagsisi ako araw at gabi. Ang galit ng Panginoon ay parang hindi humuhupa. Inutusan ako ni Hesus na itigil ang pagsusulat ng aklat. Ang posibilidad na mawala ang mga pang-espirituwal na biyayang natanggap ng aking anak na si Joo-eun pati na rin sa ibang myembro, ay nagbibigay ng kalungkutan sa aking puso.

Hindi ko na alam ang aking gagawin. Paano ko pamumunuan ang aming simbahan? Itatakwil na kaya ako ng Diyos? Ang mga naiisip kong ito ang pumupuno sa aking puso. Hindi ko kayang umupo lang at mawalan ng pag-asa ngayon. Umiiyak ako, nagsisisi, sumisigaw at nagdadasal sa ibat-ibang pamamaraan na alam ko habang ako ay hummihikbi ng malakas. Nang ako ay nangangaral kinagabihan, ay hindi na ako halos makakita dahil sa sobrang pamamaga ng aking mga mata. Ang apat hanggang limang oras na pangangaral ko noon na napakadali lang dati ay napakahirap gawin ngayon at hindi ko maibigay ang aking sermon ng gabing iyon. Isinara namin ang ilaw at lahat kami ay sabay-sabay na nagdasal at nagsisi sa aming mga kasalanan.

Panginoon, bigyan mo po ako muli ng isa pang pagkakataon! Ginamit ko ang lahat ng alam kong kapitulo sa bibliya na angkop para sa akin at ako ay nagmakaawa. Lahat ng myembro namin ay nagdasal at umiyak para sa akin. Nabagbag ang aking damdamin at lubos akong nagpapasalamat sa kanila. Naawa ang Panginoon sa mga bata at kaawa-awang myembro ng aking kongregasyon.

Nang marinig ng Panginoon ang aming dalangin, ay nagdesisyon Siyang bigyan ako ng isa pang pagkakataon. Nilinaw ng Panginoon na lahat ng nangyayari sa amin ay dapat manatiling sekreto hanggat hindi pa natatapos ang aklat. Walang dapat makaalam ng sekretong ito. Kahit sa kongregasyon, ay ayaw ng Panginoon na sabihin ang lahat ng detalye kundi kaunting bahagi lang ang dapat sabihin.

ANG PAGBABAGO NG AKING MGA KAMAY

Habang ako ay nagdadasal sa loob ng tatlongpong minuto na nakataas ang aking mga kamay, ang aking mga kamay at braso ay nagsimulang tumapik. Naisip ko sa aking sarili “Imbis na makatanggap ako ng biyayang espirituwal, bakit sumasakit ang aking mga kamay?” Sa sandali ring iyon, ang aking mga daliri ay nagsimulang manginig. Sa una, ang aking kanang palad ay gumalaw papalabas. At habang ako ay nagdadasal sa ibat-ibang wika, ang aking kaliwang palad ay gumalaw din papalabas.

Habang ako ay nagdadasal, ang aking kanang kamay ay gumagalaw, at kapag nagdasal muli ako ang kaliwang kamay ko naman ay gumagalaw din. Ang bilis at pakiramdam ng galaw ay mabagal. Naisip ko na kung ganito kabagal ay hindi ako tatagal ng isang oras. Sa ibang myembro, kahit magdasal lang sila ng kaunting oras ay nagpapakita na agad si Hesus sa kanila at nakikita na nila ang mga demonyo sa paligid. Ako ang pastor pero ako ay Kanyang pinahihirapan. Humigit kumulang dalawampu o tatlongpong minuto bago ako nakakita ng pagbabago at sa sobrang bagal ay nag-aalala ako na mawala ang aking kagustuhan.

Nagdasal ako ng dalawa hanggang tatlong oras at katulad pa rin ng dati, ang aking kamay ay umuulit sa paggalaw. Ilang sandali pa at nakaramdam ako bigla ng parang kuryente na dumaloy sa aking ulo. Naisip ko sa aking sarili “Ito na ito. Ito na ang simula ko sa espirituwal na mundo.” Napuno ako ng mga katanungan. Nagdasal ako ng mas may lakas habang ang kuryente ay patuloy na dumadaloy sa aking katawan.

ANG LUPON NG MGA DEMONYONG ESPIRITO AY LUMUSOB

Katulad ng dati, ako ay nagdarasal ng taimtim habang nakataas ang aking mga kamay at parang ang oras ay lumipas sa loob ng apat na oras. May biglang lumapit sa aking kanan na walang hugis na katawan at walang awa niyang binali ang aking braso. Pagkatapos, ang demonyong ito ay sinaksak ako ng patalim sa kanan, likurang bahagi ng aking leeg. Ang aking kanang balikat at likod ay parang hiniwa ng napakatalim na kutsilyo. Umiyak ako ng malakas at natumba habang ang aking katawan ay parang naparalisa. Pinilit kong gumalaw-galaw pero wala itong naitulong.

Kagulat-gulat iyon para sa akin. Ang kanan kong braso ay nabali, at hindi ko kayang gumalaw, at sa sandaling iyon, may imahe ng parang kidlat sa aking ulo. Dumating ang mga demonyo. Pinagtawanan nila ako at sinabi, “Gusto mong mabuksan ang espirituwal na paningin mo? Kung matatanggap mo ito, sa tingin mo ba mabubuhay ka pa? Kahit sa ngayon ay pinarurusahan kami dahil sa inyong pagdarasal! Wala kaming pagkakataon dahil lagi kang nagpupuri, nagdarasal, pero ngayon ay dumating na ang oras mo. Tinulungan mo silang makatanggap ng mga biyayang pang-espirituwal kaya magbabayad ka dahil doon! ” Pagkatapos niyon, ay pumasok sa aking katawan ang lupon ng mga demonyong espirito.

Gumulong ako at sinubukan kong humiga ng patagilid, pero kahit tumayo ako ng direktso ay lalo lang lumalala. Ang mga demonyo ay nasa loob ng aking katawan at ito ay napakasakit. Kahit tumigil ako sa paggalaw ay meron pa ring sakit at ang aking katawan ay namanhid. Bawat laman, ugat, kasu-kasuan, at buto ko ay napakasakit. Hindi ko kayang umiyak kahit ako ay nasasaktan. Kung ako ay sisigaw ng malakas, ay mas sasakit ang mga marka ng kagat.

“Panginoon, patawarin Niyo po ako. Iligtas Niyo ako. Pakiusap, iligtas Niyo ako!” Hindi ko kaya ang sakit. Ang mga nagdadasal na myembro ay nagulat at sila ay tumakbo papalapit sa akin. Takot na takot sila at hindi nila alam ang kanilang gagawin. Tiningnan nila ako para sa senyalis kaya sumigaw ako “Maduming demonyo, sa Pangalan ni Hesus ng Nasaret lumayo kayo sa akin!” Pero ang mga demonyo ay ayaw umalis. Sa maraming pagkakataon kapag binabanggit ko ang Pangalan ni Hesus ay kaagad na umaalis ang mga demonyo pero sa pagkakataong ito kahit gaano ako kalakas sumigaw, ay hindi sila natitinag.

Biglang pumasok sa akin ang lupon ng demonyo ng ako ay nawala sa konsentrasyon at sa panahong ako ay mahina. Sa mga ganitong pagkakataon sila umaatake. Tinitiiik nila ako at gumagalaw sila mula sa leeg hanggang likod at patuloy nila akong tinataga ng palakol. Nang tumagal ay nagawa nila akong patahimikin.

Nakakaya kong huminga pero bawat paghinga ay napakahirap para sa akin at masakit ang buo kong katawan. Nag-ipon ako ng lakas para masabi sa kongregasyon na palibutan nila ako at magdasal sila para sa akin. “Panginoon, Panginoon, ilitas Mo ako.” Ang salitang iyon ay bigla ko nalang nasambit.

ANG MAKAPANGYARIHANG PANALANGIN NG KONGREGASYON

Ang aming mga munting tupa ay nagsimulang umiyak. Tinanong ko ang mga myembro na bukas ang espirituwal na mata upang alamin kong anong klaseng demonyo ang umatake sa akin pero sinabi nila na wala silang makita kahit isa. Habang nangyayari ito, ang kanan kong braso ay pinilipit at naparalisa.

Pinilit ko ang kongregasyon na tumawag sa Pangalan ni Hesus habang nagdadasal at humingi sa Kanya ng tulong upang makita at malaman kung anong uri ng demonyo ang nasa katawan ko at sinabihan ko sila na pukpokin nila ang aking likod ng kanilang mga kamay. Nagdasal ako ng tahimik, “Panginoon, pakiusap po, tulungan mo silang makita ang mga demonyo.” Maraming bagay ang pumasok sa aking isipan “Ah! Hindi ko na kaya ang sakit! Ano ang gagawin ko? Ganito bang sakit ang nararamdaman ng iba kaya mas gusto pa nilang magpakamatay?” Bilang pastor alam ko na hindi ako dapat nag-iisip ng ganoon ngunit takot ako sa kamatayan.

Nagpatuloy kami sa pagdarasal habang ang mga myembro na bukas ang espirituwal na panigin ay nagsimulang makita ng detalye ang mga demonyo. Si Joo-eun, sister Baek Bong Nyo, Haak Sung at Yoo Kyung ay humingi ng tulong kay Hesus na ipakita sa kanila ang mga demonyo.

“Yamang naliwanagan ang mga mata ng inyong puso, upang maalaman ninyo kung ano ang pagasa sa kaniyang pagtawag, kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng kaniyang pamana sa mga banal, At kung ano ang dakilang kalakhan ng kaniyang kapangyarihan sa ating nagsisisampalataya, ayon sa gawa ng kapangyarihan ng kaniyang lakas..” Mga taga-Efeso 1:18-19

Ang lupon ng demonyo sa aking katawan ay pumunta sa aming simbahan na may espesyal na utos mula sa pinuno ng mga demonyo sa impyerno. Mayroon silang kakayahan upang hindi makita at upang magpabagobago ng anyo kaya naman nahihirapan ang mga myembro na may kakayahang makakita sa espirituwal na paningin kung hindi sila magdadasal ng taimtim. Sinabi ni Hesus, “Minamahal kong mga tupa, dahil sa inyong taimtim na pagdarasal para sa inyong pastor ay hahayaan ko kayong makita ang mga demonyo.”

May tatlongpong demonyo ang nasa loob ng aking katawan at matagal na panahon ang kanilang hinintay upang makapasok sa akin. Nang dumalaw ang kapitbahay naming pastor at kanyang asawa sa simbahan at sa aming bahay, ang mga demonyo ay nakakita ng pagkakataon para makapasok. Ang hari ng demonyo sa impyerno ay may utos, “Kapag papasok kayo sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s church), ay kailangang magingat kayo. Maraming myembro ang may kakayahang makakita sa inyo at marami ng demonyo ang kanilang napaalis dahil nakita nila ang totoong anyo ng demonyo. Kailangan ninyong maghintay ng tamang panahon para atakihin si pastor Kim. Ang loko-lokong iyon ang pinag-mumulan ng problema. Kung mapapataob natin siya, lahat ay madali nating maaayos kaya humayo kayo at gawin ninyo ang ating plano.”

Ang asawa ng kapitbahay naming pastor ay walang uri ng pananampalataya na magpapalapit ng mga demonyo sa kanya at hindi din naman siya sumusunod sa mga demonyo. Sa aking pagkakaalam, siya ay taong madasalin. Kung iisipin, ay ginawa ng demonyo ang lahat ng kanilang makakaya para itago ang kanilang tunay na anyo, at palagi silang naghahanap ng magagamit na daan. Nang malaman ng mga demonyo na gustong pumunta ng asawa ng kapitbahay naming pastor sa aming simbahan, ay ginamit nila ang pagkakataong iyon upang sundan siya at gamitin ang kanyang pagpupumilit bilang daan.

Gusto ng mga demonyo na sisihin namin ang asawa ng pastor sa nangyari sa akin. Ito ang paboritong teknik na ginagamit ng mga demonyo. Gagamitin nila ang lahat ng pwede nilang magamit na daan.

Narinig ko na ang asawa ng kapitbahay naming pastor ay nagdarasal ng pagsisisi. Hindi niya kailanman naisip na ako ay nagdurusa dahil sa mga atake ng demonyo. Sa una, ay naisip niya na ang aming pagdarasal ay kaparehas lang ng mga dinadaluhan niyang pagdarasal. Pero nang siya ay sumali sa aming pagdarasal, ay

hindi niya akalain na ganoon pala ito. Ayaw niya na ang sekreto ng Panginoon at ang Kanyang mga gawain ay matigil dahil sa kanyang pag-aantala.

Kahit gaano ko gustohin na maging mapalad ngayon, ang mga demonyo ay patuloy sa pag-atake. Ano ang gagawin ko? Sa ngayon ay kailangan na munang maalis ang mga demonyong pumasok sa aking katawan.

“Hesus, ipakita mo po sa amin ang tunay na anyo ng demonyo. Hesus, pakiusap po, ipakita Mo sila sa amin.” Lahat kami ay nagdasal. Ilang sandali pa at may sumigaw “Wow! Nakikita ko na sila! Nakikita ko na! May labing limang bilugan at hugis pankeyk na maraming mata sa kanilang katawan. At ang iba namang demonyo ay may ibat-ibang hugis at laki. May napakalaking alupihan, uod, maitim na anyong demonyo, babaeng demonyo at leon.” Sinabihan ko ang kongregasyon na mag-ipon ipon at palibutan ako, magdasal sa ibat-ibang wika, at hawakan ang masasakit na parte ng aking katawan. Sinimulan nilang tapikin ng kanilang kamay ang aking katawan at sila ay nagdasal.

May isang sumigaw, “Pastor! Nagbabago na ang itsura ng mga demonyo! Hindi na sila naghihiwalay kundi nag-iipon ipon!” Sumagot ako, “Tama ba iyon? Magdasal kayo ng mas may lakas at may otoridad na paalisin sila.” Kaya, ang kongregasyon ay sumigaw ng may iisang boses “Sa Pangalan ni Hesus, umalis kayo sa katawan ng aming Pastor! Bumalik kayo sa impyerno!” Sa oras na iyon ay sumigaw si Joo eun, “Ang mga demonyo ay nakaupo sa loob ng katawan at ang kanilang mga kamay ay nakakandado sa isat-isa. Oh hindi! Ano ang gagawin natin?” Sumigaw ako ng malakas “Huwag kayong tumigil sa pagdarasal. Kung titigil kayo, ay mapapahamak tayo..” At lahat sila ay nagdasal ng desperado.

“Sa katapus tapusa’y magpakalakas kayo sa Panginoon, at sa kapangyarihan ng kaniyang kalakasan. Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo’y magsitibay laban sa mga lalang ng Diablo.” Mga Taga-Efeso 6:10-11

Napasigaw si Sister Baek Bong Nyo, “Pastor! Nag-iba na naman ang itsura ng mga demonyo.” Tinanong ko kung ano nang itsura nila at ang sabi naman niya ay “Oh hindi, kakila-kilabot ang itsura nila, nakakapanindig balahibo! Nagbago ang anyo nila at naging maitim na alupihan. Ang alupihang ito ay kinakagat ang iyong leeg ng matatalim niyang pangil at ang kanyang sungay ay tinutusok ang loob ng iyong katawan. Ano ang gagawin natin? Ang alupihan ay nakadikit sa iyong likod.” Nakaramdam ako ng sakit at napatalon ako na mas naging dahilan ng paghihirap ko. Bumagsak ang aking katawan ng pasulong.

Umiyak ako “Panginoon, tulungan Niyo po ako.” Pero kahit gaano kalakas ako tumawag, ay hindi pa rin Siya dumadating. Kaya pinilit ko ang kongregasyon, “Magmadali kayo na hanapin si Hesus.” Kaya naman tumawag sila ng sabay-sabay, “Panginoon, nasaan po Kayo? Tulungan Niyo po ang aming pastor.” Dahil sa kanilang malakas na pagtawag ay dumating si Hesus.

Nagalit ako dahil pakiramdam ko ay ang tagal dumating ni Hesus. Naisip ko sa aking sarili, “Saan ba galing si Hesus. Bakit Siya natagalang makarating dito?” Sinagot ako ni Hesus, “Tutulungan kita kaya huwag ka nang mag-alala.” Nakita ng kongregasyon na pumasok si Hesus sa aking katawan at sinabi nila na pinapaalis ni Hesus ang mga demonyo. Ang mga demonyo ay nagkaisa at naging parang lastiko.

Hinila ni Hesus ang mga demonyo na naging lastiko. Kapag hinila Niya ang isang parte, ang kabilang parte naman ay magdidikit-dikit. Medyo natagalan bago mahila lahat ng demonyo na nagkadikit-dikit. Sa aking pananaw, ay sinadyang patagal ni Hesus iyon upang sanayin ang aming pananampalataya.

“Pasakop nga kayo sa Dios; datapuwa’t magsisalangsang kayo sa diablo, at tatakas siya sa inyo.” Santiago 4:7

Sa Bibliya, kapag nagsalita si Hesus, ang mga demonyo ay nanginginig sa takot at sila ay sumusuko sa Kanya. Pero may dahilan kung bakit natatagalan si Hesus. Gusto ni Hesus na subukin ang tibay ng aming kongregasyon at para maranasan namin ang tulong-tulong na pagsisikap sa pagpapaalis sa demonyo. Ang aming pagdarasal ay nagsimula ng hating gabi at nagpatuloy hanggang ika-pito ng umaga. Ang aking katawan ay masakit pa rin at ang buong kongregasyon ay nagpatuloy sa pagdarasal.

Ang mabahong amoy ng utot

Habang ang kongregasyon ay nakapalibot sa akin na nagdadasal, ang aking tiyan ay kumulo, at napuno ng hangin. Sumakit ang aking katawan pati na rin ang aking tiyan. Hindi ko nakayang pigilan pa ito. Sa kasamaang palad, para sa nagdadasal na kongregasyon, ay kinailangan kong umutot. Ang mabahong amoy nito ay kumalat sa hangin. Pakiramdam ko, ang nabubulok sa loob ng aking katawan ay nakalabas.

Biglang nasambit ng mga nagdadasal, “Ano ang amoy na iyon? Napakabaho!” Pinigilan nilang huminga at tinakluban nila ang kanilang ilong at bibig. Pagkatapos tinanong nila, “Sino iyon? Sinong umutot? Magpakilala ka.” Kahiya-hiyang yumuko ako at sa mahinang boses sinabi ko “Dyakonesa, pakiusap hinaan mo lang ang iyong boses. Napadami ang kinain ko kahapon. Ibat-ibang klase ng pagkain ang aking kinain. Patawarin ninyo ako.”

Sinabi nila “Pastor Kim, dumidikit kami sayo at nagdarasal kami para sayo sa lahat ng aming makakaya. Pero dahil hindi mo kayang pigilan ang iyong utot, ay nawala kami sa konsentrasyon! Pastor bakit mo ginawa iyon? Pakiusap naman po, magkameron ka sana ng kontrol.” At sa kanilang komento na iyon, lahat ng myembro ay tumawa ng malakas.

Sinabi pa ng asawa ng pastor na “Ang ating pastor ay may magandang pantunaw at lagi siyang umutot kong gusto niya kahit kailan o kahit saan.” At lahat ay tumawa muli ng malakas.

Sinabihan ko sila na “Hindi ito ang oras para tumawa ng tumawa! Magdasal muli kayo sa Panginoon.” Nangako ako na hindi na muli ako uutot at pinilit ko silang magdasal. “Joo-eun, inaalís pa rin ba ng Panginoon ang mga demonyo sa loob ko? Magmadali ka at tingnan mo.” Sinabi nila Haak Sung, Yoo kyung at Joo-eun na tinatanggal pa rin ni Hesus isa-isa ang mga demonyo. Hinuli ng Panginoon ang mga demonyo at tinali sila. Ang dalawang natitirang demonyo ay hindi pa bumibigay.

Mabilis na dumaan ang oras, at oras na para ihatid si Dyakonesa Shin, Sung Kyung sa kanilang bahay. Pinilit kong igalaw ang sumasakit kong katawan para hawakan ang manubela. Sinabi nila Haak Sung at Joseph, “Pastor, hindi maganda na mag-isa ka lang.” Sinamahan nila at sinuportahan ako habang ako ay nagdadasal sa ibat-ibang wika at nagmamaneho ng sabay. Nanatili sa loob ko si Hesus dahil ayaw Niya na may pumasok muli na ibang demonyo habang pinapaalis Niya ang natitirang dalawang demonyo.

Matapos kong ihatid si Dyakonesa Shin, Sung Kyung sa kanilang bahay, ay bumalik muli ako sa simbahan upang magdasal at pakiramdam ko ay lumakas ako. May utang na loob ako sa kongregasyon dahil sa kanilang pagdarasal para sa akin. Sa wakas ay nahuli na lahat ni Hesus ang mga demonyo sa aking katawan. Pinangako Niya na aalisin Niya ang mga demonyo at papabalikin sila sa impyerno. Itatapon Niya ang mga ito sa kumukulong hukay doon. Ilang sandali pa ay bumalik si Hesus upang ipaliwanag ang nangyari.

“Wow! Ang munting mga tupa ng Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) ay hindi basta-basta matatalo. Ang inyong iyak, dasal, at pag-aalala kay Pastor Kim ay nakabagbag sa Aking damdamin. Maghintay muli kayo ng kaonting sandali pa at bubuksan Ko na ang espirituwal na paningin ni Pastor Kim. Makikita niya ng detalye ang langit at impyerno. Isusulat niya ito at ipapalaganap sa buong mundo. Maraming naliligaw na kaluluwa ang makakabasa nito at sila ay maliligtas at magbabalik loob muli sa Akin. Matapos kong ihatid ang lahat ng myembro ng aming simbahan, ay nakabalik ako sa simbahan ng ika-sampo ng gabi.

“Manatili kayong palagi sa pananalangin, na kayo’y mangagpuyat na may pagpapasalamat”

ANG EBIDENSYA NG MGA KALMOT NG DEMONYO

Nang makauwi na ako para humiga at magpahinga, ang mga peklat ng kagat at mga kalmot ng demonyo ay napakasakit. Kapag humihinga ako ng malalim o kapag humiga ako, ay napapasigaw ako ng malakas dahil sa sobrang sakit. Ang aking asawa, si Joseph at si Joo-eun ay nagsimulang magdasal para sa akin.

Habang nagdadasal si Joo-eun ay narinig niya si Hesus na ang sabi, “Kapag nilubayan ka na ng mga masasamang demonyo, ay hindi sila umaalis ng tahimik. Nag-iiwan sila ng masasakit na kagat at kalmot kaya

ito ay iyong mararamdaman sa mga susunod na araw. Dahil ang iyong asawa ay nakatanggap ng biyaya upang makapag-pagaling ng sakit, ay hayaan mo na hawakan ng kanyang mga kamay ang iyong mga sugat at dapat na siya ay magdasal. Kaya ng sandali ding iyon ay hinawakan ng aking asawa ang mga bahagi na may kagat at kalmot pero hindi iyon gumaling ng mabilis. Nagpagulong-gulong ako sa sahig dahil sa sakit at nakiusap ako sa Panginoon. “Panginoon, biniyayaan mo po ang aking asawa upang makapagpagaling pero bakit naghihirap pa rin ako sa sobrang sakit? Ipinaliwanag ng Panginoon na ang kakayahan ng aking asawa upang magpagaling ay mahina pa pero sinabi Niya na gagaling din ako. Dahil maiksi ang aking pasensya, ay hindi ako nakapaghintay kaya tumakbo ako sa malapit na orthopedic office para magpahilot pero dahil sa napakasakit ay hindi ko na tinuloy ang gamutan.

Bumalik ako sa aming bahay, nagbuntong hininga at humiga. Nag-alala ang aking asawa at sinabi niya, “Sa loob ng dalawampung taon ng ating pagsasama, ay ngayon lang kita nakitang naghirap ng ganyan.”

ANG TAHANAN NG PAMILYA NG PASTOR SA LANGIT

Sister Baek Bong Nyo: Buong araw akong nanatili sa aming bahay at nagdasal para kay Pastor Kim. Habang ako ay nagdadasal, ay pinakita ng Panginoon ang tahanan ng pamilya ng pastor sa langit.

“Sa bahay ng aking Ama ay maraming silid. Kung hindi ito totoo, sasabihin ko ba sa inyong pupunta ako roon upang ipaghanda ko kayo ng inyong matitirhan? At kapag naipaghanda ko na kayo ng matitirhan, ako’y babalik at isasama ko kayo upang kayo’y makapiling ko kung saan ako naroroon.”
Juan 14:2-3

Ang bahay ni Pastor Kim ay napakataas. Ito ay may 360 hanggang 370 palapag. Ang bahay naman ng asawa ng pastor ay nasa 280 palapag. Ang bahay ni Joseph ay nasa ika-apat na palapag at ang ika-limang palapag ay malapit na rin matapos. Ang bahay naman ni Joo-eun ay nasa ika-12 na palapag at ang ika-13 palapag ay gagawin na. Hindi ko napigilan tanongin si Hesus, “Panginoon, ang bahay ni Joseph at Joo-eun ay ginagawa ng paisa-isa samantalang ang bahay ng pastor at kanyang asawa ay sampong palapag kung gawin sa isang pagkakataon. Bakit po ganon?”

“Dahil si Pastor Kim ang naghahanda ng sermon para sa inyo, ay pinagpapala niya ang kongregasyon dahil dito. Nagdadasal din siya ng taimtim para sa inyo. Ang dasal ng pastor ay mas malakas kung ikokumpara sa iyong dasal. Ang paglilingkod niya sa inyo ang dahilan kung bakit mabilis na nagagawa ang kanyang tahanan sa langit. Ang asawa naman ng pastor na si Kang Hyun Ja ang naghahanda ng pagkain para sa kongregasyon sa araw at gabi. Hindi lang iyon, pinapakain at binibigyan niya ng damit ang iyong pamilya araw-araw kaya naman ang kanyang gantimpala sa langit ay malaki.

Si Joo-eun ay may ugaling sumigaw at makipag-away. Kahit kaonting bagay lang ay nagiging iritable siya. Maari siyang maging arogante, kaya panatilihin niyo siyang maging mapagkumbaba. Si Joseph naman ay palaging seryoso kaya nagmumukha siyang parang galit. Kapag tinitingnan Ko siya, ang kanyang itsura ay hindi magiliw at nais Ko na bagohin niya iyon. Kapag binabanggit ng pastor sa kanyang sermon ang mga ugaling kailangan bagohin ni Joseph, ay hindi niya iyon nagugustuhan. Gusto Kong tanggapin ni Joseph ang mga pagpupuna sa kanya ng siya ay maging masunurin. Ito ay makakatulong sa pagpapanday ng bahay niya sa langit.”

Ang tahanan ni Haak Sung ay nasa ika-10 palapag at ang pundasyon ng ika-11 palapag ay ginagawa na. Ang tahanan naman ni Yoo-kyung ay nasa ika-pitong palapag na. Sinabi sa akin ni Hesus na dahil nabunyag ang sekreto, ay nagiba ang 50 palapag sa bahay ni pastor kim at 30 palapag naman sa bahay ni Kang Hyun Ja.

BINABATI KA NAMIN NOBYA BAEK BONG NYO!

Pumunta ako sa tahanan nila Pastor Kim ngayong araw at nalaman ko na buong araw palang nakahiga si Pastor Kim dahil sa sakit ng katawan. Pinayuhan ako ni Pastor Kim na habang lumalalim ang aming pagdarasal, ay magpapadala ang demonyo ng mas malalakas upang umatake. Ang totoo niyan, ay nagdadasal kami ng masigasig pero nahihirapan kaming pakainin ang aming mga sarili. Kulang din kami sa tulog at pahinga. Kaya naman ang aming utak ay pagod na pagod.

“Marunong akong magpakababa, at marunong naman akong magpakasagana: sa bawa't bagay at sa lahat ng bagay ay natutuhan ko ang lihim maging sa kabusugan, at maging sa kagutuman, at maging sa kasaganaan at maging sa kasalatan. Lahat ng mga bagay ay aking magagawa doon sa nagpapalakas sa akin. Gayon man ay mabuti ang inyong ginawa na kayo'y nakiramay sa aking kapighatian.” Mga taga-Filipos 4:12-14

Araw at gabi kaming nagdadasal ay may espesyal kaming kasabihan na sinisigaw, “Sa pagkawalang-taros, sa lahat ng mayroon kami, at sa pananampalataya..” Hindi lang iyon, kahit anong kasabihan na magpapalakas sa amin ay ginagawa ni pastor kim na salawikain. Pero ngayon, ang aming pastor ay kaawa-awang nakaratay sa kama. Hindi ko alam kung ano ang dapat kong gawin.

Kinagabihan, nang ako ay dumalo sa panggabing serbisyo, ay naroon na kaagad si pastor Kim. Pinilit niyang itayo ang kanyang masakit na katawan. Mukhang mahina pa rin ang kanyang katawan at parang siya ay nagdasal at umiyak. Ang kanyang mga mata ay namamaga nanaman kaya hindi siya makakitang mabuti. Oras na para magdasal kaya kami ay isa-isang nagdasal.

Nagdasal ako, umiyak at nakiusap sa Panginoon, “Panginoon, ang aming pastor ay nagdurusa dahil sa ginawang pahirap ng mga demonyo. Bigyan Niyo po siya ng lakas.” Lumapit si Hesus at ako ay kanyang inaliw. “Lahat ay may kapamilya na magbibigay aliw sa kanila, pero ang aking mahal na Baek Bong Nyo ay wala kahit na isa. Ako ang magbibigay aliw sa iyo. Mahal mo ako ng higit sa kahit na ano kaya naman pinahahalagan kita.”

Ilang sandali pa pagkatapos niyon ay may dumating na dalawang napakagandang mga anghel. Napaka-laki nila at napaka-gwapo. Isa sa kanila ay si Arkanghel Michael na aking kilala, at ang isa ay nagpakilala naman bilang si Arkanghel Gabriel. “Sister Baek Bong Nyo, ako si Arkanghel Gabriel. Inutusan ako ng Panginoon para samahan ka.” “Ah oo, salamat!” Ako ay yumuko at dinala nila ako sa atmospera. Biglang may dumating na kawan ng mga demonyong espirito at hinarang nila kami.

Ang kanilang mga itsura ay iba-iba. Mayroong espirito na ang ulo ay parang sa dragon at ang iba naman ay ibat-ibang uri ng hayop. Lahat sila ay determinadong lusubin kami. Mayroon ding ahas na napakalaki. Nag-ipon ipon sila at sila ay naging malakas. Pinalibutan nila kami ngunit sina Arkanghel Michael at Arkanghel Gabriel ay hindi makikitaan ng anumang takot. Sa halip, ay kalamado sila. Nang itaas nila Arkanghel Michael at Gabriel ang kanilang mga kamay ay nawalang bigla ang mga demonyong espirito.

At nagkaroon ng pagbabaka sa langit: si Miguel at ang kaniyang mga anghel ay nakipagbaka sa dragon; at ang dragon at ang kaniyang mga anghel ay nakipagbaka; At hindi sila nanganalo, ni nasumpungan pa man ang kanilang dako sa langit. At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo at Satanas, ang dumadaya sa buong sanglibutan; siya'y inihagis sa lupa, at ang kaniyang mga anghel ay inihagis na kasama niya. Pahayag 12:7-9

Nang maglaho ang mga demonyo ay nakarating na kami sa langit. Binati ako ni Hesus. Siya ay nakatayo sa malayo. Siya ay sumigaw, “Mahal kita Baek Bong Nyo! Mahal kita.” Si Hesus at ako ay sumakay sa mga ulap. Napakadaming bundok sa langit pero lahat ito ay ginintuan. Lahat ng mga anghel na nasa bundok ay sumigaw “Binabati ka namin Sister Baek Bong Nyo!”

Sumayaw ako ng sayaw sa langit at ang mga ulap ay natakpan ng mga bulaklak. Nang makita ko ito, ay nawala sa aking isip na bumalik pa sa mundo.

UMIYAK SI HESUS KASAMA SI PASTOR KIM

Lee Haak Sung: Ang aming pangangaral ng Salita ng Diyos ay nagsimula sa ika-apat ng hapon at natapos ng ika-pito ng gabi. Tumuloy ako sa simbahan upang magdasal at nang ako ay pavanaog sa hagdan ay narinig ko ang mga awit ng papuri. Tahimik kong binuksan ang pinto at nakita ko si pastor kim na nakaluhod, nakataas ang kamay, umiiyak at nagdadasal. Pero si Hesus ay nakatayo sa tabi ng pastor. Suot Niya ang korona ng tinik. Umiiyak Siya habang nakatitig sa pastor.

Dumudugo ang ulo ni Hesus at ang kanyang dugo ay tumutulo sa Kanyang damit. Siya ay basang-basa ng dugo. Niyakap ni Hesus si Pastor Kim habang Siya ay umiiyak. Patay ang mga ilaw ngunit may maliwanag na ilaw na nagmumula kay Hesus. Sa sandaling iyon, ang awit na “Tatlong pako” isang awit tungkol sa paghihirap ay tumutugtog.

Tahimik akong lumabas at sa lamesa sa labas ako nagdasal. Nagdasal ako ng mahabang oras pagkatapos ay sumilip muli ako sa pintuan. Patuloy pa rin ang pagdurugo ni Hesus habang nagdarasal si Pastor Kim. Umalis ako at pinagpatuloy ko ang pagpapalaganap ng Salita ng Diyos sa ibang tao habang hinihintay ko na magsimula ang panggabing serbisyo. Nang dumating na ang oras ng panggabing serbisyo, habang ako ay nagdadasal ng ibat-ibang wika ay nagpakita sa akin si Hesus. Niyakap ako ni Hesus at naramdaman ko na iyon ay mainit. Ginawa rin Niya iyon sa ibang myembro. Pagkatapos, ay bumalik Siya sa akin at kanyang sinabi “Haak Sung, pumunta tayo sa langit.. Hinawakan Niya ang aking mga kamay.”

SI LEE, HAAK-SUNG AY LUMANGOY SA KARAGATAN SA LANGIT

Ako at si Hesus ay lumipad sa alapaap at kami ay nakarating sa langit. Si Yae-ji ay dumating at binati kami. Parang hinihintay niya ako. Iminungkahi niya, “Kuya, gusto mo bang pumunta sa dagat sa langit?” Kaya naman ay pumunta kami nila Hesus at naglangoy doon. Nagsabuyan kami ng tubig dagat at naglaro.

Sinabi ni Hesus, “Kahit gaano pa kalamig ang panahon, mas mabuting magdasal na suot ang maninipis na damit, habang kayo ay nakaluhod at nakataas ang mga kamay. Kung nilalamig kayo, ay magpapadala ako ng apoy. Hindi kayo dapat na mag-alala. Kung magsusuot kayo ng makakapal na damit ay makakatulog kayo habang nagdadasal. Naiintindihan mo ba?”

ANG AKING AMANG SI HESUS

Lee, Yoo-Kyung: Ako ay nag-aalab sa init at nagdadasal ng ibat-ibang wika ng dumating si Hesus. Bigla akong nakaramdam ng pagkaulila sa aking ama kaya sumigaw ako kay Hesus, “Hesus, wala po akong tatay. Ang tatay ni Joo-eun ay si Pastor Kim, pero ako po ay walang tatay. Sana meron din po akong ama.” Matapos Niya akong marinig ay nalungkot si Hesus at sinabi Niya, “Oo mahal Kong Yoo-kyung, mula ngayon ay maaari mo akong tawaging tatay.” Kaya tinawag ko Siya ng malakas, “Tatay!” Inulit ko iyon ng tatlong beses at masayang sumagot si Hesus ng “Oo, ako ang iyong tatay!” at ako ay napaiyak ng dahil doon.

Nagpatuloy ako sa pag-iyak habang tinatawag ang aking ama. Lumapit si Hesus sa akin at mapagmahal Niyang hinaplos ang aking likod at ulo. Ang kanyang haplos ay mainit. Sinabi muli sa akin ni Hesus, “Heto Ako anak, Ako ang iyong ama. Mahal na mahal kita. Mahal ko rin ang iyong kapatid na si Haak-Sung. Mahal kong Yoo-kyung, alam kong mahirap mawalan ng ama.” Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at sabay kaming umiyak.

Nagpatuloy ako sa pagdarasal sa ibat-ibang wika nang maramdaman ko na parang may humawak sa akin at humaplos sa aking ulo. Naisip ko na si Pastor Kim ay lumapit upang magdasal para sa akin. Pero nang imulat ko ang aking mga mata ay nakita ko si Pastor Kim sa dati niyang pwesto at nalaman ko na si Hesus pala ang humahaplos sa akin. Naawa sa akin si Hesus at niyakap Niya ako. At bago Siya umakyat sa langit ay sumigaw Siya at sinabi Niya, “Yoo-Kyung! Mahal Kita!”

PAGKAKAISA SA PAGSISISI

Kim Joo-eun: Habang ako ay nagdadasal sa ibat-ibang wika, ay may napakapangit na demonyong dumating. Ang kanyang mukha ay parang sa dragon at ang kanyang katawan naman ay parang sa ahas. Ang demonyong ito ay walang sungay kundi mayroon siyang tatlong ulo ng dragon. Sa bawat ulo nito ay may tatlong mata na nasa bandang ibaba ng kanilang mukha. Ang demonyo ay lumakad ng parang lulusob upang takotin ako pero pinaalis ko siya, “Sa Pangalan ni Hesu Kristo, lumayo ka sa akin!”

Nagpatuloy ako sa pagdarasal ng ibat-ibang wika nang dumating si Hesus. Ngayong araw ay tahimik si Hesus at hindi nagsasalita. Siya ay nakatayo lang sa aking tabi ng mahabang oras habang humihikbi. Tinanong ko

Siya ngunit nagpatuloy lang Siya sa pag-iyak. Ngayong araw, sa aming pang-gabing serbisyo, ay mangiyak-ngiyak na umamin si Pastor Kim, “Labis akong nalulungkot dahil nasaktan ko ang Panginoon. Panginoon, nagkasala po ako sa Iyo.”

Sa sandaling iyon, ang aming kongregasyon ay umawit ng tungkol sa kalbaryo, ang paghihirap, ang krus, at ang mahal na dugo ni Hesus. Kami ay nag-pokus sa pag-awit at pagsisisi. Si Hesus, si Pastor Kim, at lahat kami ay magkakasamang umiyak.

IKA-LABING WALONG ARAW: ANG AMING KANYA-KANYANG KARANASANG ESPIRITUWAL

6 Kaya't kayo'y mangagpakababa sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Dios, upang kayo'y kaniyang itaas sa kapanahunan; 7 Na inyong ilagak sa kaniya ang lahat ng inyong kabalisahan, sapagka't kayo'y ipinagmamalasakit niya. 8 Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya: 9 Na siya'y labanan ninyong matatag sa inyong pananampalataya, yamang inyong nalalaman na ang mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga kapatid na nangasa sanglibutan. 10 At ang Dios ng buong biyaya na sa inyo'y tumawag sa kaniyang walang hanggang kaluwalhatian kay Cristo, pagkatapos na kayo'y makapagbatang sangdaling panahon, ay siya rin ang magpapasakdal, magpapatibay, at magpapalakas sa inyo. 1 Pedro 5:6-10

LABANAN ANG MASAMANG DEMONYO!

Lee Haak Sung: Pinayuhan kami ng aming Pastor na “Kapag nagpakita ang demonyo, ay hindi dapat matakot kundi harapin sila ng may tapang!” Ang mga pangit na demonyong iyon ay mahina, kaya hindi natin sila dapat katakutan. Kapag kayo ay nasa kalaliman ng espirotuwal na mundo, at kapag nahawakan ninyo ang demonyo, ay labanan ninyo sila.” Naisip ko sa aking sarili, “Paano namin iyon gagawin sa nakakatakot na mga demonyo? Hindi makatotohanan ang mga pinagsasabi ng Pastor.”

Inulit ng pastor ang kanyang sinabi sa amin, “Kaya natin ito. Maraming hirap ang pinagdaanan natin dahil sa kanila. Panahon naman natin ngayon upang gumanti at labanan sila!” Sumagot naman ako, “Tama! Amen!” Tinulungan kami ni pastor kim na tumayo at tinuruan niya kami kung paano lalabanan ang mga demonyo. Kapag ang aming tugon sa kanya ay mahina, binibigyan niya kami ng lakas upang magtiwala.

Makakaya ba talaga naming hulihin ang mga demonyo? Kaya na naming sambitin ang Pangalan ni Hesus at humingi ng armas upang paalisin ang mga demonyo. Nagulat kami ng malaman na maari pala naming labanan ang mga demonyo.

Nagdarasal ako sa ibat-ibang wika nang biglang bumalik ang dalawang demonyo na aking nakita noon. Ang machong demonyo na labas ang ugat sa katawan na parang pansit at ang isa naman ay demonyo na punong-puno ng mukha sa ulo, harapan at likod. Iniikot-ikot ng demonyong iyon ang kanyang ulo. May hawak-hawak siyang malaking balahibo ng manok, at katulad ng dati ay ginagamit niya iyon upang kilitiin ang aking ilong.

Sinubukan ko na huwag tumigil sa pagdarasal. Tinakpan ko ang aking kabilang ilong at ako ay nagpatuloy sa pagdarasal ng ibat-ibang wika. Kiniliti ng demonyo ang kabilang parte ng aking ilong. Naalala ko ang sermon ni pastor kim. Sinubukan kong kunin ang balahibo sa demonyo at ako ay nagulat ng mahawakan ko ito.

Isa iyong milagro. Pinalo ko ang demonyo ng matalim na parte ng balahibo at siya ay umaray na parang tao, “Aray, aray! Walang awa ko siyang pinalo ng pinalo. Siya ay sumigaw, “Aray! Iligtas niyo ako!” May parang berdeng tubig na lumabas sa kanyang mga sugat. Siguro iyon ay kanyang dugo.

Nakita ng machong demonyo na labas ang mga ugat ang aking ginawa sa kanyang kasama kaya naman siya ay natakot at umalis. Sa sandaling iyon, ang awit na, “Luwalhati, luwalhati, haleluya!” ay tumugtog. Sinabayan ko ang kanta at ako ay umawit. May mga anghel na bumaba sa langit at sumayaw sa aking harapan. Nanood din si Hesus at Siya ay natuwa.

Si Pastor Kim ay nagdadasal habang tinitii ang mga naiwang marka ng kagat ng mga demonyo. Nilapitan ni Hesus ang pastor at hinawakan Niya ang mga sugat nito. Lumapit din Siya sa akin at sinabi, “Haak Sung, huwag mong ibababa ang iyong mga kamay kahit mahirap. Ang dasal habang nakataas ang mga kamay ay mas makapangyarihan.” Sinabi ko kay Hesus, “Panginoon, ang opisyal sa opisina ay gustong tanggapin ako sa trabaho upang maging pampublikong taga-paglingkod, ano po ang dapat kong gawin?” Sumagot si Hesus, “Magtiis ka muna. May mas magandang oportunidad para sa iyo kaya maghintay ka muna at magdasal.”

Kim Joo-eun: Habang ako ay nagdadasal sa ibat-ibang wika ay may dumating na demonyo na malaki at bilugan ang mukha. Walang laman ang kanyang mukha bukod sa napakadami nitong bibig at ang pinakamalaking bibig ay may mga ngipin na kagaya ng kay Drakula. Ito ay may dalawang matalim na pangil at sa mga pangil na iyon ay may tumutulong dugo. Nakakita pa ako ng isa pang demonyo at ang demonyo namang ito ay punong-puno ng mata sa kanyang mukha. Hindi ko siya kayang tingnan dahil sa kanyang kapangitan.

Ngayong araw ay napakadami kong nakitang ibat-ibang itsura ng demonyo. Sumigaw ako ng malakas, “Kayong dalawang demonyo! Sa Pangalan ni Hesus, lumayo kayo sa akin!” at sila ay nawala.

Habang nagpapatuloy ako sa pagdarasal, ang demonyong nagpakita kay sister Baek Bong Nyo ay nagpakita rin sa akin. Naalala ko ang kanyang kwento tungkol sa demonyong ito at ang kanyang sinabi ay parehas na parehas sa demonyong aking nakita. Ang demonyong ito ay napakagandang dalaga na nakasuot ng pangpormal na damit. Dahan-dahan siyang naglakad papalapit sa akin. Ang demonyong ito ay napakaganda na hindi ko halos siya mapagkamalang demonyo.

“At hindi katakata: sapagka’t si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan. Hindi malaking bagay nga na ang kaniyang mga ministro naman ay magpakunwari na waring ministro ng katuwiran; na ang kanilang wakas ay masasangayon sa kanilang mga gawa.” 2 Mga Taga-Corinto 11:14-15

Kahit sa paraan kung paano siya magsalita ay napakahinhin. Magalang niya akong kinausap “Pakiusap, huwag ka nang magdasal... bakit ka ba nagdadasal?” Hindi ko siya pinansin at nagpatuloy pa rin ako sa pagdarasal. Biglang nagbago ang tono ng kanyang pananalita. “Hoy! Bakit ka ba nagdadasal? Kapag nagdasal ka ba ay may nakikita ka bang espesyal?” Sumigaw siya at sinabi, “Tumigil ka na sa pagdarasal!” Sumagot ako ng “Sa Pangalan ni Hesus, lumayo ka sa akin!” Nahati ang kanyang katawan mula sa kanyang ulo hanggang paa. At habang nahahati ang katawan niya, ay nakita ko ang demonyong nasa loob nito. Hindi ko ito kayang tingnan dahil sa sobrang nakakatakot.

Kapag naaalala ko ang imahe niya, ay hindi ko pa rin maisip kung paano ang kanyang panglabas na anyo ay ibang-iba sa pangloob niyang anyo. Marami na akong nakitang magagandang tao pero wala pa akong nakitang kasing ganda ng demonyong iyon. Wala pa akong nakitang kasing perpekto na katulad ng kanyang katawan, mahabang pilik-mata at mukha. Pero nalaman ko na ang kanyang loob pala ay isang napakapangit at masamang demonyo.

Nagpatuloy ako sa pagdarasal nang may makita akong demonyo na nagpanggap na inosenteng batang lalaki na nakasuot ng pulang bandana. Ang demonyong ito ay pumunta sa aking harapan at pinilit niyang ipunin ang kanyang lakas upang mapunta sa kanyang mata, hanggang sa ang kanyang mga mata ay naging mapula.

Kinakabahan akong nagdasal at nang siya ay aking silipin muli ay nakita kong nakaluwa na ang kanyang mga mata. Ang kanyang mga nakaluwang mata ay gumagalaw ng papasok at papalabas ng paulit-ulit. Sinubukan kong paalisin siya sa Pangalan ni Hesus ngunit hindi siya natinag. Taimtim akong nagdasal at maya-maya ay nawala na ang demonyo.

Nagpatuloy muli ako sa pagdarasal nang may makita akong dalawang buwan na naging isang bilugan demonyo na gumulong papalapit sa akin. Sumigaw iyon, “Hoy! Bakit mo ako nilalait? Tumigil ka sa pagtawa! Hindi ko yan gusto!” Lalo pa akong tumawa ng mas malakas at siya ay umungol ng may pagkainis. Kapag natatalo kami sa laban, ay nalulungkot kami at napapaiyak. Sa ganun ding paraan na kapag natatalo ang mga demonyo, sila ay umiiyak at gumugulong papaalis.

Aking napagtanto na napakadami palang ibat-ibang uri ng demonyo at ang mga demonyong iyon ang gumagambala sa aming pagdarasal. Bawat myembro ng aming kongregasyon ay pinapaalis ang mga demonyo sa Pangalan ni Hesus. Ang mga demonyo ay patuloy na dumarating at umaalis. Habang nagdadasal ako, ay naisip ko kung ano ang ginagawa ni Pastor Kim kaya paminsan-minsan ay tinitingnan ko siya pero ang aking nakikita ay bola ng apoy kung saan siya naroon.

Nagulat ako kaya binuksan ko ang aking mata at nakita ko ang pastor na nakaupo sa dati niyang pwesto na nagdadasal. Kung ipipikit ko ang aking mata, ang aking makikita ay bola ng nag-aalab na apoy. Ang mga demonyo ay nakatayo lang sa tabi ni pastor kim. Nanonood lang sila at hindi nila magawang atakihin ang pastor. Dahil wala silang pagkakataon na atakihin ang pastor, ay pumupunta sila sa mga myembro upang kami ay gambalain. Ang paglusob nila ay hindi nagtatagal at umaalis din sila kaagad. Kapag ginagamit namin ang Pangalan ni Hesus upang paalisin sila, ay mabilis naman silang tumatakbo papalayo.

Sa sandaling iyon, ay may isang babaeng demonyo na mahaba ang buhok ang nagpakita sa akin. Wala namang hangin ngunit ang kanyang buhok ay winagayway. Walang ano-ano bigla siyang lumusob ng mabilis. Gamit ang kanyang mala-drakulang pangil, ay kinagat niya ang aking kaliwang braso. Sinubukan ko siyang itulak papalayo sa akin pero hindi ko kaya. Hindi ako makapag-isip ng mabuti dahil sa sobrang sakit. May isa pang demonyo ang umatake sa akin. Ang gilid ng maliit nitong mata ay may hiwa. Natakot ako kaya sumigaw ako ng napakalakas.

“Panginoon, Panginoon, tulungan Mo po ako. Pakiusap, tulungan Mo po ako.” Lumapit ako sa asawa ng pastor at nagdasal ng nakataas ang aking mga kamay. Biglang may nakita akong bilog na demonyo na may napakalaking mata at siya ay tumatalbog-talbog papalapit sa akin. May isang-daang demonyo ang gumambala sa aking pagdarasal. Nilabanan ko sila sa pamamagitan ng pagsigaw ko “Kayong mga pangit na demonyo. Bakit kayo nabubuhay ng ganito? Bakit ninyo ako iniistorbo?” Ang isa sa kanila ay tumakbo papalapit sa akin at sinabi, “Gusto naming dalhin ka sa impyerno!” Sumagot naman ako, “Ano? Impyerno? Nakakatawa kayo! Hoy! Kayong mga pangit na demonyo, lumayo kayo sa akin! Sa Pangalan ni Hesus, lumayo kayo sa akin!” Sa sandali ding iyon, lahat ng demonyo, pati na rin ang nakakagat sa aking braso ay naglaho.

Matapos akong lubayan ng mga demonyo ay napabuntong hininga ako, “Hay! Nakakapagod ito.” Naisip ko, dahil bata pa ako, kung susundin ko ang payo ng pastor na maging masigasig sa pagdarasal, ang aking espirituwal na paningin ay mabubuksan at makakapunta ako sa langit. Hindi lang iyon, natutunan ko din na kung malalabanan at matatalo ko ang mga demonyo, ay makakapunta ako sa langit.

ANG MGA PASTOR NA ITINIGIL ANG KANILANG PAGLILINGKOD

Nagpatuloy ako sa pagdarasal ng mahabang oras nang biglang nagpakita sa akin si Hesus. Tinawag Niya ako sa aking palayaw, “Sesame! Mahal kong Sesame, napakahusay mo sa pagpapaalis sa mga masasamang espiritu!” Sinagot ko Siya ng tanong, “Hesus, may naalala lang po ako na sinabi ni papa na itanong ko daw po sa Iyo. May mga pastor po na itinigil ang kanilang paglilingkod sa Iyo upang magtrabaho ng iba. Ano pong mangyayari sa mga pastor na iyon?” Sumagot si Hesus, “Napakabata mo pa para ipaliwanag Ko ito sa iyo, makinig ka sa Akin ng mabuti at ipaliwanag mo sa iyong ama ang sasabihin Ko. Ang mga pastor na umayaw sa pagiging pastor dahil sa paghihirap ay huhusgahan ng Aking Amang nasa langit. Ang Amang Diyos sa langit ay pagsasabihan ang mga pastor na iyon sa araw ng kanilang paghuhusga ng “Ikaw, bakit ka tumigil sa pagiging pastor? Binigyan kita ng kakayahan upang magampanan ang iyong tungkulin bilang pastor pero bakit ka nagdesisyon na tumigil ng wala Akong pahintulot? Nakagawa ka ng napakalaking pagkakamali! Kailangan mong magsisi.” At sasabihan Niya sila na sa natitirang buhay ng mga pastor na iyon ay kailangan nilang sumunod sa Diyos.

“May mga tao rin na hindi ginagawang banal ang Aking araw ng Linggo. Ginagawa nila ang lahat ng kanilang gusto. Binubuksan nila ang kanilang mga negosyo, at sila ang mga tao na hindi nabuhay muli sa kapangyarihan ng Espirito Santo. Dapat ay walang negosyong maganap sa araw ng Linggo. Marami ang nagsasabi na sila ay ligtas na ngunit nagkakamali sila. Kung talagang sila ay ligtas, ay dapat na makikita ito sa kanilang mga gawa at pamumuhay. Ang ating Amang nasa langit ay may matalas na paningin sa lahat ng

tao. Para sa Kanya, lahat ng kaluluwa ay mahalaga, at kapag ang kaluluwa ay napupunta sa impyerno dahil sa kanilang sariling desisyon, ay labis Siyang nasasaktan. Maraming beses na Siyang umiiyak dahil dito.”

ANG MGA NAGPAPATALSİK SA MGA PASTOR

Tinanong ko si Hesus, “Hesus, minsan po sa telebisyon ay napapanood ko na ang ibang simbahan ay nagkakaroon ng away. Bakit po ang mga kongregasyon at kanilang pastor ay nag-aaway? Sa ganoon pong pagkakataon, kanino po Kayo pumapanig?” Pinangaralan ako ni Hesus, “Napakabata mo pa pero ang dami mong tanong.” Sumagot naman ako, “Panginoon, anak po ako ng pastor. Nalulungkot po ako na makita na ang ibang pastor ay pinapatalsik sa simbahan.”

Sumagot si Hesus, “Ang mga pastor ay madalas makagawa ng pagkakamali at iyon ang problema. Pero, kapag ang kongregasyon ay nagpatalsik sa kanilang pastor, ay nakagawa sila ng napakalaking kasalanan. Ngunit kahit nagawa iyon ng isang tao, kung magsisisi sila, hihingi ng kapatawaran at susunod sa Diyos ay makakapasok pa rin sila sa langit. Hindi na dapat nila ulitin ang ganoong kasalanan.”

“Na huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampikampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo, kundi sa kababaan ng pagiisip, na ipalagay ng bawa’t isa ang iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili;” Mga Taga-Filipos 2:3

ANG REKLAMO NI JOO-EUN

“Panginoon! May itatanong pa po ako sa Iyo!” at nagpumilit ako. At sinabi ni Hesus, “Matapos makatanggap ang munti kong Sesame ng biyaya ng pagpropesiya, ay napakarami mong tanong sa Akin? Oh sige, itanong mo na.” “Hesus, lahat po kami ay nagdadasal ng sama-sama pero bakit po si sister Baek Bong Nyo at pamilya niya lang ang dinadala niyo sa langit at impyerno araw-araw? Kami ang pamilya ng pastor di ba po? Ang pamilya ko ang may mas higit na pananampalataya, pero bakit po Panginoon sila Haak Sung, Yoo-Kyung at sister Baek Bong Nyo lang ang mahal Mo?”

Napatawa ng malakas si Hesus sa aking tanong at sinabi Niya, “Mahal kong Joo-eun, hindi iyan totoo. Mahirap ang kanilang pamumuhay. Tingnan mo, si Haak-Sung at Yoo-kyung ay may kapansanan di ba? At si sister Baek Bong Nyo ay nakaratay sa higaan dahil masakit ang kanyang likod. Wala silang makain at nakatira lang sila sa maliit na bodega pero sila ay nagdadasal pa rin ng walang humpay. Hindi nila alam kung kelan sila mapapatalsik sa kalye pero sila ay masunurin paring nagdarasal sa Diyos. Mahal ko sila dahil sa kabila ng kanilang limitasyon ay masigasig pa rin silang nagdarasal. Kailangan nila ng Aking proteksyon. Marami kang kapamilya pero wala silang asawa o ama. Iyon ang dahilan kung bakit kailangan nila ng espesyal kong atensyon.” (Exodus 33:19)

Tinanong ko muli si Hesus, “Hesus, si pastor Kim po ay nagtatala ng lahat ng aming espirituwal na karanasan sa aklat ngayon. Pero kapag natapos na po ang aklat, ay kukunin Mo po bang muli ang mga pagpapalang ibinigay Mo sa akin?” Winika ng Panginoon, “Joo-eun, ang kakayahang makapagpropesiya ay isang napaka-espesyal na pagpapala na hindi madaling ibigay o bawiin. Ang kakayahang magpropesiya ay kukunin o babawiin kapag ang Diyos Amang nasa langit ay nagdesisyon na bawiin ito o mananatili kapag niloob Niyang manatili ang pagpapalang iyon sa isang tao.”

Muli ay tinanong ko si Hesus, “Hesus, gaano na po kataas ang tahanan ng aking pamilya sa langit?” At sumagot Siya, “Malalaman at makikita mo iyon ng iyong mga mata kung magdadasal ka ng masigasig.” Kapag may mga detalyado akong tanong, ay nais ng Panginoon na magdasal muna ako.

Umaakyat muli si Hesus sa langit at nagpatuloy akong magdasal nang aking malaman na ang aking kaluluwa ay lumulutang sa kalawakan. Nakita ko ang kalawakan na puno ng mga bituin at ang Milky Way ay walang hanggan. Nagdasal ako hanggang umaga at hinanap ko si Hesus habang nagdadasal hanggang sa makauwi ako sa bahay.

ANG PANGPATULOG NA AWIT NG PANGINOON

Inabala ko ang Panginoon, “Hesus, totoo po ba na binibisita Mo si Yoo-Kyung gabi-gabi at inaawitan Mo siya ng pangpatulog? Bakit po ako wala? Maaari po bang awitan Mo din ako?” Umupo si Hesus sa aking tabi at ako ay Kanyang inawitan. At bumulong siya ng “Matulog ng mahimbing Aking Sesame. Matulog ng mahimbing.” At tinapik niya ang aking tiyan.

Sumagot ako kay Hesus sa ganitong paraan, “Hesus, salamat po sa pakikinig Mo ng aming mga panalangin ng buong gabi.” Si Hesus ay natuwa at tumawa ng malakas. “Oo Aking Sesame, mahusay ang iyong ginawa. Ngayon ay matulog ka na.” Bumulong Siya, “Matulog ka ng mahimbing. Hindi ako aalis hanggang hindi ka natutulog. Kaya matulog ka na Aking anak.” Kawikaan 3:24

KINATATAKUTAN NG DEMONYO ANG IYONG PANANAMPALATAYA

Lee, Yoo-kyung: Habang ako ay nagdarasal, ay may isang demonyo na may pakpak na katulad ng sa paniki at isang bungo ang lumapit sa akin. Ang malaki niyang mata ay nakalubog sa kanyang bungo, at ang kanyang buntot ay gumagalaw-galaw habang naglalakad siya papalapit sa akin. Ang demonyong ito ay nagpangggap na sa ibat-ibang anyo upang takutin ako. Natakot ako at umiyak, “Ikaw na pangit na demonyo! Sa Pangalan ni Hesus, lumayo ka sa akin!” at sa sigaw kong iyon ay naglaho siya. Pagkatapos ay nagpakita sa akin si Hesus.

“Mahal kong Yoo-kyung, anong problema? Bakit ka umiiyak?” ang tanong sa akin ni Hesus. Sinagot ko Siya, “Panginoon, natatakot po ako sa mga demonyo!” Pero sinabi ni Hesus, “Hindi ka dapat mag-alala. Dumating Ako para sa iyo di ba?” “Panginoon, pinalayas ko po ang mga demonyo sa Iyong Pangalan.” Tumawa at umayon si Hesus. Winika Niya, “Oo, mahusay ang iyong ginawa. Mahusay! Yoo-kyung, sumama ka sa Akin sa langit.” Kinuha Niya ang aking kamay, lumagpas kami sa krus at nakarating sa langit.

Nang makarating kami sa langit ay hiniling sa akin ni Hesus na sumayaw ako ng magiliw. Sumayaw ako ng sumayaw at maya-maya ay napansin ko ang korona ng tinik sa ulo ni Hesus. Dumudugo ang kanyang ulo at ang kanyang kasuotan ay basang-basa ng dugo. Hindi Siya tumitigil sa pagdurugo kaya umiyak ako at nagmakaawa, “Hesus, pakiusap po, huwag Niyo na pong ibuhos ang Iyong dugo.”

Sumagot si Hesus, “Hindi anak Ko. Kailangan Kong ibuhos ang Aking dugo.” At nagpatuloy kong makita Siyang nagdurugo. *“Datapuwa’t ngayon kay Cristo Jesus kayo na noong panahon ay nalalayo ay inilapit sa dugo ni Cristo.” Mga taga-Efeso 2:13* Hindi ko napigilang umiyak. Umiyak ako ng sobra kaya naman huminto ang pagdurugo ni Hesus at sinabi Niya, “Tapos na, tapos na iyon, tumahan ka na sa pag-iyak.”

Sa malambing Niyang boses ay kinausap Niya ako, “Yoo-kyung, mahal na mahal Kita.” Ako ay napuspos ng emosyon kaya umiyak akong muli. Sinabi ko kay Hesus, “Hesus, nakakatakot po ako sa mga demonyo!” At sumagot Siya, “Yoo-kyung, kaya mong talunin ang mga demonyo. Ang mga demonyo ay takot sa inyong pananampalataya kaya hindi ka dapat mag-alala. Ang mga anghel ay laging nandiyan upang protektahan ka.” Sa sandaling iyon, ang mga anghel ay lumapit sa akin at sinuotan nila ako ng damit na may pakpak.

Ang damit ay malambot isuot. Sinuot ko iyon at lumipad ako patungo sa karagatan sa langit kasama si Yae-ji. Nag-komento si Yae-ji habang nakatitig sa akin, “Ang kasuotan mo na may pakpak ay napakaganda! At bagay sa iyo.” Nangako sa akin si Hesus, “Yoo-kyung, bukas ng gabi, ay ipapakita Ko sa iyo ang trono ng Diyos Amang nasa langit.” Pagkatapos niyon ay sinamahan ako ng mga anghel pabalik sa simbahan. Kinaumagahan pagkatapos ng aming pagdarasal, ay umuwi ako sa bahay upang matulog. Nagpakita sa akin si Hesus, “Mahal kong Yoo-kyung, matulog ka ng mahimbing. At pagdumating ang mga demonyo, ay palayasin mo sila ng iyong pananampalataya.”

ANG TUNAY NA ANYO NG DEMONYONG LUMUSOB KAY PASTOR KIM

Sister Baek Bong Nyo: Habang nagdarasal ako sa ibat-ibang wika, ay biglang naging madilim ang paligid at wala akong makita. Sinikap kong makarating sa kalalim-laliman ng espirituwal na mundo kaya nagdasal ako ng mas malakas. Napansin kong maraming bilugang bagay ang umiikot-ikot sa paligid. Naisip ko, “Anong

klaseng demonyo kaya ang umatake kay Pastor Kim?” Kaya nagdasal ako upang malaman ang tunay nilang anyo. Ang pastor ay nagdurusa sa sobrang sakit habang siya ay nangangaral at pinangungunahan ang aming papuri at pagsamba. Nang masaksihan ko ang kanyang paghihirap, ay gusto kong gumanti sa mga kaaway kaya determinado akong makipaglaban sa kanila. Ang mga bilugang bagay ay nagpaikot-ikot sa akin upang gambalain ako.

Tinawag ko si Hesus at ako ay nagdasal ng taimtim, “Panginoon, tulungan Mo po ako. Bakit po ganito ang itsura ng mga demonyo? Ngayon ko palang po ba sila nakita?” Lumapit sa akin si Hesus at tinuruan Niya ako, “Tingnan mo silang mabuti”. Pagkatapos Niyang sabihin iyon, ang mga demonyo ay naging parang pankeyk. May bilang silang dalawampu at umiikot-ikot sila sa loob ng simbahan at nagmamatyag upang humanap ng pagkakataon. Sinabi sa akin ni Hesus, “Ang mga demonyong ito ang kumagat at bumali sa braso ni pastor Kim kahapon. Kinuha Ko sila at itinaon sa nagbabagang apoy sa impyerno ngunit sila ay bumalik upang lusubin ang aking mga tagapag-lingkod. Bong-Nyo, kailangan mong maging maingat!”

Ang hari ng demonyo sa impyerno ay may utos. “May myembro sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) na bukas ang espirituwal na paningin. Ang pangalan niya ay Baek-Bong-Nyo at kaya niyang makita tayo. Magpokus kayo sa pag-atake sa babaeng iyon.” Ang mga demonyong iyon ay dumating upang lusubin ako. Kung hindi sa akin ipinakita ng Panginoon ang mga demonyong iyon ay mahihirapan ako na makita silang mabuti kahit bukas ang aking espirituwal na paningin. Sinabi sa akin ng Panginoon na kapag nagdasal ako ng mas taimtim ay makikita ko ang itsura ng mga demonyo. Kaya nagdasal ako sa ibat-ibang wika ng mas may lakas at puno ng nag-aalab na apoy at umiyak ako ng malakas. Nang makita ko ang tunay na anyo ng mga demonyo, ay nawala sila at ang mga anghel ay bumaba mula sa langit.

ARKANGHEL MICHAEL AT GABRIEL

Ang mga anghel ay bumaba sa langit at kinausap nila ako. Ang maluwalhati nilang itsura ay nakakapanerbyos sa akin. Hindi sila maikompara sa ibang anghel. Madaming beses ko nang nakita si Arkanghel Michael kaya madali ko siyang nakikilala. Katabi niya ang isa pang anghel na si Gabriel na nakilala ko ilang araw na ang nakararaan. Silang dalawa ay nakasuot ng kumikinang at ginintuang kasuotan na parang yari sa manipis na tela at ay may ginintuang headband na nakapaikot sa kanilang ulo. Nakakasilaw ang kanilang liwanag. Tinanong ko sila, “Arkanghel Michael, bakit po kayo naparito? At bakit mo kasama ang anghel sa iyong tabi?”

Ang katabi niyang anghel ay nagsalita, “Ako si Arkanghel Gabriel, ang tumatayo sa tabi ng Diyos. Ang Panginoong Hesus ay nag-utos na samahan ka namin.” Hindi ko alam kung ano ang aking isasagot. Hindi ako makapaniwala na espesyal ang pagtrato ng Panginoon sa isang hamak na katulad ko. Natuwa ako at sumunod sa kanila.

Dumating ako sa langit kasama sila at dinala ako ng mga anghel sa isang burol. Ang burol ay napakaganda at napabulalas ako sa paghanga. Ang maputing burol ay maliwanag at kumikinang. Si Hesus ay nakaupo sa burol na may hawak-hawak na tungkod. Nakayuko Siya at parang malalim ang iniisip.

Nang makita ko siya ay natuwa ako at sumigaw, “Hesus! Hesus!” Binati Niya ako ng may galak. “Bong-nyo, nandito ka na? Pumarito ka sa Akin. Ito ang kilalang hardin ng Eden.” Naisip ko, “Ito ba ang hardin ng Eden na naririnig ko lang?” Naglakad kami sa hardin ng Panginoon. Ang hardin ay napakaganda at hindi ko ito kayang ipaliwanag sa salita. Ang paglalakad namin ni Hesus sa hardin ay parang isa lang pantasya.

Sinabi ni Hesus, “Bong-nyo, mahirap paalisin ang mga demonyo sa katawan ni pastor kim kahapon, siguro ay napagod ka? Ang mga demonyo na nasa loob ng pastor ay parang mga garapata na nakadikit at hindi agad umaalis. Ang mga pesteng iyon ay nag-panggap sa ibang anyo at katawan upang maging parang lastiko. Pinilit ni Pastor Kim na igalaw ang kanyang masakit na katawan upang ihatid pauwi si Sister Shin Sung Kyung. Ang mga batang tupa na myembro ng inyong simbahan ay sinundan siya dahil gusto nilang protektahan ang kanilang pastor. Sa sandaling makita ko iyon ay nabagbag ang Aking damdamin at nagdesisyon Ako na samahan sila. Sumagot ako ng mabilis, “Opo, Panginoon! Alam ko po iyan.”

“Ang huling demonyong natira sa loob ni Pastor Kim ay determinadong pahirapan siya hanggang sa makakaya nito. Kaya pinaalis Ko iyon. Sa kasamaang palad, sa inyong simbahan, ay ikaw lang ang nag-iisang nakakakita sa impyerno. Alam kong mahirap ito para sa iyo pero ikalulugod ko kung ikaw ay magiging matiisin.”

“Sa ngayon, ang inyong Pator Kim Yong Doo ay kailangang magsulat at magtala ng aklat. Ang impyernong nakita mo ay hindi kabuoan kundi maliit na bahagi lamang. Kagustuhan ng Amang Diyos na madaming kaluluwa ang mailigtas sa pamamagitan niyon. Nahihirapan ang puso Ko na patuloy kang dalhin sa impyerno at alam kong nahihirapan ka rin. Mula ngayon, ay kaonti na muna ang aking ipapakita at kailangan mong magmasid ng mabuti at sabihin lahat ng iyong nakita kay Pastor Kim.”

Humingi ako ng pabor kay Hesus, “Hesus, kung maaari po ay huwag Niyo nang ipakita ang aking ina at bunsong kapatid. Hindi ko po kayang makita silang nahihirapan.” Pero sumagot si Hesus, “Hindi maaari iyon, kailangan mong tumingin ng mabuti para makapagkwento ka ng totoo.” Pagkatapos Niyang magsalita ay kinuha Niya ang aking kamay at pumunta kami sa impyerno.

ANG PAGBABALIK SA IMPYERNO

Sa bawat pagbisita naming sa impyerno ay may kakaibang pakiramdam na hindi namin maintindihan. Iyon ay lugar kung saan ang kasamaan ay nakakulong. Iyon ay lugar na mahirap ipaliwanag sa salita. Ang ating pang-unawa, talino, kaalaman, at batas bilang tao ay hindi tanggap sa nakakatakot na lugar ng impyerno. Mayroon lang walang hanggang paghihirap at sigaw sa lugar na iyon.

Naghawak kamay kami ng Panginoon. Pumasok kami sa masikip na daanan na kasya lamang ang isang tao. Hindi ko makita ang dulo ng daang iyon o kung gaano ito kalayo. Pero sa totoo, iyon ay walang hanggang daan. At sa tabi ng daang iyon ay may mga naghahirap at nagdurusang kaluluwa.

Sinabihan ako ni Hesus, “Mag-iingat ka!” Nang tiningnan kong mabuti ang tabi ng daan ay nakita ko na iyon pala ay malalim na bangin. Kapag inalis mo ang iyong tingin ay maari kang mahulog sa baba. Nakaramdam ako ng panghihina habang patuloy na naglalakad. Hinawakan kong mabuti ang kamay ng Panginoon. Habang kami ay naglalakad ay nakita ko sa tabi ng bangin ang napakaraming bungo na patong-patong at halos kasing taas hanggang ulap.

Ang kakaiba doon ay hindi pa patay ang mga bungo at sila ay gumagalaw na parang buhay na tao. Sumisigaw sila ng malakas. Sa dalawang tabi ng daan, ang mga bungo ay sumisigaw. Ang kanilang sigaw ay nakakabingi sa aking tenga. Parang mga bubuyog ang tunog ng kanilang sigaw. Nang ako ay nagmasid ng mabuti, ay napansin ko na ang mga bungo ay gumagalaw papaakyat kapag sila ay natatabunan o nahuhulog sa baba. Marami sa kanila ay tinutulak ang iba upang makaakyat pataas. Nagreklamo sila at sumisigaw sa isat-isa, “Hindi ako makahinga! Ikaw! Gumalaw ka! Hindi ka ba gagalaw ha?”

Sinabi ko kay Hesus, “Pakiusap po Panginoon, hindi po sila magandang tingnan. May mabahong bulok na amoy po dito. Gusto ko na pong umalis. Papaano pong napakadaming bungo dito? Ang mga bungong iyon, anong klaseng tao po sila?” Sumagot si Hesus, “Ang mga nandito ay mga magnanakaw, ang mga namatay sa sunog, mga namatay sa sunog sa hotel, ang mga nang-akit sa lalaki at namatay sa sunog, mga taong kaya namang magtrabaho pero namamalimos, mga nalunod, mga pumatay sa kanilang magulang, mga umaakyat sa bundok at namatay sa aksidente at madami pang iba.” Napakaraming bungo at hindi ko sila kayang bilangin.

Hindi ko kayang makalimutan ang kanilang isinisigaw. May isang nagsabi ng “Ikaw bastardo! Napaka-sikip dito!” At may isa namang nagsabi ng “Ikaw na bastardo sa itaas! Dinadaganan mo ako! Huwag mo akong daganan!” Ang mga bungo sa ilalim ay madaming butas sa kanilang ulo na parang sila ay binugbog.

Naglakad pa kami ng Panginoon sa mas malayo nang maamoy ko ang mga nabubulok na katawan ng tao. “Panginoon, ano po ang mabahong iyon? Parang nabubulok po na katawan ng tao.” At sumagot si Hesus, “Oo, tama ka, tumingin kang mabuti.” Nang tumingin akong mabuti ay nakita ko ang parang likido na dagat. “Panginoon, wala pong bungo o buto dito. Wala po akong makita kahit isang katawan, pero bakit sobrang baho ng amoy?” Sumagot si Hesus, “Ang kanilang laman at buto ay nabulok na.”

ANG MGA KULISAP NA PUMAPASOK HANGGANG BUTO

Nagpatuloy kami sa paglalakad at nakita namin sa aming kanan ang isang napakalawak at tigang na lupain. May isang halaman na halos kaparehas ng kaktus at iyon ay napakalaki ngunit wala itong mga tinik. Sa harapan ng halamang iyon ay may napakaraming kulisap, at sa halamang iyon ay parang may nakikita akong mga gumagalaw. Ang katawan ng kaktus ay makapal at marami itong maninipis na dahon. Ang kulay ng mga dahon ay berde na unti-unting naging kulay pula.

Pinayuhan ako ni Hesus na tingnan ito sa malapit. Nang ako ay lumapit sa halaman na parang kaktus, ay nakita ko ang aking bunsong kapatid sa gitna ng halamang iyon kasama ang napakarami pang mga hubad na katawan. Ang katawan ng aking kapatid at iba pa ay natatakpan ng napakadaming kulisap. Kinakain ng mga kulisap na iyon ang kanilang balat at laman kaya naman sumisigaw sila sa sakit.

Sa mga sigaw na iyon ay naririnig ko ng malinaw ang boses ng aking kapatid. “Ate! Ate Bong-nyo! Bakit nandirito ka na naman? Aray! Hindi ko kaya ang sakit!” At nagpatuloy siya sa pag-iyak ng malakas. Kinakagat sila ng lahat ng uri ng kulisap at sinisira nito ang kanilang laman. Pumapasok ang mga kulisap sa kanilang katawan. Wala silang magawa kundi sumigaw sa sobrang sakit.

ANG AKING PAMILYA SA BALON NA PUNONG-PUNO NG UOD

Timingin ako sa daan sa kaliwa at may nakita akong hukay na napakalalim. Ang lawak niyon ay halos kalahati ng laki ng mundo. Ang hukay ay punong-puno ng napaka-daming tao. Lahat sila ay nakahubad at natatakpan ng uod.

Naisip ko na mahihimatay na naman ako ng makita ko ang aking ina doon na naghihintay itapon sa balon na puno ng mga uod. Nagulat siya ng makita ako. “Anak ko! Bong-nyo! Bakit nandito ka nanaman?” At siya ay umiyak. “Ayaw kong pumunta dito sa impyerno pero patuloy akong dinadala ng Panginoon. Anong gagawin ko?” Nakiusap ang aking ina sa Panginoon, “Panginoon, bakit Mo po hinahayaan na makita ako ng aking anak na naghihirap dito sa impyerno kahit na alam Mo na masasaktan siya ng sobra?”

“Mama! Kahit nakikita kitang nahihirapan ay wala po akong magagawa upang matulungan ka. Patawad po!” Nakiusap siya sa akin. “Pakiusap Bong-Nyo! Huwag ka nang babalik pa rito. Namatay ako at napunta rito upang magdusa. Kailangan mong magpatuloy sa pagsunod sa Panginoon hanggang huli. Huwag kang gagaya sa akin. Siguraduhin mo na makakapunta ka sa langit!”

Nagmakaawa at nakiusap ako sa Panginoon, “Panginoon, nagkasala po ako ng mas malaki kaysa sa aking ina. Itinakwil ko po ang lahat, pati na ang aking sariling pamilya. Namuhay po ako ng makasarili. Ang aking ina ang nag-aruga sa aking mga anak. Ako po ang nakagawa ng pagkakamali kaya pakiusap po, ako nalang ang ipalit mo sa aking ina. Kasalanan ko ang lahat! May magagawa Ka po ba?” Umiyak ako ng umiyak. Nagdasal ako sa Amang Diyos sa langit. “Amang Diyos, hindi ko po kayang makita ang aking ina na nahihirapan! Pakiusap po, patawarin Niyo siya! Maari po bang ako nalang ang pumalit sa kanya? Kasalanan ko ang lahat kung bakit siya nasa impyerno ngayon. Pakiusap! Tulungan Mo po ako! Amang Diyos!” Sa sandaling umiyak ako ng malakas ay walang awa namang itinapon ng mga demonyo ang aking ina sa balong punong-puno ng mga uod.

Gusto kong lumapit at pira-pirasohin ang mga demonyong iyon. Napasigaw ang aking ina ng siya ay mahulog sa balong punong-puno ng mga uod. Nang siya ay mahulog, ay mabilis na gumapang sa kanya ang mga uod at sumuot ang mga ito sa kanyang laman at buto. Nagpatuloy siya sa pag-iyak habang naghihintay na mamatay. Kahit na buto nalang ang natira sa kanya ay patuloy pa rin sa pag-atake ang mga uod.

Ang sigaw ng aking ina ay natakluban ng sigaw ng maraming mga tao roon hanggang sa ito ay nawala. Narinig ko naman ang boses ng aking bunsong kapatid sa bandang kanan kaya nilingon ko kung saan nanggagaling ang kanyang boses. Nakita ko siya. Galit siyang umiyak, “Ate! Kinakain ako ng mga kulisap ng buhay! Ahh! Sobrang sakit! Ate!! Pakiusap! Magmakaawa ka kay Hesus para tulungan ako ngayon din!”

Nang tusukin ng mga kulisap na parang karayom ang katawan ng aking kapatid, ang lason niyon ay kumalat sa kayang buong katawan at naging itim ang kanyang kulay. Nagpakamatay noon ang aking kapatid at hindi ko alam na ganito pala ang parusa sa nagawa niyang kasalanan. Pinakiusapan ko muli ang Panginoon sa pamamagitan ng dasal upang tulungan ang aking kapatid pero sinabi ng Panginoon na huli na ang lahat. At kahit magmakaawa at makiusap rin ako sa Diyos Ama, ay hindi rin ang Kanyang sagot. Hindi nagtagal at ang katawan ng aking kapatid ay naging maitim na kalansay. At kahit na isa siyang kalansay ay umiiyak pa rin siya. “Ate! Bilisan mo at umalis ka na sa lugar na ito! Hindi ka na dapat bumalik pa dito! Naiintindihan mo ba?”

Pinaliwanag sa akin ng Panginoon kung bakit ang aking kapatid at ibang tao roon ay pinahihirapan. “May mga lalaki rito na namuhay ng may kabit na dalawa o tatlong asawa, mga papalit-palit ng kanilang asawa, mga taong nagpakamatay, mga taong nagsisimba ngunit nangangalunya, mga taong namatay sa bundok, mga taong namatay sa kagat ng aso, at marami pang iba na namatay ay nanidirito.”

ANG PAMUTOL NG DAYAMI NA MAS MALAKI PA SA MUNDO

Muli ay naglakad ako hawak-hawak ang kamay ni Hesus. May nakita akong kakaibang bagay na naging dahilan ng aking pagkagulat. Sa malapitan, iyon ay parang pamutol ng dayami. Pero wala pa akong nakikitang pamutol na kasing laki niyon. May demonyong nakahawak sa pamutol ng dayami at nakahanda siya upang tadtarin ang mga tao. Ang demonyong nakahawak sa pamutol ng dayami ay napakalaki rin.

Pinaliwanag sa akin ni Hesus, “Ang demonyong iyan ang pang-sampung pinaka-malaking demonyo sa impyerno.” And demonyong iyon ay maraming ulo at ang kanyang itsura ay parang sa dwende na nababasa ko sa mga aklat. Ang kanyang ulo, katawan at paa, ay natatakpan ng maitim at nakakatakot na mga malalaki at maliliit na sungay. Ang mga tao ay parang mga buhangin sa harap ng napakalaki at pangit na demonyong iyon.

NAKITA KO ANG AMA NI PASTOR KIM SA IMPYERNO

Habang pinapanood ko ang demonyo at ang mga taong nakapila ay may narinig akong boses na tumatawag sa akin. “Sister! Sister! Miss! Miss!” Lumingon ako kung saan nanggagaling ang boses at ako ay nagulat. Siya ay walang iba kundi ang ama ni Pastor Kim na nakita ko dati.

Tinanong niya ako, “Bakit hindi pumupunta ang anak ko dito?” “Yong-doo! Anak ko! Namimiss na kita!” Sumigaw siya at tinanong muli ako, “Sister, bakit ka madalas pumunta rito?” Sinabi ko sa kanya na dinadala ako doon ni Hesus. Nagpatuloy pa siya sa pagtatanong, “Totoo ba na isang pastor na ang aking anak? Dumadalo ka ba sa simbahan ng aking anak?” Nang sumagot ako ng “oo” ay nagpatuloy pa siya sa pag-uusisa. “Bakit madalas kang pumunta rito pero ang aking anak ay hindi?” Nakikipagtalo siyang nagtanong pero nang makita niya na katabi ko si Hesus ay nagbago ang tono ng kanyang boses.

Nang una niya akong makita ay tinatawag lang niya ang Pastor sa pangalan nito pero nang mapansin niya na nag-iba ang ekspresyon ng mukha ni Hesus ay binago niya ang kanyang nakagawian at tinawag si Pastor Kim ng may paggalang. Umiyak siya, “Namimiss ko na ang aking Yong-doo.. sana pwede kong makita ang aking Pastor Yong-doo.”

Ang itim at pulang demonyo sa impyerno ay may hawak ng pamutol ng dayami at nagsimula silang hiwain ang mga taong nakapila. Hindi kaya ng aking sikmura na makita ang tanawing iyon.

Ang masasamang demonyo ay tuwang-tuwa sa kanilang mga sarili. Nang dumating na ang sandali para sa ama ng pastor, ay kinuha siya ng mga demonyo upang hiwain. Nagmakaawa siya sa akin, “Sister, hindi mo ba pwedeng pakiusapan ang Panginoon na iligtas ako sa oras na ito? Pakiusap!” Alam ko na wala na akong magagawa pero nakiusap pa rin ako. “Panginoon, ama po siya ng pastor. May magagawa po ba kayo para sa kanya?” Mahigpit na sumagot si Hesus, “Wala na Akong magagawa. Huli na ang lahat.”

Tinawag ko ang tatay ng Pastor ng Mister. “Mister! Wala po akong kakayahan para matulungan ka. Kahit nandirito pa si Pastor Kim Yong-doo, ay wala rin siyang magagawa upang tulungan ka. Isasalaysay ko po sa

kanya ang tungkol sa iyo. Patawad po, hindi kita matutulungan.” Bago ko pa matapos ang aking sinasabi ay sinimulan ng tadtarin ng mga demonyo ang mga daliri sa paa ng mister. Hiniwa rin ng mga demonyo ang kanyang binti na para lang naghihiwa ng labanos. “Aray!! Tulungan niyo ako! Patawad! Tumigil na kayo! Patawarin niyo ako!” Kakila-kilabot iyon dahil kapag ang katawan ng isang tao ay hiniwa ng pamutol ng dayami, ang taong iyon ay mawawalan ng malay at mamamatay. Pero sa impyerno, ay walang kamatayan at hindi sila nawawalan ng malay kundi ang kakila-kilabot na sigaw at sakit na pumupuno sa hangin ng impyerno.

Katulad sa ating pisikal na mundo, tayo ay maaring magdugo at lahat ng ating pakiramdam ay hindi mawawala kaya mararamdaman mo ang sakit at paghihirap sa impyerno. Matapos nilang pagpira-pirasuhin ang isang binti ay dumako naman sila sa kabilang binti upang hiwa-hiwain ito. Hindi ko kayang makita ang nakakakilabot na tanawing iyon. Hindi ko alam kung paano ko iyon ipapaliwanag sa salita. Tumingin ako kay Hesus at sumigaw, “Panginoon! Natatakot po ako!”

Ang ama ng pastor ay umiyak ng malakas habang siya ay pinahihirapan. “Namatay ako sa sakit at ang akala ko ay kapag namatay na ako ay magiging payapa na ang lahat! Naisip ko na mamamahinga na ako ng mapayapa at hindi na kailangan maghirap at magtrabaho. Pero hindi pala! Hindi!” Matapos tadtarin ang kanyang mga binti ay sumigaw ang demonyo, “Ngayon, magsisimula na ba ako sa iyong katawan?” At hiniwa-hiwa ang kanyang katawan ng pahalang at pahaba. Kinuha niya ang malalaking piraso at tinadtad iyon sa maliliit.

Ah! Paano ko ipapaliwanag ang kakila-kilabot na tanawing iyon? Ang tanawing aking nakikita ay ang katotohanan ng impyerno. Lahat ng nangyayari ay detalyado at malinaw at hindi iyon isang panaginip lang. Alam ng mga demonyo na nanonood kami ni Hesus pero hindi nila kami pinansin at nagpatuloy lang sila sa kanilang trabaho.

Ang impyerno ay isang miserableng lugar na kung saan wala ng kahit na anomang makataong konsensya at mabubuting asal. Hinalo ng mga demonyo ang mga tinadtad na bahagi ng katawan at pinagpatuloy pa nila ang pagtatadtad niyon. Minsan, naaalala ko ang eksenang iyon pag nakakakita ako ng mga tinderero sa palengke na naghihiwa ng isda o nagtatadtad ng karne at ako ay nalulungkot pag naaalala ko ang aking mga nasaksihan sa impyerno.

Pagkatapos ng lahat ng iyon, ay kinuha ng mga demonyo ang natitirang ulo at binasag iyon at hinati sa pamamagitan ng kanyang kamay. Hiniwa-hiwa niya ang ulo sa maliliit at itinapon iyon sa kumukulong kawali. Napakalaki ng kawali at iyon ay may langis na tunitilamsik dahil sa sobrang init. Paano nangyari na kaparehas iyon ng ginagamit nating kawali sa pagluluto? Hindi ko mapigilang masorpresa. Ang mainit na apoy sa ilalim ng kawali ay kulay pula at asul. Ang napakaraming demonyong nakatalaga sa pagpripito ay tumakbo papalapit sa kawali at sila ay tuwang-tuwa na parang nagdiriwang.

Ang ama ng pastor at ang iba pang mga tao ay nagsipag-iyakan ng sila ay itinapon sa mainit na kawali. Natunaw ang kanilang mga laman at mata, at ang natira na lamang ay ang kanilang mga buto na nakalutang. Pero ang sigaw ng kanilang paghihirap ay hindi pa rin nagbabago.

May malaking hawakan ang kawaling iyon at nang binaliktad nila ang niluluto ay nagsipag-halakhakan sila sa tuwa. “Muli ay magpapakabusog tayo! Marami tayong kakainin!” At sila ay kumanta ng kakaibang awitin at nagsipag-palakpakan. Sa sandaling iyon, ay may narinig akong sumisigaw sa loob ng kawali. “Hoy! Ikaw na masamang demonyo! Alisin mo ako dito! Niluluto mo ako ng buhay!” May isang demonyong lumapit na may hawak-hawak na pang-halo at hinalo niya ang mga tao na parang nagluluto ng pagkain at tinakpan niya iyon. “Hoy ikaw! Bastardo! Wala akong makita! Ang init! Mamamatay ako dito!” At narinig ko ang mga masasamang salita na ayaw ko nang ulitin pa.

Nag-usap usap ang mga demonyo, “Napakagandang araw ngayon dahil napakaraming tao ang dumarating dito sa impyerno. Hindi ba ito ang dahilan kung bakit tayo nagdiriwang ngayon sa pamamagitan ng pagluluto sa kanila?” Lahat sila ay nagsipag-tawanan. Ayaw ko nang makita pa ang tanawing iyon kaya naman nakiusap ako sa Panginoon. “Panginoon! Pakiusap, umalis na po tayo sa lugar na ito. Gusto ko na pong umalis dito.” Sa wakas ay pumayag din Siya. “Oo, oras na upang umalis.”

ANG DALAWANG ANAK NI LOT AY NASA IMPYERNO

Nang pumunta kami ni Hesus sa mas malalim na parte ay napansin kong naging malungkot si Hesus. Tinanong ko Siya, “Hesus, Bakit po? May problema po ba?” Sumagot si Hesus, “Ang sunod na pupuntahan natin ay ang lugar kung saan naghihirap ang aking dalawang anak.” Naisip ko sa aking sarili, “Narinig ko na walang naging asawa si Hesus noong Siya ay nasa lupa pa. Pero ano itong sinasabi Niya?” Sumagot si Hesus, “Hindi ka pa matagal sa simbahan kaya hindi mo ito alam. Pag nakabalik ka na ay itanong mo ang detalye ng ipapakita Ko sa iyo.”

Ang laman ng istorya ay ito: may dalawang magkapatid na babae, at ang kanilang mga asawa ay namatay dahil sa paghuhusga ng Diyos. Dahil dito ay hindi na magkakaanak ang dalawang babaeng iyon. Nagplano ang magkapatid na lasingin ang kanilang ama na si Lot, at kapag nakatulog na ito, ang panganay na babae muna ang sisiping at sa susunod na araw naman ang bunso. Dahil doon, silang dalawa ay nabuntis.

Ang kwentong ito ay matatagpuan sa Genesis 19:31-38 at nalaman ko na ang dalawang anak na babae ni Lot na pamangkin ni Abraham ang gumawa ng kasalanang iyon. Pinakita sa akin ni Hesus ang lugar at sila ay nasa gitna ng nag-aalab na apoy sa balon at sila ay umiiyak ng walang humpay. Nalungkot si Hesus at nasaktan ng makita iyon kaya nagmadali Siyang umalis na roon. Sinabi ng Panginoon, “Bong-nyo! Nasasaktan ako pag nakikita ko ang dalawang anak Kong iyon at alam ko ang iyong nararamdaman kapag nakikita mo ang pamilya mo sa impyerno.” Inamin sa akin ni Hesus na sa tuwing dinadala Niya ako sa impyerno ay nasasaktan Siya ng sobra pero itinatago lang Niya iyon sa akin. Sinabi Niya, “Umalis na tayo sa impyerno ngayon.” Bumalik ako kasama Siya sa simbahan.

IKA- LABING SIYAM NA ARAW: ANG AMING PERSONAL NA KARANASANG PANG-SPIRITWAL

Huwag nga ninyong itakwil ang inyong pagkakatiwala, na may dakilang ganting-pala. Sapagka't kayo'y nangangailangan ng pagtitiis, upang kung inyong magawa ang kalooban ng Dios, ay magsitanggap kayo ng pangako. Sapagka't sa madaling panahon, Siyang pumaparito ay darating, at hindi magluluwat. Nguni't ang aking lingkod na matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya: At kung siya ay umurong, ay hindi kalulugdan ng aking kaluluwa. Nguni't tayo'y hindi doon sa mga nagsisibalik sa kapahamakan; kundi doon sa mga may pananampalataya sa ikaliligtas ng kaluluwa. Mga Hebreo 10:35-39

Si Dyakonesa Shin Sung Kyung ay sumayaw ng Espirituwal na Sayaw

Ako ay nagdadasal sa ibat-ibang wika nang biglang maramdaman ko na ang aking katawan ay parang bolang nag-aalab sa apoy. Ang temperatura sa labas ay -10 degrees at sinarahan namin ang heater upang ang temperatura pa rin sa loob ng simbahan ay malamig. Pero ang Espirito Santo ay nasa amin kaya hindi kami nababahala sa lamig at ang Panginoon ang nagpabago sa aming mga katawan upang ito ay mag-alab sa init. Kinailangan naming hubarin ang makakapal naming kasootan at itinira lang namin ang aming maninipis na damit.

Ako mismo ay nag-aalab sa init ng pagdarasal. May isang pangyayari na ang nag-aalab na sikat ng araw ay sumisinag sa aming mga ulo, at ang aming mga katawan ay basang-basa sa pawis. Kung ibang araw iyon ay nanginginig na sana ako sa sobrang lamig at hindi ko makakayang magpatuloy sa aming panalanging pagpupuyat pero ngayong araw, ang aking mga kamay ay hindi man lang nilalamig. Nararamdaman ko na ang aking pagdarasal ay mas lalong lumalalim. Nang maka-isang oras na ako sa pagdarasal, ang aking kamay ay nagsimulang gumalaw ng mag-isa. Ang aking dalawang kamay at braso ay nagsariling tumaas at gumalaw. Ang galaw ay ibat-iba at dahan-dahan. Namangha ako sa nangyayari.

Hanggang ngayon ay nagagawa ko lang panoorin ang asawa ng pastor at si sister Baek Bong Nyo na sumasayaw ng espirituwal na sayaw at nais ko rin na magkaroon nang ganoong biyaya. “Panginoon! Tulungan mo po akong sumayaw ng espirituwal na sayaw! Ninanais ko pong magkaroon ng ganitong biyaya. Panginoon!

Tulongan Mo po akong maranasan kung ano ba talaga ang espirituwal na sayaw.” At ako ay nakiusap at nagmakaawa.

Sa boong buhay ko bilang Kristiyano ay hindi ko naranasan mapuspos ng Espirito. Makasalanan ako at laging nahihiya sa Panginoon. Nitong mga nakaraan ay nararanasan ko ang kapangyarihan ng Espirito Santo tuwing araw ng panalanging pagpupuyat kaysa tuwing Linggo. Ang pang-Linggong serbisyo ay dalawang oras na pagpupuri at pagdarasal sa Diyos at pakikinig sa sermon at patalastas kaya naman mas lalo akong nananabik sa pang-espirituwal.

Sumali ako sa panalanging pagpupuyat ng mas huli na kaysa sa iba at ako ay nabiyayaan dahil sa bawat gabi, ako ay napupuspos at nababawtismuhan ng nag-aalab na apoy ng Diyos. Sa loob ng tatlo hanggang apat na oras ng aming pagsamba at pagpupuri, ay napupuno kami ng Espirito Santo, sinusundan pa ito ng nakakatawang sermon ng Pastor sa loob ng tatlong oras. Ngunit hindi iyon nakakapagod. Ang aking munting anak na lalaki na binigyan ng palayaw na “antukin” ay nanatiling gising, at ang kanyang mga mata ay kumikinang, isa iyong biyaya. Si Hesus ay nanatiling kasama namin sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) at tinulungan Niya kaming mabuksan ang aming mga puso. Sa una ay hindi ko maintindihan ang ibig sabihin niyon ngunit matapos akong makadalo sa pagpupuyat na panalangin ay hindi ko mapigilang mabigla.

Bawat myembro na nagdarasal ay desperadong umiiyak at gustong makita ang Panginoon. Habang kami ay nagdarasal, si Hesus ay abala sa paglapit sa bawat myembro. Palipat-lipat Siya sa amin at hinahawakan Niya kami isa-isa. Isinasama Niya ang mga dapat isama sa impyerno upang makapagbisita doon. Dinadala din Niya ang iba sa langit. Ngayong araw ay napaka-espesyal para sa akin dahil hinayaan ako ng Espirito Santo na maranasan ang espirituwal na sayaw.

Hindi ko alam kung gaano katagal Niya ako hahayaang maranasan ang pagsayaw sa espirito pero masaya ako at nagpapasalamat dahil araw-araw ay nakakapag-sayaw ako. Noon ay nanonood lang ako at nakikinig sa paglalarawan ng espirituwal na sayaw! Ngayon ay ginagabayan ako ng Espirito Santo at sumasayaw ako hanggang mapanatag ang aking puso. Bakit ako sobrang nagagalak? Ang aking dila ay espesyal na makapangyarihan at sa buong gabi ay hindi ko namalayan na mabilis na dumadaan ang oras. Malapit na ang oras upang ihatid ko si Jung-min sa eskwelahan ngunit pakiramdam ko na kapag itinigil ko ang pagdarasal ay madaming masasayang. Malumanay na hinawakan ng Panginoon ang aking kamay at hinaplos ang aking buhok. Nakaramdam ako ng init. Haleluyah! Amen! Luwalhati sa Panginoon! Binati rin ako at pinuri ng Pastor.

ANG PAGPASOK KO SA HARAP NG TRONO NG DIYOS

Lee Yoo-kyung: Nang magsimula na ang aking pagdarasal ay may nagpakita sa aking tatlong demonyong may sungay. Sumigaw ako sa demonyo bago pa sila makalapit sa akin, “Satanas! Demonyo! Sa Pangalan ni Hesus, umalis ka!” At pinaalis ko sila. Sumigaw ako, “Ama! Namimiss na kita!” at sa sandaling iyon ay dumating si Hesus at tinawag ako. “Mahal kong Yoo-kyung! Tinatawag mo ba ang iyong ama? Sumagot ako, “Opo!” Tinanong Niya ako, “Gusto mo bang tawagin ang iyong ama?” Kaya sumagot ako, “Opo! Gustong-gusto ko!” Winika ni Hesus, “Tumawag ka!” Kaya sumigaw ako ng walang humpay, “Ama! Ama!” Tinitigan ako ni Hesus at kinaawaan Niya ako. Malumanay Niyang hinawakan ang aking mga kamay.

Nang hawakan Niya ang aking mga kamay, ay naramdaman kong lumipad kami at nakarating kami sa Langit. May mga paborito akong gawin sa langit, at iyon ay ang pagsakay sa mga ulap at paglalakbay sa kaitaasan habang umaawit ng papuri para kay Hesus at saka ang pagtatampisaw sa dagat. Sinabi sa akin ni Hesus, “Yoo-kyung, naalala mo pa ba ang pangakong ibinigay Ko sa iyo kahapon? Naaalala mo pa ba?” At sumagot ako, “Opo Hesus! Nangako Ka po na ipapakita Mo sa akin ang Amang Diyos.” Dinala ako ni Hesus kay Ama. Tinupad ni Hesus ang pangako Niya sa akin.

Ang ating Amang Diyos ay napakalaki at kahit Siya ay nakaupo ay abot Niya ang itaas ng kalangitan. Siya ay nagniningning at mas maliwanag pa Siya sa araw. Ang Kanyang trono ay napakalaki rin.

Napuno ako ng galak at umawit ako ng papuri habang nakatayo sa harap ng Amang Diyos. Inawit ko ng may paggiliw ang aming awit sa tuwing matatapos na ang aming pagsamba “Pinupuri ka Panginoon ng aking

kaluluwa..” Narinig ako ng Amang Diyos na kumakanta. Sumayaw Siya ng may galak at kapag Siya ay gumagalaw, ay may kamangha-manghang ibat-ibang kulay ng liwanag na nagmumula sa Kanya.

Sa harap ng Amang Diyos ay may napakalaking aklat na nakabukas. Ito ay mas malaki pa sa bundok. At ang Amang Diyos ay nakatingin sa aklat na iyon. Ang napakalaking kamay ng Ama ay hinaplos ng dahan-dahan ang aking ulo. Hindi ko kayang ipaliwanag kung gaano kalaki ang kamay ng Ama. Ang itaas na parte ng katawan ng Ama ay natatakpan ng makapal na ulap. Sinabihan ako ni Hesus na umawit pa ng ilang papuri kaya muli akong umawit. Nagalak ang Diyos sa aking awit ng papuri at pinalakpak Niya ang kanyang mga kamay. Hinawakan Niya ang aking mga kamay at inugoy Niya ako. Napakasaya ko kaya inugoy ko ang aking mga kamay pero binilinan ako ni Hesus na “Sa harap ng ating Amang Diyos ay huwag kang sumayaw ng walang kontrol.” Sa halip ay tinuruan Niya ako na itaas ang aking mga kamay at iyuko ang aking ulo bilang pagrespeto.

Kinuha ni Hesus ang aking kamay at ginabayan Niya ako papuntang Milky Way. Ang mga bituin sa kalawakan ay napakaganda. Maya-maya ay dumating si Yae-ji kasama ang mga anghel upang magpaalam. Bumalik kami ni Hesus sa simbahan na magkahawak ang aming kamay.

Hinawakan ni Hesus at hinaplos ang ulo ng mga myembro. Umikot Siya at hinawakan ang masasakit sa likod ng pastor, ang asawa ng pastor, si Dyakonesa Shin, Haak sung, Joseph at Joo-eun. Naunang umalis si Hesus at pagkatapos Niya ay sumunod ang mga anghel. Pinigilan ko sila sa aking pagtatanong, ”Mga anghel! Protektahan niyo ako di ba?” At sumagot sila, “Oo sister Yoo-kyung, gagawin namin iyon. Huwag kang mag-alala.” At umalis na sila.

PATAOBIN ANG MGA DEMONYO!

Lee, Haak-sung: Sinabi ng pastor na nagsisisi siya na inatake siya ng mga demonyo kaya naman nagdurusa pa rin siya hanggang ngayon sa sakit dahil sa epekto ng paglusob. Sa sermon ng pastor ay sinabi niya na magagawa naming hulihin ang mga demonyo at mahawakan sila ng aming mga kamay kaya pinayuhan niya kami na maghanda sa pag-atake sa kanila. Lahat kami ay sumigaw ng “Amen!” Oras na para sa aming pagdarasal kaya nagdasal kami sa ibat-ibang wika. Dumating si Hesus.

Umupo si Hesus sa harap ng asawa ng pastor at nakinig sa dasal nito. Pagkatapos niyon ay lumapit Siya sa Pastor at kinausap siya, “Pastor Kim, nasaan ang masakit sayo?” Itinuro ni Pastor Kim ang mga bahagi kung saan kinagat siya at kinalmot ng mga demonyo. Nagpokus si Hesus sa leeg at likod ni Pastor Kim at patuloy Niyang hinaplos ang mga bahaging iyon. Lumapit din Siya kay Joseph, at hinaplos ang ulo nito at ngumiti. Sa sandaling iyon ay pinipilit ni Joseph na umiyak. Nais niyang taos pusong umiyak sa Panginoon pero kahit pilitin niya ay hindi pa rin tumutulo kahit isang luha. Sa halip, ay pinunasan nalang niya ng kanyang laway ang kanyang mga mata. Nakita ng Panginoon ang kalokohang iyon kaya natawa nalang Siya. Lumapit din si Hesus kay Dyakonesa Shin at sa iba pa.

Nang umalis na si Hesus ay nagpatuloy ako sa pagdarasal sa ibat-ibang wika nang may limang demonyong espiritu ang lumusob ng sabay-sabay. Naalala ko ang sermon ni Pastor Kim ng gabing iyon kaya nagdesisyon ako sa aking puso. Iniunat ko ang aking dalawang kamay na parang posisyon kapag lalangoy. Nagsimulang uminit ang aking katawan, nang buksan ko ang aking mga kamay ay may nahuli akong isang bagay. Nang tingnan ko iyon gamit ang aking espirituwal na paningin ay nakita ko na ang aking nahawakan pala ay isang babaeng demonyo na nakasuot ng puting saya, at ang kanyang buhok ay buhaghag at hinahangin. Ang kanyang binti ay hawak-hawak ko ng mahigpit kaya hindi siya makagalaw.

Sinimulan kong ikutin ang demonyong iyon. Pero paano nangyari na naiikot ko siya sa itaas na parang helikopter? Isa iyong milagro. Inikot-ikot ko siya at itinapon sa isang tabi. Narinig kong nabali ang kanyang leeg at siya ay umiyak, “Aray! Pinapatay mo ako!” Sa sandaling iyon ay naalala ko na naman ang sinabi ng Pastor, “Kapag nakita niyo ang mga demonyo ay saktan niyo sila ng walang awa! Dukatin niyo ang kanilang mga mata at apakan sila!”

Nang lumusob sila ay sinuntok ko sila at sinipa. “Ahh, tulungan niyo kami!” at sila ay lumipad papaalis. Sumigaw ako ng malakas sa sermon ng Pastor ng, “Amen!” Pero nang maranasan ko na iyon ay namangha

ako. Hindi na ako ngayon natatakot. Kahit lumusob pa ang mga demonyo ng maramihan ay wala na akong agam-agam at handa na akong labanan sila.

Lagi kong nasasaksihan na kapag bumababa ang mga anghel sa langit ay may langis silang binubuhos sa ulo ni Pastor Kim tuwing siya ay nagsesermon at napapansin ko na mas nagiging makapangyarihan ang sermon ng pastor. Kapag ang sermon ay patungkol sa mga demonyo at sa kanilang tunay na anyo, ang mga demonyo ay pasekretong nagtatago sa simbahan at nag-iipon-ipon sila sa isang tabi na nanginginig at takot na takot.

Nagsimula akong magdasal muli nang may makita akong naglalakad na dice na may mga paa at parang lasing na naglakad papalapit sa akin. Ang demonyong dice ay may mata at hinawakan ko ang kanyang mga paa. Nang mahawakan ko siya ay sinimulan kong ikutin siya. Ang kanyang mga paa ay humaba na parang lastiko habang iniikot ko. Pagkatapos niyon ay itinapon ko siya papalayo.

May dumating pang demonyo na naikwento sa akin ni Joo-eun kahapon. Ang demonyong iyon ay nakasuot ng gown at lumapit siya sa akin habang umiikot-ikot ang kanyang mata. Hinintay kong makalapit siya sa akin. Nang simulan niyang gambalain ako sa aking pagdarasal ay dinukat ko ang kanyang mata ng aking daliri. Hindi lang iyon, dinukot ko ang kanyang mata at tinapak-tapakan ko iyon sa sahig.

Nang mawalan siya ng mata ay gumapang siya sa sahig at hinanap ang kanyang mata. “O hindi! Ang mata ko! Nasaan na ang mata ko! Tulungan mo akong hanapin ang aking mata!” Kinapa niya ang sahig at natagpuan iyon. Sinubukan niyang ibalik ang kanyang mata ngunit napakarami na nitong dumi. Hindi lang iyon ang problema. Mali rin ang pagkagalagay niya sa kanyang mata kaya ang kanyang mata ay parang naduling. Sa huli ay tumakbo nalang siya paalis.

Nang makaraan ang ilang minuto, ay may isang lalaking demonyo ang lumapit sa akin. Nakasuot siya ng polo na may puting kamiseta na pang-ilalim ngunit iyon ay punit-punit. Habang iniisip ko ang aking plano na papagulungin siya na parang bola sa sahig, ay nakatitig lang siya sa akin na walang kamuwang-muwang. Nang ang distansya namin sa isat-isa ay lumiit, iniunat ko ang aking kamay at dinukat ko siya sa kanyang mata ng aking hintuturo at ang aking hinlalaki naman ay nasa kanyang ilong. Itinapon ko siya na parang bola at siya ay nawala.

Muli, isa pang demonyo na nakasuot ng gown ang nagpakita sa akin. Siya ay may mahabang buhok at dumudugo ang kanyang mga mata ng walang humpay. May dugo siya sa palibot ng kanyang bibig at habang lumalapit siya sa akin ay kinikilabutan ako at tumataas ang aking mga balahibo. Mukha siyang koreana. Pero ayaw kong iwasan ang pakikipag-laban sa kanya. Nagulat ako sa aking naramdaman.

Bigla kong naisip na tumakbo sa kanya at sampalin siya sa mukha. Sa eskwelahan, kapag ang mga bata ay hindi nakikinig, ay pinagagalitan sila sa harap ng klase at pinipisil at hinihila ang kanilang pisngi. Nagdesisyon ako na gawin din iyon sa demonyo. Pero ang demonyong iyon ay isa sa mga kinasusuklamang ko. Hindi ko alam kung magiging matagumpay ako sa aking gagawin. Yumuko ako upang hindi niya makita ang aking kahinaan. Sumugod ako papalapit sa kanya at hinila ko ang tirintas ng kanyang buhok.

Lumakas ang aking loob. Gamit ang kanan kong kamay ay pinisil ko ang kanyang pisngi at sinampal ko naman ang kanan niyang pisngi ng aking kaliwang kamay. Nagulat ang demonyo sa aking ginawa. Nang sinampal ko ang kanyang kaliwang pisngi ng aking kanang kamay ay nagsisigaw siya. Naramdaman ko na nagtagumpay ako. Kaya paulit-ulit ko siyang sinampal hanggang sa ako ay magsawa.

“Huwag na kayong pupunta dito! Nakakabuwisit kayo! Kayong mga demonyo!” Pagkatapos ko siyang saktan ay tumakbo siya na sumisigaw. Simula ng magdasal ako ay nakakakita na ako ng lahat ng uri ng ibat-ibang bagay. Minsan, ay may kamangha-mangha, nakakakilabot at nakakatuwa. Yay! Sinampal ko ang demonyo!

Pinag-patuloy ko ang pagdadasal sa ibat-ibang wika nang may isang lalaking demonyo ang nagpakita at lumapit sa akin. Ang demonyo ay nakasuot ng bakal na maskara at isang mata lang niya ang nakikita. Nang lumapit sa akin ang demonyo ay nakita ko ng mas malinaw ang kanyang mata. Sa loob ng kanyang mata ay may maliliit na uod at parang kinakain ng mga uod ang kanyang mata.

Nakakatakot iyon at talagang napaka-sama at ayaw kong hawakan siya. Sumigaw ako, “Sa Pangalan ni Hesus, lumayo ka sa akin!” Sa halip na umalis siya, ang demonyo ay nagsimulang sumayaw ng paikot-ikot at diumanoy bigla siyang naglalaho pero lilitaw muli at maglalaho nanaman at lilitaw. Hinintay ko hanggang magpakitang muli ang demonyo. Nang ito ay magpakita ay mabilis kong hinawakan ang kanyang katawan at inikot ko iyon na parang kahoy. Pagkatapos kong ikutin siya ay itinapon ko siya sa likod na parte ng simbahan at siya ay nawala.

Sa sandaling iyon ay dumating si Hesus at pinuri ako, “Mahal kong Haak-sung, napakagaling mo na sa pakikipaglaban sa mga demonyo! Pinag-mamalaki Kita!” Sinabi rin Niya, “Haak-sung, ibahagi mo sa Akin ang iyong kahilingan kung mayroon man.” Sumagot ako, “Opo Hesus! Nais po namin na makauwi ng maaga mula sa trabaho si brother Oh, Jung-suk nang sa ganun ay makadalo siya dito sa simbahan at makasali sa aming pagdarasal. At nais ko rin po na tulungan Niyo ako upang hindi po ako mapagod.” Iyon ang aking hiling noong nakaraan. Ngumiti si Hesus at sinabi Niya, “Oo, alam Ko.” At umalis na Siya.

Naramdaman ko na parang may masamang espirito sa dingding habang nag-uusap kami ni Hesus. Kapag ako ay nagdarasal ay umuupo ako malapit sa dingding. Inilagay ko ang aking mga kamay sa dingding. Sa una ay wala akong naramdaman. Nang iunat ko ang aking mga kamay ay nakaramdam ako ng ilong at ang aking mga daliri ay napasuot sa butas ng ilong. Nag-ipon ako ng lakas at hinila ko ang ilong. Lumabas ang kulay pulang ilong ng demonyo nang hinila ko iyon na parang lastiko. Umiyak ang demonyo sa sakit. Hinila ko pa ang kanyang ilong at bigla ko iyong binitawan. Ang nabinat na ilong niya ay bumalik sa dati at tinamaan ang kanyang mukha. Dahil sa nangyaring iyon, ay nalaman namin ang kanyang pinagtataguan. Dumugo ang kanyang ilong at siya ay umalis ng umiiyak.

Kim Joo-eun: Habang umaawit ako ng papuri, “Luwalhati, luwalhati, haleluya!” at nagdarasal ng taimtim ay naramdaman kong uminit ang aking katawan. Sobrang lamig at nagyeyelo sa labas at malamig rin sa loob ng simbahan pero ako ay nagpapawis.

Nagdasal ako ng mahabang oras nang may nagpakitang demonyo na malaki ang mukha. Wala siyang ilong at bibig pero may malaki siyang mga mata at malaking sungay sa gitna ng kanyang mukha. Tumalon ang demonyo papalapit sa akin. Natakot ako kaya pumunta ako sa gitna ng aking ina at ni Sister Baek, Bong Nyo at nagpatuloy ako sa pagdarasal. Ang demonyo na nagpakita kay Haak-sung, na mali ang pagkakalagay ng mata, ay lumapit sa akin at ang kanyang mga mata ay puno pa rin ng dumi.

Ang duling na demonyong iyon ay lumapit sa akin na nalulungkot. Sinabi niya sa akin, “Nagdurusa ako dahil sa bastardong si Haak-sung! Siya ang may kagagawan nito!” Sinagot ko siya ng, “Maganda iyan! Nakakatuwang marinig iyan!” Ang demonyo ay nagsimulang umiyak, “Tumigil ka! Pakiusap tumigil ka!” Sumigaw ako, “Ikaw na pangit na demonyo! Sa Pangalan ni Hesus, lumayo ka sa akin!” At siya ay lumipad papalayo.

Nagpatuloy ako sa pagdarasal sa ibat-ibang wika ng dumating ang demonyong nakalaban ni Haak-sung. Ang kanyang mata ay maputi at parang may sinasabi siya sa kanyang sarili. Pinakinggan ko siyang mabuti at narinig ko na sinabi niya, “Aray! Ang aking mata! Aray! Ang mga mata ko!” Nakakatawang makita ang mga demonyong kinalaban ni Haak-sung. Hindi ko maintindihan kung bakit lumalapit sila sa akin pero nakakapagaan ng loob na malaman na gumanti si Haak-sung sa kanila. Wala akong pakialam kung narinig man ako ng demonyo o hindi, sumigaw ako ng “Wow! Ang galing!” Sumagot ang mga demonyo, “Tumigil ka! Tigilan mo iyan!” At habang naghahanda sila para umatake ay nakita iyon ni sister Baek Bong Nyo at inilagay niya ang kanyang kamay sa aking likod at nagdasal para sa akin. Nag-ipon ako ng lakas at sumigaw ako ng, “Satanas! Lumayo ka sa akin!” At sila ay nawala.

Nang magpatuloy ako sa pagdarasal ay parang naramdaman ko na may katabi ako at humihila sa aking damit. Napaisip ako kung sinong humihila sa aking damit kaya ginamit ko ang aking espirituwal na paningin ngunit wala akong nakita. Mulí ay nagpatuloy ako sa pagdarasal at naramdaman kong may humatak sa akin. Hindi ko siya pinansin. Sa halip ay nagpatuloy lang ako sa pagdarasal. Hinila niya ang aking buhok. Sinimulan din niyang sundutin ang aking tagiliran. Hindi lang iyon, hinahatak rin niya ang aking pantalon.

Tiniis ko iyon hanggang sa aking makakaya. Maya-maya ay naramdaman ko ang malamig na ihip ng hangin, at napansin ko na may kakaibang bagay sa aking harapan. Ang kanyang mga mata ay nagsasantikan at umiikot-ikot iyon. Gumulong siya papalapit sa akin. Sumigaw ako ng, “Hoy demonyo! Bakit mo ako iniistorbo? Sawang-sawa na ako sa iyo!” Sumagot ang demonyo, “Talaga? Maganda iyan. Ginagawa ko ang aking makakaya para mapunta ka sa impyerno! Bakit ka dasal ng dasal ha? Peste ka.” At nilait-lait niya ako at pinagtawanan niya ako.

Sumagot ako, “Tinawag mo akong peste? Nakakatawa ka! Sinabi ng aking pastor sa kanyang sermon na ang pinuno ninyo ay tumakbo na takot na takot kaya kayong mga alalay niya ay mahina. Tatalunin kayong lahat ni Hesus at patataobin Niya si Satanas!” Nang sinabi ko iyon ay gumulong siya papalapit sa akin at kanyang sinabi, “Sa tingin mo ganoon ba iyon?” Tumigil siya sa aking harapan at bumulong sa aking tenga, “Tumigil ka na sa pagdarasal! May nakukuha ka bang pagkain kapag nagdadasal ka? Bakit ka nagdarasal?” Mabilis ko siyang sinagot, “Hoy! Kapag nagdarasal ako ay may nangyayaring milagro at nakakaipon din ako ng pabuya. Ikaw na demonyo! Lumayo ka sa akin!” Mabilis siyang gumulong papalayo.

Muli ay nagpatuloy ako sa pagdarasal sa ibat-ibang wika nang si Hesus, ang aking pinakamamahal ay lumapit sa akin. Sinabi ni Hesus, “Tatawagin ba Kita sa iyong pangalan? O sa iyong palayaw?” At sinabi ko sa Kanya, “Hesus, mas gusto ko po na tawagin Niyo akong Sesame.” Sinabi Niya, “O sige, sige. Kumusta ang Aking Sesame?” Sumagot ako, “Mabuti po Hesus.” Sinabi ni Hesus, “Kapag may tanong ka sa Akin ay huwag kang mahihiyang magtanong.” Hindi na ako nahiya pa at nagsimula na akong magtanong. “Panginoon, marami po akong nais malaman. Ang ama ni Dyakonesa Shin at si Yae-ji ay namatay na. Nagkikita po ba sila sa langit?” Ngumiti si Hesus at sinabi, “Silang dalawa ay nagkikita sa langit at nagpupuri ng magkasama sa langit. Kahit medyo magkalayo sila ay madalas silang naglalaro sa hardin. Mahal kong Sesame, marami pa akong pupuntahan kaya kailangan Ko nang umalis ngayon. Magpatuloy ka lang sa pagdarasal.” At bigla siyang nawala.

Bumalik ang mga demonyo nang makaalis si Hesus. Noong isang araw ay narinig ko kay Haak-sung ang tungkol sa kanyang karanasan habang siya ay nagdarasal. At sa aking palagay, ang demonyong kanyang nakaharap ay lumalapit sa akin. Nakita ko ang napakalaking ahas sa aking harapan at ako ay nagulat. Nanginginig ako sa sobrang takot. Mas malaki pa iyon sa anaconda at may dalawa siyang ulo. Lumapit ang ahas na nakabukas ang kanyang bibig. Sa kanyang bibig ay lumalabas-pasok ang mahaba at manipis na dila. Hindi ko alam ang gagawin ko sa sobrang takot. Ang kapansin-pansin niyang katangian ay ang kanyang kilay na kulot. Ang kulay ng kanyang mga mata ay itim at lila.

Nang magpokus ako sa kanya, ang demonyong ahas ay galit na sumugod sa akin na parang kakainin niya ako ng buhay. Sa sandaling sumigaw ang demonyo ay sumigaw din ako ng, “Sa Pangalan ni Hesus, lumayo ka sa akin!” Sumigaw ako ng dalawang beses ngunit hindi pa rin siya umaalis. Kaya tumawag ako kay Hesus ng malakas, “Hesus! Tulungan Mo po ako! Paalisin mo po ang nakakatakot na demonyong ahas na ito!” Nang tinawag ko si Hesus ay agad naman Siyang dumating at hinawakan ang ahas ng Kanyang mga kamay. Mabilis Niyang inikot-ikot ang ahas at itinapon iyon papalayo. Yumuko ako at nagpasalamat, “Hesus, salamat po ng marami! Natakot po ako ng sobra!” Sumagot si Hesus, “Mahal kong Sesame, sa oras na tawagin mo Ako ay darating Ako upang tulungan ka. Kaya hindi ka dapat mag-alala. Ang dapat mo lang gawin ay patuloy na magdasal.”

SA WAKAS AY NAKITA NA RIN NI KIM, JOO-EUN ANG MGA ANGHEL (Hebreyo 1:14)

Nagdasal akong muli nang aking mapansin ang mga anghel na matagal ko nang gustong makita. Dalawang anghel ang bumaba ng dahan-dahan at binati nila ako nang may pag-galang. “Binabati ka namin sister Joo-eun!” Napakaganda ng mga anghel at mas matangkad sila kaysa sa mga tao. May hawak-hawak silang isang maganda at kumikinang na damit. Pinakita nila iyon sa akin at sinabi, “Sister Joo-eun, maganda ba ang kasootang ito?”

Mabilis akong sumagot, “Nais kong isukat yan ngayon din!” Lumapit ang mga anghel at maingat nilang isinoot sa akin ang damit. Ang damit na iyon ay may napaka-gandang pakpak sa likuran. Tumayo ang mga anghel sa aking tabi at hinawakan nila ang aking mga kamay. Napuno ako ng lakas. Lumipad kami patungo sa langit.

Nang makalagpas kami sa mga ulap ay nakita ko ang madilim na kalawakan at ang mundo ay papaliit ng papaliit habang kami ay papalayo.

Nagpatuloy kami sa paglipad sa kalawakan. Naramdaman kong naging maluwag ang pagkakahawak ng mga anghel sa aking kamay ng magsimulang gumalaw ang pakpak sa likuran ng aking kasootan. Ang mga larawan ng Milky Way na nakikita ko sa mga aklat ay hindi maikukumpara sa tunay nitong ganda. Napansin ko na parang matagal na kami sa Milky Way at hindi na kami umuusod pa. Naisip ko sa aking sarili, “Nais kong dumiretso sa langit pero anong nangyayari?” Sumagot ang mga anghel at pinaliwanag nila sa akin na, “Ang dahilan kung bakit hindi tayo natutuloy papataas sa langit ay dahil hindi ka nagdasal ng mas taimtim. Kaya hanggang dito lang tayo.” Nabigo ako ngunit wala akong pagpipilian kundi bumalik muli sa mundo kasama ang mga anghel.

Habang lumilipad kami pabalik ay natanaw ko ang buong mundo mula sa itaas at iyon ay napakaganda. Hindi ako makapaniwala na nabubuhay pala ako sa munting mundong iyon. Pinagmasdan ko ang pulang atmospera na bumabalot sa mga planeta habang kami ay papalapit sa mundo at makabalik sa loob ng simbahan. Ang araw na ito ay puno ng nasayang na oportunidad. Natutunan ko ang halaga ng pagdarasal at para makapaglakbay ako patungo sa langit ay dapat magsumikap ako.

Iniisip ko ang itsura ng langit habang ako ay nagdarasal at ako ay napuspos ng apoy nang makita ko ang mga anghel na bumaba mula sa itaas at umupo sila sa aking tabi. Pumila sila sa akin at may hawak-hawak silang ginintuang mangkok. Kinukuha nila ang aking mga dasal at inilalagay iyon sa gintong mangkok. Nakipag-usap ako sa kanila. “Mga anghel! Mga anghel! Magdadasal na ako ng mas matagal at mas taimtim mula ngayon kaya siguraduhin niyong magdala kayo ng mas malalaking mangkok sa susunod.” Kinakausap ko sila ng natural pero isa sa mga anghel ay sumagot ng may pag-galang at respeto, “Opo sister Joo-eun, naiintindihan namin.”

NAMASYAL KAMI NI HESUS

Baek Bong-Nyo: Habang nagdarasal ako ay dinala ako ni Hesus sa impyerno. Naglalakad ako sa makipot na daan nang may makita akong demonyo na mukhang pagong. Dinukat niya ang kanyang mata ng kanyang daliri at kinuha ang kanyang mata. Pinaglaruan niya ang kanyang mata at ibinalik iyon sa dating lalagyan. Paulit-ulit niyang ginagawa iyon. Naisip ko sa aking sarili, “Nasisiraan na ata ng ulo ang demonyong iyon.” Nakipag-usap siya sa akin. Nang tiningnan ko siya ng mabuti ay napansin ko na wala ang kanyang kabilang mata at nilalaro lang niya ang isa niyang mata. “Hoy! Ikaw diyan! Dukatin mo rin at tanggalin ang iyong mata at ibalik muli kagaya ng aking ginagawa! Masaya ito! Subukan mo!” At nagpatuloy siya sa pagkukumbinsi sa akin.

Kahit na nakatayo si Hesus sa aking tabi ay sinumpa ko ang demonyo. “Isa kang sira ulong bastardong demonyo! Bakit ko dudukatin ang aking mata? Ikaw nalang ang maglaro sa pamamagitan ng pagtanggap at pagbalik ng sarili mong mata! Sumagot ang demonyo, “Alam mo ba kung gaano kasaya ito?” Hinila niya ang kanyang mata at pinaglaruan ito. Pinayuhan ako ng Panginoon, “Huwag mo nalang siyang pansinin.” Nagpatuloy kami sa sunod na destinasyon.

Nagpatuloy kami sa paglalakad ni Hesus nang may makita akong napaka-taas at napaka-lapad na poste. Napakalaki ng poste na halos hindi ko malaman kung iyon ay isang poste o palaruan. Sa mga posteng iyon ay may nakita akong gumagalaw na bagay. Nang aking tingnan iyon sa malapitan ay nakita ko ang hindi mabilang na mga tao na nakadikit sa poste. Ang mga taong iyon ay nakahubad at nakatali sa poste. Sa tingin ko ay may humigit kumulang sampung libong katawan doon.

May mga puting kulisap na nakadikit sa mga katawan nila at kinakain ng mga iyon ang kanilang laman. Sa bawat sandali na kinakain ng mga kulisap ang kanilang laman ay narinig ko ang kanilang nakaka-awang sigaw. Katulad ng pangyayari sa ibang parte ng impyerno, ay walang naiwan sa kanilang katawan kundi ang kalansay at pagkatapos niyon ay babalik na naman ang kanilang laman at mauulit na naman ang kanilang parusa at paghihirap. Mahirap masabi kung sila ay tao o hayop. Tinanong ko si Hesus, “Panginoon, ano pong kasalanan ng mga taong naririto?” Sumagot si Hesus, “**Sila ang mga taong dumadalo sa simbahan ng kaunting oras at pagkatapos, sila ay aalis upang magpaka-saya sa mundo. Dito sila napadpad matapos**

silang mamatay sa aksidente. Mayroon rin ditong mga tao na nag-sisimba ngunit patagong umiinom at minsan ay pumupunta pa sa mga lugar na inuman. Ang iba naman dito ay dumadalo lang sa simbahan ng pormal ngunit hindi nila nararamdaman ang tunay na presensya ng Diyos.”

Ang kanilang sigaw ay nakakabingi kaya hindi ako makapag-pokus sa aking nakikita. “Panginoon! Wala po akong makita dahil sa kanilang sigaw! Hindi ko po kayang makita ang nakakatakot na tanawing ito. Sana ay pwede na po akong umalis sa impyerno ngayon.” Ayaw ko nang tumagal pa sa impyerno dahil ayaw ko nang makita pa ang aking ina at kapatid na naghihirap. Nenenerbyos ako kaya lagi kong tinatanong si Hesus kung ipapakita na naman Niya sa akin ang aking pamilya. “Panginoon, ngayon ay ayaw ko pong makita ang aking pamilya. Ayaw ko po talaga!” Hinawakan ng Panginoon ang aking kamay at kanyang sinabi, “O sige, halika at pumunta naman tayo ngayon sa langit.” Sa sandaling hinawakan Niya ang aking kamay ay lumipad kami sa kalangitan at nakarating sa hardin ng Eden.

Magkahawak kamay kaming namasyal ni Hesus sa hardin. Nakita Niya na masaya ako at bumulong Siya sa akin, “Mahal kong Bong-Nyo, hindi mabuti ang iyong kalusugan ngayon. Mahirap talaga ngayon pero kailangan mong magtiis.” Ang mga sinabi ni Hesus ay nakapag-panatag sa akin at lagi akong naiiyak kapag naiisip ko ang pagmamahal Niya. Pinag-usapan namin ni Hesus ang aking karanasan sa langit at impyerno at kung paano ako dapat mabuhay ng tama mula ngayon.

PARANG NAKURYENTE

Pastor Kim, Yong Doo: Pagkatapos ng sorpresang pag-lusob ng mga demonyo noong isang araw, ang mga sugat na mula sa kanilang kagat ay naghahatid pa rin sa akin ng sobrang sakit. Ang pangininginig ng boses sa aking pagsasalita ay nagdudulot sa akin ng sakit. Pero dahil sa awa ng Diyos ay tinulungan Niya ako upang maibigay ko ang aking sermon at umawit ng papuri. Itinaas ko ang aking mga kamay at ako ay nagdasal nang maramdaman ko ang kuryente na dumaloy sa aking mga kamay. Malakas ang kuryente at nagpatuloy iyon sa pagdaloy sa aking katawan.

Ibinuhos ng Diyos ang langis sa aking ulo sa pamamagitan ng Espirito Santo ngunit hindi pa rin nawala ang sakit ng aking katawan. Ang pagdadasal na nakataas ang kamay ay napaka-hirap at pakiramdam ko ay pinarurusahan ako. May mga oras na nakakaramdam ako ng matinding sakit na parang tinusok ako ng karayom kaya naibaba ko ang aking mga kamay. Kapag humupa na ang sakit ay itinataas kong muli ang aking mga kamay upang magdasal. Paulit-ulit iyong nangyayari.

Sa oras na determinado na akong magdasal na nakataas ang kamay, ang aking kaliwang palad ay gumalaw ng isang sentimetro. Nang magpatuloy pa ako sa pagdarasal ay gumalaw muli ang aking kamay ng isa pang sentimetro. Nagpatuloy iyon sa paggalaw habang nagdarasal ako at nang makalipas ang isang oras ay tuluyan ng nabago ang posisyon ng aking kamay. Gumalaw rin ng dahan-dahan ang kanan kong kamay papalabas. Ganoon ang aking posisyon sa loob ng ilang oras. Ang dalawa kong kamay ay naparalisa at ang pagdarasal sa ganoong posisyon ay napakahirap para sa akin.

PAGSISISI SA BAWAT NAGAWANG KASALANAN

Wala akong ideya kung ang nangyayari sa akin ay ginagabayan ng Panginoon. Kaya naman sumigaw ako ng, “Satanas! Lumayo ka sa akin! Lubayan mo ako!” Wala akong narinig mula kay Hesus. Sa halip ay nagpatuloy lang siya sa pagbuhos ng apoy ng Espirito Santo na naghahatid ng saya at kapayapaan sa akin. Sa sandaling iyon ay naalala ko ang aking mga kasalanan at nagsimula akong magsisi. Naalala ko ang buhay ko bilang pastor at ang aking pagka-giliw sa isports na nag-dulot ng hindi maayos na paglilingkod ko sa Diyos. Nagsimula akong magsisi sa bawat nagawa kong kasalanan. **“Ngunit sa katigasan ng iyong ulo at di pagsisisi, lalo mong pinapabigat ang parusang igagawad sa iyo sa araw na iyon, kung kailan ihahayag ang poot at makatuwirang paghatol ng Diyos.”Roma 2:5**

Mahilig ako sa isports na kahit turuan ako ng bagong laro ay madali ko lang iyong natututunan. Kapag naglalaro ako ay halos nakakalimutan ko na ang Panginoon at nasasaktan ko Siya dahil doon. Nagigiliw ako sa halos lahat ng klase ng laro tulad ng bowling, soccer, badminton, pero pinaka-gusto ko ang badminton.

May munting boses na nagkukumbinsi sa akin na kailangan kong maging aktibo upang mapanatiling malusog ang aking katawan. Sinayang ko ang maraming panahon, at kapag may bakante akong oras ay pumupunta ako sa malapit na palaruan ng badminton. Doon ko inilalabas ang lahat ng aking pagod.

Ang paglalaro ng isport ay hindi masama. Pero kadalasan ay naibubuhos natin ang ating panahon at isipan sa mga bagay na ginagawa natin sa mundo. Hindi madali na alisin sa ating isipan ang ating mga pansariling kagustuhan. Ito ang dahilan kung bakit naibubuhos ng mga tao ang kanilang buong buhay, pangarap at kanilang kaluluwa sa kanilang mga gawain. Pero dahil sa paglalim ng aking karanasan sa espirituwal na mundo ay nabuksan ang aking mga mata sa katotohanan na ang pagmamahal ko sa isports ay naging dahilan ng pagka-adik ko dito. Lyon ang naging hadlang sa aking espirituwal na paglaki. Umiyak ako at nagsisi sa lahat.

May panahon na ang aking mga myembro noon ay umalis upang dumalo sa ibang simbahan at mayroon lang akong isang natirang matandang lalaki sa aking kongregasyon. Hindi lumalaki ang aking simbahan. Minsan ay sinuwerte ako dahil may kakilala akong isang pastor sa Seoul na nagbigay sa akin ng oportunidad upang kunin ang posisyon bilang punong pastor sa isang simbahan na may ilang daang myembro. Naisip ko, “Ayos! Maganda ito!” At naghanda ako upang kunin ang inaalok. Isang araw bago ako umalis, habang nagdarasal ako ay nagpakita si Hesus na may hawak-hawak na napaka-laki at napaka-taas na pamalo. Ang taas niyon ay mula lupa hanggang sa langit. Inutusan ako ni Hesus na lumuhod at yumuko, at sumunod naman ako. Sa sandaling iyon ay pinalo ako ni Hesus ng malakas.

Sa sandaling mahampas ako ng pamalo ay naramdaman ko ang pagmamahal ng Panginoon para sa akin. Hindi ako nakaramdam ng sakit sa pagpalo. Ang mukha ni Hesus matapos Niya akong paluin ay punong-puno ng lungkot at tumutulo ang Kanyang luha sa Kanyang mukha. Tinanong ako ni Hesus, “Minamahal kong taga-paglingkod, ano ang gusto mong gawin kung dumami man ang iyong myembro? Pastor Kim Yong Doo! Anong klaseng alay ang ibibigay mo sa sangtuwaryo?”

Hindi ko masagot ang tanong ng Panginoon. Alam ko na ang naiisip kong sagot ay magpapakita lang ng tunay na hangarin ng makasarili kong puso. Kapag nagkikita ang mga pastor, bawat isa sa amin ay pinag-uusapan ang “mabilis na paglaki ng simbahan” o “gaano kadami” o “ilang taon ang binilang bago mabuo ang simbahan”, at “sino sa mga pastor ang nangunguna”. Ito ang mga pinag-uusapan ng mga pastor. Alam ko na kaparehas ng mga ito ang aking sagot.

Habang nakaluhod ako at nakayuko sa harap ng Panginoon ay wala akong lakas at hiyang-hiya ako. Wala akong magawa kundi ang umiyak ng umiyak. Dahan-dahan akong hinaplos ni Hesus sa likod at dinamayan Niya ako. “Mahal kong taga-paglingkod, ang nais Ko ba ay ang mga pondo at alay ng iyong simbahan? Ang nais Ko ba ay dumami ang myembro ng iyong simbahan? Huwag mong itago sa iyong puso ang mga ganitong hangarin sa halip ay sundin mo ang Aking kagustuhan. Nais ko na hanapin mo ang mga nawawala Kong tupa at kahit gaano kaonti o kadami sila, ay nais Ko na alagaan mo sila. Maging tapat ka kahit sa maliliit na bagay. Huwag kang maguguluhan sa malalaking bagay sa iyong paligid, sa halip ay magdasal ka at maghintay sa Aking tamang oras. At huwag kang mawawalan ng lakas ng loob!”

Lumaki ang aking pananabik sa Panginoon bawat araw. Panahon na para gumawa ng huling desisyon. Ang mga nagdarasal na myembro ng aming simbahan ay umiiyak ng seryoso sa Panginoon. Habang nakabaluktot ang aking mga kamay at braso ay nagpatuloy pa rin ako sa pagdarasal sa abot ng aking makakaya, hanggang sa ang nararamdaman kong sakit ang pumipilit sa akin upang matumba.

ANG PANALANGIN NG NAGSISISING ESPIRITO

Kang, Hyun Ja (Asawa ng pastor): Simula kahapon ay napansin ko rin na ang aking mga kamay ay gumagalaw ng mag-isa at bumabaluktot katulad ng nangyari sa pastor. Tinanong ko si Joo-eun dahil siya ay nakatanggap ng kakayahang magpropesiya kung ano ang kakaibang bagay na nangyayari sa amin. Pinaliwanag sa amin ni Hesus sa pamamagitan ni Joo-eun.

Una, para sa pastor at kanyang asawa ay mahirap mabuksan ang kanilang espirituwal na paningin at magiging mahirap na karanasan iyon sa kanila. Maraming uri ng dasal, ngunit ang pinaka-makapangyarihang

panalangin na magpapabilis sa proseso ay ang panalangin na may kasamang luha ng pagsisisi. Kung ikukumpara sa iba ay hindi ako umiiyak. May malakas akong personalidad at kahit pilitin kong umiyak sa pagdarasal sa Panginoon ay hindi ko magawa.

Sinabi ko iyon sa pastor, “Pastor, bakit hindi ko magawang umiyak?” Sinabi niya ako na wala akong mapagsising espiritu. Pinayuhan niya ako na humingi sa Panginoon ng mapagsising espiritu. **“Tumutulong siya sa nasisiphayo; ang walang pag-asa’y hindi binibigo.” Awit 34:18**

Si Joo-eun ay katulad ng kanyang amang pastor at madalas ay nagdarasal siya ng umiiyak at puno ng lakas. Ngunit ang personalidad naman ni Joseph ay katulad ng sa akin kaya kaming dalawa ay nagsusumikap upang umiyak. Sa buong maghapon ay nagdasal ako ng may pagsising puso. Ibinuhos naman sa akin ng Panginoon ang supot na puno ng luha ng pagsisisi. Umiyak ako ng umiyak. Nagpadala ang Diyos ng mensahe sa pamamagitan ni Joo-eun. Sinabi Niya na nakatanggap Siya ng sapat na luha mula sa akin.

Hindi kami binibitawan ni Hesus. Kung wala si Hesus ay hindi kami makakatagal kahit isang araw. Dumadalo si Hesus sa aming pang-araw araw na serbisyo kasama ang mga anghel at pinagpapala Niya ang bawat isa sa amin. Si Pastor Kim ay espesyal na pinahiran ng nag-aalab na apoy at nakita iyon ng mga myembro na bukas ang espirituwal na paningin. Hindi nila mapigilan na humanga, “Wow! Pastor, si Hesus ay pumasok sa iyong katawan!” Ang mga anghel ay may ibinubuhos na parang maputi sa iyong ulo.” Nagpapakita ang Panginoon sa bawat sermon at nananatili Siya sa amin hanggang umaga at prinoprotektahan Niya kami hanggang sa makauwi kami ng ligtas sa aming mga tahanan.

Sa kabilang banda, ang mga demonyo ay nagpapakita rin at humahanap sila ng pagkakataon upang lumusob. Hindi namin maaring isantabi ang aming pagbabantay. Dahil ang tunay na anyo ng mga demonyo ay nalaman ng mga nakababatang mga myembro, kailangan nila ng armas at ito ay ang pagdarasal.

Kami ay nasa bingit ng buhay at kamatayan kaya dapat naming patatagin ang aming espirituwal na pananampalataya. Hindi namin alam kung bakit kami naririto, o kung paano kami nakarating ng ganito kalayo. Hindi namin alam kung bakit kami ang pinili ni Hesus, kami na mahihinang tupa upang makipaglaban sa mga masasamang kaaway. Pero sinabi sa amin ni Hesus, “Kayong mga munting tupa ng Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) ay mas magiging matatag ang pananampalataya sa pamamagitan ng pakikipaglaban sa masasamang espiritu. Magtiwala kayo sa Akin. Humawak kayo sa Aking kamay. Lagi Akong nandirito para sa inyo kaya hindi kayo dapat mag-alala.”

Kasama namin ang Panginoon. Hindi ito aming imahinasyon lang, kundi totoong kasama talaga namin Siya. Wala halos kaming oras upang kumain, matulog o maligo. Kahit ang mga batang myembro ay tumatawid ng kalsada o nagpapalaganap ng Salita ng Diyos sa mga tao, si Hesus ay nakikita nilang kasama nila at ginagabayan sila.

IKA- DALAWAMPUNG ARAW: ANG AMING PERSONAL NA KARANASANG PANG-SPIRITWAL

**“Ngunit bibigyan ko kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espirito Santo, at kayo’y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig.” Gawa 1:8
(Magandang Balita Biblia, TPV)**

INATAKE NI KIM, JOO-EUN ANG MGA DEMONYO!

Sinabi sa amin ng pastor sa kanyang sermon na hindi kami dapat matakot kapag nagpakita ang mga demonyo, sa halip ay labanan sila. Habang nangangaral ang Pastor ay sinabi niya, “Tapakan niyo sila at saktan! Dukatin niyo ang kanilang mga mata at durugin iyon! Kunin niyo sila at iyugyog!” Natuwa akong marinig iyon at lumakas ako at nabuhayan ng loob.

Dahil madali akong matakot at sumigaw dahil sa takot, ay pinayuhan ako ng pastor upang palakas in ang aking pananampalataya. Sinabi niya, “Joo-eun, huwag kang matakot! Kapag pinakita mo na takot ka sa mga demonyo ay lalo lang silang aatake sayo. Maging matapang ka! Sasamahan ka lagi ng Panginoon.” Determinado akong maging matapang at hindi uurong ngayong gabi.

Pagkatapos ng aming papuri at ang sermon ng pastor ay oras naman ng pagdarasal. Nagdasal ako sa ibat-ibang wika na puno ng apoy. Nagpakita na naman sa akin ang babaeng demonyong kinatatakutan ko noon. Siya ay nakasuot ng puting gown at ang kanyang make-up ay nakakatakot. Katulad ng dati ay dumudugo ang gilid ng kanyang mga mata at bibig, at napakahaba ng kanyang buhok na halos matapakan na niya ito.

Nag-alala ako at nenerbyos pero yumuko ako at inisip ko na, “Susubukan ko ng may tapang!” Iniunat ko ang aking mga kamay sa direksyon ng demonyo nang maramdaman ko na may nahawakan ako.

Sa sandaling iyon, ay nag-ipon ako ng lakas at hinawakan ko ang kanyang buhok. Naisip ko na siya ang demonyo na nagpapahirap at nananakot sa akin kaya niyugyog ko siya habang sinasabunutan ko ang kanyang buhok. Pero may kakaibang nangyari! “Aray! Pakawalan mo ako! Nasasaktan ako! Alisin mo ang iyong kamay! Nasasaktan ako!” Maliwanag kong narinig ang demonyo na sumisigaw. Walang awa ko siyang niyugyog habang hawak ang kanyang buhok at sa bandang huli ay hinila ko ang kanyang buhok. Umiyak ang babaeng demonyo ng, “Buhok ko! Buhok ko!” At naglaho siya sa aking harapan.

Sa oras ding iyon ay may dumating naman na lalaking demonyo na may malaking ulo at tinatakot niya ako ng kanyang nakabukang bunganga. Hinintay kong ibukas niya ang kanyang bibig at isinuot ko ang aking mga daliri at hinila iyon. Dinukat ko ang kanyang mga mata at tinanggal ang kanyang mata at tinapakan ko iyon. Sumigaw ang demonyo sa sakit, “Aray! Ang mga mata ko! Ang bibig ko! Asan sila? Hanapin mo sila! Masakit!” Umiiyak ang demonyo habang hinahanap ang kanyang mata sa sahig. Nang hindi niya iyon mahanap ay naglaho siya.

Makalipas ang ilang sandali ay may dumating na namang demonyo na may mata na hugis kalahati ng buwan. Sa halip na lumakad siya sa pamamagitan ng kanyang mga paa, ang kanyang mga kamay ay nakadikit na parang isang paa at dahan-dahan siyang tumalon papalapit sa akin. Kahit iisa lang ang kanyang mata ay walang awa kong dinukot iyon at binali ko ang kanyang mga daliri. Umiyak siya ng, “Aray! Hoy! Katawan ko ito! Huwag mo akong hawakan! Sinasaktan mo ako!” Sumagot ako ng, “Hanggang ngayon ay wala kang ibang ginawa kundi manakot kaya oras na para magbayad ka!” Pinutol ko ang kanyang katawan sa pira-piraso. Tumakbo siya ng umiiyak habang sinasabi na “Babalikan kita! Makikita mo!” Kinuha niya ang mga natanggal na piraso ng kanyang katawan.

Sa oras namang iyon ay may demonyong may malaking mata ang nagpakita sa akin at sa loob ng kanyang mata ay may isa pang mata. Ang kanyang mata ay kulay puti at nakakatakot. Dinukat ko ang kanyang mata gamit ang aking daliri. May kakaiba akong naramdaman. Naramdaman ko na para iyong mamasa-masa at may malagkit na lumalabas sa kanyang mata at dumaloy iyon sa aking kamay. Sumigaw ang demonyo, “Oh! Nahihilo ako!” Dahil sa kanyang sinabi ay itinapon ko siya sa malayo.

ANG MADALIANG PAGPUPULONG NG MGA DEMONYO

Habang nagdarasal ako ay may narinig ako sa isang tabi. Lumingon ako sa pinagmumulan ng ingay at nagsimula akong magdasal sa ibat-ibang wika. Nakita ko ang humigit-kumulang tatlongpung demonyo na nakaupo at nagpupulong. Nakikita ko at naririnig ng mabuti kung ano ang pinag-uusapan nila at ang kanilang pinag-uusapan ay:

Ang may mataas na posisyon na demonyo ay nagsalita sa mas nakabababang demonyo nang, “Aalis ba tayo sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) ng ganito? Magmadali kayo at gambalain sila sa pagdarasal. Gumawa kayo ng paraan! Mga tanga!” May isang demonyong sumagot, “Kilala mo ba ang batang babae na iyon? Ang pangit na babaeng iyon na Joo-eun ata o Sesame ang pangalan? Hindi ba nakakahiya na matalo niya?” Habang nagrereklamo sila ay may isang sumigaw, “Paano ako?! Nasira ang aking bibig at dumudugo ng sobra!”

May isang demonyo na tahimik lang na nakikinig at bigla siyang sumagot ng, “Walang kwenta ang nangyari sa iyo! Mas malala sa akin! Nawalan ako ng buhok at kalbo na ako ngayon! Ano ang gagawin natin ngayon?” Nagrereklamo sila nang biglang may dumating na mataas ang posisyon na demonyo. Isa siyang bungo na may kaunting hibla ng buhok sa tuktok ng kanyang ulo. Wala siyang mata. Gumulong siya papalapit sa akin at

nagdasal ako ng, “Panginoon, bigyan mo po ako ng palakol!” Matapos kong sambitin iyon ay may palakol agad sa aking tabi. Nang umatake ang bungo ay kinuha ko ang palakol at hiniwa ko siya. Napasigaw ako ng, “Mama! Nadurog ang bungo.”

Nagpatuloy ako sa pagdarasal ng maramdaman ko na may nahawakan ako. Nagulat ako nang wala akong makita kaya inikot-ikot ko nalang iyon at tinapon papalayo. May narinig akong ingay kasabay ng sigaw na “Aray!” Malakas na ang loob ko ngayon na labanan ang mga demonyo. Punong-puno ako ng lakas habang nagdarasal nang may nakita akong maliwanag na ilaw at mabangong amoy sa loob ng simbahan.

ANG MABAGONG AMOY AT ANG PAGPAPAKITA NI HESUS

Hindi nawala ang amoy. Dumating ang mahal kong si Hesus. Sinabi ko sa Kanya, “Hesus, namiss po kita!” Sumagot si Hesus, “Namiss din kita mahal kong Sesame! Nagdasal ka ng mahaba at taimtim ngayong araw! Ipagpatuloy mo lang ang iyong pagdarasal. Ibigay mo ang lahat ng iyong makakaya.” Maya-maya ay nagbago ang ekspresyon ng Kanyang mukha. Mukhang nag-aalala Siya at sinabi Niya, “Sino ang dadalhin Ko sa impyerno ngayon? Si Yoo-kyung ay nagdadasal ng taimtim! Dadalhin Ko si Yoo-kyung sa impyerno at hahayaan ko siyang bisitahin ang kanyang lola roon.” Lumapit Siya kay sister Yoo-kyung.

Dyakonesa Shin, Sung-Kyung: Nagdasal ako ng makapangyarihan sa ibat-ibang wika habang nakataas ang aking mga kamay. Ang kamay ko ay halos magyelo na sa sobrang lamig. Matapos ang isang oras ay napansin ko na umiinit na ang aking katawan na para bang may taong humahawak sa aking kamay kaya iyon uminit. Lumalim ang aking pagdarasal nang may mabagong amoy sa hangin.

Hindi ako makapag-pokus sa pagdarasal dahil sa amoy. Lumingon ako sa paligid ngunit hindi ko mahanap kung saan naggaling ang mabangong amoy na iyon. Pagkatapos ng aming pagdarasal ay tinanong ko ang Pastor tungkol sa amoy at sinabi niya na kapag dumarating si Hesus ay nagkakaroon ng mabagong amoy.

“Mamuhay kayong puspos ng pag-ibig tulad ni Cristo; dahil sa pag-ibig sa atin, inihandog Niya ang kanyang buhay bilang mahalimuyak na hain sa Diyos.” Efeso 5:2 (Magandang Balita Biblia, TPV)

Ngayong araw ay kaming dalawa lang ni Joo-eun ang naka-amoy niyon. Pagkatapos niyang makita si Hesus gamit ang kanyang espirituwal na mata ay sinabi niya sa akin na dumating si Hesus pagkatapos ng mabagong amoy na iyon. Lumapit Siya sa akin at marahan Niya akong niyakap.

INATAKE NI YOO-KYUNG ANG MGA DEMONYO

Lee, Yoo-kyung: Nang ako ay mag-simulang magdasal, ay may isang babaeng demonyo na nakasuot ng puting gown ang nagpakita sa akin. May pangil siya na katulad kay dracula at puno ng dugo ang paligid ng kanyang bibig. Sumigaw ako sa demonyo, “Sa Pangalan ni Hesus! Lumayo ka sa akin!” Ngunit hindi tumakbo ang demonyo, sa halip ay naghanda siya upang umatake. Mabilis kong natandaan ang sinabi ng pastor sa kanyang sermon kagabi na huwag matatakot sa demonyo at dapat labanan sila. Matapang kong iniunat ang aking kamay sa kanya at naramdaman ko na nahawakan ko ang kanyang buhok. Sa wakas! Nahawakan ko ang kanyang buhok!

Sinimulan kong hilahin at pilipitin ang kanyang buhok at siya ay sumigaw. “Aray! Bitiwan mo ang buhok ko! Bitawan mo! Pakiusap!” Umiyak ang demonyo. Masaya ako na naririnig ang demonyo na nasasaktan at nagmamakaawa na pakawalan ko siya. Pero hindi ko iyon tinigilan sa paghila. Sumigaw ako ng, “Ikaw na pangit na demonyo! Hanggang ngayon ay natakot ako sayo! Oras na para pagbayaran mo ang iyong ginawa!” Inikot-ikot ko siya ng walang humpay. Umiyak ang demonyo at sinabi na “Kapag namatay ka, ay sisiguraduhin ko na hihilahin kita sa impyerno!” Sumagot ako, “Anong sabi mo? Mamamatay ako? Eto ang para sayo!” Hinila ko ng buong lakas ang kanyang buhok at siya ay naglaho.

Sa oras namang iyon ay may dumating na lalaking demonyo na kalbo. Pero dahil wala siyang buhok para hilahin, ay hinawakan ko nalang ang kanyang kalbong ulo at dinag-anan ko iyon pababa. Sumigaw ang demonyo ng malakas, “Aray! Mamamatay ako rito! Tigilan mo na ang pag-tulak sa ulo ko pababa!” Nasiyahan ako kaya itinulak ko pa ng mas malakas ang ulo niya pababa. Nabasag ang kanyang ulo at dumaloy ang dugo.

Pumutok ang kanyang mata at natanggal iyon. Umiyak ang demonyo, “Ang ulo ko! Ang mata ko!” At parang nawala siya sa sarili. Sinamantala ko ang pagkakatong at sinuntok ko ang demonyo sa kanyang dibdib nang sobrang lakas. Natumba siya sa isang tabi.

Nasiyahan ako sa pakikipag-laban sa mga demonyo at nagpatuloy ako sa pagdarasal nang magpakita si Hesus sa akin. Sinabi ni Hesus, “Mahal kong Yoo-kyung, mas tumatag ang iyong pananampalataya. Kaya mo nang saktan ang demonyo ng iyong mga kamao!” Ngumiti Siya.

Sinabi ko kay Hesus, “Hesus! Nais ko pong pumunta sa langit!” Matapos kong sabihin ang aking hiling, ay sinabi ng Panginoon, “Dahil nakita mo na ng maraming beses ang langit, ngayon ay nais Ko naman na makita mo ang paghihirap ng iyong lola sa impyerno.” Kinuha Niya ang aking kamay. Sa sandaling mahawakan Niya ang aking kamay, ako at si Hesus ay naglakad na sa isang madilim at makitid na daan patungong impyerno.

Naglakad-lakad kami ng ilang sandali nang may makita akong malaking lutuang bakal na iniinit sa nagbabagang pulang apoy. Sa loob ng malaking kaldero ay may asul na apoy at sa labas naman ay umaalab din ang apoy. Kinuha ni Hesus ang aking atensyon at sinabi, “Yoo-kyung! Tumingin kang mabuti sa loob ng kaldero at tingnan mo kung sino ang naroon.” Tumingin ako ng mabuti at nakita ko ang aking lola sa loob ng kaldero kasama ang isang lalaki. Silang dalawa ay tumatalon-talon at umiiyak, “Aray! Pakiusap! Napaka-init rito!” Umiiyak ang aking lola. Ang napakalaking lutuang iyon ay may malalaki ring hawakan.

Sinikap kong huwag tumingin sa kanya pero hinayaan ako ni Hesus na panoorin siya. At habang naghihirap ang aking lola ay nakatingin rin siya sa akin. “Yoo-kyung! Hindi ko na kaya ang sobrang init dito! Pakiusap! Tulungan mo ang iyong lola! Magmadali ka at sabihan ang Panginoon na tulungan akong makaalis dito!” Ang aking lola ay tumatakbo papaikot at siya ay nakasuot ng puting damit pero kahit ang damit niya ay nasusunog rin. Mukhang hindi niya alam ang kanyang gagawin at tumatalon siya na parang nilulutong mani sa kawali.

Sa tabi ng mainit na kaldero ay may nakakatakot na demonyo ang nakabantay. May isa siyang katawan at tatlong ulo. Ang gitnang ulo ay halos kamukha ng palaka. Ang kaliwang ulo naman ay ahas at binubuksan niya ang kanyang bibig at dumudila sa akin. Ang kanang ulo ay paniki na may pakpak na bumubuka at sumasara. Ang nakakatakot na demonyo ay tumingin sa akin at sumigaw.

“Hoy ikaw! Bakit ka nandirito?” Sumagot ako, “Pumunta ako upang makita ang aking lola! Bakit mo sinasaktan ang aking lola?” Galit ko siyang tinanong pero dahil katabi ko ang Panginoon ay hindi siya nakasagot. Napaiyak ako, “Lola, anong gagawin ko? Sobrang init pero wala akong magawa.” Tumingin siya sa akin at umiyak.

Sumigaw ang aking lola, “Yoo-kyung! Masaya akong makita ka! Pakiusap, tulungan mo akong makaalis dito! Hindi ko na kaya ang sobrang init!” Sinubukan kong hilahin siya kaya inabot ko ang aking kamay pero sinabihan ako ni Hesus na hindi maaari. Sobrang init ng apoy kaya hindi ko kayang iabot ang aking mga kamay ng matagal.

“Hesus! Nasasaktan po akong makita siyang nahihirapan! Anong gagawin ko?” Umiyak ako. Niyakap ako ni Hesus at pinunasan Niya ang aking luha. Nagpatuloy pa rin ako sa pakikiusap kay Hesus. Sinabi Niya, “Yoo-kyung, tumahan ka na. Huwag ka nang umiyak. Dadalhin nalang ulit kita kapag gusto mong makita ang iyong lola.”

Hindi tumigil ang aking lola sa pagtakbo-takbo at patuloy pa rin siya na sumisigaw. “Mamamatay ako sa apoy na ito! Tulungan niyo ako! Yoo-kyung! Hindi ka ba naaawa sa lola mo?” Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at sinabi, “Sapat na ito. Pag tumagal pa tayo ay masasaktan ka lang. Umalis na tayo.” Sa sandaling iyon, ako at si Hesus ay nakarating sa kalawakan.

Habang kinakausap ko si Hesus, ay may isang nakakatakot na demonyo ang dumating. Sumigaw si Hesus, “Kapag ginambala mo pa si Joo-eun o Yoo-kyung ay itatapon kita sa impyerno.” Yumuko ang demonyo. Yumuko siya at gumalaw na parang nagpapatalbog ng bola. Umalis siya papalayo sa amin. Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at hinatid Niya ako sa simbahan. Pagkatapos ay bumalik na Siya sa langit.

ANG MATA NG DEMONYONG NAKA-MASKARA AY PUNO NG UOD

Lee, Haak-sung: Habang nagdarasal ako, ay may isang maskuladong demonyo na nakasuot ng puting maskarang bakal ang lumapit sa akin habang winawagayway niya ang kanyang espada. Kahit ano pa ang itsura ng demonyo ay hindi ako natatakot dahil sa lakas na ibinigay sa akin ni Hesus. Kinuha ko ang espada ng demonyo at walang awa kong tinaga ang kanyang ulo.

Sinundan ko ang demonyo at inalis ang kanyang maskara. Nagulat ako ng makita kung ano ang nasa ilalim ng natatakluban ng maskara. Sa loob ng kanyang mata ay punong-puno ng uod na lumalangoy. Kumalat ang mga uod sa kanyang mukha at ulo. Nakakadiring pagmasdan iyon.

May isa pang demonyo ang nagpakita at siya ay parang lipstick na nakatayo sa sahig at may usok na lumalabas sa kanya. Habang lumalabas ang usok ay nagbago iyon at naging parang hugis tao. Sa loob ng usok ay may mga bagay na gumagalaw. Tumingin ako ng mabuti at nakita ko na may mga tao sa loob ng usok. Nagmamakaawa sila at humihingi ng tulong. Sa aking palagay, ang demonyong iyon ay kumain ng mga tao. Nagsimula akong magdasal sa ibat-ibang wika at tumawag ako kay Hesus. "Hesus, tulungan Mo po ako! Gusto po akong kainin ng demonyo! Tulungan Mo po ako!" Agad naming dumating si Hesus at pinaalis ang demonyo.

Ilang sandali pa, ay may isang demonyo na puno ng peklat sa kanyang katawan ang lumapit sa akin. Ang demonyong iyon ay malusog na lalaking demonyo at nakasuot siya ng asul at pulang damit. At isa pang demonyo ang dumating na may matatalim na mga sungay sa buong katawan. May dala siyang itim na pisara at kinausap niya ako. "Tumigil ka na sa pagdarasal! Tumigil ka na!" Hindi ko siya pinansin. Sa halip ay nagpatuloy ako sa pagdarasal sa ibat-ibang wika. Sinubukan ng demonyo na gambalain ako ngunit hindi siya nagtagumpay. Naisip ng demonyo kung ano ang kinaiinisan ko. Nilagyan niya ang kanyang daliri ng matatalim na bagay at sinimulan niyang kiskisin ang pisara.

Hindi ko matagalan ang ingay kaya tinakpan ko ang aking tainga at sumigaw ako ng, "Satanas! Sa Pangalan ni Hesus, umalis ka!" Natuwa ang demonyo sa kanyang ginagawa kaya hindi siya tumigil sa pagkiskis ng matalim niyang daliri sa pisara. "Hoy! Ang saya nito oh!" Kiniskis pa niya ng paulit-ulit. Tumawag ako kay Hesus, "Hesus, pakiusap tulungan Mo po ako! Pinahihirapan po ako ng demonyong ito!" Sa sandaling iyon ay dumating si Hesus. Umalis ang mga demonyo sa presensya ni Hesus at hindi na sila lumingon pa.

IKA- DALAWAMPUT ISANG ARAW: ANG AMING PERSONAL NA KARANASANG PANG-SPIRITWAL

"Ang mga sumasampalataya ay magtataglay ng ganitong tanda ng kapangyarihan: sa pangalan ko'y magpapalayas sila ng mga demonyo at magsasalita ng ibang wika; sila'y di maaano dumampot man ng ahas o uminon ng lason; at gagaling ang mga may sakit na mapatungan ng kanilang mga kamay."
Marcos 16: 17-18 (Magandang Balita Biblia, TPV)

ANG PAGHAHANAP SA MGA DEMONYO

Kim, Joo-eun: Napuspos ako ng apoy habang nagdarasal sa ibat-ibang wika nang may dumating na tatlong nakakatakot na dragon. Hindi ako natakot dahil kasama ko si Hesus. Nakita ko ng mabuti ang itsura ng demonyong iyon.

Ang unang dragon ay may ibat-ibang disenyo at may mga hugis bilog siya sa pula niyang katawan. Ang pangalawang dragon naman ay may pula at asul na linya sa katawan. Ang pangatlong dragon ay kulay asul at dilaw. Ang mga dragong iyon ay lumapit sa akin na para bang gusto nila akong kainin ng buo. Sumigaw ako ng "Sa Pangalan ni Hesus, lumayo kayo sa akin!" Pagkatapos ko iyon ulitin ng tatlong beses ay mabilis na nawala ang demonyo.

Nagpatuloy ako sa pagdarasal nang may dumating na babaeng demonyo. Ang demonyong iyon ay bumalik upang maghiganti. Sinabi niya, "Pagbabayaran kita dahil sa ginawa mo sa akin kahapon!" Tumakbo siya papalapit sa akin. Nang makalapit siya ay hinablot ko ang kanyang buhok. "Aray! Masakit! Pakawalan mo

ako! Bakit mo hinihila ang aking buhok?!” Sinigawan niya ako. Pinilipit ko ang kanyang buhok at pagkatapos ay hinila ko iyon ng malakas.

Nang pinagpatuloy ko na ang aking pagdarasal, ay nakita ko ang mga demonyo na nakaupo at nagkakaroon ng pagpupulong. Katulad ng dati, ay sinabi ng lider ng demonyo sa isang kalbong demonyo na, “Ikaw! Sa pagkakataong ito ay subukan mo!” Mabilis na lumapit sa akin ang demonyong iyon. Nang makalapit sa akin ang kalbong demonyo ay niyugyog ko ang kanyang ulo. Sa sandaling iyon, ay dumugo ang ulo ng demonyo at lumuwa ang kanyang mga mata. Dinukat ko ang kanyang mga mata at walang awa ko siyang kinalmot. Natakot ang demonyo at tumakbo papalayo.

Nagpatuloy muli ako sa pagdarasal nang makita ko ang demonyo na nagpakita kay Haak-sung. Siya ang demonyong may matatalim na gunting sa daliri at kinikiskis niya iyon sa pisara upang gumawa ng ingay. Hindi ko matagalan ang sobrang ingay kaya sinira ko ang kanyang daliri na may matalim na gunting. Kinuha ko iyon at kinalmot ko ang kanyang mukha gamit ang matalim na gunting na iyon. “Hoy ibalik mo ang aking mga daliri! Saan mo iyan dadalhin?” Sumagot ako, “Tinuruan ako ng aking Pastor kung paano kayo talunin! Ano na ang inyong gagawin?” Sumagot siya, “Ikaw na munting peste! Paano lumaki ang iyong pananampalataya?” At pagkatapos niyon ay nawala na ang demonyo.

Nang pinahihirapan ko ang demonyong may gunting sa daliri, ay naramdaman ko na may nagmamasid sa isang kanto kaya lumingon ako sa aking kanan. Isang demonyo na may bilog na mata ang nanonood. Sumigaw ako, “Ikaw na pangit na demonyo! Akala mo ba ay hindi ko alam na nagtatago ka? Bakit hindi ka lumapit dito? Lumapit ka! Hindi ka lalapit?” Dumistansya siya sa akin at sumigaw siya ng “Hoy! Anong akala mo sa akin nasisiraan? Gusto mong lumapit ako sayo? Hindi ako lalapit sayo!”

Pinalakas ni Hesus ang aking pananampalataya ng hindi ko napapansin. Ang mga demonyo ay takot na sa Sesameng ito! Masaya ako at natutuwa dahil hindi na ako natatakot sa mga demonyo. Nagdasal ako ng mas makapangyarihan at puspos ng apoy, nang may isang malaking ahas ang gumapang papalapit sa akin. Nang makita ko na galit siya ay naisip ko na napipilitan lang siya na gawin iyon dahil may nag-utos na mas nakatataas sa kanya.

Nang papalapit na siya sa akin ay lalong naging pangit ang kanyang ekspresyon. Nagbago ng kulay ang kanyang kaliskis at iginalaw niya ang kanyang buntot sa aking harap. Hinawakan ko ang ahas at itinapon iyon sa dingding habang sumisigaw ako ng, “Sa Pangalan ni Hesus! Lumayo ka sa akin!”

Ang demonyong nahuli ni Haak-sung na nagtatago sa dingding ay dumurugo pa rin ang ilong. Nakatitig siya sa akin kaya nilapitan ko siya at hinila ko. Napakadaming dugo sa kanyang ilong. Kinuha ko ang kanyang dugo at pinunas ko iyon sa kanyang ulo hanggang paa. Sumigaw ang demonyo ng “Nakakadiri! Ang dumi ko!”

Sumagot ako ng, “Anong madumi? Ikaw ang pangit!” Sumigaw ang demonyo ng, “Anong sabi mo? Sisiguraduhin ko na sa impyerno ka mapupunta!” Hindi ako makapaniwala sa aking narinig. “Ano? Mapupunta ako sa impyerno? Huwag mo akong patawanin! Nasa akin si Hesus kaya hindi mo ako mahahawakan!” Hinila ko ang kanyang ilong at humaba iyon na parang lastiko. Dumugo ang kanyang ilong at tumakbo siya papalayo.

Hindi nagtagal, ay may isang demonyo na nababalot ng benda ang lumapit sa akin at naalala ko sa kanyang ang isang Chinese cartoon na si Kang-she. “Tumingin ka munting bata! Masaya ito!” At sinimulan niyang tanggalin ang kanyang benda. Nang matanggal na iyon ay nakita ko ang napakadaming kulisap at mga aluhipan na gumagapang sa kanyang buong katawan. Lumapit siya sa akin. “Nakakadiri ka! Hesus! Tulungan Mo po ako!” Dumating ang Panginoon at itinapon Niya ang demonyo.

Lubos ko siyang pinasalamat, “Hesus! Maraming salamat po!” Ngumiti si Hesus sa akin at sinabi Niya, “Mahal kong Sesame. Lumaki ang iyong pananampalataya! Magdasal ka pa ng mas masigasig.” Si Hesus ay nakasuot ng espesyal na gintong kasootan na may pulang puso sa kanyang dibdib at doon nagmumula ang liwanag na ibat-ibang kulay.

Nang iwan ako ni Hesus, ay may isang demonyo na nagpanggap na matanda ang nagpakita sa akin. Ang matandang babaeng iyon ay may hawak-hawak na pamakol at nakasuot siya ng itim na damit. Sumigaw siya ng, “Huwag kang magdasal! Sa ibang araw mo nalang gawin yan! Hindi mo kailangan magdasal ngayon di ba? Bakit ka ba nagpupumilit magdasal ngayon? Bukas mo nalang gawin yan! Magpapakita pa rin sa iyo si Hesus kahit anong oras ka magdasal bukas!” Nagpatuloy pa siya sa pagsabi ng, “Sa sunod nalang! Sa sunod mo nalang yan gawin! Bukas nalang!” Sinagot ko siya ng, “Hoy! Ikaw na matanda, sa Pangalan ni Hesus, lubayan mo ako!” At nawala din siya.

ANG DISTRAKSYON ANG NAGING DAHILAN KAYA NASAMPAL AKO NG DEMONYO

Lee, Yoo-kyung: Habang nagdarasal ako ay may isang demonyo na maikli ang buhok at nakasuot ng puting damit at naka-rubber na sapatos ang lumapit sa akin at sinabi, “Ikaw! Hoy, ikaw! Hindi ka ba hihingi ng pasensya sa akin?” Hindi ako makapaniwala sa aking narinig. Sumagot ako, “Bakit ako hihingi ng pasensya sayo? Lagi mo akong ginagambala sa pagdarasal.” Hinawakan ko ang ulo ng demonyo at sinampal ko siya sa pisngi. Gumanti ang demonyo at sinampal din niya ako sa pisngi.

“Gusto mong sampalin ako? Lumapit ka dito! Papatayin kita!” Ako ay nanggigil sa sobrang galit kaya dinukot ko ang kanyang mga mata at itinapon ko iyon. Umiyak ang demonyo ng malakas, “O hindi! Ang mga mata ko! Ibalik mo ang mga mata ko!” Lumuhod siya at hinanap ang kanyang mata sa sahig. Nang mahanap niya iyon ay binalik niya sa kinalalagyan ngunit mali ang kanyang pagkakalagay kaya siya ay naduling. Natawa ako nang makita ko ang kanyang mukha.

Unti-unting namaga ang aking pisngi na sinampal ng demonyo. Hindi ako makapaniwala na kaonting distraksyon lang ay magagawa na akong sampalin ng demonyo. Nangako ako na maghihiganti ako sa demonyo sa susunod na makita ko siyang muli.

Naramdaman ko na parang may nahawakan ako. Nagulat ako nang makita ko na nakahawak ako sa binti ng isang kalansay. Itinapon ko siya sa isang tabi at ang kanyang bungo ay nabasag sa dalawa. Pinilit ibalik ng demonyo ang kanyang nabasag na ulo at sinabi niya na “Hoy Ikaw! Dapat kang maging masaya!” Tinanong ko siya, “Bakit?” Sumagot siya ng, “Dahil nananahan sayo si Hesus, hindi ko kayang pumasok sa iyong puso kahit gustuhin ko pa! Dahil mamamatay ako!” Nang marinig ko iyon ay nagalak ako sa tuwa at sinabi ko sa kanya, “Tama iyan! Mananagot ka! Kaya sa Pangalan ni Hesus, lumayo ka sa akin!” Dahil sa aking sinabi ay lumayo na ang demonyo.

Ilang sandali ay may dumating na babaeng demonyo na nakasuot ng puting damit. Lumapit siya sa akin na umiiyak habang hinahangin ang kanyang mahabang buhok. “Hindi ito patas!” Sinenyasan ko siya ng aking hintuturo na lumapit sa akin. Tinanong ko siya ng, “Anong problema? Nasaktan ka ba?” Sumagot siya ng, “Binugbog ako ng bastardong si Haak-sung at ang pesteng si Joo-eun ay sinampal rin ako.” Hinintay ko na makalapit siya at nang siya ay nasa aking tabi na ay dinukat ko ang kanyang mga mata gamit ang aking daliri. Tumalon-talon ang demonyo sa sobrang sakit at tumakbo papalayo.

Nang makaalis na ang demonyo ay may isang babaeng demonyo naman ang lumapit na humahagikhik at nanunuya. “Hoy! Akala mo ba ay kaya mo akong tratuhin ng ganito?” Hinawakan ko ang buhok niya sa ulo at inikot-ikot ko siya at pagkatapos ay itinapon ko papalayo sa akin. Narinig ko ang malakas niyang pagbagsak. “Aray! Ang aking ulo! Ang aking mukha!” Nang tumatakas na siya ay humingi ako kay Hesus: “Hesus! Bigyan mo po ako ng palakol!” Gamit ang palakol na binigay sa akin ni Hesus, ay pinalo ko siya sa ulo. Nabiyak ang kanyang ulo sa mga piraso at ang kanyang katawan ay tumayo at sumigaw ng, “Hoy ikaw! Hindi ka ba naaawa sa akin?” Naglakad-lakad siya upang hanapin ang kanyang ulo. “Nasaan ang aking ulo? Nasaan ang aking mukha?”

Gusto kong makita si Hesus kaya tinawag ko Siya sa abot ng aking makakaya. “Ama! Ama!” Binati Niya ako na may matamis na ngiti, “Mahal kong Yoo-kyung! Napakahusay mo! Nakakaya mo nang labanan ang mga demonyo!” Ang Panginoon ay nasisiyahan sa paraan kung paano ko paalisin ang mga demonyo at ipinagmamalaki Niya ako. Sinabi ni Hesus, “Yoo-kyung, sa tuwing tatawagin ka ni Pastor Kim habang siya ay nagsesermon ay marapat na sumagot ka sa kanya ng malakas. Ang pag-ayon ng malakas ay isang pananampalataya. Naiintindihan mo ba?” Sumagot ako ng, “Opo Panginoon! Amen!”

Hindi nagtagal, ang mga anghel ay bumaba upang bumati ng, “Sister Yoo-kyung! Natalo mo ang mga demonyo! Napakahusay mo! Ipagpatuloy mo lang iyan! Kapag muling umatake ang mga demonyo ay talunin mo sila na katulad ng iyong ginagawa!” Iminungkahi ni Hesus na pumunta kami at bumisita sa langit kaya sinundan ko Siya at ang mga anghel patungong langit.

Gustong-gusto ko ang pagbisita sa langit. Nang makarating kami sa langit, ako at si Yae-Ji ay sumayaw sa harap ng Panginoon. Pagkatapos naming sumayaw ay sinabi ko kay Hesus, “Panginoon, ibuhos Mo po ang luha ng pagsisisi kay Dyakonesa Shin Sung-kyung at Joseph. Gusto po nilang dalawa na magdasal ng umiiyak habang nagsisisi pero hindi po sila makaiyak.” Sumagot si Hesus, “Ibibigay Ko lang ang luha ng pagsisisi kapag ang mga tao ay taos pusong nagdadasal at nagsisisi.”

Sinabi ni Hesus na maaari akong magtagal sa langit sa susunod na pagbisita pero kailangan ko nang bumalik kaagad ngayon. Hinaplos ni Hesus ang aking pisngi na nasampal ng demonyo at sinabi Niya na, “Mahal kong Yoo-kyung! Maging matapang ka! Naiintindihan mo ba?” Naglaho Siya habang nagpapaalam. Sa tingin ko ay gusto ni Hesus ang mga katatawanan.

ANG DEMONYO AY NAGDALA NG LAGHARI.

Lee, Haak-sung: Habang nagdadasal ako sa ibat-ibang wika ay may tatlong demonyo na umatake sa akin ng sabay-sabay. Isa sa kanila ay mukhang malakas at ang kanyang mukha ay katulad sa tao at ang kanyang katawan naman ay sa dragon. Marami rin siyang mga mukha sa kanyang dibdib. Ang isa naman ay bungo na may mahabang itim na buhok. Itinatapon niya ang mga piraso ng kalansay sa aking daanan. Ang pangatlo ay ang demonyo na may bakal na maskara na nakatunggali ko noong nakaraan. Siya ay may hawak ngayong lagharing de motor. Nang hilahin niya ang tali ay nagsimulang umandar at umikot ang talim ng laghari. Kinailangan kong takpan ang aking tainga ng aking mga kamay at magdasal sa ibat-ibang wika dahil sa ingay ng de motor na laghari.

Nais ng demonyong nakamaskara na putulin ang aking kamay kaya umatake siya na hawak ang laghari. Sinikap kong tumakas sa atake. Habang kami ay nagtutunggali ay nagawa kong kunin sa kanya ang hawak niyang laghari. Kailangan ko ng konsentrasyon dahil kapag nawala ako sa pokus ay maaring mahiwa ang aking katawan sa mga piraso.

Nang makuha ko ang laghari ay walang awa kong pinutol ang kamay ng demonyo. Umiyak at sumigaw siya sa sakit. Iwinagayway ko ang laghari sa dalawa pang demonyo ngunit sila ay nakatakas. Sa sandaling iyon ay dumating si Hesus at nakita Niya kung ano ang aking ginagawa. Nang makita ko si Hesus ay mas lumakas ako para matalo ko ang mga demonyo.

Nang iwan ako ni Hesus ay may dumating na dice na demonyo. Inakit ko ang demonyo na lumapit sa akin. “Hoy! Lumapit ka sa akin at tuturuan kita ng masayang bagay! Bilis!” Ngunit ang demonyo ay tumingin sa akin ng may pagdududa at hindi siya lumapit. “Hoy! Mayroon talaga akong masayang ituturo sa iyo! Lumapit ka na!” Hindi pa rin siya lumapit sa aking sinabi. Maya-maya ay maingat niyang tinanong, “Ipangako mo na hindi mo ako parurusahan?” Sumagot ako ng, “Bakit kita parurusahan? May gusto lang akong ibahagi sa iyo kaya lumapit ka sa akin.” Masayang lumapit sa akin ang demonyo. Naghintay ako hanggang sa maramdaman ko na katabi ko na siya. Hinawakan ko siya sa kamay at sinimulan kong ikutin siya sa hangin. Ang kanyang kamay ay humaba na parang lastiko at tumama siya sa dingding. Pagkatapos niyon ay itinaon ko siya papalayo.

Ngunit habang nakikipaglaban ako sa demonyo ay naalala ko ang mga dati kong kasalanan. Naalala ko na napabaya ko ang aking lola at hindi ko siya naalagaang mabuti bago siya mamatay. Umiyak ako at humingi ng tawad sa Diyos sa bawat kasalanan aking nagawa. Habang umiiyak ako at nagdadasal ay may narinig akong mga sundalong nag-mamartsa. Narinig ko sa aking paligid ang hindi lang isa o dalawang paa kundi daan-daang mga paa na nagmamartsa ng sabay-sabay. Ilang sandali pa at may isang grupo ng demonyo ang papalapit sa akin at lahat sila ay nakapang-sundalong uniporme.

Dahil binigyan ako ng Panginoon ng lakas, ay hindi ako natakot. Sa halip, ay naging matatag ako at malakas kahit sa paanong paraan pa umatake ang mga demonyo. Alam ko na ang mga demonyo na lulusob sa akin ay mas malakas kaysa dati. Kahit gaano pa sila kalakas, kapag sinambit ko na ang Pangalan ni Hesus, ang mga demonyo ay nagtatakbuhan. Kapag nasasaksihan ko ito ay napagtatanto ko na makapangyarihan si Hesus at napupuno ako ng kasiyahan. Kahit ang lupon ng mga sundalong demonyo ay umalis sa Pangalan ni Hesus.

ANG DALAWANG KAMAY AY NAGPORMANG HUGIS PRETZELS

Kim, Yong-Doo: Umiiyak ako sa Panginoon habang nakataas ang aking mga kamay at pagkalipas ng tatlongpong minuto, ang aking mga kamay ay gumalaw ng kusa at nagpormang bilog ng paulit-ulit. Sa sandaling mgkakahawak ang aking mga daliri, ang aking kaliwang kamay ay nagsimulang gumalaw papalabas sa loob ng ilang segundo. Ginaya iyon ng aking kanang kamay. Biglang gumalaw ang aking mga kamay papalabas at nagpormang hugis pretzel. Nanatili iyon sa ganoong posisyon. Isa iyong mabilis na pahirap. Ang bahagi kung saan ako inatake ng mga demonyo noong nakaraan ay sumasakit ng sobra.

Mahirap manatili sa ganoong posisyon. Ang aking mga kamay ay nagsimulang gumalaw at lumiko mula sa labas papasok sa loob ng isang segundo. At ang aking kaliwa naman ay gumalaw pakanan at sa ganoong posisyon, ang aking dalawang kamay ay nakapaikot papasok. Nanatili nanaman ako sa ganoong posisyon sa loob ng tatlongpong minuto. Nagsisimula na akong mainip sa sobrang bagal ng proseso at ako ay nagsisimula ng magalit.

NAIS NI PASTOR KIM NA MAKATANGGAP NG ESPIRITUWAL NA BIYAYA PARA SA KANYANG IKALULUWALHATI

“Panginoon, bakit Mo po hinahayaang maghirap ako ng labis? Alam mo po kung gaano kasakit ang mga kagat ng demonyo, pero pinili Mo po ang ganitong paraan na mahirap para sa akin. At saka, bakit Mo po sa akin pinapakita ang kakatiting na pagpapala? Kung gagawin Niyo po na baliktarin ako ay gawin Mo po iyon ng mabilis. Sa halip ay parang pinaglalaruan Niyo po ako.. Ano po ang ginagawa Mo sa akin? Mainipin po ako kaya hindi po ba mas makabubuti para sa ating dalawa na ibigay Mo po ang kailangan ko ng isahan?” Tinadtad ko ang Panginoon ng aking mga reklamo.

Ang aking teribleng pag-uugali ay hindi tumigil sa pagrereklamo. Inatake ko Siya ng walang humpay ng mga hindi magagandang salita. “Panginoon, kung tatamaan Mo po ako ng iyong Banal na Apoy at bubuksan Ninyo ang aking espirituwal na paningin, ay mas makabubuti para sa ating dalawa. Sino po ang makatatanggap ng espirituwal na pagpapala kung mahirap iyong makuha? Nakakapagod po iyon para sa inyo Panginoon at para sa akin kaya ano po ang Iyong sinasabi na magmadali para ibuhos ang mga pagpapala ngayon? Ngayon na po! Pakiusap! Ganito nalang po ba Kayo?”

Kahit anong gawin ko na pakiusap at paghingi ng espirituwal na pagpapala, kung ang Panginoon ay nagdesisyon na hindi iyon ibigay sayo ay hindi Niya ibibigay. Hindi ako masaya sa aking pisikal na estado ngayon. Gumawa ako ng kasalanan sa pagiging malupit at paghahangad ng wala sa katwiran. Umiyak ako, sumigaw ng hanggang sa aking makakaya, pero pinagpatuloy lang ng Panginoon ang pagpilit sa aking mga kamay sa pamamagitan ng Espirito Santo. Ginawa Niya iyon ng maraming beses. Naisip ko sa aking sarili, “Anong espirituwal na pagpapala ang ibinibigay Niya sa akin? Anong klaseng Espirituwal na pagpapala ito?” Ako ay sobrang nairita. Gusto kong madaliin ang pagtanggap ng nag-aalab na apoy na katulad ng kidlat na tatama sa akin ngunit ang Panginoon ay walang pagnanais na ibigay iyon ng madalian. Sa halip ay binigo Niya ako habang pinagpapatuloy Niya ang napaka-bagal na prosesong ito.

Gaano ako katagal nagdasal? Mahigit kumulang apat na oras. At pagkatapos, ay biglang tumigil ang papilipit na paggalaw ng aking mga kamay. Ang aking kaliwang kamay ay nagsimulang gumalaw ng mabilis ng pasulong at paurong. Sumunod ang aking kanang kamay sa ganoong disenyo. Ang aking mga kamay ay gumagalaw na parang sumasamba. Naisip ko na kaya lang iyon nagkaka-ganoon ay dahil nakataas ang aking mga kamay ng matagal na oras kaya naisipan ko na subukin iyon. Sinikap kong ipahinga ang aking mga kamay pero patuloy pa rin ang panganginig at pag-galaw. Kahit ibaba ko ang aking mga kamay o itaas, o kahit pigilan ko ang galaw ay nagkukusa pa rin iyon manginig.

Namangha ako at natawa sa nangyayari kaya iminulat ko ang aking mga mata at pinagmasdan ang aking mga kamay. Tumabi sa akin si Joo-eun at namangha rin siya sa nangyayari. Pagkatapos ng aming pagdarasal ay tinanong ko ang Panginoon sa pamamagitan ng mga myembrong nakakapagpropesiya at may espirituwal na paningin. Sinabi ni Hesus na ako ay nasa proseso ng pagtanggap ng kakayahang makapagpagaling at makapagmilagro.

Hanggang ngayon, ang aking pagnanais sa mga espirituwal na pagpapala ay malabo. Nabigyan ako ng maling impormasyon na kapag nagbasa ako at nagdasal para sa espirituwal na pagpapala ay matatanggap ko iyon. Ngunit itinuro sa amin ng Panginoon habang kami ay nagdarasal ang tungkol sa mga pangunahing detalye ng mga espirituwal na pagpapala. Araw-araw ay nakakaranas kami ng tunay na pagpapala at ang aming araw ay napupuno ng saya at ang aming buhay ay masagana.

ANG IMBITASYON NG PANGINOON NA MAGLIBOT SA IMPYERNO

Sister Baek, Bong-nyo: Habang nagsasaya ako sa pagsayaw ng espirituwal na sayaw at nagdadasal sa ibat-ibang wika ay may sampung anghel ang bumaba mula sa langit. Ang mga anghel ay naglakad sa loob ng simbahan at lumapit sila sa akin. Tinanong ko ang mga anghel kung bakit nandirito sila. Sumagot sila ng, Ang sabi ng Panginoon, “Nagsimula ng magdasal ang Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church.) Humayo kayo at dalahin si Sister Baek, Bong-nyo.” “Inutusan Niya kami na kunin ka kaya kami naririto.”

Natakot ako na baka dalahin ako ng mga anghel sa impyerno kaya tinanong ko sila. “Nangyari na ito noong nakaraan. Kaya dadalhin niyo ba ako sa langit, o sa impyerno?” Ang iniutos lang marahil ng Panginoon ay dalhin ako dahil hindi nila alam ang sagot. Wala akong ibang pagpipilian kundi ang sumama kahit hindi ko alam kung saan ako pupunta. Lumampas kami sa kalawakan at sa Milky Way. Nakita ko si Hesus na naroroon at masayang sinalubong at binati ako.

“Mahal kong Baek, Bong-nyo! Alam mo na ang iyong pastor Kim ay nagsusulat ng aklat patungkol sa langit at impyerno. Nais Kong isama si Pastor Kim sa impyerno upang ipakita sa kanya ang mga dapat niyang isulat ngunit ang kanyang espirituwal na paningin ay hindi pa bukas. Kaya wala Akong magagawa kundi ang dalhin ka. Para maitala ng mabuti ang mga pangyayari sa impyerno, ikaw ang nag-iisang maari kong dalhin upang bumisita doon. Kaya naman hinihiling ko na tiisin mo muna. Humayo na tayo at bumisita sa impyerno ng magkasama.”

MULI KONG NAKITA ANG AKING PAMILYA NA SUMISIGAW SA SAKIT

Impyerno! May hangganan ba ang impyerno? Kailan mawawala ang sakit at paghihirap sa impyerno? May isa lang na kasagutan sa tanong na ito. Sa impyerno, ang paghihirap ay walang hanggan.

Ako at si Hesus ay naglakad nang may makita akong mga taong sumisigaw sa nagbabagang apoy. Napakalakas ng apoy at buhay na buhay. Lahat ng taong nasa loob ng malaking palayok ay hubad. Nang lumapit ako ay nakita ko ang kalungkutan ng mga tao roon. Napakadaming tao ang tumatalon at sumisigaw dahil sa sobrang init.

Muli na naman akong natakot. Lahat ng nasaksihan ko sa impyerno ay nakakagulat pero nakatayo pa rin ako sa lugar na kung saan nahihirapan ako. Nakatayo ako ngayon sa lugar kung saan nasaksihan ko noon ang ama ni Pastor Kim na hinihiwa na parang labanos ng isang malaking pamutol ng dayami. Nakita ko ang aking ama na hubad. Nang makita ako ng aking ama ay humikbi siya. “Bong-nyo! Anong ginagawa mo rito? Nasasaktan ako kapag nakikita ka. Patawad sa nagawa ko sayo. Siguro iyon ang dahilan kung bakit nandirito ako ngayon upang magbayad.”

Hindi ako nakapagsalita. Sa halip ay umiyak ako ng walang humpay. Ang pagdurusang nararanasan sa impyerno ay mas masaklap pa sa mga abuso at pasakit na natamo ko sa aking ama sa mundo. Ang nararanasan kong paghihirap ay hindi maikokumpara sa paghihirap sa impyerno. Ang napakalaking demonyo sa impyerno ay tuwang-tuwa na hinihiwa ang maraming tao at humihimig pa siya ng masayang awitin. Kinuha ng masamang demonyong iyon ang aking ama at sinimulan niyang hiwain mula sa mga daliri sa paa. “Ahhh! Iligtas niyo ako! Pakiusap! Patayin niyo nalang ako!”

Pakiramdam ko ay mahihimatay ako habang naririnig ang iyak ng aking ama. Kung wala ang Panginoon sa aking tabi ay baka nahimatay na ako ng maraming beses.

Impyerno! Walang hanggang paghihirap at ang sumpa ng walang hanggang pagsisisi. Walang pag-asa. Ang tanging paraan lang para hindi mapunta sa impyerno ay tanggapin si Hesus bilang tagapag-ligtas at mamuhay ng may pananampalataya para makapasok tayo sa kaharian ng langit.

Nakiusap ako sa Panginoon na ilayo ako sa lugar kung saan nakikita ko ang katawan ng aking ama na hinihiwa na parang labanos. Iniwan namin ang aking ama na umiiyak at nagpatuloy kami sa paglalakad. Ilang sandali pa ay may nakita akong puno sa malayo. Lumapit ako upang makita ko ng mabuti at ako ay muli na namang nagulat. Bakit hinahayaan ng Panginoon na masaktan ako ng paulit-ulit dahil sa mga nasasaksihan ko na hindi ko kayang burahin sa aking ala-ala? Ang aking ina, bunsong kapatid na lalaki, ang aking bayaw at pamangkin na lalaki ay mga nakahubad at nakabitay sa puno. Ang puno ay gumagalaw na parang ahas at sa tabi niyon ay may isang demonyo na mas mataas pa sa bundok. Malungkot kong pinagmasdan ang aking ina at tumingin rin siya sa akin. Ang iba ko pang kapamilya ay tumingin at umiyak sa akin.

“Bong-nyo! Bakit ka nandirito kung hindi mo kami kayang tulungan? Bakit ka pumaritong muli? Gusto mo bang nakikita akong naghihirap?” At siya ay umiyak. Tinuro ni Hesus ang demonyo at sinabi Niya na iyon ang pangalawa sa pinaka-malaking demonyo sa impyerno. Ang pangalawa sa pinaka-malaking demonyo ay natutuwa na binubugbog ang mga katawan at binabalatan ang mga ito na nagdudulot ng sobrang pahirap at sakit sa mga tao. Walang awang itinapon ng demonyo ang mga katawan sa apoy ng paulit-ulit.

Gustong-gusto kong hulihin ang mga demonyo at pagpira-pirasuhin sila at pagkatapos ay itapon sa apoy ng impyerno. Nang mag-utos ang malaking demonyo ay may tagapagsilbing demonyo ang dumating at nagdala siya ng malaking mangkok sa ilalim ng aking pamilya na nakabitin. Pinuno ng demonyo ang mangkok ng mga itim na insekto.

Gumapang ang mga insekto sa katawan ng aking pamilya. Pinag-pyestahan ng mga insekto ang kanilang katawan at pumasok ang mga insekto sa kanilang laman, mata at ilong. Ang kanilang katawan ay naging itim dahil natakpan ng itim na mga insekto. “Ahhh! Iligtas niyo ako! Bong-nyo! Ate! Ate! Aray! Tulungan mo ako! Tiya tulungan mo ako! Pakiusap tulungan mo ako! Iligtas mo ako!”

Ano ang magagawa ko habang naririnig ko ang aking pamilya na umiiyak sa sakit at humihingi ng tulong. Ang mga nakakadiring mga insekto ay may matatalim na ngipin at kumikinang ang kanilang mga mata. Nang kainin ng mga insekto ang laman ay walang natira kundi mga buto. Nagpatuloy sa pagsigaw ang aking ina, kapatid, pamangkin at bayaw.

Ang kakila-kilabot na sakit na iyon ay magpapatuloy ng walang hanggan at hindi ko kayang dalahin ang sakit ng katotohanang iyon. Binibiyak niyon ang aking puso. Sa gitna ng kaguluhan ay sumigaw ang aking ina. “Bong-nyo! Natatakot ako sa mga insekto! Naalala mo ba noong nabubuhay pa ako na hindi ko kayang humawak man lang ng insekto? Pero dito sa impyerno ay napakadaming insekto! Hindi mamamatay ang mga insektong ito! Pakiusap! Tulungan mo ako!”

Humingi ng tulong sa akin ang aking pamilya ngunit wala akong magawa kundi panoorin lang sila. Kailangan kong kayanin ang sakit ng katotohanan na hindi ko kayang tulungan ang aking pamilya. “Panginoon, pakiusap po! Tulungan Mo po ang aking pamilya na makaalis sa lugar na ito na puno ng insekto. Sa ibang bahagi nalang po ng impyerno sila dalhin! Pakiusap! Maawa po kayo sa pamilya ko!” Nagmakaawa ako habang umiiyak. Ngunit sumagot si Hesus ng, “Hindi ko magagawa iyan! Huli na ang lahat!” Nakiusap ako at nagmakaawang muli sa Panginoon. Kinuha ng Panginoon ang aking kamay at sinabi Niya na, “Oras na para umalis.” At kami ay nagpatuloy sa paglalakad.

Ang mahabang paglalakad namin ni Hesus ay nagdala sa amin sa isang napakalaking bundok. Lumapit kami upang makitang mabuti. Sa bundok na iyon ay may nakita akong mga maliliit na bato, pero kung titingnang mabuti ay mga tao silang nakatayo. Mukha silang namamaga dahil silay ay nabugbog. Ang kanilang mga mata at mukha ay namamaga at sila ay pagod na umusad papuntang kanan.

Sa tabi ng mga tao ay may isang nakakatakot na demonyo at nang makita niya ako ay nagsalita siya. “Palagi kitang nakikita! Bakit nandirito ka nanaman muli?” Nainis ako kaya napagsabihan ko siya ng masasama. “Hoy! Isa kang bastardo! Sana ay maaari kitang pagpira-pirasohin gaya ng ginagawa niyo sa aking pamilya at itatapon kita sa nagbabagang apoy! Kukunin kita!”

Nanuya ang demonyo ng mas malakas. “Sa loob mo ay umiiyak ka dahil natatakot ka sa akin --- at dahil doon ay masaya ako! Anong magagawa mo?” Galit na galit ako dahil naiisip ko ang mga paghihirap ng aking pamilya. Hindi ako natakot kahit konti upang labanan ang demonyo. “Hesus! Nais ko pong patayin ang demonyong iyan! Galit ako sa demonyong iyan!” Pero mas lalo akong ininis ng demonyo. “Panginoon, bakit po nakatayo Ka lang diyari at walang ginagawa? Ipakita Mo po sa kanila!” Nagmakaawa ako sa Panginoon. Hinawakan siya ni Hesus at inikot siya. Ang katawan ng demonyo ay biglang naparalisa at hindi siya makagalaw.

Ang demonyo ay walang kagalaw-galaw na nakatayo na parang bato habang ang mga katawan ng mga tao ay nababalutan ng ibat-ibang insekto na pinagpipyestahan ang kanilang laman at buto. Kinain ng mga insekto ang kanilang katawan maliban sa kanilang mata at ang kanilang sigaw ay tumatagos sa buong impyerno. Kinuha ni Hesus ang aking kamay at sinabi, “Pumunta na tayo sa ibang lugar.”

NAKITA KO ANG DATING PRESIDENTE NG KOREA

Sinabi ni Hesus, “Ang mga kaluluwang iyong makikita ay kilala mo kaya manood kang mabuti.” Bago pa Siya matapos magsalita ay nakita ko ang dating presidente ng Korea. Nagulat ako at umiyak, “Oh Panginoon! Hindi ko kayang makita ito!” Mahigpit na hinawakan ng Panginoon ang aking kamay. Hindi siya nakagapas ngunit may napakalaking puting ahas ang nakapaikot sa buo niyang katawan, mula sa kanyang paa hanggang sa kanyang leeg.

May ilan pang makukulay na ahas ang lumapit sa puting ahas at sila ay pumulupot sa itaas ng puting ahas. Nagkasabid-sabid sila sa isat-isa at humigpit ang kanilang pagkapulupot. Parang sila ay nagpapaligsahan kung sino ang pinakamahigpit pumulupot. Ang dating presidente ay sumigaw at umubo dahil siya ay nahihirapan ng huminga. “Ahh itigil niyo na iyan! Pakiusap! Hindi ako makahinga! Tulungan niyo ako!” Kahit sa kabila ng kanyang sitwasyon ay kinausap pa rin niya ako.

“Sino ka? Bakit ka nandirito? Dati akong presidente ng Korea na may karangalan ngunit ngayon ay nandirito na ako sa impyerno. Nang ako ay nabubuhay pa sa mundo ay napakaraming pastor ang nakiusap at sinikap na dumalo ako sa simbahan pero binalewala ko silang lahat. Hindi ko sila pinansin ng pinagsabihan nila ako tungkol sa impyerno. Hindi ko alam na totoo pala ang ganitong lugar. Binibini, ano ang dapat kong gawin sa aking sitwasyon? Ano sa tingin mo ang dapat kong gawin? Hindi pa kilala ng aking anak si Hesus hanggang ngayon at ako ay lubos na nag-aalala. Kailangang tanggapin ng aking anak si Hesus habang nabubuhay pa siya at tanggapin ang Kanyang kaligtasan upang makapunta siya sa langit. Sana ay maaari akong pumunta ngayon at sabihin sa aking anak ang katotohanan. Pero anong magagawa ko? Ahh! Nadudurog ang aking damdamin.”

Nakiusap siya sa akin na sabihin ko sa kanyang anak ang tungkol kay Hesus. Taos puso ang kanyang pakikiusap. Humingi ako kay Hesus ng tulong, “Minamahal kong Panginoon! Ang aking narinig ay nakakabagbag damdamin. Maaari niyo po bang ipakita sa kanyang anak kung ano ang impyerno sa pamamagitan ng kanyang panaginip?” Nakinig lang si Hesus at wala siyang isinagot.

Biglang napuno ang aking isip ng mga imahe ng aking pamilya na naghihirap sa ibang dako ng impyerno. Naisip ko na, “Mas maganda kung sa lugar na kaonti lang ang paghihirap ako makapunta..” Napaiyak ako sa aking naisip. Naisip ko na sasabihin lang sa akin ng Panginoon na walang ganoong lugar. Kahit naman siguro sino, kung sila ay nasa aking kalagayan ay maiisip rin ang ganoon dahil sa sakit na makita ang mga mahal mo sa buhay na naghihirap.

Umiyak ako ng walang kontrol, at nakiusap sa isang bagay na imposible - ang maligtas ang aking pamilya sa impyerno. Pagkatapos niyon ay inutusan ni Hesus ang mga anghel upang samahan akong makabalik sa mundo. Umiyak ako ng malakas at nagreklamo ako kay Hesus. “Panginoon! Ang aking ina, ang aking pamilya

ay naghihirap sa nag-aapoy na impyerno. Ano pa ang ikabubuti na ako ay mag-isa rito? Ayoko na nito! Ilagay Mo po ako sa apoy na iyon kapalit ng aking pamilya!” Nagmakaawa ako ngunit wala ring nangyari. Alam ko sa lahat na walang silbi ang aking pagmamakaawa ngunit hindi ko na alam ang aking gagawin.

Nagpatuloy lang ako sa pag-iyak ng buong isip, katawan at kaluluwa nang ang sampong anghel na nagpakita sa akin ay nagsimulang kolektahin ang aking mga luha at nilagay nila iyon sa ginintoang mangkok. Nagdasal ako ng panalangin ng pagsisisi. “Panginoon! Nagkamali po ako! Patawarin Niyo po ako!” Malungkot Siyang tumingin sa akin at sinabi, “Mahal kong anak, huwag mo nang gagawing muli iyan.” Ako ay Kanyang dinamayan. Tinanong Ko siya, “Panginoon, Gusto ko po muling makita ang aking ina! Maaari ko po ba siyang makita?” Hindi pumayag ang Panginoon. Kaya naman nakiusap ako ng, “Panginoon! Pangako ko po na hindi ko na iyon gagawin muli. Pakiusap! Hindi na po ako iiyak.” Kinuha Niya ang aking kamay at sinabi, “Kung ganoon ay mabilis lang natin pupuntahan ang iyong ina at tayo ay babalik na.”

KINANTAHAN KO ANG AKING INA SA IMPYERNO

Ang aking ina ay pinarurusahan sa isa na namang bangin na nagbabagang apoy. Sumigaw ako ng malakas, “Mama! Ako po ito! Nandirito po ang iyong anak na si Bong-nyo!” Tumingin siya sa akin at nagsimulang umiyak. Sinabi niya, “Bong-nyo! Bakit pumarito kang muli? Hindi ito ang lugar para sayo! Magmadali ka upang bumalik! Ang iyong kalusugan ay hindi maganda. Huwag ka nang babalik pa sa lugar na ito. Aray! Nasusunog ako! Hindi ko kaya ang sakit!”

Sumigaw ako sa kanya, “Mama! Namimiss na po kita! Hindi ko po alam ang aking gagawin!” Ang aking ina ay humingi ng kahilingan sa kabila ng kanyang paghihirap. “Bong-nyo! Sana ay marinig muli kitang kumanta!” Ang aking ina ay naghihirap sa nagbabagang apoy ng impyerno subalit nais niya na marinig akong kumanta! Hindi iyon kapani-paniwala. Pero paano ako makakatanggi? Ang aking bibig ay naghanda nang umawit...

Tumulo ang aking mga luha nang ako ay kumanta habang pinagmamasdan ang aking ina sa nagbabagang apoy. “Nakalimutan mo ang sakit ng ako ay iyong ipanganak, inalagaan mo ako, nagsakripisyo ka araw at gabi.. Inalis mo ako sa nabasang higaan at inihiga sa tuyo.. Nagsakripisyo ka hanggang sa ang iyong mga kamay at paa ay napagod..” Hindi ko na kayang awitin pa ang kanta at ako ay umiyak ng umiyak. Anong awit ang aking aawitin sa aking ina na naghihirap? Labis ang sakit na dulot niyon sa aking puso. Tinawag ko ang aking ina habang ako ay umiiyak.

Mas lalo ko lang napagtanto kung anong klaseng anak ako. Nabigo akong alagaan ang aking inang may sakit, at dahil sa aking pagpapabaya ay hindi siya nabigyan ng tamang kagamutan. Ito ang dahilan kung bakit nawalan siya ng pagkakataon na makilala at matanggap si Hesus para makapunta siya sa langit. Ako ang nararapat mapunta sa impyerno. Ang aking ina rin ang nagsakripisyo upang palakihin ang aking mga anak at siya ay namatay na naghihirap. Ako ang nararapat mapunta sa impyerno, at ang aking mapagmahal na ina ay sa langit. Sa halip, ang lahat ay baliktad, at ang masama pa ay wala nang pangalawang pagkakataon. Dahil dito ay naluulungkot ako at nagagalit. Wala ng pag-asa para sa aking ina kailanman! Anong gagawin ko? Kapag namatay ka at napunta sa impyerno, ay hindi ka na maaring makaalis doon.

IKA- DALAWAMPUT DALAWANG ARAW: ANG AMING PERSONAL NA KARANASANG PANG-SPIRITWAL

“Ito’y dapat ninyong ikagala, bagamat maaaring magdanas muna kayo ng ibat-ibang pagsubok sa loob ng maikling panahon. Ang ginto, na nasisira, ay pinararaan sa apoy upang malaman kung talagang dalisay. Gayon din naman ang inyong pananampalataya, na higit kaysa ginto, ay pinararaan sa pagsubok upang malaman kung talagang tapat. Sa gayon, kayo’y papupurihan, dadakilain at pararangalan sa Araw na mahayag si Hesuskristo. Hindi ninyo Siya nakita kailanman, ngunit Siya’y iniibig na ninyo. Hindi pa rin ninyo Siya nakikita magpahanggang ngayon, ngunit nananalig na kayo sa Kanya. Dahil dito’y nag-uumapaw na sa inyong puso ang kagalakang hindi kayang ilarawan sa salita. Sapagkat inaani na ninyo ang bunga ng inyong pananampalataya- ang inyong kaligtasan.” 1 Pedro 1:6-9 (Magandang Balita Biblia, TPV)

ANG DEMONYO AY NAGPATUGTOG NG PIANO

Lee, Yoo-kyung: Habang nagdarasal ako sa ibat-ibang wika, ay may isang maitim ang mukha at may apat na matang demonyo ang nagpakita. Umupo ang demonyo sa upuan ni Joo-eun at nagpatugtog ng piano. Nairita ako at sinigawan ko siya. “Hoy! Pangit na demonyo! Bakit mo pinapatugtog ang piano ng aking sister Joo-eun? Ang pianong iyan ang ginagamit niya sa aming pagbibigay papuri!” Sumagot siya ng, “Itigil mo ang iyong bunganga!” Nagalit ako. “Ano?! Wala ka bang respeto sa akin? Patay ka ngayon!” Tumakbo ako papunta sa kanya at binali ko ang kanyang leeg at inikot ko ang kanyang ulo. Iniuntog ko ang kanyang ulo sa sahig.

May tatlo pang demonyo ang nag-pakita. Ang isa ay kalansay na may mata sa kanyang noo. Ang demonyong kalansay ay lumilipad gamit ang pakpak na katulad ng sa paniki. Bumaba siya sa upuan ng piano at kumanta siya habang pinapatugtog iyon. Ang tunog ng musika ay wala sa ritmo. Naalala ko sa tono ang kanilang nakakatakot na boses. “Hoy! Kay Joo-eun iyan na piano! Bakit mo iyan hinahawakan? Hindi ako makapag-pokus sa aking pagdarasal!” Narinig ko silang nag-uusap. “Ayos iyan. Hindi siya makapag-pokus sa pagdarasal. Halina at magpatugtog pa tayo.” At pinukpok nila ang piano.

Nag-alala ako na baka masira ang piano. “Hindi talaga kayo makikinig sa akin?!” Tumakbo ako patungo sa kanila at hinuli ko sila ng sabay-sabay. Inihagis ko ang isa sa malayo at sinipa ko naman ang isa. Dumugo ang kanilang ilong at nabasag ang kanilang ulo at sila ay tumakbo ng papalayo.

Ako ay nagdasal muli nang isang demonyo na nakadamit ng puti ang nagpakita. Ang kanyang bibig ay dumurugo. Mukha siyang wala sa tamang pag-iisip dahil sa kakulangan ng mata kaya siya ay pinagtawanan ko. Sinabi ng demonyo, “Dinukot ni Haak-sung ang aking mga mata. Kaya naman ganito ako. Sino ka para pagtawanan ako?” Parang gusto niyang makipag-away sa akin.

Sumigaw ako, at sinabi ko na, “Ang aking lola ay pinahihirapan sa impyerno ng dahil sa iyo! Bakit siya napunta sa impyerno?!” Tinukso ako at inirita ng demonyo, “Nararapat lang siya sa impyerno. Mas marami pa siyang mararanasang paghihirap!” Nagalit ako at kinalmot ko ang mukha ng demonyo. Dumugo ang kanyang mukha dahil sa aking mga kuko. Lumayo ang demonyo at hinabol ko siya pero siya ay nakatakas.

Nang ako ay muling magdasal ay ginambala na naman ako ng isa pang demonyo. Nairita ako at ayaw ko siyang labanan. Nagdesisyon ako na gamitin ang aking otoridad. “Dugo ni Hesus!” Ininis niya ako at sinabi niya, “Dugo? Kaninong dugo? Dugo ni Hesus o dugo mo?”

“O sige demonyo, kung nais mo na maglaban tayo ay lalabanan kita!” Ang mga demonyo ay umatake ng isang grupo. Pero sa hindi kapani-paniwalang pangyayari, kapag inihahampas ko ang aking kamay sa kanila ay lahat sila ay natutumba. Nang tamaan ko ang kanilang mga tiyan ay sumabog ang kanilang mga mata. Nang tamaan ko ang kanilang mga ilong, ang mga ito ay dumugo. Nang kunin ko ang kanilang mga paa ay humaba ito na parang lastiko.

Sa kabila ng kanilang pagkatalo, ang mga demonyo ay nagpakita pa rin. Sinisikap nila upang pigilan akong magdasal. Sinabi ko sa aking sarili, “Magtunggali tayo at tingnan lang natin kung sino ang mananalò.” Sinundot ko ang kanyang ilong at hinablot ko ang kanyang buhok upang siya ay ihagis sa sinomang demonyo na lalapit sa akin. Gagamitin ko ang aking mga kamay at paa bilang armas. Nakapagtataka na kahit patuloy ko silang natatalo ay lalo lang silang dumarami. Sa huli ay napakadami nang demonyo at mahirap na silang bilangin. Lahat sila ay sabay-sabay na sumulpot. Bigla akong sumigaw ng, “Tulungan Mo po ako! Espirito Santo! Tulungan Mo ako!” Sa kaunting sandali lang ay dumating na ang Panginoon. Pinaalis ng Panginoon ang lahat ng demonyo at ako ay Kanyang dinamayan. “Binibining mabatik, alam Ko na marami ka nang pinagdaanan.”

Noong ako ay dumadalo sa ibang simbahan, karamihan sa mga tao ay nagsasabi na hindi ako matalino. Sa halip na turuan nila ako upang magdasal at mag-ebanghelyo, ay binibigyan lamang nila ako ng pagkain. Sinikap nilang tulungan ako sa mga materyal na bagay. Kaya naisip ko na ang kailangan ko lang gawin ay dalhin ang aking Bibliya sa simbahan. Pero kahit ganoon, sa tulong at gabay ng Pastor ng Simbahan ng Panginoon(Lord’s church), ay nagsimula akong magdasal sa ibat-ibang wika. Nang magpatuloy ako sa pagdarasal sa ibat-ibang wika, ay mas lumalim pa ang aking pagdarasal. Ngayon ay nakikita ko na ang mga

demonyo at nakakaya ko nang labanan sila. Sa tuwing pakiramdam ko na natatalo ako o napapagod sa laban, ang kailangan ko lang gawin ay tumingin at tumawag sa Pangalan ng Panginoong Hesus. Palagi Niya akong prinoprotektahan. Sa una ay natakot ako sa atake ng hindi mabilang na mga demonyo. Pero ngayon ay hindi na ako natatakot dahil alam ko na kasama ko si Hesus. Sa totoo pa niyan, ang pagwawagi laban sa mga demonyo ay isang masayang karanasan.

ISANG KALBONG DEMONYO ANG NAGPAKITA

Kim, Joo-eun: Sa loob ng sampung minuto ng aking pagdadasal sa ibat-ibang wika, ay may isang kalbong demonyo ang nagpakita. Ang kalbo niyang ulo ay malangis at makintab. Sa sandaling iyon ay naalala ko ang aking ama. Ang buhok ng aking ama ay halos nalalagas na at lagi niya iyon nilalagyan ng langis. Naalala ko kung paano niya ako nilulusob ng kanyang malangis na ulo at ako naman ay sisigaw at tatakbo.

Dahan-dahan akong nilapitan ng kalbong demonyo habang iniyuyugyog niya ang kanyang ulo. Kinabahan ako habang papalapit ang demonyo. Natatakot ako na mahawakan niya ang aking kamay. Sumigaw ako, “Sa Pangalan ni Hesus, lumayo ka!” Ngunit siya ay hindi lumayo. Nang makalapit siya sa akin ay napansin ko na ang kanyang ulo ay nakakadiri. Wala akong magagawa kundi hawakan ang kanyang mukha upang siya ay pigilan. Sumigaw ako, “Panginoon!” Sinubukan kong pigilan siya ngunit ang kanyang mga mata ay lumuwa. At katulad ng isang ahas, ay lumabas ang kanyang dila sa kanyang bibig. Nakakasuya siya at napaka-pangit. Buong lakas ko siyang sinuntok at itinapon sa malayo.

Nang mawala na ang kalbong demonyo, ay isa na namang demonyo na nagpanggap bilang batang babae ang nagpakita at nakabuka ang kanyang bunganga. Napansin ko na ngayong araw ay nakakasuya ang mga itsura ng mga demonyo. Nairita ako kaya hinablol ko ang kanyang buhok at sinampal ko siya sa mukha. Buong lakas kong sinampal ang magkabila niyang mukha. Umiyak at sumigaw ang demonyo. “Masakit! Aray! Itigil mo na yan!” Napansin kong namamaga na ang kanyang pisgi. Habang patuloy ko siyang sinasampal ay sinabihan ko siya ng, “Sinampal mo sa pisgi Sister Yoo-kyung di ba? Parurusahan kita ngayon! Mas sasampalin kita ng mas madami ngayon!” Umiyak ang demonyo at sinabi niya, “Patawad. Hindi ko na muling sasaktan si Yoo-kyung!”

Sinabi ko sa kanya, “Ah oo. Isa ka talagang sinungaling. Hinablol ko ang kanyang buhok, hinila iyon at itinapon ko siya sa kinalalagyan ng piano. Nang bumagsak siya sa piano ay nawala na siya. Isang demonyo na naman na isang kalansay ang lumapit sa akin. Siya ay may mahabang puting buhok at mga mata na kulay dalandan. Umiikot-ikot ang kanyang mga mata habang papalapit siya sa akin. Nang makaharap ko na siya ay sinundot ko ang kanyang mga mata. Napatalon siya sa sobrang sakit at umaalis papalayo.

Nagpatuloy ako sa pagdarasal nang may maamoy akong napakabango. Para iyong halimuyak ng mga bulaklak sa hangin. Ako ay nahalina sa mabangong amoy at nahulog ang aking atensyon sa mabangong amoy na iyon. Nagpakita ang Panginoon. Tinanong ko siya, “Ang mabangong amoy po ba ay nanggaling sa Iyo Panginoon?” Sumagot si Hesus, “Oo, nagustuhan mo ba ang amoy?” Sumagot ako ng, “Opo Panginoon! Napakabango po!”

“Masigasig kang nagdasal ngayong araw. Kaya may ipapakita Ako sa iyong espesyal. Pagmasdan mong mabuti ang kondisyon ng iyong simbahan at iba pang simbahan sa Korea.” Nang itaas ng Panginoon ang kanyang mga kamay ay nakita ko ang mga demonyo at mga simbahan na parang isang malawak na tanawin sa aking harapan.

MGA NAGTATAGUMPAY NA SIMBAHAN

Nakatingin ako sa buong mundo mula sa malayo. Sa dalawang tabi ay may dalawang malaking demonyo na nakatayo. Magkaharap silang nakatayo habang nasa gitna naman nila ang mundo. Ang dalawang demonyo ay nakahawak sa mahabang lubid. Hawak nila ang dulo ng lubid. Sa tingin ko ay parang pinapa-ikotan nila ang mundo ng lubid. Iyon ay parang laro ng mga bata na luksong lubid. Sinabi ni Hesus na tumingin akong mabuti. Lumapit ako para makitang mabuti. Nagulat ako sa aking nakita at parang ako ay mahihimatay.

Ang lubid na hawak-hawak ng demonyo ay hindi lubid kundi isang napakalaking ahas. Ang isang demonyo ay nakahawak sa ulo at ang isa naman ay sa buntot ng ahas. Habang pinapaikot ng demonyo ang ahas sa mundo, ay marami akong nakikitang mga simbahan sa Korea na tumatalon sa lubid. Bawat simbahan ay nakapila at

isa-isa silang tumatalon sa lubid na ahas. Sinisikap ng bawat simbahan na huwag masabid o madapa sa lubid. Nang tumagal ay isa-isang nadadapa ang mga simbahan. Kabilang sa mga simbhang iyon ang aming simbahan na Lord's Church. Ang aming simbahan ay tumatalon din. Ang lahat ng simbahan ay nadadapa ngunit ang aming simbahan lang ang bukod tangi. Ang aming simbahan ay hindi nadadapa sa katawan ng ahas. Ang aming simbahan ay patuloy lang sa pagtalon. Pinaliwanag sa akin ni Hesus na ang bawat pagtalon sa lubid na ahas ay isang pagsubok. Isa iyong pagsubok na kailangan lampasan. Kapag ang isang simbahan ay hindi natumba o nadapa, ang ibig sabihin noon ay nalampasan ng simbahan ang mga pagsubok at sila ay nagtagumpay. Ang Simbahan ng Panginoon (Lord's Church) ang may pinaka-kaonting bilang ng myembro. Ang ibang simbahan ay may madaming myembro at sila ang madalas na nadarapa at natutumba. Sinabi ni Hesus, "Nalampasan ng inyong simbahan ang mga pagsubok. Patuloy kayong magtiis upang malampasan ang bawat pagsubok na dadaan. Patuloy kang nagdarasal sa loob ng mahabang oras kaya naman ay ipinakita Ko ito sa iyo. Ipagpatuloy mo lang ang iyong pagdarasal." At umalis na ang Panginoon.

ANG SAKIT NA DULOT NG KARAYOM NG DEMONYO

Lee, Haak-sung: Habang ako ay taimtim na nagdarasal ay may demonyong lumapit sa akin. Ang mga mata ng demonyong ito ay nakabaliktad. Sa tuwing makakakita ako ng demonyo ay naaalala ko ang aking lola na pinahihirapan nila sa impyerno. Nang aking maalala ay nais kong ibuntong sa kanila ang aking galit. Nang makalapit sa akin ang demonyo ay dinukat ko ang kanyang mata at itinapon ko iyon sa malayo. Sa tuwing maiisip ko ang espada sa pakikipaglaban ay nagkakaroon ako ng isang espada sa aking kamay. Kapag nag-isip ako ng pandikit ay may pandikit kaagad sa aking mga kamay. Minsan ay nilagyan ko ng pandikit ang mata ng isang demonyo at tinadtad ko ang kanyang kamay sa pamamagitan ng espada. Sa tuwing mag-iisip ako ng kahit na anong bagay o armas ay kaagad na may susulpot sa aking tabi o sa aking kamay. Ibinibigay sa akin ng Panginoon ang mga armas.

Medyo matagal na akong nakikipaglaban sa mga demonyo. Hindi ko napansin na marami na pala akong natutunan dahil doon. Lumakas rin ang aking kalooban at mas naging matapang. Muli ay may lumapit na isang demonyong nagpanggap bilang batang babae na nakasuot ng puting damit. Patuloy niyang kinakagat ang kanyang braso habang lumalapit siya sa akin. Ang demonyong ito ay kamukha ng napapanood sa mga nakakatakot na palabas sa telebisyon. Namangha ako sa katotohanan na kamukha ng mga tunay na demonyo ang mga ipinalalabas sa industriya ng pelikula. Ang demonyo na isang batang babae at ang demonyo na naghahatid sa mga tao sa impyerno ay kamukha ng mga napapanood sa telebisyon. May isang sikat na pelikula sa telebisyon sa Korea, isa iyong nakakatakot na panoorin, at ang bidang demonyo doon ay kamukha ng tunay na demonyong sumusundo sa mga kaluluwang nahatulan. Ang demonyo na dumarating bago pa man mamatay ang isang tao ay nakasuot ng itim na damit at ang kanyang mukha ay natatakpan ng puting pulbos. Ang demonyong ito ang naghihila sa isang tao sa impyerno. Napansin ko rin na kaparehas ng aking napapanood sa telebisyon ang paraan kung paano hilahin ng tunay na demonyo ang kaluluwa ng namatay.

Sa aking pangitain ay may nakita akong isang matandang lalaki na nagdurugo at nakahiga sa sahig malapit sa altar. Ang demonyo na kumakagat sa sarili niyang braso ay tumakbo papalapit sa matandang lalaki. Nilusob ng demonyo ang matanda at ginamit niya ang kanyang mga pangil at sinipsip niya ang dugo ng matanda. Nang matuyuan na ng dugo ang matanda ay sinimulan naman ng demonyo na ngatngatin ang kanyang ulo. Hindi nagtagal ay naubos kainin ng demonyo ang buong ulo ng matanda. Pagkatapos ay may dumating na namang demonyo na ang katawan ay punong-puno ng karayom. Ang mga karayom ay katulad ng sa parkupino. Sa pamamagitan ng aking pananampalataya ay inihanda ko ang aking kamao. Nang dumikit ang aking kamao sa demonyo ay muntik na akong mahimatay sa sobrang sakit. Naisip ko sa aking sarili, "Ano? Sinuntok ko siya ng may pananampalataya. Pero bakit ganoon?" Natusok ang aking kamao ng mga karayom.

Pagkatapos ng aming pagdarasal, ang aking kamay ay masakit pa rin. Tiningnan ko ang aking kamay sa maliwanag na ilaw at napansin ko na namamaga at namumula ang aking kamay. Kitang-kita ko ang marka ng mga karayom. Nakikipaglaban ako sa mga demonyo at sila ay hindi nakikitang nilalang ngunit namangha ako sa katotohanan na maaari pala silang mag-iwan ng mga pisikal na marka at sakit sa aking katawan. Pinakita ko ito sa mga myembro ng aming simbahan. Pinakita ko ito sa aking Pastor at sa buong kongregasyon. Nagulat din sila ng makita ng kanilang mga mata ang pisikal na marka.

ANG PAG-GALAW AT PANGINGINIG NG AKING MGA KAMAY

Kim, Yong-doo: Habang nagdarasal ako ng taimtim sa ibat-ibang wika, ang aking mga kamay ay nagsimulang gumalaw ng paunti-unti. Una, ang aking kaliwang kamay ay gumagalaw pataas at pababa. At sumunod naman ang aking kanang kamay. Sa loob ng kaunting oras, ang aking mga palad ay magkaharap at nanginginig. Ang panginginig ay mas lalong lumakas.

May isang simbahan na nag-imbata ng isang Pastor upang magbigay ng sermon tungkol sa pagpapagaling. Nasaksihan ko ang eksena na sa tuwing nagpapagaling siya ay nanginginig din ang kanyang mga kamay. Habang nagpapagaling siya ay marami pang mga milagro ang nangyayari. Sa aking palagay ay nasa proseso na ako ng pagtanggap ng biyaya ng pagpapagaling sa pamamagitan ng Espirito Santo. Ang aking mga braso at kamay ay malayang gumagalaw ng ibat-ibang galaw sa gabay ng Espirito Santo. Binuksan ko ang aking mga mata upang makita iyon at sinikap kong pigilin ang pag-galaw ng aking mga kamay. Ngunit ang pag-galaw ay ginagabayan ng Espirito Santo at hindi iyon kagagawan ng aking sariling kagustuhan.

SINUBOK NG PANGINOON ANG AKING PANANAMPALATAYA

Sister Baek, Bong-nyo: Habang nagdarasal ako ay dumating si Hesus at kinausap Nya ako. “Bong-nyo! Ngayong araw ay nais Kong subukin kung gaano na kalaki ang iyong pananampalataya. Handa ka na ba?” Sumagot ako ng walang takot, “Opo Panginoon! Handa na po ako!” Pagkatapos Niyang sabihin na susubukin Niya ako ay bigla Siyang nawala. Nagdasal ako ng mas makapangyarihan sa ibat-ibang wika nang makita ko na bumaba ang mga anghel at sinuotan nila ako ng damit na may pakpak. Pagkatapos niyon ay mabilis din na nawala ang mga anghel.

Hanggang ngayon, sa tuwing ako ay nagdarasal, ay ginagabayan ako ni Hesus at ng mga anghel at hinahawakan nila ang aking kamay. At sa tuwing hahawakan nila ang aking kamay ay nakakarating kaagad ako sa langit o impyerno. Napagtanto ko sa aking sarili na lagi akong umaasa na ang mga bagay ay mabilis na magagawa kapag hiniling ko, at lagi akong nagsasamantala kay Hesus sa aking hindi magandang pag-uugali. May napakarami pang hindi nababagong kamalian sa akin. At ako rin ay palaging nagtatanong at walang respeto sa ating banal na Panginoon. Ang ating mapagmahal na Panginoon ay walang sawang naghihintay na mabago at tumanda ang aking murang pananampalataya at hindi Niya iniinda ang aking mga pagrereklamo.

Nagsimula akong muli at umiyak sa Panginoon ng taimtim sa aking kalooban. Ang aking kaluluwa ay lumipad patungong langit sa pamamagitan ng aking damit na may pakpak. Pero anong nangyayari? Kahit na taimtim akong magdasal at umiyak ay mabagal pa rin ang aking paglipad. Lumipad ako ng napakabagal at ako ay nabigo. Ngunit hindi ako sumuko at nagpatuloy pa rin ako sa pagdasal pero hindi nagtagal ay napagod din ako. Wala akong makita kundi kadiliman.

Sa lahat ng oras ay nakakakita ako ng anghel kung hihilingin ko pero ngayong araw ay hindi ko sila nakikita. Napagtanto ko ngayon kung gaano kalaki ang natatanggap kong pagmamahal sa Panginoon. Nagdesisyon ako, “Sinabi ng Panginoon na nais Niyang subukin ang aking pananampalataya kaya patuloy pa rin akong magdarasal. Pero lahat ng hadlang ay humarang sa akin na parang isang bundok kaya naman bumalik ako sa dati kong kondisyon.”

Hanggang ngayon, sa tuwing nagdarasal ako sa simbahan, ay dumarating ang Panginoon upang ipakita sa akin ang lahat kaya naging arogante ako ng hindi ko napapansin. Naalala ko na tinanong ko ang mga anghel kung nasaan si Hesus habang binibihisan nila ako ng damit na may pakpak at sinabi nila na hinihintay ako ni Hesus sa Milky Way. Pero sa kasamaang palad ako ay nahuhuli dahil sa bagal ng aking paglipad at hindi ako kayang ilipad ng mas malayo ng aking pananampalataya.

Buong puso akong nagdasal ng mahabang oras ngunit wala pa rin akong makita. Maraming bagay ang sumagi sa aking isipan at ako ay nagsimulang magsisi. Kung wala ang tulong ni Hesus ay wala akong kayang gawin. Pakiramdam ko ay lumulubog ako at bigla kong naramdaman na parang nakulong ako. May mga gumagalaw na bagay akong nakita sa aking harapan at aking nalaman na ako ay nasa impyerno na at nakakulong sa isang madilim na selda.

Wala akong ibang makita sa dilim kundi ang mga demonyong gumagapang. Hinawakan ng hindi mabilang na demonyo ang aking mga paa at pinigilan nila akong umalis. Hindi lang iyon, tiniik din nila ako at hinila ang aking mga kamay at paa upang hindi ako makagalaw. Nagdasal ako sa ibat-ibang wika ngunit mga masasamang salita ang lumabas sa aking bibig.

“Hoy! Kayong mga pangit na demonyo! Bakit niyo ako ginagambala? Lumayo kayo sa akin!” Hindi ko mapigilan ang magsalita ng masasama at ang mga mura na aking ginagamit bago ko pa makilala si Hesus. Pero kahit anong gawin kong pagsumpa sa mga demonyo ay hindi pa rin nila ako tinitigilan. Tinawag ko si Hesus, “Hesus! Tulungan Mo po ako!”

Gaano iyon katagal? Patuloy akong nanawagan sa Panginoon at nagdasal sa ibat-ibang wika. Hindi ko napansin na nakatakas na pala ako sa impyerno. Lumilipad ako patungong langit. Pataas ng pataas. Nagdarasal ako habang lumilipad nang may malalakas at makakapangyarihang demonyo ang humarang sa akin. Kitang-kita ko ang hindi mabilang na mga demonyo sa aking likuran. Ang aking akala ay ligtas na ako dahil nakatakas ako sa impyerno. Ngunit may makikita at makakaharap pa pala akong malalakas na demonyo. Ako ay nasa panganib.

Wala pa rin akong makitang mga anghel o si Hesus man sa paligid. Kailangan kong harapin ang hukbo ng mga demonyo ng nag-iisa. Hindi ko naisip na haharap ako sa ganitong kalagayan. Hindi ko alam na may mga hukbo pala ng mga demonyo ang nasa kalawakan upang harangin ang mga panalangin ng mga Kristiyano patungong langit. Katulad ako ng isang batang masayang nakahawak sa kamay ng kanyang mga magulang. Si Hesus ay laging nakahawak sa aking kamay at ginagabayan Niya ako patungong langit at impyerno. Wala akong muwang at naisip ko na lahat ay magiging madali lang.

Ang mga demonyo ay naglalagay ng mga balakid sa bawat pag-angat ko. Umiyak ako at nagdasal at ang aking pawis at luha ay bumuhos sa aking katawan. Sa sandaling iyon ay may isang demonyong sumigaw, “Hoy! Tingnan niyo! May dasal na naman na mula sa lupa ang umaakyat pataas!” May isa namang sumagot, “Ang dasal na iyan ay hindi makapangyarihan at walang otoridad.” Dinampot ng demonyo ang mga dasal at kinain ang mga iyon na katulad ng pagkain sa mansanas.

Nalaman ko na ang dasal na hindi makapangyarihan ay walang halaga. Ang mga ito ay ang panalangin kapag inaantok, wala sa pokus na pagdarasal, mga panalangin na puno ng pansariling kagustuhan, makasariling panalangin, at mga panalanging pang-pisikal ay ang mga panalangin na paboritong kainin ng mga demonyo na parang prutas. Nakakagulat na nakilala ko ang mga kaibahan ng ibat-ibang uri ng dasal na umaakyat mula sa lupa.

Nalaman ko ngayon na ang panalangin na puno ng buhay at mga panalangin na may kasamang taimtim na pag-iyak ang mabilis na lumilipad patungong langit. Ngayon ay natutunan ko kung bakit umiiyak ang Pastor ng malakas sa tuwing siya ay nagdarasal. Lagi akong napapatingin sa Pastor at iniisip ko na, “Kakaonti lang naman ang tao dito, ngunit bakit siya umiiyak ng malakas? Kailangan pa ba talaga niyang sumigaw?” Sa totoo niyan, iyon ang mga sandali kung kelan pinipilit kong magdasal kahit naiirita ako sa malakas na pag-iyak ng Pastor. Ngayon ay nagsisisi na ako dahil nalaman ko na ang dahilan kung bakit dapat kaming magdasal ng ganoon.

Gaano ako katagal nagdasal? Pagod na pagod na ako at wala ng lakas pang natitira sa akin. May nakita akong mga bituin sa malayo na kumikinang. Nag-ipon ako ng lakas at nagdasal sa ibat-ibang wika. Bahagya akong nakarating sa Milky Way na pagod na pagod. Naroon ang minamahal kong si Hesus at binate Niya ako ng masaya.

Nang makita ako ni Hesus ay ngumiti Siya at sinabi, “Bong-Nyo! Mahusay ang iyong ginawa! Pinagmamalaki kita!” Medyo galit ako sa puntong iyon at tinanong ko si Hesus. “Panginoon! Paano Mo ito nagawa sa akin? Nagpaliwanag ka po sana, pero sa halip, paano Mo po ako nagawang iwanan ng hindi man lang nagpapaliwanag?” Nang matapos ako ay tumawa lang si Hesus. Nag-usap lang kami ng sandali at Siya ay nawala na naman. Naging madilim ang aking paligid at ngayon ay nakatayo na ako sa bangin sa impyerno.

Iniwan muli ako ni Hesus upang subukin muli ang aking pananampalataya. Hindi nagtagal, isang demonyo na kamukha ng isang dolphin ang nais umatake sa akin at kagatin ako gamit ang kanyang matalim na ngipin. Sumigaw ako ng, “Sige! Lumapit ka at kunin mo ako!” Ngunit siya ay biglang nawala.

May isang makipot na daan sa aking unahan at ako ay naglakad doon. Naglakad ako ng mga ilang oras ng may makita akong papalapit sa akin. Habang umiikli ang distansya ay nakita ko ng malinaw ang itsura niya. Lyon ay nakakadiring demonyo na may ulo ngunit walang mga mata o ilong. Mula sa kaliwa hanggang kanang tainga ay may hiwa siya sa kanyang mukha at ang kanyang mga ngipin ay matatalim katulad ng sa pating.

Nang makaharap ko ang demonyo ay sinabihan ko siya ng, Hoy! Nilabanan ko at natalo ang mga demonyo na mas malalaki pa sayo! Walang-wala ka sa akin! Sa loob ko ay binigyan ako ng Diyos ng apoy. Masusunog ka at magiging abo kapag humawak ka sa akin! Sige! Lumapit ka!” Natakot ang demonyo at mabilis na tumakbo. Naglakad ako sa walang hanggan na daan ng mag-isa. At sa wari ko ay palalim ng palalim ang aking paglalakad sa impyerno. Sa loob ko ay natatakot ako at nanginginginig. Pero ayaw kong ipakita ang aking takot kaya naman kailangan kong kalmahin ang aking sarili.

Nagpatuloy lang ako sa paglalakad ng mapansin ko ang napakalaking dahon sa aking unahan. Mukha itong buhay. Ang dahon ay patuloy na bumubukas at sumasara at nais niyang kainin ako ng buhay. Ngunit sumigaw ako ng, “Pumarito ako upang patayin ka! Tingnan lang natin kung sino ang matitirang buhay!” Lumusob ako ngunit biglang nawala ang demonyo.

Naglakad akong muli nang aking mapansin na marami palang mga demonyo na parang insekto sa tabi ng daan at gusto nilang hilahin ako. Narinig ko ang nakakatakot na iyak ng mga demonyo ngunit hindi ko sila pinansin at naglakad lang ako at nagdasal sa ibang wika. Sumigaw ako ng malakas, “Banal na Santatlo! Bigyan Niyo po ako ng lakas! Bigyan Niyo po ako ng pisikal at espirituwal na lakas!” Nagdasal ako ng taimtim at hindi nagtagal, ang banal na apoy ay nag-aalab na sa loob ko.

Gaano kalayo ang aking nilakbay? Nakita ko ang dulo ng daan sa malayo. Biglang lumiwanag sa aking harapan at nakita ko si Hesus na nakatayo. “Sa wakas! Ligtas na ako! Panginoon! Panginoon!” Tumakbo ako at niyakap ko Siya. Niyakap Niya ako ng mahigpit at sinabi Niya, “Mahal kong Bong-Nyo! Marami kang pinagdaanan bago makarating dito! Umupo ka sa aking tabi at bibigyan kita ng pahinga.” Nanatili ako sa mga braso ng Panginoon at ipinikit ko ang aking mga mata upang magpahinga.”

Ano na naman ang nangyayari? Nang imulat ko ang aking mga mata ay wala na ang Panginoon. Paano ako makakabalik kung nandirito ako sa madilim na selda? Kahit gaano kalakas pa ang pagtawag ko sa Panginoon, ay katahimikan lang ang naroroon. Tumawag ako ng paulit-ulit sa Panginoon ngunit wala Siya roon. Hindi ako makapaniwala na nilinlang ako ng Panginoon. Maliwanag na sinabi ni Hesus, “Bong-Nyo! Mahusay ang iyong ginawa! Malapit ng matapos kaya maging mapag-pasensya ka at magpahinga rito.” Pagkatapos Niyang sabihin iyon at nang pakiramdam ko ay ligtas na ako ay nawala na naman Siya upang subukin ako.

Hindi nawala ang aking galit nang aking mapagtanto na ako pala ay nasa loob ng bakal na kulungan na katulad ng mga hayop sa zoo. May hindi mabilang na demonyo na ibat-iba ang itsura at sila ay nakapalibot sa aking kulungan. Nakatitig sila sa akin at sinubukang tanongin ako: isang babaeng demonyo, dragon, militar, leon, mga demonyo na ang ulo ay sa hayop, at napakarami pang iba. Nakatingin sila sa akin at pinagtatawanan nila ako. May ilang libong militar na demonyo na nakasuot ng sa bungong helmet.

Minasdan ako ng mga demonyo habang nakakulong. Sumigaw ako, “Hoy! Bastardo! Sino ka? Saan ka nanggaling?” Sumagot sila, “Nanggaling kami sa pamamasyal mula doon. Eh ikaw? Bakit ka nandirito?” Pinaliwanag ko na dinala ako ni Hesus sa impyerno ngunit iniwan Niya ako kaya ako nandirito na mag-isa. Pagkatapos nilang marinig iyon ay pinagtawanan nila ako at sinabi, “Hoy! Ang Panginoon mo ay hindi na babalik para sayo! Ito na ang iyong katapusan!”

Nagdasal ako sa ibang wika ng malakas. Biglang naging mapula ang mga mata ng demonyong nakasuot ng bungong helmet. Galit na nakatitig sila sa akin. Mabigat para sa mga demonyo ang kapangyarihan ng pagdadasal sa ibang wika at napansin ko na nag-iiba sila ng itsura kaya naman mas nagdasal pa ako ng malakas. “Panginoong Diyos! Bagohin Niyo po ako at gawing nag-aalab na apoy!” Lahat ng demonyo ay

lumulusob sa bakal na kulungan at gusto nilang sirain ito. Ngunit ang banal na apoy na nag-aalab sa aking loob ay sinunog sila at ginawang abo. Ang rehas na bakal ay hindi nasira at buo pa rin.

Ang mga iyak ng ibat-ibang uri ng hayop at mga demonyo ay umalingaw-ngaw at pakiramdam ko ay nanatili ako roon sa loob ng ilang buwan. Kahit gaano ako umiyak, magsisipa at sumigaw, ay hindi ko magawang makalabas sa selda. Paunti-unting napagod ang aking kaluluwa ngunit hindi pa rin ako tumigil sa pag-darasal.

“Panginoon, bigyan Mo po ako ng lakas! Bigyan Mo po ako ng lakas! At bigyan Niyo po ako ng biyayang naka-pagpapagaling at punuin Niyo po ako ng apoy para matunaw ang seldang bakal at makaalis ako rito!” Iminulat ko ang aking mata ngunit nakakulong pa rin ako sa selda. Walang pag-asa sa loob ng selda. Kahit tumawag pa ako sa Panginoon ay nakakulong pa rin ako. Ah! Ang ibig sabihin ba nito ay magdurusa na ako dito sa impyerno?” Wala na akong natitira pang lakas upang igalaw kahit isa kong daliri at ako ay nahimatay sa isang tabi. Pakiramdam ko ay nakakulong ako sa loob ng apat na buwan.

Ilang sandali at nagsimula na naman akong sumigaw. “Panginoon! Tulungan Mo po ako! Nasaan Ka Panginoon?” Ngunit hindi ko nakita kahit ang anino ng Panginoon. Ang mga demonyo ay patuloy na humihila at pinahihirapan ang aking katawan at nakipaglaban ako sa kanila sa loob ng labing limang araw. Sa loob ng selda ay malinaw kong nararamdaman ang mga araw na dumadaan.

“Panginoon! Tulungan Mo po ako! Tulungan Mo po akong makatakas sa lugar na ito!” Nagdadasal ako nang biglang may narinig akong tumatawa. Ang Kanyang halakhak ay ibang-iba sa halakhak ng demonyo. Iyon ay malambing, mapang-aliw at matamis na halakhak. Sumigaw ako, “Wow! Boses iyon ng Panginoon!” Nagpakita ang Panginoon at Siya ay napakaliwanag. Siya ang nagsilbing ilaw sa madilim na kapaligiran.

Si Hesus ay tumawa ng mas malakas. “Mahal kong Bong-Nyo! Kamusta ang karanasan mo sa impyerno?” Tinanong ko ang Panginoon, “Oh Panginoon! Paano Mo ito nagawa sa akin? Itinalaga Mo po ba ito para pahirapan ako? Bakit Mo ito ginawa?” Ako ay balisa habang ibinubuhos ko sa Kanya ang aking reklamo. Sumagot Siya, “Patawad. Nais Ko lang subukin ka sa personal—kung gaano na kalaki ang iyong pananampalataya!” Hindi na ako nakapagsalita pa doon.

Nang tanongin ko kung saan pumunta si Hesus, ay sinabi Niya na Siya ay nasa mundo at bumibisita sa mga simbahan upang gabayan at pagsilbihan ang Kanyang mahal na kawan. Inamin ko sa Panginoon ang aking nararamdaman at humingi ako sa Kanya ng kapatawaran. “Panginoon, naging mapait po ako at mabilis na nagdamdam sa Iyo habang ako ay nakakulong sa selda. Patawarin Mo po ako!” Biglang nagbago ang aking tono habang ang aking emosyon ay napuno ng mga reklamo at pagkaawa sa aking sarili. “Panginoon! Nakulong po ako sa loob ng apat na buwan!” At ako ay umiyak.

Mas lalong tumawa ang Panginoon ng malakas. At nang makita ko iyon ay sinabi ko sa Kanya, “Bakit po Kayo masaya na nakikita akong miserable at malungkot? Nagdusa ako sa impyerno pero bakit po Kayo tumatawa na para bang nakakatawa iyon? Nakakatawa po ba para sa Iyo na nakikita akong naghihirap?” Sumagot Siya ng malumanay, “Bong-Nyo, may dalawang buwan na buhat ng dumalo ka sa simbahan at ang iyong pananampalataya ay lumaki na! Ipinagmamalaki kita!” Dahan-dahan Niya akong tinapik sa likod.

Kinuha ni Hesus ang aking sugatang pandigmang kasootan sa impyerno at inutusan Niya ang mga anghel upang damitan ako ng bago, ng malinis at kumikinang na damit na may pakpak. At sinabi Niya, “Marami kang pinagtiisan kaya pumunta tayo ngayon sa langit!” Kinuha Niya ang aking kamay at kami ay lumipad patungong langit. Sa buong buhay ko ay iyon ang pinakamahirap na pinagdaanan ko.

Wari ko ay naglakbay ang aking kauluwa ng tatlong taon mula sa mundo hanggang Milky Way at apat at kalahating buwan naman sa impyerno. Sa kalahatan ay parang halos tatlong taon at limang buwan ang mabilis na lumipas. Ang mga demonyo sa kalawakan at mga demonyo sa impyerno ay matitigas at malalakas. Hindi ako makatatagal kahit isang minuto sa pakikipaglaban sa mga demonyo at hindi ako magiging matagumpay kung wala ang proteksyon ng Panginoon. Nang ako ay makarating sa langit, ay maraming anghel ang nakangiti at inaliw ako. “Sister! Mahusay ang iyong ginawa!” Ang mga sinabi ng mga anghel ay nagpalakas sa pagod kong kaluluwa. Sa tuwing ako ay nasa langit, lahat ng paghihirap na naranasan ko sa impyerno ay nakakalimutan ko.

Wala akong maraming kaalaman dahil dalawang buwan palang akong dumadalo sa simbahan. Kaonti lang ang nalalaman ko tungkol kay Moyses dahil napanood ko lang siya sa telebisyon at narinig sa sermon na hinati niya ang dagat. Humiling ako kay Hesus upang makita si Moyses kahit isang beses. At inihatid ako ni Hesus sa ginintuang tabing dagat. Dahan-dahan akong ibinaba ng mga anghel sa tabing dagat. Nang tawagin ni Hesus si Moyses ay lumapit siya at bumati ng may respeto, “Maligayang pagdating sa langit!” Si Moyses ay matangkad at gwapo.

NASAKSIHAN KO ANG MILAGRO NI MOYSES SA LANGIT

Ipinakilala ni Hesus sa akin si Moyses at ipinakilala Niya ako, “Ang aking nobya na si Baek, Bong-Nyo!” Natuwa ako ng marinig ko iyon. Kinausap ko si Moyses, “Moyeses, sir, hindi po kita gaanong kilala dahil kaonti lang po ang narinig ko sa sermon ng pastor.” Sumagot siya, “O talaga? Masaya ako na naririto ka!” Nagpatuloy ako sa pagtatanong, “Noong ikaw ay nasa mundo pa, hindi ba ikaw ang humati sa dagat at gumawa ng napakadaming milagro?” Mapagkumbabang sumagot si Moyses, “Wala akong ginawa, ang Panginoong Diyos ang nagbigay sa akin ng lakas at ako ay sumunod lang.”

Si Moyses ay mapagkumbaba at ang kanyang itsura ay mukhang malakas. Tinanong ko siyang muli, “Dalawang buwan palang po akong dumadalo sa simbahan pero ng ikaw ay marinig ko sa sermon ng pastor ay nais kitang makilala. Pero palagi akong dinadala ng Panginoon sa impyerno kaya napagpapaliban ang pagkikita natin. Nais kong masaksihan ang iyong pagmimilagro. Maari mo po bang ipakita sa akin kahit isa?”

Pinayagan ni Hesus si Moyses. Gumawa siya ng napakalaking bundok sa aking harapan. Sa isang kispap mata ay may dalawa ng bundok. Gumawa si Moyses ng milagro na hindi kayang ipaliwanag sa salita. Ang isa sa naalala ko ay nang hinamon ko siyang gumawa ng 600 palapag na bahay. Itinaas lang niya ang kanyang kamay at iniwagayway iyon at may kaagad sumulpot na 680 palapag na bahay sa harap ko. Napanganga ako.

Ginawa ni Moyses ang bawat hilingin ko sa kanya. Ginawan niya ako ng gintong hagdan mula sa lupa patungong langit. Sinagot ni Moyses ang lahat na tanong ko sa pamamagitan ng mga milagro. Sinabi ko kay Moyses, “Moyeses! Sir, humihingi po ako ng pasensya sa aking murang pananampalataya. Patawarin niyo po ako. Nahihiya po ako dahil sinusubukan kita at marami po akong tinatanong.” Sumagot siya, “Huwag kang mag-alala. Kung may tanong ka ay huwag kang mahihiya.”

Sinabi ko sa kanya na nais kong makita ang paghati niya sa dagat na nakasulat sa Bibliya. Hinati ni Moyses ang dagat sa langit. Ang nakitang kong paghati sa dagat sa isang iglap lang ay kahanga-hanga. Isa iyong nakakagulat na karanasan na hindi ko mararanasan sa aking buhay. Si Hesus ay nagmamasid lang ng tahimik sa aking tabi. At pagkatapos ng mga milagro ay nag-usap usap kami nila Hesus at Moyses.

“Hesus! Moyses! Ako po ay bago lamang at kaonti pa ang nalalaman kaya sa tingin ko ay napasobra ang aking kahilingan. Patawarin niyo po ako! Patawad. Kapag nakabalik po ako sa simbahan ay itatala ko at sasabihin sa pastor ang aking mga nakita ng sa gayon ay maisulat niya ito ng malinaw sa aklat upang malaman ng buong mundo!” Natuwa si Hesus at si Moyses. Sinabi ni Hesus kay Moyses, “Moyeses, kailangan nang bumalik ni Sister Baek, Bong-Nyo, magpaalam ka na sa kanya.” Iniyuko ni Moyses ang kanyang ulo at sinabi, “Paalam, sister!”

Iपालिwanag sa akin ni Hesus na kahit si Moyses ay nasa langit, ay palagi pa rin siyang abala. Naglalakbay siya roon sa langit dahil marami siyang kailangang ayosin. Hindi ko malilimutan ang pagkikita namin ni Moyses kasama si Hesus sa langit. Inihatid ako ni Hesus pabalik ng simbahan.

IKA- DALAWAMPUT TATLONG ARAW: ANG AMING PERSONAL NA KARANASANG PANG-ESPIRITWAL

7 Mga anak, huwag kayong padaya kaninuman! Ang sinumang gumagawa ng matuwid ay isang matuwid tulad ni Cristo. 8 Ang nagpapatuloy sa pagkakasala ay kampon ng diyablo, sapagkat sa simula pa'y gumagawa na ng kasalanan ang diyablo. Kaya't naparito ang Anak ng Diyos upang wasakin ang mga gawa ng diyablo. 9 Ang tinanggap ng Diyos bilang anak niya ay hindi nagpapatuloy sa pagkakasala, sapagkat nananatili sa kanya ang buhay na galing sa Diyos. At dahil ang Diyos ang ama niya, hindi siya maaaring magpatuloy sa pagkakasala. 10 Dito natin makikilala kung sino ang mga anak ng Diyos at kung sino ang mga anak ng diyablo: ang sinumang hindi gumagawa ng matuwid at hindi umiibig sa kanyang kapatid ay hindi anak ng Diyos. 1 Juan 3:7-10

Si Mrs. Kang Hyun Ja ay ay nahulog at inatake ng demonyo

Pastor Kim, Yong-doo: 11: 00 ng umaga - Ang aking asawa, si Joseph, si Joo-eun, at ako ay nakatayo sa harap ng isang restawran na matatagpuan malapit sa gusali ng Cooperative Agricultural Association. Nang pumanhik ang aking asawa ng dalawang baytang, ay may tumulak sa kanya ng malakas at siya ay nahulog. Ang aking asawa ay nahulog ng patalikod sa taas na 50 sentimetro at tumalsik siya sa layo na 5 metro. Nang mahulog siya ay tumama siya sa matigas na aspaltong daanan. Para bang siya ay nadulas sa yelo. Nangyari iyon ng napakabilis kaya hindi namin siya nahawakan nang siya ay nahulog. Ang aking asawa ay umiyak sa sakit. Lahat kami ay tumakbo palapit sa kanya upang tulungan siyang tuumayo. Ang kanyang palad ay gasgas at nasira ang kanyang kuko. Ang kanyang kamay ay nabalutan ng dugo. Inisip namin kung ano ang dahilan kung bakit siya nahulog ng ganoon. Tiningnan namin ang aspaltong daan kung may bitak na maaaring makapitid sa kanya. Subalit, ang daan ay malinis, patag at maayos ang kondisyon. Wala kaming nakikitang ebidensya na maaaring makapitid sa kanya.

Tinanong ni Joo-eun si Hesus kung ano ang dahilan kung bakit naaksidente ang aking asawa. Binigyan kami ng Panginoon ng paliwanag. Ang aming pang-araw-araw na gawain ay ang pagpunta sa simbahan at pagdarasal, at wala kaming oras ng paglilibang. Dahil wala kaming oras upang maglibang, ay wala ring pagkakataon ang mga masasamang espirito upang hanapin ang aming kahinaan. Subalit, sa araw na iyon, sa unang pagkakataon sa loob ng mahabang taon, ay iniwan namin pansamantala ang aming nakagawian para makapaglibang. Taliwas sa aming nakagawian, ang aking asawa ay nahulog sa isang pag-atake lang ng masamang espirito.

Hinawakan ni Hesus ang sugatang kamay ng aking asawa. Dinamayan ko rin ang aking asawa. “Mahal ko, tayo ay magpasalamat sa Diyos! Magsisisi tayo dahil tayo ay nagpabaya. Magpasalamat tayo sa Diyos. Bibigyan Niya tayo ng mas maraming grasya, kaya magtiis tayo upang magtagumpay hanggang sa huli.” Habang pinapalakas ko ang kanyang loob, ay lumuhod siya at nagpasalamat sa Panginoon na nakataas ang sugatan niyang mga kamay.

Dahil hinahadlangan at inaatake kami ng mga demonyo ay naging determinado akong maging mapagbantay at maingat sa bawat sandali ng aking pamumuhay bilang Kristiyano. Sa oras na magpabaya kami, ay magkakaroon ng pagkakataon ang masasamang espirito upang umatake. Kapag lumipas ang isang araw ng hindi kami patuloy na nagdadasal, ay mawawala kami sa sarili at kami ay aatakihing ng mga masasamang espirito. Hinihintay ng masasamang espirito ang mga oras na kami ay mahina. Kaya naman nararapat na kami ay maging armado. Ang aming karanasan ngayon ang nagturo at nagpa-alerto sa aking mga anak na si Joseph at Joo-eun. Nabuksan ang aming mga mata sa aming naranasan. Natutunan namin na kailangan maging mapagbantay at maingat kami sa aming pamumuhay bilang Kristiyano. Ang nangyaring aksidente ang nagturo sa amin upang tumayo ng matatag at maging determinado sa mas mataas na lebel ng aming pananampalataya.

May isang semana nalang na natitira sa aming prayer rally. Habang papalapit ang huling araw, ay patuloy kaming inaatake at hinahadlangan ng mga masasamang espirito. Lahat ng nagdarasal sa aming kongregasyon ay isa-isa nang nabuksan ang espirituwal na paningin. Ang mga masasamang espirito ay bigo at natatakot na matalo. Kahit na alam nila na mahina ang kanilang pag-atake ay patuloy pa rin sila at hindi tumitigil. Mas naging malakas ang aming pagdarasal at mas lumaki at lumakas ang aming pananampalataya. Dahil doon ay

gumaganti ang masasamang espirito sa pamamagitan ng pagpapadala ng mas malalakas na espirito. Kaya naman walang pahinga ang aming espirituwal na laban.

Nang magdapit-hapon ay ninais kong tingnan ang paa ni Joseph na sumasakit dahil sa kulugo. Kami ay nagdarasal para sa kanyang paggaling. Nagulat kaming lahat sa sandaling tanggalin namin ang kanyang medyas. Ang kanyang kulugo na nasa ilalim ng kanyang balat ay lumabas na. Ang ugat at kulugo ay maitim. “Wow! Maganda ito! Joseph! Kailangan mong bumisita sa doctor sa balat at ibigay ang iyong testimonya sa doctor.”

Sumagot si Joseph, “Okey po Pastor. Magtetestimonya ako! Ang aking bukong-bukong ay sobrang kati ngayon.” “Iyon ay dahil pinapagaling ng Panginoon ang iyong paa. Kapag ang sugat pala ay nasa proseso ng paggaling, ito ay nagiging makati? Kailangan mo pa rin tiisin iyan. Papagalingin ka ng Panginoon bago matapos ang bakasyon.” Sa pamamagitan ng aking espirituwal na paningin ay nakikita ko na pinapahiran ni Hesus ng Kanyang dugo ang paa ni Joseph araw-araw. Sa gabi, ang aking asawa ay patuloy sa pag-ubo at pagluwa ng plema. Nilalagay namin nila Joseph at Joo-eun ang aming mga kamay sa kanyang leeg at nagdarasal kami. Habang kami ay nagdarasal, ay may masamang espirito sa kataohan ng isang batang babae na mahaba ang buhok at nakasuot ng puting damit. Ang masamang espiritong ito ang responsable kung bakit nahulog ang aking asawa sa hagdan. Itinulak siya ng masamang espirito. At ngayon naman, ang masamang espiritong ito ang nagdudulot ng ubo at plema sa aking asawa.

Inilagay ko ang aking isang kamay sa leeg ng aking asawa at iwinagayway ko naman ang isa kong kamay habang nagdarasal. Hindi nagtagal ay sumigaw ang masamang espirito. “Pastor Kim! Alisin mo ang iyong kamay! Alisin mo ang iyong kamay ngayon din! Tumigil ka sa pagdarasal! Ahh! Ang init! Masisiraan na ako ng ulo!” Sumigaw siya at biglang nawala. Lumapit sa amin si Hesus at sinabi Nya, “Mga anak, umalis na ang masamang espirito. Ngunit dahil may iniwang bakas ng sakit ang masamang espirito ay kailangan mo munang tiisin ito pansamantala. Kapag patuloy kang nagdasal ay gagaling ka ng mas mabilis. Huwag kang mag-alala.” Tinanong kami ng Panginoon kung mayroon pa kaming katanungan.

Kim, Joo-eun: “Hesus! Gaano na po kataas ang aming tahanan sa langit at gaano na po kadami ang aming baol ng kayamanan doon?” Sumagot ang Panginoon, “Bakit hindi ka magdasal upang ikaw mismo ang makakita noon sa langit? Hindi Ko maaaring ipakita iyon sa iyo ngayon. Sa pamamagitan ng iyong pananampalataya at sipag ay naisin mong malaman ang sagot hanggang sa mabuksan ang iyong espirituwal na paningin. Kapag nangyari iyon ay makakaakyat ka sa langit at malalaman mo ang kasagutan ng detalyado.

“Hesus! Gaano na po kalayo ang nararating ng panalangin ng aking ama?” Sumagot ang Panginoon, “Kapag nagdarasal si Pastor Kim, ang Espirito Santo ay nahahayag kaya naman ang mga kamay ng pastor ay gumagalaw ng kusa. Ang ibig sabihin niyon ay natanggap na niya ang biyaya ng pagpapagaling. Ngunit, dahil ito ang unang karanasan ni Pastor Kim sa kanyang buhay ay patuloy pa rin niyang iminumulat ang kanyang mga mata habang nagdarasal dahil bagohan pa lamang siya. Kaya naman, ang kanyang panalangin ay hindi umaakyat sa trono at nananatili lamang sa kalawakan. Kung patuloy siyang nagdarasal at hindi mag-aalala sa kanyang kamay na gumagalaw ng kusa ay madaling mabubuksan ang kanyang espirituwal na paningin at makakadalaw na siya sa langit.”

Nasambit rin ng Panginoon ang tungkol kay brother Joseph. Ang kanyang pagsisisi daw ay mahina kaya naman walang luha ang lumalabas. Sinabihan siya ng Panginoon na magsisi ng taimtim. Ang Diyos ay natutuwang matanggap ang mga luha ng pagsisisi ng aking ina. Ang kanyang panalangin ay lumampas sa alapaap at kalawakan. Sinabi ko kay Hesus, “Hesus! Ang aking lola sa aking ama ay isang Dyakonesa ngunit siya ay palaging umiinom.” Sumagot ang Panginoon, “May isang masamang espirito ng kalasingan ang nasa loob ng iyong lola. Kapag may panahon si Pastor Kim upang magdasal, ay kailangan niyang magdasal para sa iyong lola. Kailangan rin niyang pakumpisalin ang iyong lola para sa kanyang kaligtasan at pananampalataya.”

ANG MGA PASTOR AT MYEMBRO NG SIMBAHAN NA NANGANGALUNYA

“Mga taksil! Hindi ba ninyo alam na kapag nakipagkaibigan kayo sa sanlibutan ay kinakaaway naman ninyo ang Diyos? Ang sinumang nagnanais na maging kaibigan ng sanlibutan ay kaaway ng Diyos. 5

Huwag ninyong akalaing walang kabuluhan ang sinasabi sa kasulatan, "Ayaw ng espiritung ibinigay sa atin ng Diyos na siya'y may kaagaw sa ating pag-ibig." Santiago 4:4-5

Pastor, Kim Yong-Doo: Sa tuwing ang mga ministro ay nauulat sa balita at ang kanilang maduduming sekreto ay nahahayag sa telebisyon, ang aking puso ay nasasaktan. Pakiramdam ko ay ako ang nasa balita dahil ako ay isa ring ministro. Hindi ko gustong pag-usapan ang mga karumihan at sekreto ng mga ministro. Subalit sinabi sa akin ng Panginoon na itala ang mga detalye sa aklat. Sa tuwing naibabalita sa telebisyon o sa dyaryo ang mga kamalian at sekswal na katiwalian ng mga ministro ay pinapatay ko kaagad ang telebisyon o pinupunit ang dyaryo dahil sa aking takot na baka malaman iyon ng aking pamilya. Bilang isang ministro, ako ay nahihiya. Naguguluhan ako at hindi ko alam ang aking gagawin.

Nasabi sa amin dati ni Hesus na hindi dapat kami magkasala ng pangangalunya. Karamihan sa mga taong nasa impyerno ay ang mga taong nangangalunya. Sinabi ng Panginoon, "Hindi ba nakita ng mga myembro ng iyong simbahan ang mga taong pinapahirapan sa impyerno dahil sa pangangalunya? Ang pangangalunya ay isang kasalanan na mahirap pagsisihan." Napopoot ang Panginoon sa espirituwal na pangangalunya ngunit napopoot rin siya sa pisikal na pangangalunya.

Maraming ministro at myembro ang may maling paniniwala na kapag kinumpisal nila ang kanilang kasalanan sa Pangalan ni Hesus ay mapapatawad na sila. Kaya naman ang resulta nito ay patuloy pa rin sila sa paggawa ng kasalanan at magkukumpisal, at iniisip nila na nasa ilalim pa rin sila ng grasya ng Diyos. Tinatapakan lang nila ang grasya at hindi sila nag-aalinlangan na gumawa ng kasalanan ng paulit-ulit. Ang Panginoon ay nagdaramdam sa kanilang kahibangan. (Pahayag 2:21-23) Bago maniwala ang isang tao kay Hesus, siya ay nakagawa ng mga maling gawain dahil sa pagiging ignorante. Nagagalit si Hesus sa katotohanan na may mga taong walang pag-aalinlangan sa paggawa ng kasalanan matapos nilang tanggapin si Hesus bilang Panginoon. Sumigaw ang Panginoon ng galit, "Mahirap patawarin ang mga ministro na nangangalunya ng pasekreto! Kapag hindi sila nagsisi ng taimtim ay sa impyerno sila mapupunta!"

Nagmakaawa ako sa Panginoon, "Panginoon! Tao lamang po sila; na may laman, kaya naman hindi maiiwasan na mahulog sila at makagawa ng pagkakamali di ba?" Kapag namatay ang isang tao ay wala na siyang pagkakataon pa para magsisi. Pero habang sila ay nabubuhay, hindi po ba sila mapapatawad kapag nagsisi sila? Marami pong talata sa Bibliya na nagsasabi na mapapatawad Mo sila kapag sila ay nagsisi." Sumagot ang Panginoon, "Alam na alam ng mga ministro ang kasulatan, kaya naman kapag sila ay nangalunya ay mas malala ang paghuhusga sa kanila. At mahirap para sa kanila ang mapatawad."

Patuloy pa rin akong nagmakaawa sa Panginoon at hindi ako tumigil. Nakiusap ako ng katulad ng ginawa ni Abraham. "Panginoon! Kahit po tama Kayo, kapag dinala Mo po sila sa impyerno dahil sa mga kasalangan hindi napatawad ay hindi po iyon makatarungan. Sa mga tao pong iyon ay may mga ministrong nagdala ng maraming kaluluwa pabalik Sayo. At may mga ministro rin na pinalalakad ang kanilang simbahan sa mabuting paraan. Hindi ba ang iba sa kanila ay ang mga nangangalunya?" Sumagot ang Panginoon, "Bilang isang pastor, hindi mo ba alam ang kasulatan?" Tinulungan ako ni Hesus na maalala ang Filipos 2:12 "Kaya nga, mga minamahal, tulad ng inyong buong-pusong pagsunod noong ako'y kasama pa ninyo, lalo kayong maging masunurin ngayong ako'y malayo sa inyo. Pagsumikapan ninyong maging ganap ang inyong kaligtasan nang may lubusang paggalang at pag-ibig sa Diyos,"

Kahit pa pinagsabihan ako ng Panginoon ay nagpatuloy pa rin ako sa pakikipag-debate sa Kanya: "Mahal kong Panginoon! Ang mga ministro pong iyon ay nagsakripisyo ng boong buhay nila sa Iyo. Nabuhay po sila sa mundo upang pagsilbihan Ka. Hindi Mo po ba sila bibigyan ng pagkakataon upang makapagsisi? Kung sasabihin ko na napupunta ang mga pastor sa impyerno, sino ang maniniwala sa akin?"

Sandali Siyang nanahimik at napatigil. Mahinahon at may dignidad na winika ng Panginoon, "Umaayon sa akin ang Amang Diyos. Kapag ang mga ministro na nangangalunya ay magsisisi ng may takot, sila ay mapapatawad. Ngunit kapag bumalik muli sila sa kanilang kasalanan matapos silang magsisi ay niloloko lang nila ang Diyos! Hindi mahalaga kung kaonti o marami silang nagawang paglilingkod, gumagawa sila ng kasalanan na kinapopootan ng Diyos! Kailangan mo itong tandaan."

May isang pangitain na ipinakita sa akin si Hesus. May isang pastor na umibig sa isang binibini sa simbahan. Palagi silang nagkikita at nagkaroon sila ng sekswal na relasyon. Hindi nagtagal, ang kanilang relasyon ay nalaman ng asawa ng pastor. Sobrang nagulat at nasaktan ang asawa ng pastor. Pinilit ng asawa na magsisi ang pastor pero hindi siya nakikinig. Hindi nakayanan ng asawa ng pastor ang sakit at siya ay labis na nalungkot. Dahil dito, siya ay nagpakamatay na karaniwan ginagawa ng mga hindi nananampalataya. Ngayon ay nasa impyerno siya at pinahihirapan.

Tinanong ako ng Panginoon, “Sa tuwing nakikita ko ang aking anak ay sobrang nasasaktan ako. Paanong hindi ko dapat dalhin ang pastor na iyon sa impyerno? Ang pastor na iyon ay naglilingkod pa rin. Ang kanyang pagsisisi ay hindi totoo. Kahit ngayon ay namumuhay pa rin siya sa kahibangan at kasinungalingan. Marumi ang kanyang pag-iisip. Walang sino man ang maaaring manloko sa Akin. Walang sino man ang makapagtatakip ng kanyang kasinungalingan.”

MAAARING MAALIS ANG PANGALAN SA AKLAT NG BUHAY

May isang dyakonesa noon sa aming simbahan. Noong siya ay tapat pa ay nakatanggap siya ng maraming biyaya sa Espirito Santo. Ngunit ang mga biyaya ay binawi. Hindi nagtagal ay nagsimula siyang uminom ng alak at manigarilyo. Nakikipag-usap rin siya sa isang lalaki sa telepono. Nakikipag-usap siya araw-araw at nakipagkita ng pasekreto. Sinubukan kong pigilan siya sa pakikipagkita sa lalaking iyon. Napagtaasan ko pa siya ng boses ngunit nagpatuloy pa rin siya.

Ang Diyos ay mapagpasensya sa tao. Subalit, kapag ang tao ay hindi nagsisisi ay kapopootan siya ng Diyos. Ipinakita sa akin ni Hesus sa isang pangitain na binura Niya ang pangalan ng Dyakonesa sa aklat ng buhay. Lahat kami ay natakot nang malaman namin iyon.

Natakot kami at itinanim namin ang katotohanang iyon sa aming mga puso. Kapag binigyan tayo ng Diyos ng pagkakataon, ay dapat natin kunin iyon kahit anong mangyari. May pagbabadyang idinagdag si Hesus, “Dinadaya ng taong iyon ang Diyos at binabagabag ang Espirito Santo. Kaya naman, kapag hindi siya nahapis at taos pusong nagsisi, ay hindi siya makakapasok sa langit”

Kung malaki ang magiging paghuhusga sa mga myembro ng kongregasyon, gaano pa kaya ang paghuhusgang Aking gagawin sa mga pastor na nangangalunya? Ang mga pastor ay kailangang magsisi hanggang sa punto ng kamatayan. Sa ngayon ay dinadaya ng mga ministro ang Diyos; sinasabi nila, “Ito ang araw ng awa - pinalalaya tayo ng Salita ng Diyos. Magsisi lamang at mapapatawad na kayo.” Ito ang araw na kailangan mas matakot ang mga tao kaysa noong unang tipan. Nagbadya ang Panginoon na paparating na ang araw na huhusgahan tayo sa ating mga ginawa.

Habang nagsusulat ako ng kabanatang ito ay maraming oras akong nakadama ng pagkadismaya. Sinabi ni Hesus, **“Pinapawalang saysay ba namin ang Kautusan dahil sa pananampalatayang ito? Hinding-hindi! Sa halip, pinapagtibay pa nga namin ito.”** (Roma 3:31) Kami ay nabubuhay sa kahanga-hangang awa ng Diyos. Subalit, ang pamumuhay sa Kanyang awa ay hindi ibig sabihin na wala na ang ating mga kasalanan. Inaabuso natin ang awa ng Diyos kung hindi tayo nagsisisisi. Ang araw-araw na pagsisisi ang pinakamabilis at madaling daan sa awa ng Diyos.

ANG MGA TAONG TUMUTUTOL SA MGA PASTOR (ESPIRITUWAL NA AWTORIDAD)

Dahil ako ay isang pastor ay magmumukhang isinusulat ko ang aklat na ito sa pananaw ng isang pastor. Subalit, wala akong kagustuhan na ipagtanggol ang mga gawain ng ibang pastor. Ako ay nagsusulat dahil ako ay napag-utusan. Imposibleng magsulat ako ng may kinikilingang mga pastor o kongregasyon. Hindi ko iyon gagawin. Sinabi ng Panginoon, “Dinidisciplina ko ang Aking mga tagapaglingkod.” Sinabi rin ng Panginoon na hindi Niya gagamitin ang kongregasyon upang disiplinahin ang isang pastor. Huhusgahan Niya at didisciplinahin ang mga nagkakasala. Ibinigay ng Panginoon ang talata 1 Samuel 4:11-22. Sinabi rin ng Panginoon na hindi Niya matatanggap ang mga gawain ng mga myembro ng simbahan na bumubuo ng grupo upang tumutol sa kanilang pastor. Parurusahan Niya ang mga taong iyon kagaya ng parusang ginawa Niya kina Korah, Dathan at Abiram. Mga Bilang 16:26-35

Nakiusap akong muli sa Panginoon, “Hesus! Minsan po ang mga myembro ng simbahan ay basta nalang bumubuo ng grupo ng hindi pinag-iisipan. Ang kanila pong intensyon ay upang mapaunlad ang simbahan. Kung ganoon po, bakit po sila huhusgahan?” Sumagot ang Panginoon, “Kapag tungkol sa simbahan ay hindi ito mareresolba sa paraan ng tao. Kaya hindi iyan katanggap-tanggap.” At isa pa, idinagdag ng Panginoon na kapag hindi nirespeto ng isang santo ang espirtuwal na awtoridad sa pamamagitan ng pagtutol sa pastor, ay kailangan niyang magsisi ng may pagkatakot. Kung hindi ay manganganib siyang mapunta sa impyerno. Ang taong nakapagsisi na ay kailangan mamuhay ng matuwid at maingat. Ang pastor naman na hinahayaan na mawalan ng respeto ang kongregasyon sa espirtuwal na awtoridad ay dapat rin magsisi. Sinabi ng Panginoon na ang boong grupo, kasama ang pastor ay kailangan magsisi ng may pagkatakot. Sinabi Niya na kung nagdadasal ang simbahan o pastor sa Kanya ay masosolusyonan ang kanilang problema.

BINISITA NG PANGINOON ANG MGA SIMBAHAN SA BUONG MUNDO

“Isulat mo sa anghel ng iglesya sa Efeso: “Ito ang ipinapasabi ng may hawak ng pitong bituin sa kanyang kanang kamay at lumalakad sa gitna ng pitong ilawang ginto.” Pahayag 2:1

Nagpatuloy ako sa pagtatanong sa Panginoon. “Panginoon, may nakapagsabi na kaya Mong pumunta sa lahat ng simbahan sa buong mundo ng sabay-sabay - totoo po ba iyon?” Sumagot ang Panginoon, “Dahil Ako ay Espirito, ay hindi Ako mahahadlangan ng pisika ng mundo. Nakakaya Kong pumunta sa lahat ng lugar, sa kahit anong oras, o sa kahit saang simbahan. Hindi lang Ako nasa isang simbahan. Pinagmamasdan Ko ang lahat ng simbahan sa buong mundo. Ang Espirito ay hindi napapagod. Kapag ang isang tao ay nagdasal sa kahit saang simbahan ay naririnig ang kanyang panalangin. Kaya Kong marinig lahat at samahan ang lahat ng Aking anak ng sabay-sabay. Kapag ang isang tao ay masigasig na magdasal, ang kanyang espirtuwal na paningin ay mabubuksan at maipapakita Ko ang langit at impyerno sa taong iyon.”

Pastor Kim, ikaw at ang iyong asawa ay patuloy na humihingi para mabuksan ang inyong espirtuwal na paningin. Nagagalak din kayo sa Akin. Dahil sa kagustuhan niyo ay maraming beses na kayong umiyak. Kaya naman iniisip Ko na bigyan kayo ng pribilehiyo na makita ang langit at impyerno. Magdasal kayo ng masigasig. Noong una ay hindi pumayag ang Amang Diyos. Pero dahil kayong mag-asawa ay sobra ang pagnanais at kayo ay sumasamba araw-araw muli gabi hanggang umaga ay napahanga ang Amang Diyos. Tumatangis rin kayo ng sobra. Sinabi ng Amang Diyos, “Hindi pa Ako nakakita ng santong katulad nila.” Dahil doon, ay sinabi ng Amang Diyos na bubuksan Niya ang inyong espirtuwal na paningin.

May dalawang uri ng espirtuwal na kamalayan. Ang una ay ang bukas na espirtuwal na paningin at ang isa naman ay sarado. Madalas, ang mga simbahan ay nakararanas ng espirtuwal na kamalayan ng walang abilidad na makita ang espirtuwal na mundo. Halos lahat ng simbahan ay may ganitong uri ng espirtuwal na kamalayan. Sa ganitong espirtuwal na kamalayan, ang Espirito Santo ang nagbibigay ng impresyon, pananalig, at mensahe sa isang santo.

Kapag ang isang tao ay may espirtuwal na kamalayan at bukas rin ang kanyang espirtuwal na paningin, ito ang yugto na maaari niyang makausap si Hesus. Sa Korea, maliban sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church), ay may maliit na bilang ng mga santo na may ganitong abilidad. Ang mga santong ito ay nagagawang makipag-usap kay Hesus kapag tumatawag sila sa Kanya. Sinabi ni Hesus na ang mga myembro sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s church) na bukas ang espirtuwal na paningin ay may oportunidad na makausap siya ng maraming beses.

1 “Kung tayo’y sumasampalataya na si Jesus ang siyang Cristo, tayo nga’y mga anak ng Diyos. At ang sinumang umiibig sa ama ay umiibig din sa anak. 2 Ito ang palatandaang iniibig natin ang mga anak ng Diyos: kung iniibig natin ang Diyos at tinutupad ang kanyang mga utos, 3 sapagkat ang tunay na umiibig sa Diyos ang tumutupad ng kanyang mga utos. Hindi naman mahirap sundin ang kanyang mga utos, 4 sapagkat napagtagumpayan na ng mga anak ng Diyos ang sanlibutan; at nagtatagumpay tayo sa pamamagitan ng pananampalataya. 5 Sino ang nagtata-gumpay laban sa sanlibutan? Ang sinumang sumasampalataya na si Jesus ang Anak ng Diyos.” 1 Juan 5:1-5

ANG AKING PAKIKIPAGLABAN SA IBAT-IBANG URI NG DEMONYO

Kim, Joo-eun: Habang ako ay nagpupuri sa Diyos, ay may isang demonyo na nagpanggap na batang babae ang lumapit sa aking harapan. Dahil bukas ang aking espirituwal na paningin ay sinunggaban ko siya at sinabunutan ang kanyang buhok. Walang awa ko siyang inikot-ikot. Ang demonyong batang babae ay sumigaw ng malakas. Inikot ko siya ng maraming beses at pagkatapos ay itinapon ko siya sa isang kanto ng kwarto.

Habang masaya akong nagpupuri sa Panginoon, ay may isang demonyo sa anyo na parang anino ang lumapit sa akin. Sa una ay hindi ko siya napansin. Sa tulong ng Panginoon ay nagawa ko siyang mahawakan. Nahawakan ko ang demonyong anino, inikot ko siya, tinapakan ko at sinipan ko ng aking paa. Muli ay may nakita na naman akong isang demonyo. Sa pagkakataong ito ay tumakbo ako papalapit sa kanya at hinawakan ko siya sa kanyang paa. Binali ko ang kanyang leeg, sinaktan ko siya at tinapakan. Dinugo ang demonyo at ang kanyang dugo ay umagos sa sahig. Wala pa akong pahinga ng may dumating na naman na demonyo at sinuntok ko siya sa kanyang tiyan. Umiyak siya at umupo sa sahig. “Aray! Ang aking tiyan!” Sinunggaban ko siya at hinawakan sa buhok. Ibinigay ko siya kay Sister Yoo-kyung. “Sister! Hawakan mo siya dito ng mahigpit!” Sumagot si sister Yoo-kyung, “O sige! Nakikita ko siya!” At itinapon niya iyon sa malayo.

Nagpatuloy ako sa paghuhuli sa mga demonyo. Napansin ko na para bang kami ay inaatake ng buong pwersa. Madalas ay nagpapakita sila habang kami ay nagdadasal ng sabay-sabay. Para bang pinalitan nila ang kanilang istrategiya at sinusubukan nilang pigilan kami sa simula pa lamang ng aming serbisyo. Para sa ilang kadahilanan, ang mga demonyong aming nakakasalamuha ay nasa anyo ng mga batang babae. May isa na namang nakakatakot na babaeng demonyo ang lumapit sa akin. Walang pag-aalinlangan kong hinablot ang kanyang buhok at walang awa ko siyang sinampal sa magkabilang pisngi. Sumigaw ang demonyo, “Aray! Masakit!” Kinalmot ko ang kanyang mukha ng aking mga kuko.

Nag-matigas ang babaeng demonyo at siya ay gumanti. Kinalmot niya ang aking likuran na aking ikinagulat. Nang tiningnan ko ng aking mga mata ay may mga marka ng kuko sa aking likod. Kapansin-pansin ang mga marka. Pinakita ko ito sa Pastor at sa kongregasyon para patunayan gamit ang kanilang pisikal na mata.

Lee, Yoo-kyung: Habang pinupuri ko ang Panginoon sa aming pagsamba, ay may isang demonyo na may dalawang kulay ang mukha ang lumapit sa akin. Ang kabilang pisngi ay kulay puti at ang kabila naman ay itim. At may isa pang demonyong kulay asul ang mukha ang dumating upang samahan siya. Mabilis kong hinablot ang dalawang demonyo at walang awa ko silang inikot sa hangin. Itinapon ko sa malayo ang demonyo na may dalawang kulay ang mukha. Ang demonyong asul ang mukha ay hindi nakayanan ang aking ginagawang pag-iikot sa kanya kaya sa sobrang galit ay kinalmot niya ang likuran ng aking kamay. Matapos niya akong kalmutin ay kinurot niya ako at kinagat. Napasigaw ako sa sakit. Nagalit ako at itinapon ko siya sa malayo. Nang tingnan ko kung saan niya ako kinalmot at kinagat ay nakita ko ang mga marka sa nasugat kong balat. Ang daliri ko ay nagsimulang mamaga dahil sa kagat. Nakita ng mga myembro ng kongregasyon ang pisikal na marka at nagulat sila. Ang marka at ang sugat na galing sa demonyo ay napakasakit. Maluha-luha kong tiniis ang sakit.

SI JOSEPH AY NAKAGAT NG AHAS.

Lee, Haak-sung: Ako, si Yoo-kyung, si Joo-eun ay bukas ang ispirituwal na paningin at nakikita namin ang mga gawain ng mga demonyo/masamang espirito. Si Joseph ay nababagabag dahil wala siya ng abilidad na mayroon kami. Sinabi ni Joseph na kapag siya ay nagdadasal ay nararamdaman niyang umiinit ang kanyang katawan dahil sa Espirito Santo. Lagi siyang umuupo sa aking tabi tuwing nagsisimba. Kaya naman kapag ako ay nagdadasal ay may espesyal akong panalangin para sa kanya.

Habang sumasamba at nagpupuri kami sa Panginoon, ay may isang demonyo sa anyo ng isang ahas ang tahimik na gumapang papalapit sa amin. Lumapit siya kay Joseph at pumulupot siya sa dalawang paa nito. “Joseph! May ahas na gumagapang sa iyong katawan!” Sumagot siya, “Ano? Wala akong makita.” Hinawakan ko ang ahas sa kanyang leeg at iniabot iyon kay Joseph. Sumigaw ako sa sobrang tuwa, “Hawakan mo ito ng mahigpit at ihampas mo sa sahig!” Si Joseph ay parang naguluhan dahil hindi niya nakikita ang aking

nakikita. Hindi niya iyon maintindihan. Sinabi niya, “Brother Haak-sung, wala akong makita na kahit na ano.” Inulit ko sa kanya, “Joseph, ihampas mo ito sa sahig!” Kinuha niya ang ahas at inihagis iyon.

Kung sino man ang makakakita sa amin ay mag-aakala na inihahampas lang ni Joseph ang kanyang kamay sa hangin, at nagpapanggap na may hawak-hawak. Subalit, kung ang isang tao ay bukas ang espirituwal na paningin ay makikita niyang may hawak si Joseph na ahas at inihahampas niya iyon. Hindi kailanman ito maiintindihan ng taong hindi bukas ang espirituwal na paningin.

Dahil hindi nakikita ni Joseph ang ahas ay basta na lamang niya inihampas ang ahas sa hangin. Dahil dito ay nagawang pumulupot ng ahas sa kanyang braso. Kinagat ng ahas ang kanyang kamay. Nang kagatin ng ahas ang kanyang kamay ay napansin kong nag-iba ang kanyang ekspresyon. Napagtanto niya na totoo iyon. May nakita kaming marka ng kagat ng ahas sa kanyang kamay. May dalawang marka ng pangil na bumaon. Nagsimulang dumugo ang kagat ng ahas. Nang makita ng pastor kung ano ang nangyayari ay niyaya niya kaming pumunta sa altar na hawak-hawak ang ahas.

Itinaas ng pastor ang kanyang kamay at sumigaw siya ng, “Sa Pangalan ni Hesus!” Sa utos na iyon ay nahati ang katawan ng ahas. Napa-nganga ako ng makita ko iyon.

Ngayong araw ay maraming oras kaming nakipaglaban sa masasamang espirito. Kami ay nag-oopensa at nagdedepensa. Maraming lakas ang aming nagagamit sa pagpapaalis ng mga demonyo para talunin sila. Subalit, nang dalhin na namin ang masasamang espirito sa pastor ay nagawang mapahina ito ng pastor. Ang pastor ay may biyaya ng Banal na Apoy ng Diyos at sa kanyang utos, ang Banal na Apoy ay lumalabas sa kanyang katawan upang sunugin ang masasamang espirito at sila ay nagiging abo.

ANG PANGHUHULI SA MGA DEMONYO

Nang makita namin ang mga demonyo ay hinuli namin sila at dinala sa altar kung saan nakatayo ang pastor. Pinatay silang lahat ng pastor sa pamamagitan ng Banal na Apoy. Nakakapagod ang gabing iyon dahil inaatake kami ng mga demonyo ng buong pwersa. Napakaraming masasamang espirito at hindi namin kayang tantiyahin ang eksaktong bilang nila. Kahit gaano pa kadami ang aming pinaalis at natalong mga demonyo ay may dumarating pa ring grupo ng masasamang espirito. Si Hesus ay nasa altar at nanonood habang kami ay nakikipaglaban. Ang Panginoon ay nakatayo sa harap ng krus. Sa kalagitnaan ng aming serbisyo ay nanghuli kami at nakipaglaban sa mga demonyo. Dahil dito ay hindi namin natapos ang serbisyo. Lahat ng myembro ng kongregasyon ay nanghuli ng mga demonyo. Habang nakikipaglaban, si Joseph ay nasugatan sa tatlong bahagi ng kanyang katawan. Ang dalawa niyang sugat ay nagmula sa kagat ng ahas. Ang pangatlo naman ay kagagawan ng batang babaeng demonyo na kumalmot sa kanya. Lahat ng kanyang sugat ay dumurugo. Malinaw kong nakita ang mga kalmot at marka ng kagat na nasa likod ng kanyang mga kamay. Pinaglaruan ng pastor at buong kongregasyon ang mga sugat ni Joseph para naman kahit papaano ay hindi niya maramdaman na siya ay biktima. Pinalakas namin ang kanyang loob at sinabi namin na ang mga kagat na iyon ay marka ng pakikipaglaban at isa iyong parangal.

Kang, Hyun Ja: Sa gitna ng aming serbisyo, si Haak-sung, Yoo-kyung, Joo-eun at Joseph ay sumigaw ng, “Pastor! Ginang Kang, Hyun Ja! Napakaraming demonyo ang umaatake! Anong gagawin namin?” Sinabi ng pastor sa kanila, “Huwag kayong mag-alala. Nasa tabi natin ang Diyos. Dapat ninyo silang matalo sa laban.” Masayang sumigaw ang mga bata, “Wow! Magaling! Mga pangit na demonyo! Patay kayo ngayong araw!” Lahat sila ay nagsipagtakbuhan sa loob ng silid at nakipaglaban sa mga demonyo.

Sa pisikal na mata ay nakikita namin ang mga bata na tumatakbo at inihahampas ang kanilang mga kamay sa hangin. Subalit, sa espirituwal na paningin ay nakikita namin kung ano talaga ang nangyayari. Naisip ko sa aking sarili, “Paano kung makita ng ibang tao sa ibang simbahan ang nangyayari? Paano ang mga bisita at mga bagong myembro?” Ngunit hindi na mahalaga para sa akin iyon. Habang ang mga bata ay naghahabol sa mga demonyo, ay masigasig akong nagdasal sa ibat-ibang wika at sumayaw sa Espirito. Bigla kong naramdaman ang aking kanang kamay na napuno ng lakas. Naramdaman ko na parang may nahawakan ako. Ang aking kamay ay nagsimulang gumalaw ng papaikot. Bumilis ang pag-ikot ng aking mga kamay. “Ano? Anong nangyayari?”

Wala na akong oras upang mag-isip pa kung ano ang nangyayari. Ang aking kamay ay mabilis na umiikot. Hindi iyon tumitigil. Hindi ko kayang umupo lang at hayaan iyon. Tumayo ako at tumakbo. Patuloy pa ring umiikot ang aking mga kamay. Sinulyapan ko si Sister Baek, Bong Nyo at nakita ko na parehas ang nangyayari sa amin. Hindi ko inaasahan na mabangga ang aking kamay sa kanto ng upuan. Kung titingnan sa pisikal ay hindi ko maintindihan kung anong nangyayari.

Tinanong ko ang mga bata na bukas ang espirituwal na paningin. “Joo-eun! Tingnan mo ang kamay ng iyong mama. Bakit umiikot ang aking mga kamay ng ganito? Bakit hindi ito tumitigil?” Nagulat siya at sumagot, “Mama! May hawak kang demonyo sa iyong kamay! Ihampas mo ang demonyo para mamatay siya!” Sinubukan kong ihampas iyon ng malakas. Sinabi ng pastor, “Ginang Kang, Hyun Ja! Pumanhik ka dito sa altar habang pinagpapatuloy mo ang paghampas.” Naglakad ako patungo sa altar. Sumigaw ang pastor ng, “Banal na Apoy!” Ang aking kamay ay tumigil sa pag-ikot at nagapi din ang demonyo. Nasunog iyon at naging abo. Iyon ay kamangha-manghang pangyayari. Habang nanonood ako, ay nakita ko na lahat ng demonyo ay nagapi. Napagtanto ko kung gaano kalakas ang aming espirituwal na abilidad.

SA TUWING HINAHAWAKAN NG MGA DEMONYO ANG KATAWAN NG PASTOR, SILA AY NATITIBAG AT NAGIGING ABO

Kim, Joo-eun: Pagkatapos ng aming panggabing serbisyo, habang ako ay nagdadasal sa ibat-ibang wika ay may demonyong lumapit sa akin. Nagapi ko ang demonyo sa pamamagitan ng awtoridad ng Pangalan ni Hesus. Subalit, maraming grupo ng demonyo ang nagpanggap na mga batang babae na nakasuot ng puting bistida. Namangha ako sa dami nila. Hindi sila mabilang.

Nagmartsa ang mga demonyo na may bilang na apat o lima sa isang grupo. Lahat sila ay nakapila sa ranggo. Kahit lahat sila ay mga batang babae, ay hindi pare-parehas ang itsura nila. Lahat sila ay may pagkakaiba sa itsura. Kaya kong makilala ang kaibahan ng bawat isa sa kanila. Dahil lahat sila ay nakapalibot sa akin, ay napagdesisyunan ko na sunggaban ang kahit sinong demonyo na abot ko at atakihin sila. Literal kong binubugbog ang mga demonyo. Hinahabol ko sila kapag sinusubukan nilang tumakas at nagagawa ko silang hulihin. Ang mga demonyo ay napapasigaw kapag inaatake ko at natatalo sila. Sinusunggaban ko sila, kinakalmot ng aking mga kuko at binubugbog. Inihahampas ko sila na parang basahang manika. Pagkatapos ay dinadala ko sila kay Pastor Kim.

Sa pamamagitan ng aking espirituwal na paningin ay nakikita ko ang pastor na nagiging parang bolang apoy. Kinapopootan ng mga demonyo ang Pastor at sila ay natatakot sa kanya. Kapag may nahuli akong demonyo ay dinadala ko sila sa pastor upang sunugin. Ang kailangan ko lang gawin ay idikit ang nanghihinang demonyo sa katawan ng pastor. Bawat demonyo na nasusunog at nagiging abo ay sumisigaw sa sakit. Hindi alam ng pastor ang aking ginagawa. Patuloy lang siya sa pagdarasal. Sa gitna ng aming pakikipaglaban ay nairita ako. Naisip ko sa aking sarili, “Ngayong araw ay determinado ako. Magdadasal ako at hihingin sa Panginoon na makabisita ako sa langit.” Subalit hinadlangan ako ng mga grupo ng demonyo. Hindi ako nakapagpokus at hindi ko naipaalam ang aking kahilingan. Hindi ako nakabisita sa langit ngayon araw. Pero ayos lang, kung hindi ako makakabisita sa langit ngayon ay ibubuntong ko nalang ang aking pagkadismaya sa mga demonyo! Nagapi ko ang lahat ng demonyong lumapit sa akin.

Iyon ay napakahirap na araw. Para bang ako ay nakatagpo ng mahigit sa isang daang demonyo. Pagkatapos ng matagal na oras ay nagpakita si Hesus. Hindi ako nilapitan ng Panginoon. Pumunta Siya sa altar kung saan nagdarasal ang pastor. Hindi pa siya gaanong gumagaling sa kanyang mga sugat. Iyon ay mga sugat na kagagawan ng mga demonyo ilang araw na ang nakararaan. Ang mga sugat ay hindi gumagaling kaya naman masakit pa rin iyon para sa pastor. Subalit kahit nahihirapan siya ay pinangungunahan pa rin niya ang aming serbisyo at pagsamba. Kahit nagdadasal siya ay nasasaktan pa rin siya at siya ay nanghihina. Tumayo si Hesus sa tabi ng pastor at magiliw Niyang hinaplos ang ulo, likod, katawan, lalo na sa mga bahaging may sugat.

Kapag nakikita ng Panginoon ang pastor ay nagiging mapaglaro Siya. Para bang gustong-gusto ng Panginoon na makasama ang pastor. Habang nakatayo ang Panginoon sa tabi ng Pastor ay umawit siya, “Sa kabila ng iyong mga sugat ay masigasig ka pa ring nagdarasal! Mahusay ang iyong ginagawa! Mahusay!” Ang Panginoon ay nalulugod. Habang pinanood ko sila ay hindi ko namalayan na may demonyong umatake sa akin at binali nito ang aking braso. Mula sa dulo ng aking daliri, ang malamig na enerhiya na mula sa demonyo ay lumipat

at kumalat ng dahan-dahan papataas sa aking braso. Kaagad kong pinisil ang aking braso upang matigil ang pagdaloy ng malamig na enerhiya. Sumigaw ako ng, “Inuutusan kita, sa Pangalan ni Hesus na lubayan ako! Alis!” Ang enerhiya ng demonyo ay dahan-dahang nawala. Habang nagdarasal ako ay minamasahe ko ang aking kanang kamay at braso at naging normal na muli ang aking pakiramdam.

SI YOO-KYUNG AY SUMUBOK MANGHULI NG MGA DEMONYO

May isang demonyo na maitim ang mukha at may limang magkakadikit na katawan ang lumapit sa akin. Nahawakan ko siya at inihampas ko siya. Pagkatapos ay may demonyo na naman sa anyo ng tao na nakasuot ng puting damit ang nagpakita. Ang demonyong iyon ay napakataas na halos abot na niya ang alapaap. Inihampas ko ang dalawang demonyo at nagdasal ako sa ibat-ibang wika. Habang nagdarasal ako ay may demonyong may matulis na sungay sa kanyang ulo at ako ay kanyang nililibak habang nakaupo siya sa piano. Ang demonyong iyon ay may mahabang buntot at siya ay nakakatakot. Nagulat ako ng magawa ko siyang mahuli. Sinubukan niyang makawala sa pamamagitan ng pagpapayagpag ng kanyang pakpak na parang sa paniki. Ngunit nagawa ko siyang hilahin pababa sa sahig at tinapakan ko siya. Sinaktan ko siya ng walang awa.

Habang binubugbog ko ang demonyo, ay lumapit sa akin si Hesus. “Yoo-kyung! Mahusay ang iyong ginagawa! Nagagawa mong talunin ang demonyo. Pinag-iisipan Kong isama ka sa langit upang ipasyal ka doon pero abala ka sa pakikipaglaban sa mga demonyo. Ano sa tingin mo?” Sumagot ako, “Hesus! Sa susunod nalang po ako pupunta sa langit. Kailangan ko munang talunin ang lahat ng demonyo dito ngayon!” Sinabi ng Panginoon, “O sige, talunin mo ang demonyo at maging matagumpay ka.” Tumayo si Hesus sa aking tabi at nanood. Ang mga demonyo ay natakot at nagsipag-alisan nang makita nila si Hesus.

Naglakad si Hesus patungong altar kung saan nagdarasal si Pastor Kim. Hinaplos ni Hesus ang ulo ng Pastor, lalo na sa bahaging nakakalbo. Pagkatapos niyon ay lumapit ang Panginoon kay Joseph at hinaplos Niya ang paa at katawan nito. Hinahaplos ni Hesus ang mga bahagi na masakit. Hindi ako natuwa na umalis si Hesus sa aking tabi. Sumigaw ako ng malakas, “Ama! Ama!”

Nang umalis si Hesus ay may demonyong nagpakita sa altar at siya ay lumapit sa akin. Nairita ako sa kanyang mapang-uyam na komento. Sinubukan kong huwag pansinin, ngunit patuloy pa rin siya sa pagbibiro at pagsasabi ng masasamang salita sa akin. Sinubok niya ang aking pasensya at nagalit ako ng sobra. Hinawakan ko siya at inikot-ikot. Nagreklamo ang demonyo, “Nahihilo na ako! Nahihilo ako! Pakawalan mo ako!” Napansin ko na ang demonyo ay may mata sa ilalim ng kanyang mata. Ang matang nasa ilalim ay nakatitig sa akin. Nakakatakot iyon. Sinabihan ko siya ng, “Bakit mo ako tinitingnan ng ganyan?!” Dinukat ko ang mata ng demonyo ng aking mga daliri. Dahil ang demonyo ay maraming mata sa ilalim ng kanyang mata ay kinailangan kong dukatin siya ng maraming beses. “Ah! Mata ko! Ang mata ko!” Sumigaw ang demonyo sa pagkatakot ngunit hindi ko siya pinakawalan. Pinagpatuloy ko ang pag-ikot sa kanya. Sumigaw siya ng, “Lubayan mo ako! Kapag hindi mo akong pinakawalan ay kakagatin kita!” Nang tinakot niya ako ay mas lalo ko pa siyang inikot ng mas mabilis. Kinagat ng demonyo ang aking kamay ng buong lakas.

Nang kagatin niya ako pinakawalan ko siya. Itinapon ko siya sa malayo. Dumating si Hesus sa aking tabi at binati Niya ako ng mga papuri. “Ang Aking Yoo-kyung ay napakagaling sa pakikipaglaban sa mga demonyo!” Marahan Niyang hinawakan ang aking kamay at sinabi Niya, “Yoo-kyung! May nakikita akong isang demonyong paparating. Talunin mo siya!” Tumayo ang Panginoon at pinanood Niya akong makipaglaban sa demonyo.

Ang demonyo ay nasa anyong kalansay at sumisigaw siya ng, “Sumama ka sa akin sa impyerno!” Habang iniiling ko ang aking ulo, ay sinagot ko siya ng, “Hindi! Hindi!” Hinawakan ko siya at iniuntog ko siya sa sahig ng sobrang lakas. Sumigaw ang demonyo at nawala. Pumalapak si Hesus at sinabi Niya, “Wow! Ang aking Yoo-kyung ay napakahusay! Lumaki na ang iyong pananampalataya!” Nanatili Siyang kasama ko ng ilang sandali habang pinupuri Niya ako. Pagkatapos niyon ay bumalik na si Hesus sa langit. Nagdasal ako sa ibat-ibang wika ng mas matagal. Sa tingin ko ay limampung demonyo ang aking nakatunggali sa araw na iyon.

ANG PAGBABAGO NI HAAK-SUNG SA PAMAMAGITAN NG ESPIRITO SANTO

Ang bilang ng mga demonyo ay nagpatuloy sa pagdami. Inaatake nila kami ng grupohan. Dinukat ko ang kanilang mga mata, tinanggal ko iyon, sinaktan ko sila at inikot. Dahil dalawa lang ang aking kamay ay hindi ko madepensahan ang aking sarili habang inaatake ko sila. Napakadami nila. Nanghina ako at sinabi ko sa aking sarili, “Kung mayroon lang akong Banal na tabak ay siguradong matatalo ko silang lahat.” Sa gitna ng laban ay lagi kong iniisip na dapat akong magdasal ng mas matagal at magbasa at pag-aralan ang Salita ng Diyos. Kung gagawin ko iyon ay matatanggap ko ang tabak ng Espirito Santo. Sa aking pakikipaglaban ngayon sa mga demonyo ay marami akong napagtanto. Habang marami akong natatalo ay mas lalong dumadami ang umaatake. Hindi ko alam kung saan sila nangagaling o nagtatago. Hindi lang mga bagong demonyo ang umaatake kundi pati na rin ang mga dating demonyong natalo nila Joseph, Joo-eun at Yoo-kyung. Pinipigilan nila kami sa oras ng aming serbisyo at pagdarasal. Namamangha kami sa dami ng demonyong lumulusob sa amin sa tuwing kami ay nagdarasal.

Para silang mga bwitre na pumapaikot sa kanilang pagkain. Kapag oras na para kumain ay sabay-sabay silang susunggab. Ang mga demonyo ay umaatake sa ganoong paraan at may mga bigla nalang sumusulpot. Ang mga nagtatago ay naghihintay ng tamang pagkakataon. Nakita ko rin si Satanas sa impyerno. Isinisigaw niya ang kanyang mga utos sa mga nasasakupan niya habang ang mga iyon ay ipinapadala upang umatake. Hindi ko pa naranasan ang makipaglaban sa napakadaming demonyo. Ngayong araw ay may kulupon ng mga demonyo na nakadikit sa pader at kisame. Sobrang dami nila at wala na kaming ibang makita kundi mga demonyo.

Umiyak ako sa Diyos upang bigyan ako ng Banal na Apoy: “Banal na Santatlong Diyos! Pakiusap! Ibigay Niyo po sa akin ang Banal na Apoy - ang Apoy na susunog sa mga demonyo!” Binigay sa akin ng Diyos ang isang bolang apoy. Nang pumasok ang Banal na Apoy sa aking katawan ay iniwasan ako ng mga demonyo. Bago pumasok ang Banal na Apoy sa aking katawan ay sobrang pagod ako pero nang makapasok na ang nag-aalab na apoy ay bumalik ang aking lakas. Nagagawa kong manghuli at talunin ang mga demonyo. Matapos kong talunin ang lahat ng demonyo ay nagdasal ako ng pasasalamat sa Panginoon. Nagpasalamat ako sa lahat-lahat. Naalala ko ang mga araw na sinaktan ko ang damdamin ng pastor at kapag naiisip ko iyon ay naiiyak ako.

Pinangunahan ng pastor ang aming makapangyarihang serbisyo. Napansin ko na ang aking kaluluwa at espirito ay mabilis na nagbabago. At ako ay ibang tao na kung ikokumpara dalawang buwan na ang nakararaan. Bukod doon, ako ngayon ay mulat na sa espirituwal, nakakapag-propesiya, may kakayahang makilala kung aling kaloob ang mula sa Espirito at kung alin ang mula sa masamang espirito, nakakapagdasal sa ibat-ibang wika, kakayahang makaunawa at magpahayag ng aral ng Diyos at malakas na rin ang aking pananampalataya. Sa tuwing nag-uusap kami ni Hesus ay nakikita ko ang trono ng Amang Diyos.

Ang Espirito Santo ay Espirito. Nagagawa ko Siyang makita sa pamamagitan ng aking espirituwal na paningin. Kinagigiliwan kong pumunta sa simbahan; Masaya at nakakapanabik. Gustong-gusto kong dumalo sa aming serbisyo ng buong gabi. Hindi ko maipaliwanag ang sayang aking nararamdaman sa tuwing ako ay nagdarasal at nagtuturo ng ebanghelyo. Ang serbisyo ay nagsisimula ng gabi at natatapos ng umaga, kadalasan sa ika-anim o ika-pito ng umaga. Hindi iyon nakakainip. Sa katotohanan ay nakakatuwa ito. Pagkatapos ng aming pagdarasal ay magpapahayag kami ng aming karanasan hanggang sa ika-lima ng umaga. Nagsasama-sama rin kami sa pagkain ng binilog na kanin. Pagkatapos ng aming almusal ay pinagpapatuloy namin ang pagdarasal hanggang sa lumiwanag ang sikat ng araw. Pagkatapos ay inihahatid kami ng pastor sa aming mga bahay. Sinasamahan kami ni Hesus sa aming pagbyabyahe pauwi. Aleluya!

ANG PAGPAKONG PAHIRAP NA NAGHIHINTAY SA IMPYERNO

Sister Baek, Bong-Nyo: Habang nagdarasal ako sa ibat-ibang wika ay dumating si Hesus. Naramdaman ko na dadalhin na naman Niya ako sa impyerno. Pero parang nag-aalinlangan si Hesus na sabihin na isasama Niya ako. Bago pa ako tanongin ni Hesus ay tinanong ko Siya, “Hesus, bakit Ka po nag-aalinlangan? Alam ko po na dadalhin Mo ako sa impyerno di ba?” Kakaiba ang Kanyang naging ekspresyon. Gayon pa man, ay hindi ko dapat suwayin ang Panginoon. “Hesus! Kung hindi Mo po sa akin ipapakita ang aking pamilya na pinahihirapan ay susunod po ako sa Iyo kahit hanggang sa dulo pa ng impyerno. Ayaw ko lang po talaga na nakikita ang aking pamilya na nahihirapan.” Tahimik na hinawakan ng Panginoon ang aking kamay.

Katulad ng dati, nang hawakan ng Panginoon ang aking kamay ay napunta na kaagad kami sa impyerno. Naglakad kami sa makitid na daan. Sa loob ng maikling oras ay napuno ang hangin ng mabahong amoy ng nabubulok na bangkay. Nakarating kami sa isang malawak na parang. May napakaraming krus na nakatayo. Lahat ng krus na iyon ay nakatanim ng malalim sa lupa. May mga tao nang nakapako sa mga krus at may mga dumarating pang iba. Sila ay nakapila at naghihintay ring maipako. Kabilang ang aking ina sa mga taong iyon. Nakatayo siya sa harap ng bakanteng krus.

May isang malaki at nakakatakot na nilalang ang nakabantay sa mga krus. Nang dumating ang oras para sa aking ina, ay itinali siya ng nakakatakot na nilalang sa krus at naghanda iyon upang siya ay ipako. Sinulyapan ako ng nilalang na iyon at pagkatapos ay sinabi niya sa aking ina, “Sabihan mo ang iyong anak na huwag nang pupunta sa simbahan at huwag nang maniwala kay Hesus ngayon din. Kung hindi ay talagang mamamatay ka ngayon!” Takot na takot ang aking ina. Tumingin sa akin ang nilalang na iyon at sinabi niya, “Kung sasabihin mo na hindi ka na maniniwala kay Hesus ay hindi ko na rin pahihirapan ang iyong ina. Sabihin mo! Sabihin mo na hindi ka na maniniwala! Sinubukan niyang manawaran sa akin. “Sabihin mo na! Mangako ka na! Bilis!” Ang sitwasyon ay nakaka-nerbiyos. Ang nilalang ay may katawan ng tao at may ulo ng kabayo. Kasuklam-suklam ang kanyang itsura at hindi ko kayang tumingin sa kanyang mga mata ng direktso.

Ang nilalang na may ulo ng kabayo ay humugot ng malaking batak at inutusan niya ang kanyang mga nasasakopan. Mabilis na sumunod at gumalaw ang kanyang mga alagad. Pinilit ng nilalang ang aking ina. “Bilisan mo! Sabihan mo na ang anak mo! Ngayon na! Nagugulo ang impyerno dahil sa iyong anak. Ang simbahan na dinadaluhan ng iyong anak ay nagdadasal ng buong gabi. Naaabala ang aming mga gawain. Ang mga tao na dapat ay napupunta sa impyerno ay dumadalo na ngayon sa simbahan at kami ay nabibigo. Bilis! Sabihan mo na ang anak mo ngayon din! Ang kanyang pastor ay nagsusulat ng aklat na magbubunyag sa impyerno at sa aming tunay na anyo. Kailangan namin siyang pigilan sa pagsusulat ng aklat na iyon. Ngayon, kausapin mo na ang iyong anak!”

Tumulo ang luha ng aking ina habang nakatingin siya sa akin. Dahil katabi ko si Hesus, ang aking ina ay hindi nakapag-salita. Yumuko lang siya at nagpatuloy sa pag-iyak. Naubos ang pasensya ng nilalang at nagalit siya. Ibinitay nila sa krus ang aking ina at mahigpit na itinali. Hindi nagtagal ay hinila na nila ang aking bunsong kapatid at pamangkin. Binitay din sila sa krus. Walang pag-aalinlangang ipinako sila ng masamang nilalang sa krus ng walang awa. Hindi pa sapat ang kanyang ginawa dahil hiniwa rin nito ang kanilang laman. Ang kanilang laman ay hiniwa na parang sa isda.

Ang kanilang laman ay hinihiwa mula sa itaas ng kanilang ulo hanggang sa kanilang paa. Ang kanilang katawan ay hinihiwa hanggang sa kanilang buto. Ang katawan ng aking pamilya ay itinaon sa palayok na may kumukulong langis. Mata nalang at tainga ang natira sa kalansay ng aking ina, kapatid at pamangkin. Lahat ng parte ay hiniwa. Kahit sa kanilang nakakaawang anyo ay nagawa pa rin nilang sumigaw. “Bong-Nyo! Umalis ka na! Sinabihan ka namin na huwag ka nang pupunta rito. Bakit ka pa bumabalik? Hindi ka ba nasasaktan kapag nakikita mo kaming nahihirapan? Pakiusap huwag ka nang babalik!”

Sumigaw ako ng, “Mama! Ang kawawa kong ina. Pagkatapos ng pangatlo kong pagbisita ay hindi na ako makakapunta pa dito kahit gustohin ko pa. Sinabi sa akin ni Hesus na pagkatapos ng pangatlo kong pagbisita ay hindi na Niya ako dadalhin dito. Nasasaktan ako sa tuwing nakikita kitang nahihirapan. Sumabat ang demonyo at sumigaw. “Tatanungin muli kita. Ito na ang huli mong pagkakataon! Sabihan mo ang iyong anak na huwag nang maniwala kay Hesus. Bilis! Pilitin mo siyang itigil ang pagdarasal at pagdalo sa simbahan! Bilis!” Nang pagsalitaan ng masama ng masamang nilalang ang aking ina ay nagdesisyon ako nag magsalita para sa aking ina: “Hoy ikaw! Masamang nilalang! Kung may gusto kang sabihin ay ako ang kausapin mo! Bakit mo tinatakot ang aking ina? Kapag nahuli kita ay mananagot ka sa akin!” Nang pinagsalitaan ko ang demonyo ay tumakbo siya patungo sa aking ina na kasing bilis ng bala. Kinalbo niya ang aking ina, hiniwa ang tenga, at dinukat ang mata. Sumigaw ang aking ina sa sakit. “Tulongan niyo ako! Pakiusap!” Hindi ko na kaya pang makitang nahihirapan ang aking ina. Hindi ko kayang ipaliwanag sa salita ang nakakaawang eksenang iyon. Ang aking bunsong kapatid at pamangkin ay naranasan ang pahirap na dinanas ng aking ina. Tinaon ng nilalang ang natitirang bahagi ng kanilang katawan sa kumukulong palayok. Narinig ko ang mga sigaw ng aking pamilya na nagmumula sa loob ng palayok.

Hindi pa nasiyahan ang masamang nilalang. Pinuno niya ang palayok ng mga insekto. Ang mga insekto ay mabilis na gumapang at dumikit sa katawan ng aking pamilya. Nginatngat at kinain ng mga insekto ang kanilang buto. Sumigaw at napabulalas ang aking pamilya. At para bang ang aking ina ang nakararanas ng mas masakit.

Sumigaw ang aking ina: “Diyablo! Patay na ako! Bakit mo pinarurusahan ang patay na tao? Diyablo! Alisin mo ang mga insektong ito! Pakiusap!” Kahit alam ko na imposible ay tinanong ko pa rin si Hesus, “Hesus! Kailan po ang katapusan ng kanilang paghihirap?” Tumangis ako. Nakita ko sa mukha ni Hesus ang pag-kaawa. “Kapag nakapasok ka na sa impyerno ay hindi ka na makakaalis o magkakaroon pa ng pangalawang pagkakataon. Walang hanggan kang parurusahan at pahihirapan ng paulit-ulit.”

Umiiyak akong nagsumamo at kumapit sa Kanya. “Hesus! Ang aking ina ay masasaktan ng paulit-ulit sa impyerno ng walang hanggan. Paano ako mamumuhay ng masaya sa langit? Hindi ko na kaya pang panoorin na nahihirapan ang aking ina. Pakiusap ako nalang ang ipalit Mo sa aking ina upang maligtas siya!” Subalit mabilis na tinawag ni Hesus ang mga anghel. Halos mawalan na ako ng malay dahil sa pagkasindak sa impyerno. Sa utos ni Hesus ay dumating si Arkanghel Mikael at iba pang anghel upang tulungan akong makabalik sa simbahan. Tinawag rin ni Hesus si Moyses upang aliwin ako. Nasasaktan rin si Hesus at Moyses. Niyakap nila ako at pinunasan ang aking mga luha. Nang makita nila akong umiiyak ay nakiramay din sila.

IKA- DALAWAMPUT APAT NA ARAW: ANG AMING PERSONAL NA KARANASANG PANG-ESPIRITWAL

1 Dapat mong malaman na sa mga huling araw ay magkakaroon ng mga kahirapan. 2 Ang mga tao'y magiging makasarili, sakim sa salapi, palalo, mapagmataas, mapagsamantala, suwail sa magulang, walang utang na loob at lapastangan sa Diyos. 3 Sila'y magiging malupit, walang habag, mapanirang-puri, marahas, mapusok at namumuhi sa mabuti. 4 Sila'y magiging mga taksil, pabaya, mayabang, mahilig sa kalayawan at walang pag-ibig sa Diyos. 5 Sila'y magkukunwaring maka-Diyos, ngunit hindi naman nakikita ang kapangyarihan nito sa kanilang pamumuhay. Iwasan mo ang ganyang uri ng mga tao. 2 Timoteo 3:1-5

Kim, Joseph: Habang ako ay nagdarasal sa ibat-ibang wika ay umiyak ako ng may pagsisisi. Matagal ko nang hinihintay na makapagsisi na may luha. Ang aking katawan ay naging bolang apoy. Biglang may sumulpot na masamang espirito sa anyo ng isang ahas. Sinunggaban ko siya at inikot ko sa hangin.

Lee, Yoo-kyung: Habang nagdarasal ako ng taimtim, ay may kasuklam-suklam na masamang espirito ang nagpakita at lumipad patungo sa akin. Sa pamamagitan ng kanyang paniking pakpak ay umali-aligid siya sa akin. Ang kanyang mata ay katulad ng sa palaka. Napansin ko ang kulay pula niyang ilong habang sumusutsot siya sa akin ng kanyang mahabang dila. Iniirita niya ako. Nang mahuli ko siya ay pinilas ko ang kanyang pakpak at inikot ko siya sa hangin. May maitim at pulang dugo ang tumulo mula sa napilas na pakpak.

Sa oras ding iyon, ay may pangit at maitim na ahas ang sumulpot mula sa piano na nasa aking tabi. Sumisitsit siya at dahan-dahang lumapit sa akin. Sa lahat ng hayop, ang aking pinaka-kinatatakutan ay ang ahas. Kasuklam-suklam silang nilalang. Wala akong magawa habang papalapit ang maitim na ahas sa akin. Sumigaw ako na nakapikit ang mata: “Panginoon! Natatakot po ako! May ahas po dito!” Matapos akong tumawag ng tulong ay kaagad na dumating ang Panginoon. Dinampot Niya ang ahas at tinapon iyon sa malayo.

Tinanong ako ng Panginoon, “Yoo-kyung, ayos ka lang ba? Huwag kang matakot.” Gumaan ang aking pakiramdam. Sumagot ako ng, “Opo Panginoon!” Sinabi ng Panginoon, “Pumunta tayo sa langit.” Hinawakan ko ang Kanyang kamay at umalis kami patungong langit. Habang papunta kaming langit ay hiniling sa akin ni Hesus na umawit ako ng papuri habang lumilipad kami sa kalawakan. May napakadaming bituin. Umawit kami ng, “Pinupuri ka ng aking kaluluwa..” ng maraming beses. Pagkatapos naming bumisita sa langit ay bumalik na kami sa simbahan. Bumalik ako sa pagdarasal at lumapit naman si Hesus kay Pastor Kim. Nakinig si Hesus habang nagdarasal ang pastor.

Pinakinggan ng Panginoon ang panalangin ng pastor at hinaplos din Niya ang bahagi ng katawan na masakit. Masakit ang likod niya dahil iyon ay nakagat ng mga demonyo. Lumapit ang Panginoon kay Joseph at

sumigaw Siya ng, “Magsisi ka pa! Sige pa! Tumangis ka!” Kapag umiyak ka lang ay saka lang mabubuksan ang pintuan ng langit. Tumangis si Joseph ngayong araw: naranasan niya ang luha ng pagsisisi. Bumalik sa akin si Hesus nang dumating ang mga anghel. Sinabi sa akin ni Hesus, “Yoo-kyung, hindi ka dapat magkasakit. Kailangan mong maging malusog. Magsaya ka!” Sumigaw ang mga anghel. “Sis Yoo-kyung! Wag kang manghihina!” Naging determinado ako at sabay kami ni Hesus na sumigaw ng, “Mag-saya!” Pagkatapos noon ay nagpaalam na kami sa isat-isa.

ANG PANANGGALANG NA IBINABALOT NG MGA ANGHEL.

Lee, Yoo-kyung: Habang ako ay nagdarasal ay may mga anghel na bumaba. Pinalibutan ako ng mga anghel at naglagay sila ng pananggalang. Tinanong ko ang mga anghel kung anong ginagawa nila. Ang sabi nila ay pinalilibutan nila ako ng pananggalang. Habang binabalutan ako ng mga anghel ng pananggalang ay naramdaman ko ang Banal na Apoy at uminit ang aking pakiramdam. May nakita akong masamang espiritu at siya ay nakatayo sa labas ng pananggalang. Ang masamang espiritu ay may hawak-hawak na kutsilyo at naalala ko sa kanya ang nakakatakot na palabas na Chucky. Lumapit siya sa isa sa mga anghel na naglalagay sa akin ng pananggalang at pagkatapos ay sinaksak niya iyon ng kutsilyo. Subalit ang kutsilyo ay mabilis na natunaw at nasunog rin ang kanyang kamay. May nakita pa akong isang masamang espiritong lumalapit. Para siyang isang matandang puno. Dahan-dahan siyang lumapit sa akin at sinubukan niyang ipasok ang kanyang kamay sa pananggalang. Nang mapadikit siya sa pananggalang ay nasunog siya at nabalutan ng apoy ang buong puno. Sumigaw ang puno habang tumatakbo papalayo.

Ang mga anghel ay naglagay rin ng pananggalang sa palibot ni Dyakonesa Shin habang siya ay nagdarasal. Ang bilang ng anghel lahat-lahat ay dalawang daan. Lahat sila ay naglalagay ng pananggalang sa bawat myembro ng aming simbahan. May napansin na naman akong masamang espiritu sa labas ng aking pananggalang. Lumapit siya patungo sa akin. Sinubukan ng masamang espiritu na pumasok sa aking pananggalang subalit iyon ay mainit na parang nag-babagang apoy. Sumuko siya sa pagpasok. Ang masamang espiritu ay lumapit patungo kay Dyakonesa Shin. Sa kabutihang palad, ay nababalutan din siya ng pananggalang na apoy. Hindi nito nagawang makapasok sa pananggalang. Ang masamang espiritu ay umaligid sa aking ina. Nang lumapit siya sa aking ina ay nasunog siya at naglaho.

Biglang nagkaroon ng maliwanag na sinag na nagmula sa langit. May nakita akong mataas at malaking anghel ang paparating sa aming simbahan at siya ay nakasakay sa puting kabayo. Ang tanawin ay nakakamangha; at ang aking puso ay mabilis na tumibok. Lumapit sa akin ang anghel at nagpakilala siya, “Helo! Ako si Arkanghel Michael.” May isa pang maliwanag na anghel ang sumunod sa kanyang tabi. Ang anghel na sumunod kay Michael ay si Arkanghel Gabriel. Si Arkanghel Gabriel ay may hawak-hawak na watawat. Ipinaliwanag nila sa akin na sa tuwing matatalo ni Arkanghel Michael ang masasamang espiritu ay iwinawagayway nila ang watawat ng pagkapanalo sa panig ni Michael.

Si Arkanghel Michael at Arkanghel Gabriel ay magkasing-taas. Nakatayo sila ng tahimik habang pinapanood nilang magdasal si pastor Kim. Nang masaksihan ko ang kamangha-manghang tanawing iyon ay natuliro ako. Hindi ko malaman kong ako ba ay nananaginip lang o tunay kong nasasaksihan iyon.

MARAMING MASAMANG ESPIRITO ANG MABILIS NA DUMATING NG GRUPOHAN SUBALIT ANG AMING PANANAMPALATAYA AY MAS LUMAKAS.

Kim, Joo-eun: Sa huling oras na ako ay nagdasal, ay may masamang espiritu sa anyo ng gasuklay na buwan ang sumulpot at siya ay gumulong papalapit sa akin. Ngayong araw rin ay may isang masamang espiritu sa anyo ng bilog na buwan at umiikot ang kanyang mata. Nang makalapit sa akin ang masamang espiritu ay sinundot ko ang kanyang mata at dinukot ko iyon. Sinungkit ko ng aking daliri ang loob ng kanyang mata. Dumugo ang masamang espiritu at sumabog ang kanyang dugo habang inaatake ko siya. Hindi nagtagal, ay may nagpakitang masamang espiritu na nagpanggap bilang batang babae at umiikot ang kanyang ulo na parang trumpo. Hinablot ko ang kanyang buhok, iniyugyog ko siya, inikot ng maraming beses at pagkatapos ay tinapon ko sa malayo. Lumapit sa akin si Hesus at pinuri Niya ako. “Pekas! Mahusay!”

“Pekas, ang ganda mo ngayon! Sinong nagtiritintas ng iyong buhok?” Sumagot ako, “Si Dyakonesa Shin po ang gumawa nito!” Sumagot ang Panginoon, “Talaga? Mahusay ang kanyang ginawa!” Dahil hindi pa bukas ang

espirituwal na paningin ni Dyakonesa Shin ay hindi niya alam na lumapit sa kanya si Hesus. Maraming kasamang anghel si Hesus. Palagi akong nakakakita ng mga anghel na sumasama kay Hesus pero ngayon ay mas maraming anghel. Ang iba sa mga anghel ay tumabi sa mga myembro ng simbahan na nagdarasal. Hawak ng mga anghel sa kanilang kamay ang gintong mangkok at pinupuno nila ito ng mga panalangin ng mga santo.

Muli ay may grupo ng masamang espirito ang nagpakita sa isang kanto ng silid at lumapit sila sa amin. Nang makalapit na sila ay hinila sila ni Sister Yoo-kyung, inikot sa hangin at itinapon sa malayo. Dumampot rin ako ng mga masasamang espirito, inikot ko sila at itinapon sa malayo. Sino kuya Haak-sung at kuya Joseph ay nakikipaglaban rin sa mga masasamang espirito sa pamamagitan ng paghuli sa mga ito, pag-ikot at pagtapon sa malayo. Inuulit namin ang taktikang iyon ng maraming beses.

Nagagawa kong marinig ang mga ingay ng masamang espirito sa tuwing sila ay bumabagsak sa mga dingding at sahig. Napaka-ingay niyon. Nang malapit nang matapos ang aming pagdarasal, ay napansin namin na mas marami ang umaatake sa amin. Gayon pa man, ang bawat atake ay nagreresulta ng paglago at paglakas ng aming pananampalataya.

PINATAWA NI PASTOR KIM SI HESUS

Sister Baek, Bong-Nyo: Nasaksihan ko at naranasan ang napakadaming espirituwal na bagay. Dahil sa pribilhiyong ito ay marami rin akong tiniis na paghihirap. Sinorpresa ako ni Hesus sa pagdala Niya sa akin sa isang hardin ng mga bulaklak sa langit. Hinayaan niya akong mapreskuhan muna sa hardin. Nagawa kong manatili sa hardin hanggang sa gusto ko. Sa hardin ay nagpagulong-gulong ako, tumalon at naglaro na parang isang bata kasama ang mga anghel. Ang hardin ng mga bulaklak sa langit ay malawak at napakaganda. Ang matamis na amoy ng mga bulaklak ay napakahalaga at hindi ko iyon ipagpapalit sa buong mundo. Dahil mahina at pagod ang aking katawan, ay nagpahinga muna ako at humiga nang makabalik ako sa simbahan. Sa aming pang-umagang serbisyo ay nangaral ang pastor ng Mabuting Balita sa altar. Habang nangangaral siya ay sumusunod sa kanya si Hesus.

Ang aming pastor ay nakakatawa at sa tuwing naiisip ko siya ay bigla nalang akong napapatawa. Inusisa ko ang pastor at tinanong ko siya, “Pastor, nakakatawa ka na ba talaga bago ka pa man dumalo sa simbahan?” Sumagot ang pastor, “Ang ating simbahan ay bago lang. Wala akong maisip na bagay na maaring makapag-pasaya sa akin. At isa pa, wala akong maisip na nakakatawa sa ating paglalakbay. Palaging sawi ang aking puso. Mabigat ang aking pakiramdam at naawa ako.” Tinanong ko siya, “Paano ka nagbago ng ganyan?” Sumagot ang pastor, “Hindi ko talaga alam! Nagbago ako mula nang tayo ay nagkaroon ng prayer rally. Hindi ko talaga alam ang nangyari. Kung tatanungin mo ako kung bakit ako naging ganito o kung sino ang nakapagpabago sa akin? Iyon ay walang iba kundi ang Panginoon. Ang Panginoon ang nagbigay ng masayang kapaligiran.”

Ang aming pastor ay may espesyal na kakayahang manggaya ng lahat ng klase ng tao. Ang totoo niyan, hindi lang tao ang kaya niyang gayahin kundi pati na rin mga hayop o bagay. Ginagaya ni Hesus ang pastor at tumatawa Siya ng malakas. Habang siya ay nagsesermon ay may dalawang anghel ang nagsusulat ng kanyang pinangangaral. Ang mga anghel ay nakaupo malapit sa krus sa altar at nagsusulat sila sa malaking aklat. Ang dapat lang nilang gawin ay magsulat ng mga sinasabi ng pastor subalit sumusulyap sila sa galaw ng pastor. Ang mga anghel ay napapatawa at nakakaligtaan nilang isulat ang ibang sinasabi ng pastor. Kapag may nakaligtaan silang isulat ay sinusuwat sila ng Panginoon. “Huwag na kayong tumingin sa pastor. Magtala nalang kayo!”

Sa tuwing ngumingiti o tumatawa si Hesus ay nakikisama ang mga anghel sa Kanyang kasiyahan. Gayon pa man, kapag si Hesus ay nagdadalamhati ang mga anghel ay nagiging tahimik. Sa gitna ng sermon ay tinanong ako ni Hesus, “Sister! Nasaan si Hesus ngayon?” Sumagot ako, “Nakatayo Siya sa tabi mo.” Napa-ngisi ang pastor at sinabi niya, “Oh? Anong gagawin ko? Umotot ako at mabaho iyon. Hindi iyon matatagalan ng kahit na sino. Naaawa ako sa Panginoon dahil naamoy Niya ang aking utot dahil katabi ko Siya. Anong gagawin ko?” Nagsalita ang Panginoon habang humahalakhak, “Hindi iyon mahalaga dahil isa Akong Espirito. Ayos lang iyon.” Tinapik Niya ang ulo at likod ng pastor.

PASTOR KIM, YONG-DOO: Naubos ang pisikal na lakas ng mga myembro ng simbahan habang sila ay nagdarasal. Ngunit sa halip na tumigil ay mas taimtim pa silang nagdasal habang itinitikom ang kanilang mga ngipin. Nang makita ni Hesus ang debosyon namin sa pagdarasal ay humanga Siya. Nagtrabaho Siya at nagmanipesto. Hindi ko halos makaya ang sakit. Ang sumasakit ay dulot ng mga masamang espiritong umatake sa akin. Ang ganitong sugat ay bihirang gumaling. Pinahihirapan ako ng hindi humuhupang sakit. Mahirap para sa akin ang magdasal na nakataas ang kamay sa loob ng mahabang oras. Gayon pa man, sa kabila ng sakit, ay iginagalaw ng Espirito Santo ang aking mga kamay. Mahusay ang pagkaka-koryograpiya ng galaw ng aking braso at kamay.

Ang dalawa kong kamay ay gumagalaw ng tuloy-tuloy. Palit-palitan ang paggalaw. Biglang nanginig ang aking mga kamay. Mainit rin ang aking pakiramdam. Nakita ko si Hesus na nakasuot ng puting damit at Siya ay naglalakad sa aking harapan. Naramdaman ko ang mainit na simoy ng tag-araw sa aking mukha. Naramdaman ko ang malakas Niyang presensya. Nakakalungkot dahil hindi pa rin tuluyang nabuksan ang aking espirituwal na paningin. Pinagmamasdan ng Panginoon ang aming situwasyon at mga reaksiyon.

IKA- DALAWAMPUT LIMANG NA ARAW: ANG AMING PERSONAL NA KARANASANG PANG-ESPIRITUAL

“Nang dumating si Jesus sa bayan ng Cesarea ng Filipos, tinanong niya ang kanyang mga alagad, “Ano ang sinasabi ng mga tao patungkol sa Anak ng Tao?” 14 At sumagot sila, “Ang sabi po ng ilan kayo si Juan na Tagapagbautismo. Sabi po naman ng iba, kayo si Elias. At may nagsasabi pong kayo si Jeremias, o isa sa mga propeta.” 15 Tinanong ulit sila ni Jesus, “Ngunit para sa inyo, sino ako?” 16 Sumagot si Simon Pedro, “Kayo po ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay.” 17 Sinabi sa kanya ni Jesus, “Mapalad ka, Simon na anak ni Jonas! Sapagkat ang katotohanang ito’y hindi inihayag sa iyo ng sinumang tao kundi ng aking Ama na nasa langit. 18 At sinasabi ko sa iyo, ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesya at ang pintuan ng daigdig ng mga patay ay hindi magtatagumpay laban sa kanya. 19 Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit. Ang ipagbawal mo sa lupa ay ipagbabawal sa langit, at ang ipahintulot mo sa lupa ay ipahihintulot din sa langit.” Mateo 16:13-19

KUMAIN SI PEKAS NG MGA KUKIS NA MULA SA LANGIT

Kim, Joo-eun: Habang nagdarasal ako sa ibat-ibang wika ay nakikipaglaban din ako sa mga masasamang espirito. Habang ako ay nagdarasal ay biglang nagkameron ng laman ang aking bibig. Nginuya ko iyon. Naririnig ko ang malutong na tunog habang ako ay ngumunguya. Hindi ko alam kung ano ang aking kinakain. Nang malasahan ko ang pagkaing iyon ay nasabi ko sa aking sarili, “Wow! Ano ito? Masarap! Paano naging ganito kasarap ang isang pagkain?” Habang sinasabi ko iyon sa aking sarili ay dumating si Hesus. Tinawang Niya ang aking pangalan at kinausap Niya ako.

“Pekas, gusto mo bang tikman ito?” Tinanong ko Siya, “Hesus, ano po iyan? Sumagot ang Panginoon, “Ang mga ito ay masasarap na biskwit na espesyal Kong dinala para sayo mula sa langit. Ibuka mo ang iyong bibig.” Nang buksan ko ang aking bibig ay isinubo sa akin ni Hesus ang biskwit.

Nang mapunta sa aking bibig ang biskwit ay malambot iyong natunaw. Maraming masasarap na biskwit sa mundo subalit kakaiba ang ibinigay sa akin ni Hesus. Ang biskwit ay kulay puti at hugis bilog. Ang biskwit ay isang kagat lang at tamang-tamang kainin ko iyon ng isa-isa.

Sumigaw ako sa pagkamangha, “Wow! Hesus! Napakasarap ng biskwit! Gusto ko pa pong kumain ng marami! Maaari po bang bigyan Mo pa ako?” Sumagot si Hesus, “Hindi na.” Nagulat ako, “Ano po ba iyon?” Sumagot si Hesus, “Ito ang pagkain na kinakain ng mga santo sa langit. Alam Kong gusto mo pa. At kapag bumisita kang muli sa langit ay bibigyan kita ng mas marami. Kaya magdasal ka ng taimtim.” Maluha-luha kong sinabi kay Hesus, “Hesus, pakiusap! Dalhin Mo po ako sa langit!” Gayon pa man ay nawala na si Hesus bago ko pa matapos ang aking sinasabi. Naramdaman ko lang ang natira Niyang presensya. Naramdaman ko ang mainit na simoy na nagmumula sa maliwanag na sinag ng ilaw.

Ang biskwit na mula sa langit na ibinigay sa akin ni Hesus ay hindi ko makakalimutan kailanman. Hindi ko makakalimutan ang masarap na lasa niyon. Ang gabing iyon ay pinagpalang gabi. Mula sa malayo ay narinig ko ang marahang boses ni Hesus, “Pekas, hindi magtatagal ay dadalhin din kita sa langit. Kaya huwag kang mabahala. Paalam.” At tuluyan na Siyang nawala.

Nang bumalik ang aking lakas ay muli akong nagdasal. Habang nagdarasal ako ay nakakita ako ng masasamang espirito na papalapit sa akin. May napakaraming bungo at mga buto sa lahat ng direksyon at sila ay papalapit sa akin. Napatawa ako sa kanilang itsura. Ang mga masasamang espirito ay nagalit sa aking reaksyon. Sumigaw ako, “Kayong lahat na mga buto ay nakakatawa. Sa Pangalan ni Hesus ay inuutusan ko kayo na umalis na ngayon din!” Naglaho silang lahat.

Matapos akong magdasal ng taimtim sa loob ng mahabang oras ay may mga grupo ng anghel ang dumating mula sa langit at pinuno nila ang kanilang mga ginintuang mangkok ng aming mga panalangin. Habang ang isang anghel ay umaakyat na may dalang mangkok na puno ay may bumababa namang anghel na may dalang dalang mangkok na walang laman upang punuin ng aming mga panalangin. Ipinagpatuloy nila ang ganitong proseso at mabilis silang gumagalaw. Ang mangkok ay hindi lang puno ng aming mga panalangin kundi pati na rin ng aming mga luha at tono ng aming boses. Lahat ng iyon ay dinadala sa langit.

ANG PAGPUNIT SA KASUOTAN NG MASAMANG ESPIRITO

Lee, Yoo-kyung: Habang ako ay nagdarasal ay nakakita ako ng masamang espirito na nagpanggap bilang batang babae na nakasuot ng puting damit. Mabilis akong tumakbo papunta sa kanya upang hablutin ang kanyang buhok. Habang hawak ko siya sa buhok ay inikot ko siya hanggang sa mabunot ang lahat ng buhok niya. Ang masamang espirito na dating isang batang babae bago ko mabunot ang kanyang buhok at mapunit ang kanyang damit ay nagbago ang anyo at siya ngayon ay naging isang lalaki na. Nakita ko ang ari at puwet ng masamang espirito. Tumae siya at umihi sa akin. Nagalit ako at hinila ko ang kanyang leeg. “Pangit na masamang espirito! Bakit mo ako inaasar?” Sinampal ko ang masamang espirito. Nakiusap siya sa akin. “Patawad! Patawarin mo ako! Pangako hindi na ako muling babalik pa rito.” Habang patuloy kong sinasampal at binubugbog ang masamang espirito ay sinagot ko siya ng, “Hindi kita mapapatawad! Mamatay ka na!” Tinapon ko ang masamang espirito kay Haak-sung: ang kanyang buong katawan ay nababalutan ng apoy. Si brother Haak-sung ay parang bolang apoy. Nagkapira-piraso ang masamang espirito at naging abo nang tumama siya kay Brother Haak-sung. Bigla siyang naglaho.

Nagpatuloy ako sa pagdarasal nang may makita na naman akong pangalawang masamang espirito. Ang masamang espiritong iyon ay may dalawang malaking mata sa kanyang mukha. Kalahati ng kanyang mukha ay mukha ng babae at ang kalahati naman ay mukha ng lalaki. Maikli ang kanyang buhok. Naalala ko sa kanya ang isang nakakatakot na pelikula. Kapag siya ay nagsasalita ay may dalawa siyang boses. Boses ng babae at lalaki ang lumalabas sa kanyang bibig. Katulad ng dati ay hinablut ko ang kanyang buhok. Binunot ko ang kanyang buhok at pinunit ko ang kanyang damit. Ang masamang espirito ay hubad na nakatayo.

Sumagot ang masamang espirito, “Bakit mo ako hinubaran? Sinong naghubad sa akin?” Matapang akong sumagot ng, “Ako! Ako ang gumawa niyan. Bakit mo tinatanong? Pakiramdam mo ba ay nilapastangan ka?” Umiyak ang masamang espirito at nakiusap. “Pakusap, bihisan mo ako! Bilisan mo! Nilalamig ako! Pakiusap bigyan mo ako ng damit!”

Habang nakatayo at nanonood ang masamang espirito ay sinira ko ang kanyang damit. Pinunit ko iyon sa mga piraso. Nagreklamo ang masamang espirito, “Sinong may sabi na hubaran mo ako? Bakit mo sinira ang aking damit?” Ininis ako ng masamang espirito. Nairita ako at sinabi ko sa kanya, “Walang kwenta ang sinasabi mo. Patay ka ngayon!” Itinapon ko siya sa sahig at binubugbog ko siya. Umiyak siya, “Tulongan niyo ako! Masakit! Alam kong kaya kitang talunin ngunit hindi ko maintindihan kung paano mo ako nakakaya. Natatakot ako!” Ayaw ko nang marinig pa ang daing ng masamang espirito. Binali ko ang kanyang binti at itinapon ko siya sa malayo. Bumagsak siya sa kanto ng silid at nadurog sa piraso. Matapos kong maipanalò ang laban ay nagpakita si Hesus at lumapit Siya sa akin.

KUMAIN SI YOO-KYUNG NG PRUTAS NA MULA SA LANGIT

Si Hesus ay nakasuot ng maliwanag at kumikinang na damit at naglakad Siya papalapit sa akin. Nang papalapit na Siya ay napansin ko na may hawak Siyang hugis bilog at maputing bagay. Sinabi ni Hesus, “Yoo-kyung! Subukan mo ito. Prutas ito na mula sa langit. Dinala Ko ito bilang pabuya dahil masipag kang magdasal. Hindi lang iyon, naging mas malakas ang iyong abilidad sa pakikipaglaban sa mga masamang espirito. Masarap ang prutas na ito. Bilis! Tikman mo!” Mapagmahal akong kinausap ni Hesus at masaya ang aking pakiramdam. “Panginoon, maraming salamat po!” Sa una kong kagat ay napasigaw ako sa pag-hanga. Mabilis kong kinain ang prutas.

Sinabi sa akin ng Panginoon, “Yoo-kyung, bumisita tayo sa langit.” Bigla nalang na nakasuot na ako ng gown na may pakpak na nakadikit. Pumasok kami sa krus kung saan may pintuan na magdadala sa amin sa alapaap. Nang lumipad kami sa alapaap ay nakarating kami sa langit.

Nang makarating ako sa langit ay nakita ko si Yae-ji. Ako at si Yae-ji ay sumayaw sa harap ng Panginoon ng matagal. Napansin ko na may piano na gawa sa ginto malapit sa amin. Ang piano ay napakalaki. Tinitigan ko ang piano, iyon ay nakaka-intriga.

Habang ako ay sumasayaw ay nakita ko ang Amang Diyos na umuugoy sa Kanyang trono. Mula sa trono ay may maliwanag at kumikinang na liwanag. Ang Diyos ay liwanag. Hindi ko kayang tumingin sa Kanya. May ilang mga anghel na nagsusulat sa mga aklat na nasa harapan ng trono. Ang Amang Diyos ay napaka-laki. Hindi kayang ilarawan ng sinoman ang Kanyang sukat. Kahit subukan pa ng sinoman na sumulyap sa Amang Diyos ay imposible iyon dahil sa nakakasilaw na liwanag. Ang liwanag ay napaka-lakas para tingnan ng sino man. Ang kasuotan ng Ama ay mahaba at iyon ay abot sa Kanyang bukungbukong. Nagagawa ko lang makita ang Kanyang paa.

Kinausap ako ng Amang Diyos at ang Kanyang boses ay umalingawngaw. “Yoo-kyung, di ba magandang pumarito? Kapag masigasig ka pang nagdasal ay palagi Kitang dadalhin dito. Kaya naman, magdasal ka ng masigasig at walang humpay. Yumuko ako at sumagot, “Opo, Ginoo, Amen.” Pagkatapos niyon, ang Kanyang malaking kamay ay lumabas mula sa liwanag at tinapik Niya ang aking ulo. Tinawag ako ni Hesus, “Yoo-kyung! Tingnan mo Ako.” Nang tingnan ko si Hesus ay nalungkot ako at nasaktan ang aking puso. Muntik na akong maiyak. Sa dalawa Niyang pupulsihan ay may nakita akong malaking pilat na itinusok ng pako. May nakita rin akong pilat sa Kanyang mga paa. Sinabi ng Panginoon, “Ibinuhos Ko ang Aking dugo, namatay Ako para sa iyo. Lagi mo Akong isipin.”

Tinanong ko ang Panginoon kung maaari Niyang ipakita ang aking tahanan sa langit. “Nais ko pong makita ang aking tahanan sa langit!” Sumagot ang Panginoon, “Kung gayon ay ipapakita Ko sa iyo ang iyong tahanan.” Dinala ako ng Panginoon sa aking tahanan. Ang aking tahanan sa langit ay gawa sa ginto. Ito ay may labindalawang palapag ang taas. Ang mga anghel ay abala sa pagpapanday ng aking tahanan. Tumalon ako sa tuwa at galak na parang isang kuneho. Umawit ako ng masaya. “Oh, nagpupuri ang aking kaluluwa..” Habang umaawit ako at nagpupuri ay nagsalita ang Panginoon. “Mahal kong Yoo-kyung, nais kong magkaroon tayo ng seremonya ng kasal.”

Si Yae-ji ay sumusunod kahit saan ako pumunta. “Ate! Si Hesus ay napaka-mapagmahal! Binibigyan Niya ako ng maraming pagkain at ng Kanyang pagmamahal. Masaya ako rito! Ate, maglakad tayong muli sa hardin ng mga bulaklak, kung maaari sana?” Ako at si Yae-ji ay pumunta sa hardin ng mga bulaklak at nag-libang doon. Gumulong kami sa mga bulaklak at nagkaroon ng masayang sandali. Pagkatapos noon ay sinabi sa akin ng Panginoon, “Yoo-kyung, oras na upang umuwi ka. Magpaalam ka na kay Yae-ji.” Sinabihan ako ni Yae-ji ng, “Ate, maging malusog ka at bumisita ka muli rito.” Niyakap namin ang isat-isa at ako ay umalis na.

MATAPOS MABALUTAN NG DUGO NI HESUS, ANG MGA MASAMANG ESPIRITO AY HINDI NA LUMALAPIT

Lee, Haak-sung: Habang ako ay nagdarasal, ay patuloy na nagbibigay ng apoy ang Espirito Santo sa aking katawan. Ang aking katawan ay uminit ng sobra. Ang aking katawan ay naging parang bolang apoy. May ibat-ibang uri ng masamang espirito ang nagsimulang umatake sa akin subalit nang dumiit sila sa aking katawan ay nasunog sila at naging abo. Lahat sila ay natunaw.

May isang masamang espirito sa anyo ng isang ahas ang gumagapang patungo sa akin. Dinampot ko ito at pinilas ko ang kanyang ulo. Inikot ko ang katawan ng ahas sa isang kahoy at sinunog ko iyon. Habang nasusunog ang ahas sa apoy, ay may masamang espirito na maikli ang buhok at nakasuot ng puti ang sumubok na umatake sa akin. Dinampot ko rin ang espiritong iyon at sinunog ko siya sa apoy. May iba pang masamang espirito ang nagpakita at sinubukang lumapit sa akin. Nang subukan kong hulihin sila ay nagsitakbuhan sila dahil sumisingaw ang Banal na Apoy sa aking katawan.

Sa wakas ay naunawaan ko kung bakit hindi makalapit ang masasamang espirito sa pastor. Sa tuwing nagdarasal ang pastor, ang kanyang katawan ay nagiging bolang apoy. Alam ng masasamang espirito na nanganganib sila kaya umiiwas silang lumapit sa pastor. Nakakalibang panoorin ang masasamang espirito na umiiwas sa pastor. Ang de-kuryenteng piano ay nagsimulang tumugtog. Ang awit ay “Bawtismo sa Espirito Santo.” Habang tumutugtog ang awitin ay nagsimula akong sumayaw sa espirito na may tono at ritmo. Nakikipaglaban rin ako at natatalo ko ang mga masasamang espirito habang ako ay sumasayaw. Ako ay naging masigla at masaya.

Nalugod si Hesus at binati Niya ako, “Mahusay!” Kaagad na dumating ang mga anghel at mabilis silang naglagay ng pananggalang sa pintuan at kisami ng simbahan. Ang pintuan at ang dalawang poste ay nakatanggap ng pananggalang. Sa ibabaw ng pananggalang ay binalutan iyon ng mga anghel ng dugo ng Panginoon. Ang dugo na iyon ay upang protektahan kami. Nakita ko ang masasamang espirito na nalilito at nag-aaway kung papasok sa simbahan. Matapos ibalot ng mga anghel ang dugo ni Hesus ay hindi na magawang pumasok ng masasamang espirito kahit gaano pa sila kadami. At dahil hindi na makapasok ang masasamang espirito ay nagawa kong matapos ang aking panalangin ng mapayapa.

DAHIL SA PROTEKSYON NG DIYOS AY HINDI AKO NAKARAMDAM NG SAKIT SA PAGHIHIRAP SA IMPYERNO

Sister Baek, Bong-Nyo: Habang ako ay nagdarasal ay nagpakita si Hesus kasama ang dalawang anghel. Hinatid nila ako sa kalawakan. Nang makarating kami sa aming destinasyon ay inutusan ng Panginoon ang mga anghel na bumalik na sa langit. Sinabi sa akin ni Hesus, “Bong-Nyo, bumisita tayo sa impyerno.” Nang hawakan ng Panginoon ang aking kamay ay kaagad kaming nakarating sa impyerno.

Naglakad kami sa makitid na daan. Ang daan na iyon ay makitid at pakiramdam ko ay naglalakad ako sa pilapil sa bukid. Hindi ko makita ang ilalim ng dalawang gilid ng daan. Tumingin ako sa ibaba ng walang hanggang talampas. Kung mawawalan ako ng panimbang ay mahuhulog ako sa daan. May narinig akong alingawngaw ng sigaw at iyak mula sa ibaba. Ang mga taong sumisigaw ay para bang nasasaktan. May malansang amoy ang kumalat sa hangin. Naamoy ko rin ang nabubulok na bangkay at nasusunog na laman. May maitim na usok na patuloy na pumapaitaas. Nahirapan akong bumalanse. Hindi ko na alam kung aling daan ang sa harapan.

Minsan ay naranasan ko nang mahiwalay sa Panginoon noong kami ay nasa impyerno. Nabahala ako na baka maulit iyon. Hinawakan ko ang Kanyang kamay ng mahigpit. Nagpatuloy kami sa paglalakad. Ang makitid na daan ay mas lalong kumitid. Habang binabalanse ko ang aking sarili sa makitid na daan ay kinailangan kong bitawan ang kamay ng Panginoon. Nagpatuloy sa paglalakad ang Panginoon at sinundan ko Siya habang hawak ko ang tupi ng Kanyang gown. Sa dalawang tabi ng daan ay patuloy akong nakarinig ng mga iyak na humihingi ng tulong. “Tulongan niyo ako! Iligtas niyo ako! Mainit! Pakiusap tulongan niyo ako!” May milyon-milyong boses ang umaalingawngaw mula sa ibaba. Malakas ang kanilang pagsigaw at wari ko ay sumisigaw sila sa aking tenga.

Naramdaman ko na parang may sumusunod sa amin sa likuran. Naramdaman ko rin na may humawak sa tupi ng aking damit. At pagkatapos ay naramdaman ko ang presensya ng maraming tao sa paligid. Bigla akong nenerbiyos at natakot. Sinubukan kong palakasin ang aking loob. “Tumingin ka lang sa Panginoon! Isipin mo ang Panginoon! Magpatuloy ka sa paglalakad!” Habang iniisip ko iyon sa aking sarili ay nangyari ang aking pinaka-kinatatakutan. Nawala ang Panginoon. Madilim sa impyerno at imposibleng makakita ka ng kahit na ano. Gayunpaman ay may nakita akong maliit na ilaw pero sa loob lang ng isang segundo.

Nang makita ko ang ilaw na iyon ay napagtanto ko na iyon ay ang Panginoon bago Siya mawala. Hindi ko na Siya makita sa aking paligid. “Oh, anong gagawin ko na ngayon? Paano ko nabitawan ang Panginoon? Hindi naawa ang Panginoon. Nasaan kaya Siya? Bakit Niya ako iniwan ng mag-isa?” Nawalan ako ng pag-asa. “Hesus! Nasaan Ka? Pakiusap, bumalik Ka! Tulungan Mo ako! Natatakot ako! Panginoon!” Kahit ilang beses ko pa Siyang tawagin ay hindi ko makita ang Panginoon. Kahit nais kong magpatuloy sa paglalakad ay hindi ko kaya dahil sa madilim.

Tumayo ako at hindi makagalaw sa takot. Wala akong plano at pakiramdam ko ay nawawala ako. Biglang may naramdaman akong gumagapang sa aking paa. Sinubukan kong tingnan kung ano iyon. Tiningnan kong mabuti subalit hindi ko makitang malinaw. Nang malaman ko kung ano ang nasa aking paa ay muntik na akong mahimatay sa pagka-gulat. May apat na itim na ahas ang pumupulupot sa aking binti at umaakyat sila papataas. Noong kasama ko pa si Hesus ay hindi nangyayari ang ganito. Subalit nang mahiwalay ako sa Panginoon ay pumulupot na sa akin ang mga ahas.

Ginising ko ang aking diwa at sumigaw ako ng, “Paano mo nagawang pumulupot sa akin?!” Habang sinisigawan ko ang mga ahas ay dinampot ko sila at itinapon sa malayo. Nagpatuloy ako sa paglalakad kahit madilim. Dahan-dahan akong naglakad habang kinakapa ko ang daan ng aking mga kamay at paa. Dahil sa sobrang bagal ng aking paglalakad ay nagawa akong maabutan ng mga ahas. Nang maabutan nila ako ay pumulupot sila sa aking katawan. Muli ay dinampot ko sila at itinapon sa malayo. Nagpatuloy ako sa paglalakad at naabutan na naman ako ng mga ahas at itinapon ko muli sila. Wari ko ay nananaginip ako at paulit-ulit ang pangyayari. Ang nakapagtataka ay hindi ako kinakagat ng mga ahas. At isa pa, hindi sila malaki o mahaba. Katam-taman lang ang kanilang laki at may ibat-ibang kulay.

Pagkatapos kong makipaglaban sa mga ahas ng ilang oras ay nagawa ko ring makasulong. Sa wakas ay may narating akong lugar subalit iyon ay lugar na puno ng mga buto at bungo. Ang mga buto at bungo ay naka-salansan at kasing taas na ng bundok. Ang mga buto at bungo ay buhay at gumagalaw. Biglang may naramdaman akong humihila ng tupi ng aking damit. Tiningnan ko kung sino o anong humihila at nakita ko ang isang bungo na kagat ang aking damit at nagmamatigas siya nang tinatanggal ko. Ang bungong iyon ay walang kamay at ginagamit lang niya ang kanyang ngipin upang kumapit sa aking damit. Nagsalita siya sa akin.

“Pakiusap! Kunin mo ako! Pakiusap!” Sa sandaling iyon ay naalala ko ang aking magulang, ang aking bunsong kapatid, pamangkin at bayaw na pinahihirapan. Nang maalala ko ang aking pamilya ay nabalisa ako at nakapagsalita ng masasama ng hindi namamalayan.

“Ni hindi ko nga maalagaan ang sarili ko ngayon, bakit mo hinihila ang aking damit! Abala ako sa paghahanap ng daan papalabas at nagmamadali ako! Sumpain ka! Umalis ka sa daan ko! Bitiwan mo ang damit ko!” Habang sumisigaw ako ay pinokpok ko ang bungo at siya ay nadurog sa piraso. Sa oras namang iyon ay may buto ng kamay na humila sa aking damit. Sinubukan kong alisin siya ngunit nagmatigas siya. Napakadaming buto at bungo ang kailangan pagdaanan at hindi ko silang lahat kayang talunin. Sumigaw ako ng malakas: “Kayong marurungis na buto! Ang aking katawan ay nag-aalab sa Banal na Apoy at ang Diyos ay naninirahan sa akin. Sa oras na dumikit kayo sa akin ay masusunog kayo at magiging abo! Kung gusto niyong humawak sa akin sige! Hawak!” Ang mga bungo at buto ay hindi na lumapit sa akin. Ang mga kumapit sa akin ay naging abo. Nang tumigil na sila sa pang-aabala sa akin ay nagawa ko nang sumulong ng walang hadlang.

Noong kasama ko pa si Hesus ay napaka-dali lang maglakad sa impyerno. Ang Panginoon ay liwanag kaya Siya ay nagbibigay liwanag. Ang maglakad na wala Siya ay mahirap at nakakalito. Kinapa-kapa ko ang aking daraanan at iyon ay nakakapagod. Napagod ako at bigla akong umupo ng hindi iniisip. Ang pakpak na nakadikit sa aking damit ay nasira na. Sira na iyon kaya naman hindi na ako makalilipad.

Muli ay ginising ko ang aking diwa at nag-ipon ako ng lakas. Nagpatuloy ako sa pagsulong ngunit sa pagkakataong iyon ay gumagapang na ako. Muntik na akong makatulog at inantok ako. Umidlip ako ng ilang segundo at pagmulat ko ng aking mga mata ay nasa loob na ako ng isang selda. Masikip ang selda at kasya lang ang isang tao. Madilim pa rin at wala akong makita kahit na ano. Inisip ko na hindi naman magiging masama, subalit may mga nilalang na humila sa aking katawan at buhok. Nag-iingay sila ng nakakakilabot. Sa sobrang galit ko ay nakapagsalita na naman ako ng masasama. Sinubukan kong humanap ng lalabasan ngunit

walang pag-asa. Nasayang lang ang aking pagod. Nang magmatigas ako ay mas lalong dumami lang ang mga kamay sa lahat ng direksyon na humihila at yumuyugyog sa aking katawan. Ginugulo ako ng mga kamay na mula sa hindi makilalang mga nilalang. Hindi ko magawang makipaglaban sa kanilang pang-gugulo kaya naging abusado ako sa aking pananalita.

“Babaliin ko ang inyong mga kamay! Hindi niyo ba aalisin ang inyong mga kamay? Kung namuhay kayo ng mabuti ay hindi kayo mapupunta rito. Lahat kayo ay kakatuwa! Nandirito ako upang talunin ang hari ng impyerno, si Satanas, na pinuno ng lugar na ito - si Satanas ang nanloko at nanlinlang sa maraming tao. Siya ang nagdala sa marami sa impyerno. Tatalunin ko ang hari ng mga dyablo kahit anong mangyari! Nasa aking katawan ang nag-aalab na Apoy ng Diyos at ang Diyos. Kapag hinawakan niyo ang aking katawan ay mamamatay kayong lahat! At isa pa, nababalutan ako ng dugo ni Hesus kaya sinomang humawak o humila sa akin ay masusunog at magiging abo!” Matapos ko silang bigyan ng babala ay umurong silang lahat at natakot. Pagkalipas ng ilang segundo ay dumating ang pangatlo sa pinaka-mataas na ranggo ng demonyo. Sa tingin ko ay nakasagupa ko na siya noon. Siya ay may limampung ulo at paa. Hinawakan ng demonyo ang aking binti at pinunit niya ang aking damit. Ako ay nahubaran.

Sumigaw ako na ang tinig ay parang sa kulog, “Inutusan ka ng hari ng mga demonyo para punitin ang damit ko. Kung ganun, punitin mo lahat kung gusto mo! Kahit ilang beses mo pang punitin ang damit ko, ay hindi ako kukurap! Hindi ako natatakot sayo! Nananahan ang Diyos sa akin at ang Banal na Apoy. Hindi niyo ako matatakot! Hindi ako natatakot sa inyo! Kahit takotin niyo pa ako ay hindi ako matitinag. Nasasaktan ako sa katotohanan na ang aking magulang ay pinahihirapan sa impyerno. Ang hari ng mga demonyo ang may kagagawan sa mga paghihirap na pinagdaraanang aking magulang. Hahanapin ko siya kahit anong mangyari at ipaghihiganti ko ang aking magulang. Napakahina niyo para hamunin ako! Lumayo kayo sa akin! Dalhin niyo sa akin ang hari ng mga demonyo! Bilis! Alis!”

Ang demonyo ay galit na sumigaw: “Ako ang dapat makatunggali mo ngayong araw. Ang aking kapatid, na si Satanas, ay nag-utos na punitin ko ang iyong damit at dukutin ang iyong mga mata. Inutusan akong hiwain ang iyong laman hanggang sa iyong buto. Sinabihan rin niya ako na hayaan ko ang mga insekto na pumasok at kainin ang iyong laman. Matitikman mo ang kamatayan ngayon! Hahahahaha!”

Pagkatapos niya akong takutin ay sumagot ako, “Ano? Wala kang silbing demonyo! Gawin mo kung ano ang gusto mo! Dahil nananahan sa akin ang Panginoon, ay hindi ako makakaramdam ng sakit kahit hiwain mo pa ang aking laman at dukutin ang aking mga mata! Dapat kang mag-ingat dahil nasa akin ang Banal na Apoy! Naaalala kita. Pumunta ka sa aming simbahan ng maraming beses upang pigilan kami. Pinigilan mo ang pastor sa pagsusulat ng aklat di ba? Kung ganun, gawin mo kung anong gusto mo!” Ipinakita sa aking ng demonyo ang kanyang kutsilyo at iyon ay kulay asul at mukhang matalim. Sinimulan niyang hiwain ang aking laman na parang sushi. Hindi man lang ako kumurap o nakaramdam ng sakit. “Oh, nakakapasigla ito! Masarap sa pakiramdam! Hiwain mo pa lahat ng aking laman kung gusto mo! Hindi ako nag-aalala sapagkat prinoprotektahan ako ng Diyos. Hiwain mo pa ang aking laman!” Nayamot ang demonyo dahil sa aking pananalig. Hindi ako nakaramdam ng kahit na anong sakit. Ang totoo pa niyan, ay mas naging masigla pa ako. Masasabi ko na prinoprotektahan ako ng Diyos at binibigyan Niya ako ng lakas.

Nang dukutin ang aking mata ay hindi ako nasaktan. Pakiramdam ko ay may kumamot lang ng makati sa akin. Napreskohan ako. Tumayo ako na walang laman at isa na lamang akong kalansay. Ang demonyo na may limampung ulo ay nagdala ng balde na puno ng uod at ibinuhos niya iyon sa aking katawan. Ang mga uod ay sumiksik sa aking buto at kinain nila ang aking buto. Kinain rin nila ang aking nahiwang laman.

Habang nagpapakabundat ang mga uod sa aking buto, ay wala akong naramdaman dahil sa espesyal na proteksyon ng Diyos. Masigasig akong nagdasal sa ibat-ibang wika. Habang nagdarasal ako ay tiningnan ko ang aking nakakakilabot na anyo. Ang mga kulupon ng mga uod ay nasa lahat ng parte ng aking kalansay. Wala iyong epekto, subalit ang naka-apekto sa akin ay ang ala-ala ng aking ina na pinahihirapan. Naiyak ako. Isa akong makasalanan na walang halaga, na ngayon ay isang tuyong kalansay. Nagpapasalamat ako sa Panginoon dahil prinoprotektahan Niya ako kahit sinisikap ng mga demonyo na saktan ako at pahirapan. Wala akong naramdamang sakit. Madaling natapos ang aking pagiging mapayapa. Nagalit na naman ako ng sobra ng maalala ko ang aking pamilya na pinahihirapan. Nayamot ako sa mga demonyo.

ANG AKING PAGHARAP KAY SATANAS, ANG HARI NG IMPYERNO

Sa tuwing naiisip ko ang aking mga magulang, ay pakiramdam ko ay nauubusan ng dugo ang aking katawan. Nais ko lang hanapin si Satanas upang ipaghiganti ang aking pamilya sa kanilang paghihirap. Si Satanas ang nag-uutos sa mga demonyo na pahirapan ang aking pamilya. Pero dahil hindi ko siya mahanap ay lalo lang akong nairita hanggang sa punto na halos hindi na ako makahinga. Sumigaw ako sa lahat ng direksyon, gamit ang masasamang salita upang makuha ang kanyang atensyon. Hindi ko makita ang kanyang kaanyuan, subalit nagawa ko ring makita ang kanyang mga mata.

Nang makita ko si Satanas, ang hari ng impyerno, ay nagalit ako. Kalimitan, ang nagiging reaksiyon ng mga tao ay manginig at matakot kapag nakakita sila ng masasamang espirito, demonyo, o marinig ang boses ni Satanas. Ngunit dahil nakikipaglaban ako sa masasamang espirito habang kami ay nagdarasal, ay nasanay na ako at hindi natatakot. Nang makita ko siya ay hindi ako natinag, ni kumurap ang aking mata. Sumigaw ako at hinamon ko ang hari ng mga dyablo.

“Hoy! Ikaw ba si Satanas? Ang hari ng mga demonyo? @#%#@#@ ka!” Minura ko siya. Hindi ako tumigil sa pagsasalita ng masasama sa kanya. “Ikaw ang nagpapako sa aking magulang sa krus at pinahirapan mo sila at itinapon sa apoy. Ikaw ang nagpaprito sa aking magulang at ipinatapon sila sa palayok na may kumukulong langis di ba? Inutusan mo ang mga demonyo upang hilahin ang maraming tao sa impyerno di ba? Nakakahiya ka! Malakas ba ang kumpyansa mo sa malaki mong katawan? Nakarating ako rito upang makita ka! Hindi ako aalis ng mapayapa! Aalis lang ako dito kapag naitaob ko na ang impyerno! Wala ka bang ibang magawang mabuti kundi pahirapan ang mga tao? Ikaw ang may kagagawan ng mga aksidente at kamalasan sa mga tao para mamatay sila at mapunta sa impyerno. Ikaw ang humihila sa marami sa impyerno! Wala kang silbi kaysa sa aso!”

ANG KAANYUAN NI SATANAS

Ito ang unang pagkakataon na makikita ko ang anyo ni Satanas na hari ng impyerno. Ang itsura ni Satanas ay malayo sa aking imahinasyon. Nang una ko siyang makita ay alam ko na may ginagaya siya. Ginagaya niya ang Amang Diyos. Ang sukat ni Satanas ay napakalaki. Nang tumingala ako ay hindi ko makita ang kanyang buong anyo. Ang taas ni Satanas ay umabot hanggang sa himpapawid ng impyerno. Ang lapad ng kanyang katawan ay hanggang sa dulo ng kaliwa at dulo ng kanan ng impyerno. Ang trono ni Satanas ay napakalaki rin. Si Satanas ay may pakpak sa kanyang likod. Lyon ay parang pakpak ng paniki at dahan-dahan iyong pumapagaspas. Tinitigan ko si Satanas ng matagal subalit sumakit ang aking leeg kaya nagdesisyon akong humiga sa kanyang harapan. Nang makahiga na ako ay nakita ko na ang buong anyo ni Satanas. Mas komportable akong tingnan siya ng ganito, at mas nakikita ko siya. Si Satanas ay hindi nagsalita at tinitigan lang niya ako habang nakahiga ako sa kanyang harapan. Sinadya kong iritahin siya kaya pinagsalitaan ko siya ng masasama.

“Dyablo! Anong mayroon sa iyong napaka-pangit na itsura? Hindi ko maintindihan kung paano ka naging hari kahit napakapangit mo. Tingnan mo ang iyong mata! Nakatagilid sa tabi. Tingnan mo ako! Komportable akong nakahiga rito!” Nagpatuloy ako sa pagsasalita ng masasama sa kanya pero walang epekto - hindi siya gumalaw kahit isang pulgada at hindi man lang kumurap ang kanyang mata.

Si Satanas ay maaaring magpanggap o magbago ng anyo subalit nanatili siyang nakatayo sa aking harapan bilang malaki at malapad na nilalang. Nakakapandiri ang kanyang itsura. Ang kanyang mukha ay parang sa palaka na may kamandag. Ang kanyang anyo ay nasa hangganan ng kapangitan. Para siyang palaka. Ang kanyang katawan ay kaparehas ng sa tao. Ang kanyang buhok ay kalat-kalat sa kanyang buong katawan. Siya ay napaka-taba at parang ayaw niyang gumalaw. Ang hari ng mga dyablo ay hindi nayanig kaya nagdesisyon akong sigawan siyang muli.

“Hoy! Mas malakas at mataas ako sayo! Oo, ikaw! Naglilingkod ako sa Diyos! Prinoprotektahan Niya ako! Hinahamon kita!” Sa wakas ay nagsalita din si Satanas. “Hoy ikaw na maliit, paano mo nagawang pumunta rito at makipaglokohan?!” Sumagot ako ng, “Hindi mo pa ako nakita! Bakit ka nagsasalita ng walang respeto sa akin?!” Inirita ko siya hanggang sa iminulat niya ang kanyang napakalaking mata. Mula sa kanyang dalawang mata, ay may nakakatakot na pulang bolang liwanag ang lumabas.

Tinawanan ako ni Satanas, “Hoy, hindi ba sumasakit ang leeg mo?” Sumigaw ako, “Bakit naman sasakit ang leeg ko? Pumunta ako upang labanan at talunin ka! Ang aking leeg ay maayos lang. Napakataba mo at hindi mo man lang magawang humiga o dumapa! Akala mo ay kung sino ka? Napakapangit mo at mukha kang palaka. Ang iyong katawan ay hindi pantay. Huwag mong lokohin ang iyong sarili! Bumaba ka rito!” Sumisigaw ako pero sa aking loob ay nagdarasal ako sa ibat-ibang wika at humihingi ako ng lakas sa Diyos. Humihingi ako ng Banal na Apoy sa Espirito Santo. Hiniling ko sa Espirito Santo na paitin Niya ako. Habang pinagsasalitaan ko ng masasama si Satanas ay suminghal siya sa akin at pinagtawanan niya ako. Hindi ako sumuko. Inirita ko pa siya. “Satanas! Pakiusap, kainin mo at lunukin ako! Kapag kinain mo ako ay mapupunta ako sa iyong tiyan at pahihirapan kita na mas madami pa sa ginawa mong pahirap sa aking magulang. Hihiwain ko ang iyong loob! Dudukitin ko ang iyong dila at itatapon ko sa apoy ng impyerno! Bilis! Bumaba ka na!” Sumagot si Satanas, “Bakit ako bababa? Ikaw ang umakyat rito!” Nagalit ako at naubos ang aking pasensya. Kahit hindi ko nakikita si Hesus ay nagdasal ako sa Kanya.

INATAKE NI SISTER BAEK, BONG NYO SI SATANAS

“Hesus! Hindi po kita nakikita ngayon pero naniniwala ako na kasama kita parati! Hesus! Nais ko pong bugbugin si Satanas. Subalit napakataas po niya at napakalaki sa akin. Hindi ko po siya magagawang bugbugin! Pakiusap, bigyan Mo po ako ng hagdan para makaakyat ako sa itaas ng kanyang ulo at para atakihin siya!” Habang nagdarasal ako ay ibinalik ako ng Panginoon sa aking normal na kondisyon. Kahit hindi ko siya nakikita ay narinig ko ang Panginoon na inutusan si Arkanghel Michael. Sa utos ng Panginoon ay mabilis na nagdala ng malaki at mataas na hagdan si Arkanghel Michael mula sa langit. Ang hagdan ay napakalaki at umabot sa himpapawid ng impyerno.

Sa tulong ni Arkanghel Michael ay inilagay namin ang hagdan sa likod ni Satanas at kami ay umakyat doon. Mataas iyon at mapanganib. Hindi ko makakayang umakyat sa taas kung hindi ako tinulungan ni Arkanghel Michael. Kataka-taka na hindi man lang gumalaw si Satanas habang kami ay umaakyat sa hagdan. Nang makarating na kami sa tuktok ng hagdan ay tumalon ako sa kanyang balikat. Kinalmot ko ng aking kuko ang kanyang balat. Subalit wala iyong epekto. Hindi man lang gumalaw si Satanas. Hindi ako pinansin ni Satanas na para bang wala lang ako sa kanya. Ang kanyang balat sa likod ay matigas na parang bato. Kahit subukan ko pang kalmutin siya ng aking mga kuko ay wala ring nangyari. Sumigaw ako ng buong lakas habang kinakalmot ko siya, “Ikaw na maruming dyablo! Heto ang para sayo!” Ang pagkalmot ko sa kanya ay walang silbi. Habang nagdarasal ako sa ibat-ibang wika ay sumigaw ako ng, “Banal na Santatlo! Pagkalooban Niyo po ako ng lakas! Bigyan Niyo po ako ng kapangyarihan!” At habang patuloy ako sa pagkalmot ay sa wakas ay nakagawa rin ako ng marka.

Tinuon ko ang aking lakas sa kanyang gasgas at sinugat ko pa iyon. Subalit ang balat ni Satanas ay makapal at kakaonti lang ang nagawa kong gasgas. Naisip ko, “Bakit ang hirap-hirap? Sobrang taba niya! Marahil ay nagpakabundat siya sa maraming tao!”

Sa sandaling iyon ay nagkaroon ako ng karunungan at umiyak ako sa Espirito Santo: “Espirito Santo! Pakiusap, ipagkaloob Niyo po sa akin ang Banal na espada! Pakiusap, ipagkaloob Niyo po sa akin ngayon!” Habang sumisigaw ako ay may malaki at ginintuang espada ang pumanaog. Nang mapalapit sa akin ang espada ay kinuha ko iyon at itinusok ko sa likod ni Satanas. Paulit-ulit ko siyang sinaksak. Tinadtad ko siya ng saksak sa kanyang likuran. Ginamit ko ang aking buong lakas. Habang hinuhiwa ko ang kanyang likod ay may mga piraso ng kanyang balat ang nahulog.

Sunod, ay umakyat ako sa ulo ni Satanas, at walang awa kong sinaksak ang isa niyang mata. Para bang walang hanggan ang kaparaanan. Muli akong bumalik sa kanyang likod at sinibak ko ang isa niyang pakpak. Nang maputol ang kanyang pakpak ay napatalon siya sa kanyang trono at sumigaw siya ng malakas. Sinigawan ko ang hari ng mga dyablo, “Dyablo! Buksan mo ang iyong bibig! Papasok ako sa iyong tyan at tatapusin kita! Hihiwain ko at susunugin ang iyong bituka!”

Nang aatakin ko na si Satanas ay may maliwanag na sinag na nagmula sa itaas. Nagpakita ang Panginoon. Tinawag ni Hesus ang aking pangalan at sinabi Niya, “Bong-nyo! Mahusay ang iyong ginawa! Ngayon ay bumaba ka na. Sapat na iyan para ngayong araw. Umalis na tayo.” Tumutol ako sa Panginoon. Sumagot ako

ng mabilis, “Panginoon! Ayaw ko pong umalis! Kailangan ko pa pong ilabas lahat! Nagagalit pa rin po ako! Kailangan ko pa po ng panahon. Paano ang aking magulang? Pinapahirapan sila ng dyablo. Hindi ko po magagawang umalis ngayon. Kapag umalis ako, ang aking pamilya ay lubha na namang pahihirapan. Paano ako aalis kung ganoon? Hindi po ako maaaring umalis ngayon!”

Sinabi ng Panginoon, “Bong-nyo, ang ginawa mo ngayon ay sapat na, tama na iyan. Kung iba iyan ay manginginig sila sa takot. Matatakot sila kay Satanas at hindi nila magagawang sumagupa. Subalit dahil nagdasal ka at nag-makaawa ng may pagtitiwala, ay tinulungan Kita upang atakihin ang hari ng mga dyablo. Sigurado Ako na naibulalas mo na ang iyong galit ng sapat. Halika na! Bong-nyo, marami na akong dinalang tao upang masaksihan ang impyerno pero wala pang sino man ang nagtangkang umatake upang saksakin ang kanyang laman at mata! Ikaw ay kakaibang santo. Sapat na iyan para sa ngayon. Umalis na tayó. Nasugatan na ang hari ng mga dyablo!” Ako at ang Panginoon ay naglakbay sa langit kasama si Arkanghel Michael.

SI SISTER BAEK, BONG-NYO AY NAGHUGAS NG KANYANG SARILI SA BUKAL NG TUBIG SA LANGIT

Nang ako ay nasa langit na, ay mabigat at nasasaktan pa rin ang aking puso sa aking pag-aalala na ibubunton ni Satanas ang kanyang galit at paghihiganti sa aking pamilya. Naisip ko sa aking sarili, “Dapat ay nakipaglaban ako hanggang sa huli at itinaon ko ang dyablo sa apoy ng impyerno. Mas masisiyahan ako kung ganoon.” Sa tuwing bumibisita ako sa langit, ay napakaganda doon. Ang langit at impyerno ay magkaiba. Dinala ako ng Panginoon sa mataas na tore; napakataas niyon at yari sa ginto. Sa loob ng tore ay may isang malinis na batis ng tubig. Dinala Niya ako sa loob ng tore at yumakap Siya sa akin ng buong pagmamahal. Niyakap Niya ako at inaliw dahil ako ay nalulumbay. Makikita iyon sa aking mukha: ako ay malungkot. “Bong-nyo, alam Kong nasasaktan ka, nahihirapan at natatakot sa tuwing pumupunta ka sa impyerno. Gayon pa man, hindi ka ba natutuwa sa tuwing nasa langit ka?” Sumagot ako, “Opo! Panginoon!”

Ang sabi pa Niya, “Bong-nyo, nawalan ka ng lakas ngayon dahil sa pakikipaglaban mo sa hari ng mga dyablo. Maglinis ka muna ng iyong katawan. Tutulungan ka nila Arkanghel Michael at Gabriel. Nang laslasin at gutayin mo ang katawan ni Satanas, ang likido ng kanyang katawan ay dumikit sa iyo. Kapag bumaba ka sa lupa sa ganoong kondisyon, ay mamamaga ka at mamamatay dahil sa lason. Ang dalawang anghel ang maghuhugas ng iyong katawan upang maging malinis ka at mawala ang lason.” Habang ako ay naliligo, ang mga anghel ay naghintay sa labas at inihanda nila ang aking puting damit na napakalambot. Ang damit na iyon ay may pakpak na nakadikit sa likod.

Sa tulong ng mga anghel ay nakapaglinis ako ng katawan sa malinaw na bukal ng tubig. Ang tubig ay hanggang sa baywang ng Arkanghel at abot naman hanggang sa aking leeg. Lumangoy rin ako sa napakalinis na tubig na iyon. Pumunta ako sa silid na malapit sa bukal upang magbihis. Ginabayan ako ng mga anghel hanggang sa makasakay ako sa mga ulap. Ako ay pagod na pagod. Dinala ako ng mga arkanghel sa lugar kung saan naroroon ang maraming mga anghel. Sa himpapawid sa langit ay may maliit na butas. Doon ginagawa ang mga ulap at doon din nagmumula. Kamangha-mangha iyon.

ANG LAGUSAN NG BANAL NA NAG-AALAB NA APOY

Dinala ako ni Hesus sa isang mahabang lagusan na silid kung saan naroroon ang Nag-aalab na Apoy. Pinakita Niya iyon sa akin sa malayo. Hindi kami pumasok sa lagusan. Kahit sa malayo lang kami tumitingin ay nararamdaman ko pa rin ang init. Iyon ay napakainit. Hindi ko magawang lumapit. Ang lagusan ay parang walang hanggan, napaka-haba niyon. Ang lagusan na iyon ay hindi maaring puntahan ng halos lahat na kaluluwa. Tinanong ko ang Panginoon, “Maari Mo po ba akong dalhin sa loob ng lagusan at ilabas ako ng mabilis?” Nagbigay ng paliwanag ang Panginoon.

“Kapag ang sinoman ay pumasok sa lagusan ay kailangan niyang tumuloy hanggang sa dulo. Ang lagusan ng nag-aalab na apoy ay napaka-init. Ang pumasok roon ay hindi na maaaring umurong. Kahit naisin Ko man na pumasok ka sa lagusan ay hindi kaya ng iyong katawan dahil sa pagod. Ang lagusan na iyon ang lugar kung saan ang isang tao ay mababawtismuhan ng Banal na Apoy. Walang sinoman ang makatatagal doon sa normal na kondisyon. Kailangan ng pisikal na lakas at kapangyarihan para makapagtiis sa init at apoy.

Kapag ang isang tao ay dumaan sa lagusan at nabawtismuhan ng nag-aalab na Apoy, ay maihahayag niya ang kapangyarihan ng Apoy habang ginagawa niya ang kalooban ng Diyos. Hindi dapat mahina ang kanyang puso. Kung hindi ay maari siyang magkasakit sa puso. Kaya naman dapat kang magdasal at alagaan mo ang iyong katawan upang manumbalik ang iyong dating kalusugan. Pagkatapos ay hahayaan kitang pumasok roon. Dahil nagsusulat ng aklat si Pastor Kim, Yong-doo ay una Ko siyang dadalhin sa lagusan upang mabawtismuhan ng nag-aalab na apoy. Subalit wala rin siyang sapat na lakas ngayon kaya dadalhin Ko siya sa lagusan kapag nanumbalik na ang kanyang lakas. Ang susunod Kong dadalhin ay si Kang, Hyun-ja. At ikaw naman ang pangatlo. Ang pastor ang unang makakaranas pumasok. Ikaw at si Kang, Hyun Ja ay papasok ng halos magkasabay. Huwag kang maging makasarili kundi magtiis ka hanggang sa pagdating ng sandaling iyon. Lahat ng myembro ng simbahan ay pagod sa pagdarasal. Ako at ang mga anghel ay espiritu kaya naman hindi kami napapagod. Hindi kami nasasakopan ng araw at gabi para makagalaw. Subalit ang iyong pisikal na katawan ay nasa ilalim ng pisikal na mundo at may limitasyon. Ang iyong espiritu/kaluluwa ay nakahiwalay sa iyong katawan upang maranasan mo ang mga ito. Kapag ang iyong espiritu/kaluluwa ay bumalik muli sa iyong katawan ay makakaranas ka ng sobrang kapaguran.

Sinabi sa akin ng Panginoon na kapag dumaan ako sa lagusan ng Nag-aalab na Apoy ay magkakaroon ako ng panibagong lakas at kapangyarihan mula sa apoy. Sa bagong impormasyong iyon ay nagsumamo ako sa Panginoon. Nagsumamo akong makapasok sa lagusan. Ngunit sinabi ng Panginoon na kailangan ko ng pahintulot ng Ama. Sinabi Niya na hindi pa ito ang tamang oras.

Nagtaka ako kaya tinanong ko pa Siya, “Panginoon! Ang sabi Mo, ang lagusan ay napakahaba at parang walang hanggan. Gaano kahaba iyon?” Ipinaliwanag ng Panginoon na sa mundong termino, ang layo niyon ay mula sa lungsod ng Incheon hanggang sa lungsod ng Seoul sa Korea. Kapag pumasok ang isang tao ay kailangan niyang magpatuloy ng mag-isa. Kapag pumasok siya ay hindi na siya maaaring umurong o bumalik. Kailangan niyang maglakad ng pasulong. Inutusan ng Panginoon ang mga anghel na samahan ako pabalik sa simbahan. Ako ay labis na napagod. Umalis ang Panginoon para sa iba pang gawain.

May limandaang anghel ang sumama sa akin pabalik. Bumaba ako sa simbahan kasama silang lahat. Inaliw nila ako at pinalakas ang aking loob. “Santa Bong-nyo! Kahit pa hindi mo tinapos si Satanas, ay sinaksak, tinusok at pinilas mo naman siya ng Banal na espada. Mahusay ang iyong ginawa! Ngayon ay kailangan mo namang supilin ang iyong pagkapihati at dapat kang maging masaya!” Pagkatapos ay nagpaalam kami sa isat-isa.

IKA- DALAWAMPUT ANIM NA ARAW: ANG AMING PERSONAL NA KARANASANG PANG-ESPIRITWAL

“Kung may magagawa ako?” tanong ni Jesus. “Mangyayari ang lahat sa sinumang may pananampalataya.” Agad namang sumagot ang ama ng bata, “Naniniwala po ako! Tulungan po ninyo akong madagdagan pa ang aking pananampalataya.” Marcos 9:23-24

Lee, Haak-sung: Nang magsimula na akong magdasal ay may masamang espiritu na may walong paa ang nagpakita sa akin. Sumugod siya sa akin upang umatake. Katulad ng isang kamaleon, ang masamang espiritu ay nagpapalit ng kulay. Nagbago siya mula berde, naging kulay abo, naging pula at iba pa. Nang sumugod siya sa akin ay iniunat ko ang aking kamay upang salungatin siya. Sinubukan kong sundutin ang kanyang mata ng aking daliri subalit nang umilag ang masamang espiritu ay nasundot ko ang butas ng kanyang ilong.

Ang masamang espiritu ay nagbago ng anyo at naging dinosoro. May isa siyang mata at may maliliit na umbok sa buong katawan. Ang mga umbok ay parang maliliit na sungay. Ang dinosoro ay may mapanganib na buntot. Ang buntot ay mahaba at parang malakas. Sa tingin ko kung ihahampas niya iyon sa akin ay mamamatay ako. Ang dinosoro ay nakakatakot tingnan. Sumigaw ako at iniunat ko ang aking mga kamay, “Banal na Apoy! Mula sa aking kamay ay may bolang apoy na tumalsik papunta sa dinosoro. Umungol ang dinosoro, at inilabas niya ang kanyang mga ngipin na katulad ng sa buwaya. May biglang sumulpot na mga linta na gumapang sa kanyang katawan.

KUMAIN SI LEE, HAAK-SUNG NG MGA UBAS SA LANGIT

Nagpakita si Hesus at tinanong Niya ako, “Haak-sung, pumunta tayo sa langit.” Sumagot ako at tinanong ko Siya, “Hesus, maaari po ba natin isama si Dyakonesa Shin?” Sinabi ng Panginoon na isa-isa lang ang pinahihintulutan Niyang dalhin sa langit. Tinanong ko Siya, “Maaari po bang si Dyakonesa Shin muna ang iyong isama?” Hindi pumayag si Hesus sa aking kahilingan. “Hindi pa sapat ang lakas ng panalangin ni Dyakonesa Shin. Kaya naman hindi Ko pa siya maisasama sa ngayon.” Bilang resulta, kaming dalawa ni Hesus ay bumisita sa langit.

Nang makarating kami sa langit ay sinabi ng Panginoon, “Dahil ang aking anak na si Haak-sung ay bumisita sa langit, ay nais Kong bigyan ka ng masarap na makakain.” Dinalhan ako ng Panginoon ng prutas na parang mga ubas. Tinanggap ko ang mga prutas at kinain. Ang lasa niyon ay nakakamangha. Imposible para sa akin na ikumpara ang prutas sa langit sa lasa ng mga prutas sa mundo.

Dinala ako ng Panginoon sa harap ng trono ng Amang Diyos. Imposibleng mailarawan ko ang Amang Diyos. Siya ay napakalakas at napakalaki. Siya ay nakaupo sa silya. Dahil sa maliwanag na sinag ng ilaw sa itaas ay hindi ko magawang tumingala. Sa aking pagka-aksidental ay naisip ko na nakita ko ang Amang Diyos. Ang Amang Diyos ay nababalutan ng mga ulap. Gayon pa man ay nakita ko ang Kanyang mga paa. Ang Amang Diyos ay may lamesa sa Kanyang harapan na kung saan may malalaking aklat na nakabukas. May maliwanag na ginituang kulay ang kumikinang sa mga aklat. Habang nakatayo ako sa harap ng Amang Diyos, ay may grupo ng mga anghel ang dumating upang dalhin ako sa malinaw na karagatan sa langit. Lumangoy ako sa loob ng mahabang oras at pagkatapos ay bumalik na sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s church.)

ANG BUONG KATAWAN NI HESUS AY NABABALUTAN NG DUGO

Nang makabalik na ako sa simbahan ay nagsimula na akong magdasal. Habang ako ay nagdadasal ay nakita ko ang eksena ng paghihirap ni Hesus. Si Hesus ay naglalakad na may pasan na krus. Habang naglalakad Siya ay hinahampas Siya ng latigo. Ang eksena ay buhay na buhay at makatotohanan. Nagpatuloy sa paglalakad ang Panginoon patungo sa burol na may pasan na krus. Ang paglalakad sa burol na may pasang krus ay nangangailangan ng lakas, subalit ang Panginoon ay nanghihina. Nakita ko Siyang nadapa ng maraming beses.

Pinalo ng sundalong naka-helmet si Hesus kahit siya ay natumba na. Iniunat ko ang aking kamay upang humarang at upang kunin ang latigo subalit wala rin iyon saysay. Hindi ko iyon nahawakan. Ang aking kamay ay lumampas lang sa latigo. Inilagay nila si Hesus sa krus at ipinako nila ang mga kamay at paa nito sa pamamagitan ng malalaking pako. Matapos nilang ipako si Hesus ay hindi tumigil sa pag-agos ang Kanyang dugo. May mga pilat na bumakat sa kanyang ulo dahil sa koronang tinik. Ang Kanyang buong katawan ay nababalutan ng dugo.

Si Hesus ay ipinako, binugbog at namatay ng katakot-takot at hindi iyon maisasalarawan sa pelikula. Ang paghihirap ni Hesus ay hindi ko kayang pagtiisan at hindi ko kayang panoorin. Umiyak ako ng sobra. Lumapit sa akin si Hesus upang damayan ako. Pinunasan Niya ang aking mga luha. “Haak-sung, huwag ka nang umiyak.” Nang umalis na si Hesus sa aking tabi ay may napakaraming masasamang espirito ang sumulpot. Nakipaglaban ako at pinuksa ko ang masasamang espirito at tinapos ko ang aking panalangin.

ANG MASAMANG ESPIRITO NA PUNO NG MGA SUROT AT ALUPIHAN

Kim, Joo-eun: Habang ako ay nagdarasal, ay may sumulpot na ibat-ibang uri ng masasamang espirito. Isa sa masasamang espirito ay may mga itim na taling sa gilid ng kanyang mga mata. Ang masamang espirito na may mga taling ay parang isang lalaki na may puting tela. Ang kanyang mata ay katulad ng sa palaka at sinulyapan niya ako ng matapang na tingin. Kulubot ang noo ng masamang espirito. Maputla ang kanyang mukha at may mga uod at alupihan na lumalabas sa kanyang katawan at mukha. Napakaraming insekto ang gumagapang sa kanyang mukha.

Gusto kong sunggaban ang masamang espirito subalit ang nakakadiri niyang anyo ang nakapagpahinto sa akin. Hinawakan ko siya sa kanyang leeg at iniyugyog ko siya. Gayon pa man, habang niyuyugyog ko siya ay

muntik na akong mahimatay. “Ang mga insekto ay gumagapang sa aking mga kamay!” Napasigaw ako. Itinapon ko ang masamang espirito kay Sister Baek, Bong-nyo. Ang masamang espirito ay naging abo ng makarating siya kay Sister Baek, Bong-nyo. Siya ay nababalutan ng Banal na Apoy.

Pagkatapos niyon ay may malaking ahas ang gumapang papalapit sa akin. Ang nakakatakot niyang anyo ang nagtulak sa akin upang hawakan siya sa kanyang buntot. Inikot-ikot ko siya ng maraming beses at itinapon ko sa direksyon ni Ginang Kang, Hyun-ja. Siya ay sumasayaw sa espirito. Ang ahas ay mabilis na lumapit kay Ginang Kang, Hyun Ja at ibinukas niya ang kanyang bibig upang kagatin siya, subalit may apoy na tumalsik mula kay Ginang Kang, Hyun ja patungo sa ahas. Ang ahas ay mabilis na gumalaw patungo kay Sister Baek, Bong-nyo. Sa kabutihang palad, si Sister Baek, Bong-nyo ay nag-aalab rin sa Banal na Apoy. Nag-iba ng direksyon ang ahas at inatake niya si Brother Haak-sung. Nang makarating siya kay Brother Haak-sung ay pumulupot siya sa katawan nito.

Biglang may nangyaring kakaiba. Nagsalita ang ahas, “Hindi mo iyan makakaya! Haak-sung, isa kang pilyong bata, kailan ka pa naging malakas? Nahihirapan akong pumulupot sayo.” Habang nagmamaktol siya ay gumapang siya patungo kay Sister Yoo-kyung, subalit kinagat niya ang ulo ng ahas at sinubukan niyang pugutan iyon ng ulo. Ang ahas ay gumapang papalapit sa akin. Bumalik ang ahas sa akin. Sumigaw ako ng, “Nakakatakot na masamang espirito! Bakit patuloy mong ginugulo ang kongregasyon?” Ginamit ko ang aking kamay bilang espada para hatiin siya sa dalawa. Ang ahas ay nahati sa dalawa. Ang karanasang iyon ay kahanga-hanga.

Tinalupan ko siya ng balat at tinadtad ko iyon. Tinadtad ko iyon na parang mga gulay. Inilagay ko ang mga piraso sa isang patpat at inihaw ko iyon sa siga. Ang demonyong ahas ay umiyak at naglaho. “Ang aking katawan! Ang aking katawan!” Inihaw ko rin ang mata ng ahas. Tinusok ko ang kanyang mata ng patpat. Ang nakakapagtaka ay nang humiling ako ng kutsilyo ay bigla iyon sumulpot sa aking tabi. Nang hilingin ko naman ang apoy ay may apoy na sumulpot rin sa aking tabi. Ang totoo niyan, kahit anong isipin at hilingin ko ay ibinibigay sa akin ng Panginoon.

Dahil sa insidenteng iyon ay nagpokus ako at bumalik sa pagdarasal. Habang ako ay nagdarasal, ay may nagpakitang masamang espirito na nagpanggap bilang batang babae. Sa pagkakataong ito ang kanyang buhok ay kulot. Ang kanyang mata ay kumikislap ngayon kaysa noong mga nakaraang araw. Lumipad siya sa itaas. Nagulat ako kaya tinawag ko ang Panginoon. “Hesus! Ang masamang espirito na iyon ay bumalik na naman! Panginoon! Tulungan Mo po ako!” Habang sumisigaw ako ay binulyawan ako ng batang babae. “Hoy tumigil ka! Napaka-ingay mo! Walang ugaling bruha!” Mabilis ko siyang sinaway, “Ano? Wala akong ugali? Sinasabi mo na wala akong ugali?! Bruha ka!” Napasambulat ako ng masasamang salita.

Sumagot ang masamang espirito, “Tingnan mo ang pilyang ito? Mas marami ka pang nasabing masamang salita kaysa sa akin.” Nilagay niya ang kanyang mga kamay sa kanyang bewang at pumustura. “Hoy! Seryoso ka ba? Paano mo nagagawang umasal ng ganyan?” Nagulat ang masamang espirito sa aking pag-uugali. Tumakbo ako papalapit sa kanya at hinablod ko ang kanyang buhok. Inihampas ko siya sa piano. Pagalit kong sinabi, “Ano? Bakit hindi? Mas kaya kong umasal ng ganito sayo!” Matapos kong matalo ang masamang espirito ay nagpakita si Hesus na nakasuot ng puting damit. “Pekas, kumusta ka na?” Sumagot ako, “Hesus! Bakit Ka po pumarito ngayon? Alam Mo po ba kung gaano ako nanabik sa Iyo?” Sinabi ng Panginoon, “Pekas! Patawad. Medyo nahuli ba Ako? Ngayon na naririto na Ako ay mamasyal tayo.” Sinundot Niya ako sa ibat-ibang parte ng aking katawan. Nang tinapik Niya at hinaplos ang aking ulo, ang aking buhok ay marahang gumalaw. Ang kanyang haplos ay nakakatuwa.

Dahil sobrang mahal ko si Hesus ay isinisiksik ko ang aking ulo sa kanyang tuhod. Ikinikiskis ko ang aking ulo at mukha sa Kanyang tuhod. Habang ginagawa ko iyon ay napa-bulong ako, “Hesus, ang Iyong tuhod ay napakalambot. Paano naging malambot at madulas ang iyong gown? Nakakatuwa pong haplusin.” Sumagot ang Panginoon, “Kapag nakapunta ka sa langit ay makapagsusuot ka ng ganitong kasuotan hanggang sa naisin mo.”

KUMAIN SI JOO-EUN NG MGA PRUTAS SA LANGIT

Ngayong araw ay bumisita si Hesus na may dala. Dinalhan Niya ako ng mga prutas. Binigay Niya iyon sa akin at sinabi Niya, “Pekas! Tikman mo ito.” Tinanong ko ang Panginoon, “Hesus, ano po ito?” Sumagot ang Panginoon, “Ito ay prutas na kinakain ng mga santo sa langit.” Tikman mo, ang prutas na iyan ay napakasarap. Kumagat ako. “Wow! Hesus! Anong uri ng prutas po ang ganito kasarap? Ito po ay talagang nakakamangha.”

Ang prutas sa langit ay katulad ng sukat ng mansanas. Subalit ang kulay niyon ay puti at ang lasa ay magkahalong matamis at maasim. Nang kagatin ko ang prutas ay natunaw iyon sa aking bibig. Napakasarap niyon at hindi ko kayang ikumpara sa kahit anong prutas sa mundo. Dahil natikman ko ang prutas sa langit, ay hindi iyon mapapantayan ng prutas sa lupa.

Ngumiti si Hesus habang pinagmamasdan Niya akong kumakain ng prutas. Mabilis kong kinain ang prutas. Tinanong ako ni Hesus, “Pekas, masarap ba?” Sumagot ako, “Panginoon! Bakit ang mga prutas at biskwit sa langit ay napakasarap? Imposible para sa akin na ikumpara ang mga iyon sa pagkain dito sa mundo.” Tinanong ako ng Panginoon, “Nais mo bang dalhan kita ng prutas mula sa langit araw-araw?” Mabilis akong sumagot, “Opo! Pakiusap dalhan Mo ako araw-araw. At maaari po bang dalhan Mo rin ng prutas ang bawat myembro ng simbahan?”

ANG PAGBISITA NI JOO-EUN SA IMPYERNO

Biglang sumulpot ang Panginoon at dinala Niya ako sa impyerno ng walang sinasabi na kahit na ano. Nang makarating kami sa impyerno, ay nakatayo kami sa gitna ng kadiliman kung saan mayroong isang malaking upuan. Ang upuan ay nababalutan at may dekorasyon ng mga bungo. May isang nilalang na mahaba ang buhok ang nakaupo sa silya. Wala siyang laman kundi isa lang siyang kalansay. Nakakatakot siyang tingnan. Napansin ko na may maliliit na bagay na gumagalaw sa kanyang mukha. Nang tingnan kong mabuti ay nakita ko na ang maliliit na bagay na iyon ay mga insekto na parang katerpillar at uod. Ang mga insekto ay gumagalaw mula sa kanyang mukha patungo sa ibang parte ng kanyang pigura.

Sumigaw ako, “Panginoon! Nakakadiri po!” Binigyan ako ng Panginoon ng matalim na palakol. Matapos kumalat ang mga insekto sa kanyang buong pigura ay binalutan naman ng mga ito ang upuan. Iyon ay kulupon. Hinawakan ko ang palakol at naglakad ako patungo sa kalansay na nilalang. Nang makarating ako sa malapit sa kanya ay pinalo ko siya ng palakol pababa. Ang pigura at ang mga insekto ay nadurog sa apoy. Sa palagay ko ay nais ng Panginoon na puksain ko ang nilalang.

Inaliw ako at pinalakas ng Panginoon. “Pekas, dahil ang iyong pananampalataya ay lumaki ay nagagawa mo nang talunin ang dyablo. Lagi kang magtiwala at manalig.” Bigla akong nakabalik sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church). Habang nagdarasal ako ay may masamang espirito ang nagpakita. Ang masamang espiritong ito ay may dalawang paa subalit siya ay sakang. Habang papalapit sa akin ang masamang espirito ay sumusutsot siya sa akin ng mahaba niyang dila. Hinablol ko ang kanyang dila at itinapon ko siya sa isang tabi. Nang bumangga siya sa dingding ay napasigaw siya sa sakit. “Aray! Masakit”

Kaagad siyang gumaling at tumalon. Ang masamang espirito ay pumunta kay kuya Joseph. Dinilaan niya ang mukha ni kuya Joseph ng kanyang nakakadiring dila. “Ohh, napakasarap at malasa!” Hindi ko alam kung alam ni kuya Joseph ang nangyayari. Si kuya Joseph ay patuloy pa rin nagdarasal ng taimtim. Biglang napabulalas si kuya Joseph. “Dugo ni Hesus! Dugo ni Hesus!” Siya ay hindi pa mulat sa espirituwal at mahirap para sa kanya na malaman kung kalian siya ginugulo ng masasamang espirito. Subalit tumatawag siya sa dugo ng Panginoon.

May dugong dumaloy sa kanyang bibig ng sambitin niya ang dugo ni Hesus. Ang dugo ang nagtunaw sa dila ng masamang espirito. Ang masamang espirito ay nagkulay maputlang asul at natakot siya. Sumisigaw siya habang tumatakas. “Anong klaseng dugo ito?”

DESPERADONG NAKIPAGLABAN SI YOO-KYUNG SA LAHAT NG URI NG MASAMANG ESPIRITO.

Lee, Yoo-kyung: Sa gitna ng aking pagdarasal, ay may masamang espirito na anyong isang bayawak ang nagpakita. Ang bayawak ay sumusutsot habang papalapit sa akin. Natakot ako at nasuklam. Mabilis ko siyang hinawakan sa leeg at itinapon ko siya sa direksyon ni Brother Haak-sung. Nang mapunta ang bayawak kay brother Haak-sung ay sinalo niya ito at itinapon sa ibang direksyon. Ang bayawak ay nagpumilit na bumawi at bumalik siya sa akin. Hinawakan ko ulit siya at tinapon sa mas malayo. “Masamang espirito! Sa Pangalan ni Hesus! Umalis ka!” At pagkatapos ay naglaho siya.

Nang umalis na ang bayawak, ay may masamang espirito na nagpanggap bilang batang babae. Kalahati ng kanyang mukha ay kulay puti at ang kalahati naman ay kulay itim. Habang lumalapit siya sa akin ay nag-iingay siya sa pamamagitan ng pagkiskis ng kanyang kuko sa pisara. Sumigaw ako ng ilang beses. “Ayaw kong marinig ang ingay na iyan! Masamang espirito, sa Pangalan ni Hesus, alis!” Subalit hindi siya umalis at mas lalo pa siya nag-ingay. Nairita ako. Tumakbo ako papunta sa kanya at hinablot ko ang kanyang buhok at itinapon ko siya sa sahig. Naglaho siya nang tumama sa sahig.

Habang nagdarasal ako ay napa-luha ako dahil naalala ko si Hesus. Subalit hindi Siya kaagad dumating ngayon. Ang masamang espirito na itinapon ko sa sahig ay nagpakitang muli. Kinutya ako ng masamang espirito, “Hoy! Umiiyak ka ba? Bakit ka umiiyak? Umiiyak ka ba dahil hindi ka pinuntahan ni Hesus? Naging matampuhin ka na.” Nagpatuloy siya sa pag-irita sa akin. Nang maubos ang aking pasensya ay nakipaglaban ako sa kanya. “Gusto mo bang lumaban sa akin?” Ang masamang espirito ay pasigaw na sumagot, “Halika! Ikaw ang mauna!” Nagbago ng anyo ang masamang espirito at siya ay naging matipunong lalaki na may maikling buhok.

Nang sumigaw ako ng malakas, “Dugo ni Hesus! Dugo ni Hesus!” ay pinagtawanan niya ako. Tinuya niya ako, “Ano? Dugo ni Hesus? Sige na, dugo!” Sumiklab ako sa galit at tinawag ko ang Trinidad na Diyos ng paulit-ulit. Sumagot siya, “Sino ang Trinidad? Nasaan ang Trinidad? Huwag mong tawagin ang Pangalang iyan. Natatakot ako!” Sumigaw ako ng mas malakas, “Trinidad na Diyos! Tulungan Mo ako!” Sumigaw rin ang masamang espirito, “Sinabi ko nang natatakot ako. Huwag kang tumawag sa Pangalang iyan! Bakit patuloy ka pang tumatawag sa Diyos?” Nang nagalit siya sa akin ay pumangit ang itsura niya. Hindi ko alam kung saan nanggaling ang bolang apoy ngunit umapoy ang buntot ng masamang espirito. Nang masunog siya ay tumakbo siya na sumisigaw sa init. Sinamantala ko ang sandaling iyon at hinawakan ko siya sa kanyang paa. Inikot ko siya at itinapon sa malayo.

Matapos ang ilang sandali ay may malaking masamang espirito ang sumulpot. Ang isa niyang mata ay may peklat. Ang peklat ay marka ng tahi. May kulupon ng mga uod ang gumagapang sa bandang may peklat. Nang makalapit siya sa akin ay malakas niyang sinabi, “Hihilahin kita papuntang impyerno!” Paulit-ulit niya iyong sinambit. Nalungkot ang masamang espirito dahil hindi niya kayang gawin ang kanyang pananakot. Tinawag ko na naman ang Trinidad na Diyos. “Trinidad na Diyos! Tulungan mo ako!” Umalis ang masamang espirito at pumunta siya kung saan nagdarasal ang Pastor.

Nang makalapit siya sa pastor ay sumigaw siya, “Ang isang ito ay araw-araw nagdarasal! Bakit palagi kang nagdarasal?” Pumunta siya sa asawa ng Pastor. “Ang isang ito ay palagi rin nagdarasal! Hoy! Tumigil ka na sa pagdarasal! Hindi iyan maganda. Hindi iyan nakakatuwa!” Bumalik sa akin ang masamang espirito at inistorbo niya ako, “Hoy! Masama ang pagdarasal! Huwag ka nang magdasal!” Napabulalas ako, “Ako itong nagdarasal! Bakit mo iniistorbo ang aking pagdarasal?!” Pinagtawanan ako ng masamang espirito at tinuya niya ako. “Anong uri ng panalangin iyan? Dasal ba ang tawag mo diyan? Tara, maglaro tayo!” Tumakbo ako papalapit sa masamang espirito at hinawakan ko ang kanyang mukha. Sumigaw ako, “Dugo ni Hesus! Dugo ni Hesus!” Nagreklamo ang masamang espirito. “Mainit! Pakawalan mo ako! Pakusap, pakawalan mo ako!” Inihagis ko ang masamang espirito palayo sa akin.

May isa pang masamang espirito ang nagpakita. Ang isang ito ay may malaking sungay sa kanyang ulo. May malaki rin siyang mata at tainga. Pinilas ko ang kanyang tainga at sinundot ko ang kanyang mata. Pinutol ko ang kanyang sungay. Hinawakan ko siya sa binti at inikot-ikot ko siya at itinapon. Subalit patuloy siyang bumabalik sa akin. Nairita ako sa kanyang kakulitan kaya naman nakapagsalita ako ng mapang-abusong salita. Biglang naramdaman ko na may humila sa aking damit. Sa aking palagay ay si Hesus iyon. Lumington

ako sa galak. Ngunit hindi iyon si Hesus; isa iyong masamang espirito na nag-anyong anino. Hinawakan ng maitim na anino ang aking damit at hindi niya iyon binitawan.

Sumigaw ako, “Sa Pangalan ni Hesus, lumayo ka sa akin!” Kinutya ako ng masamang espirito, “Hindi ako aalis! Hindi ako aalis!” Sumigaw ako ng mas malakas, “Diyos na Trinidad! Banal na Apoy!” May bolang apoy na sumulpot at sinunog niyon ang katawan ng mga masasamang espirito. Nabalutan sila ng apoy. Lahat sila ay nadurog. Nang malapit ng matapos ang aming prayer meeting ay nagpakita ang Panginoon. Hindi Siya lumapit sa akin kundi naglakad Siya papunta sa pastor. Nakinig si Hesus sa dasal ng pastor ng ilang sandali. Tinapik ng Panginoon ang likod at katawan ng pastor pati na rin ang mga parteng masakit. Pagkatapos ay pinuntahan ni Hesus ang bawat myembro na nagdarasal at tinapik Niya ang bawat isa.

MULING NAKITA NI SISTER BAEK, BONG-NYO SI SATANAS, ANG HARI NG IMPYERNO

Sister Baek, Bong-nyo: Habang ako ay nagdarasal, ay may naramdaman akong kadiliman na bumalot sa akin. Gayon pa man ay nagpatuloy pa rin ako sa pagdarasal sa ibat-ibang wika. Sa sandaling iyon ay naisip ko na ang aking pagdarasal ay nasa malalim na estado. May nakita akong liwanag na bumaba. Gumagalaw iyon ng paikot. Mula sa umiikot na liwanag na iyon ay may dumating na mga anghel. Nang makalapit ang mga anghel ay sinabi nila na iniutos ng Panginoon na samahan nila ako. Sumama ako sa mga anghel at lumipad kami sa aming destinasyon. Lumampas kami sa kalawakan at sa Milky Way. Nakatagpo ko si Hesus ng makarating kami sa Milky Way. Nagalak kaming makita ang isat-isa. Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at sinabi Niya, “Bong-nyo, pumunta tayong sa impyerno.” Ginabayan ako ni Hesus papuntang impyerno.

Nang makarating kami sa impyerno ay kaagad kaming nakapunta sa lugar kung saan naroroon ang aking ina. Hindi ko alam kung alam niya na darating ako. Nang mapagtanto niya na dumating na ako, ang kanyang mukha ay namutla at sumigaw siya: “Oh Bong-nyo! Bakit ka na naman pumarito? Umalis ka na sa lugar na ito!” Sumagot ako, “Mama, bumalik ako dahil nag-aalala ako sayo! Nag-aalala ako na baka gumanti si Satanas sayo dahil sinaktan ko siya at inatake ang kanyang mata. Sinugatan ko ang kanyang likod at binali ang kanyang pakpak. Ito ang dahilan kung bakit bumalik muli ako kasama si Hesus.” Matapos kong ipaliwanag sa aking ina ang dahilan ay nakiusap siya, “Pakiusap, huwag mong iritahin si Satanas. Umalis ka na ngayon!” Habang nag-uusap kami ay narinig ko ang kumakalatong na boses ni Satanas. Namayani sa himpapawid ang kanyang nakakatakot na boses.

Sumigaw si Satanas sa tono na parang hinihintay niya ang sandaling iyon. “Hinihintay ko ang sandaling ito upang makita ka. Alam kong babalik kang muli! Ngayong araw ay hahayaan kitang manood ng isang espesyal na panoorin. Masasaksihan mo ang paghihirap ng iyong pamilya.” Ako at ang Panginoon ay nakatayo sa harap ni Satanas habang siya ay nakaupo sa napakalaking upuan. Ang aking pamilya ay nakatayo at nakapila habang naghinihintay ng parusa. Habang nakatayo ang aking pamilya, ay tumigil sa pagtibok ang puso ko. Iyon ay nakakakabang sandali at hindi ko alam ang kalalabasan. Nanghina ang aking kamalayan.

Kahit sa gitna ng pagkatakot, ay nagawa pa rin ng aking ina na damayan ako, “Bong-nyo! Naririto kami sa impyerno. Matagal na kaming nawalan ng pag-asa. Wala ng pag-asa. Huwag ka nang mag-alala sa amin. Kung may gusto kang sabihin kay Satanas, sabihin mo na ngayon, sabihin mo na lahat.” Pinagmasdan ko ang mga parte ng kanyang katawan kung saan inatake ko siya. Ang sugatang mata ni Satanas ay natatakpan ng maitim na bagay. Iyon ang matang inatake ko. Nang makita ko ang isa niyang mata ay nag-aapoy iyon sa galit. Sa sobrang tindi ng kanyang pagkagalit ay maaaring tumalsik ang apoy sa aking harapan. Ipinakita niya na siya ay nalulugod na makita akong muli. Determinado siyang makapaghiganti. Inihanda ko ang aking sarili para sa laban.

Matapang kong sinabi, “Satanas! Nasa akin ang Trinidad na Diyos. At saka nasa akin rin ang nag-aalab na Banal na Apoy. Pupugutin ko ang iyong ulo at itatapon ko sa apoy ng impyerno upang masiyahan ako. Hindi ako makontento ngayon!” Nang marinig ni Satanas ang aking sinabi ay sumagot siya, “Okey! Mabuti! Inaasahan ko ang iyong pagbabalik. Alam kong babalik ka. Lahat ay naayon sa aking layunin!”

NAGPANGGAP SI SATANAS BILANG MGA DIYOS NA SINASAMBA NI SISTER BAEK, BONG-NYO NOONG SIYA AY ISA PANG SALAMANGKERO

Hindi ako natatakot kay Satanas. Sumigaw ako ng malakas at hinamon ko siya: “Ikaw na masamang halimaw! Ipakita mo ang iyong anyo! Ikaw ay napakapangit na dyablo! Bakit mo pinahihirapan ang napakadaming tao? Lalaki ka ba o babae? Isa kang miserableng nilalang! Isa kang nakapandiring nilalang! Bakit hindi mo ipakita ang iyong anyo? Kapag gumaling na ako sa aking sakit ay tuturuan kita ng leksyon! Pero sinabihan ako ng Panginoon na huwag kang saktan. Wala akong magawa kundi pagsalitaan ka ng masasama. Ipinapangako ko sayo ito: kapag gumaling na ako ay pupugutan kita ng ulo! Itutumba ko ang impyerno! Sa anong anyo mo pinaplanong magbago? Ipakita mo ang iyong anyo!”

Habang sumisigaw ako, ang kanyang mukha ay naging maputi at nagbago siya ng anyo at naging hindi pangkaraniwang nilalang. Siya ay naging salamangkero sa gubat, isang espiritong salamangkero. Ang mga tao sa Korea ay sumasamba sa mga salamangkero sa gubat bilang kanilang diyos.

Nakilala ko ang mukha ng salamangkero, pamilyar iyon. Ang kanyang anyo ay isang salamangkero sa gubat at tinawag niya ang aking pangalan, “Bong-nyo! Sa mga nakaraang taon ay sinamba mo ako at pinaglingkuran ng may pag-galang. Subalit ngayon ay hinahamon mo ako at gustong kalabanin? Nagsasalita ka rin ng masasama.” Pinukpok niya ang kanyang tungkod sa sahig na parang siya ay minaltrato. Naisip ko na pamilyar ang kanyang mukha at sa sandaling iyon ay naalala ko siya. Nagbago siya ng anyo bilang isang salamangkero sa gubat na nakatagpo ko noon. Noong sumasamba pa ako at naglilingkod sa ibang diyos ay ninais ko na magkaroon ng kapangyarihan galing sa kanila. Humingi ako ng kapangyarihan sa matataas na ranggo na diyos. Umaakyat ako at bumibisita sa mga kilalang bundok sa Korea. Nagbago ng anyo si Satanas bilang isang salamangkero sa gubat na nakilala ko noon.

Nagpatuloy si Satanas sa kanyang mapanlinlang at mabigat na pananalita. Narinig ko ang garalgal sa kanyang boses subalit alam ko na isa lamang iyong panloloko. Kaya naman pinagsalitaan ko siya ng masasama, “Maruming nilalang! Kelan ako sumamba sa matandang katulad mo?” Tinanong ako ni Satanas, “Paanong hindi mo ako makikilala? Tingnan mo ang aking anyo! Dati mo akong pinagsisilbihan ng may pag-galang di ba?” Pinagpilitan ko na wala akong kinalaman sa kanya. “Matandang lalaki! Hindi ako kailanman sumamba o naglingkod sayo; umalis ka ngayon din!” Subalit nagpumilit pa rin siya hanggang sa huli. “Pero ako ang matandang lalaki na pinaglingkuran mo!”

Naubos ang aking pasensya. “Kapag lumapit ako sayo ay patay ka sa akin! Mas mabuting umalis ka na!” Ang matandang lalaking salamangkero ay nawala at nagbago ng anyo bilang si Satanas. Gusto kong ipakita niya ang tunay niyang anyo. Sumigaw ako, “Walang silbi ang pagyayabang mo ng iyong laki. Kahit ang taas mo ay abot hanggang sa dulo ng impyerno, ay hindi pa rin ako natatakot sayo! Ipakita mo ang iyong anyo!”

Dahil ang Trinidad na Diyos ay nananahan sa akin, ay wala akong dapat ikatakot! Bilis! Ipakita mo ang iyong tunay na anyo!” Hindi ko inaasahan na magbabago siya ng anyo pero ginawa niya. Siya ay naging isang malaki at mataas na babae na may mahabang buhok at nakasuot ng itim na damit.

Ang babaeng iyon ay isa rin diyos na nakilala ko at pinaglingkuran noon. Noong ako ay sumasamba ay buong puso kong hinahanap ang malakas na kapangyarihan sa isang kilalang kabundukan. Sa wakas ay nakita ko rin siya matapos akong maging deboto sa kanya. Sumigaw ako ng malakas, “Ipinakita mo na ba ang iyong anyo? Tama ang aking sinabi! Bakit ngayon mo lang ipinakita ang pangit mong mukha? Napatunayan ko na ikaw iyan. Maaari ka nang umalis ngayon. Umalis ka na bago ko dukutin ang iyong mata!” Umalis ang babae at nagpakita si Satanas.

Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at ginabayan Niya ako. “Bong-nyo! Sapat na iyan para ngayong araw. Umalis na tayo.” Habang ginagabayan ako ng Panginoon ay tumingin ako kay Satanas at sumigaw ako. “Dyablo! Hindi na kita masasaktan dahil i-uwi na ako ng Panginoon. Pero maghanda ka sa akin sa susunod! Pupugutin ko ang iyong ulo at itatapon sa apoy ng impyerno! Habang nabubuhay ako ay pupuksain kita! Maghintay ka lang!”

Dinala ako ni Hesus sa langit upang aliwin at pasayahin ako. Pumunta kami sa bundok na may maraming ilaw. Ang bundok sa aking kaliwa at kanan ay kumikinang ng maliwanag. Ang mga bundok ay maputi at kumikinang ng kulay ginto. Ang liwanag ay nakakasilaw.

Sa gitna ng dalawang bundok ay may mga hugis bilog na butas. Ang mga butas na iyon ay gumagawa ng mga ulap at hamog na pumapaitaas. May nakita rin akong malinis at malinaw na tubigan kung saan dumadaloy ang tubig. Mula sa umaagos na tubigan ay tinawag ni Hesus at inutusan ang limang anghel.

“Dahil nanghihina si Sister Baek, Bong-nyo ay paliguan niyo siya dito at samahang umuwi sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church).

Matapos mag-utos si Hesus ay kaagad akong pinaliguan ng mga anghel. Pagkatapos ay sinamahan nila ako pabalik sa simbahan. Nang makabalik na ako ay nagdasal akong muli. Sa tuwing naiisip ko ang pinagdaraan ng aking magulang ay hindi ko nakakayang tiisin ang ala-ala ng kanilang paghihirap kay Satanas. Nagdurusa rin ako sa sakit at ang aking katawan ay nanghihina. Humiga ako sa upuan sa simbahan at nagdasal ako kahit nakahiga. Tinapos ko ang aking pagdarasal ng nakahiga.

IKA- DALAWAMPUT PITONG ARAW: ANG AMING PERSONAL NA KARANASANG PANG-ESPIRITWAL

“Sumagot si Jesus, “Manalig kayo sa Diyos. 23 Tandaan ninyo ito: kung kayo’y nananampalataya sa Diyos at hindi kayo nag-aalinlangan, maaari ninyong sabihin sa bundok na ito, ‘Umalis ka riyan at tumalon ka sa dagat,’ at ito nga ay mangyayari. 24 Kaya’t sinasabi ko sa inyo, anuman ang hingin ninyo sa inyong panalangin, maniwala kayong natanggap na ninyo iyon, at matatanggap nga ninyo iyon. 25-26 Kapag kayo’y tumayo upang manalangin, patawarin muna ninyo ang nagkasala sa inyo upang ang inyong mga kasalanan ay patawarin din ng inyong Ama na nasa langit.” Marcos 11:22-26

ANG MASAMANG ESPIRITO NA PUMASOK SA TAINGA NI DYAKONESA SHIN, SUNG-KYUNG

Dyakonesa Shin, Sung kyung: Habang nagdarasal ako sa ibat-ibang wika ng ilang oras ay nakaramdam ako ng sakit sa loob ng aking tainga. Pakiramdam ko ay may tumutusok sa aking tainga ng matalim na bagay ng paulit-ulit. Sinubukan kong baliwalain ang sakit at nagpatuloy ako sa pagdarasal. Subalit hindi ko nakaya ang sakit. Tinanong ko si Haak-sung na nagdarasal sa aking tabi. “Haak-sung, ang sakit ng tainga ko. Maaari bang tingnan mo? Hindi ko kasi makita kung bakit sumasakit.” Napasigaw si Haak-sung, “Dyakonesa Shin! May maliit na masamang espirito sa loob ng iyong tainga! At tinutusok niya ang iyong tainga ng matulis na bagay! Anong gagawin natin?”

Nagdasal ako para mawala ang masamang espirito subalit hindi siya umalis. Nagdasal din si Haak-sung para sa akin pero hindi nawala ang sakit. Dahil hindi epektibo ang aming abilidad upang paalisin siya ay tumakbo kami sa altar papunta sa pastor. Nagdarasal ang pastor pero inabala ko siya. “Pastor, nakaramdam ako ng sakit. Ang aking tainga ay parang tinutusok! Pakiusap, palayasin mo ang masamang espirito sa akin!” Sumigaw ang pastor, “Satanas! Inutusan kita sa pangalan ni Kristo Hesus, umalis ka!” Ang masamang espirito ay kaagad sumunod at umalis. Mula sa sandaling iyon ay nakabalik ako sa aking pagdarasal. At saka ang aking katawan ay umunit dahil sa apoy ng Espirito Santo.

NAKIUSAP PARA MANALO SA LOTTO

Kim, Joo-eun: Nang mawala na ang lahat ng masasamang espirito ay dumating si Hesus kasama ang mga anghel. Ang mga anghel ay may dalang gintong mangkok na may hawakan. Pagkatapos ay umupo ang mga anghel sa tabi ng mga myembro na nagdarasal. Inilagay ng mga anghel ang mga panalangin sa gintong mangkok. Sa loob ng maikling sandali ay lumapit sa akin si Hesus at kinausap Niya ako, “Pekas! Tingnan mo Ako.” Ang Panginoon ay nakasuot ng koronang tinik habang nakatayo Siya sa aking tabi.

Pagkatapos ay may isinubo sa akin si Hesus. “Pekas, tikman mo ito.” Nang tikman ko ay lasang istroberi. Ang prutas ay manamis-namis na maasim. Napakasarap niyon. Ang totoo niyan ay hindi kapani-paniwala ang lasa nito. Inubos ko lahat.

“Hesus! Maraming salamat po!” Natuwa ang Panginoon sa aking pagpapasalamat. Dahil masaya ang Panginoon ay kinuha ko ang oportunidad na iyon upang humingi ng pabor. “Hesus! Araw-araw po kaming naghihirap sa pang-pinansyal. Lahat po kami ay mahirap. Pakiusap po tulungan mo kaming manalo sa lotto!” Natahimik ang Panginoon ng ilang sandali at pagkatapos ay bigla siyang napahalakhak. Tiningnan Niya ako at ngumiti Siya. Humingi pa ako ng karagdagang pabor. “Hesus, ako po ang pinaka-maliit sa aming eskwelahan. Maaari po bang bigyan Mo ako ng karagdagang taas?” Hindi Siya sumagot tungkol sa lotto subalit pumayag Siyang bigyan ako ng karagdagang taas. Sinabi Niya, “Oh sige.”

NILUSOB NI JOO-EUN ANG HARI NG IMPYERNO NA SI SATANAS

Sinabi sa akin ni Hesus, “Pekas, bumisita tayo sa impyerno!” Dinala Niya ako sa impyerno ng hindi hinihintay ang aking sagot. Nang makarating na kami ay napansin ko na nakatayo kami sa harap ng hari ng masasamang espiritu na si Satanas. Nakakatakot iyon. Ang sukat ni Satanas ay napakalaki. Abot siya hanggang sa taas ng impyerno. Napakalaki rin ng kanyang upuan. Nagtaasan ang aking buhok ng makita ko ang kanyang nakakatakot na itsura. Muntik na akong mawalan ng malay at muntik na rin maihi sa aking pantalon. Inalis ko ang aking takot ng mapagtanto ko na katabi ko si Hesus. Proprotektahan ako ni Hesus kaya naman naging komportable ako at kalmado. Ang aking emosyon ng takot at pagkataranta ay nawala.

Naalala ko ang pahayag ni Sister Baek, Bong-Nyo tungkol sa paglusob niya kay Satanas at kung saang bahagi ang kanyang kahinaan. Lumakas ang aking loob dahil alam ko kung saan ko siya dapat lusubin. Nang tingnan ko ang mata ni Satanas ay nakita ko ang isa niyang mata na tinusok at itinulak papasok. Hindi ko makita ang kabilogan ng kanyang mata. Ang sugatang mata ay resulta ng paglusob ni sister Baek, Bong-nyo. Nakita ko ang mga epekto ng ginawa ni sister. Habang inoobserbahan ko si Satanas ay sumakit ang aking leeg. Nangawit ang aking leeg habang nakatingala ako sa taas. Si Satanas ay tumatayo rin sa kanyang upuan at pagkatapos ay umuupo siyang muli. Paulit-ulit niyang gingawa iyon sa di malamang dahilan. Napansin ko rin na madalas siyang magngalit at ang kanyang pakpak ay putol at sira.

“Ah! Nakakahiya! Nakakabwisit! Gusto mo bang sabihin na kahit ipinadala ko ang hukbo ng masasamang espiritu sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s church) ay nagawa pa rin ng kongregasyon na matalo sila? Ano naman sayo? Mga sira ulo! Bakit kayo natatalo araw-araw? Mga alagad ko ba talaga kayo? Sino naman ang ipapadala ko ngayon?” Habang galit na sumisigaw si Satanas ay nainis ako at nilusob ko siya.

“Tumigil ka, Dyablo! Anong plano mo para sa Simbahan ng Panginoon) Lord’s Church?” Tumitig siya ng diretso sa akin at malakas niyang sinabi, “Sino ka sa tingin mo? Paano mo ako nagawang hamunin?” Dahil alam kong katabi ko si Hesus ay matapang kong sinaway si Satanas, “Tumigil ka Dyablo! Wala kang silbi! Isa kang pilyong sira-ulo!” Habang sumisigaw ako ng masasama sa kanya ay nagalit siya at nanginig. Gayon pa man, tumingin siyang muli sa akin at ngumiti siya na parang binibiro lang niya ako. “Ikaw? Sino ka? Munting pilya? Saan ka nanggaling?”

Hindi ko alam kung paano ako nagkaroon ng lakas ng loob para umatake, subalit naglakad ako palapit kay Satanas at umikot ako papunta sa kanyang likod. Sinipa ko ang kanyang paa at sinuntok ko siya pero hindi siya natinag. Sa halip ay sinabi niya, “Ah! Nakikiliti ako!” Sumigaw ako, “Panginoon, pagkalooban Niyo po ako ng lakas! Pakiusap, ipagkaloob Niyo po sa akin ang espada ng Espirito Santo!” Ipinagkaloob sa akin ng Panginoon ang espada ng Espirito Santo. Nang hawakan ko ang espada ay naramdaman ko na lumakas ang aking kamay at braso. Ang aking kalamnan at litid ay naging matatag at matibay. Paulit-ulit kong sinasak ang likod ni Satanas ng walang awa. Nabuwisit si Satanas at umusok siya sa galit. “Tinusok mo ako! Aray! Masakit! Tumigil ka na!” Sumigaw ng malagong si Satanas, “Papatayin kita! Hindi magkakaroon ng kapayapaan ang Lord’s Church!” Pumalampak si Hesus at nagalak, “Pekas! Mahusay ang iyong ginagawa! Ipagpatuloy mo!” Tumugon si Hesus sa aking ginagawa. Si Satanas ay nagdusa sa mga sugat at peklat na gawa ni Sister Baek, Bong-nyo noong lusubin niya ito. Ang dating mga sugat ay hindi pa gaanong gumagaling. Ang pagpapabaya ni Satanas ang aking naging oportunidad upang sumalakay sa mga parte na may sugat. Si Satanas ay napahiyaw sa sakit.

Bumaba ako at humiga sa sahig sa harap ng hari ng mga dyablo. Inirita ko siya na katulad ng ginawa ni sister Baek, Bong-nyo. “Wow! Mas nakikita ko na ng maayos! Mas komportable akong tingnan ka sa ganito.” Habang si Satanas ay nababagabag at nababalisa ay inilipat niya ang kanyang galit sa kanyang mga alagad.

Sumigaw siya, “Kayong mga pilyo! Anong tini-tingin tingin niyo? Wag kayong tumayo lang diyan! Lumusob kayo! Ngayon din!” Nagsalita ang Panginoon ng malakas, “Sino ang plano mong lusubin? Sino ka para mangahas lumusob ng walang pahintulot sa Akin?” Yumuko ang masasamang espirito at natahimik habang pinagwiwikaan sila ng Panginoon. Hindi sila nangahas na kumilos. Lahat sila ay napilitan.

Masaya kong inirita si Satanas. Si Satanas ay humihiyaw na para bang sasabog ang kanyang puso sa sakit. Dahil katabi ko si Hesus ay walang magawa si Satanas. Umakyat akong muli sa likod ni Satanas hanggang sa makarating ako sa kanyang ulo. Hinila ko ang kanyang buhok at kinalbo ko siya. Sa pamamagitan ng hawak kong espada ng Espirito Santo ay pinilas ko ang kanyang sirang pakpak. Walang lakas ang hari ng mga dyablo sa harap ni Hesus. Hinamak ko si Satanas at humiga akong muli sa kanyang harapan. Patuloy si Hesus sa pagtawa na para bang nakakatuwang panoorin. Tumayo si Hesus at sinabi Niya, “Pekas, nakakatawa ka. Hihiga ba ako sa iyong tabi?” Tumayo ako at sinenyasan ko si Hesus na huwag. “Hindi po Panginoon! Kayo po ay isang banal. Hindi po nararapat na humiga Ka sa harap ng napaka-pangit na nilalang na si Satanas! Hindi!”

Nagdurugo ang mga sugat ni Satanas. Ang dugo ni Satanas ay may kakaiba at wirdong kulay; hindi ko iyon maipaliwanag. Hindi mapakali si Satanas sa kanyang upuan. Galit siya at nangangalit ang kanyang ngipin. Hindi ko alam kung bakit may tapang ako upang iritahin ang dyablo. Habang iniirita ko si Satanas ay tinawag ako ni Hesus, “Pekas! Sapat na iyan. Umalis na tayo. Natutunan na marahil ni Satanas ang kanyang leksyon. Maaantala tayo. Kailangan na natin umalis.” Hinawakan ng Panginoon ang aking kamay at ibinalik Niya ako sa simbahan. Pagkatapos ay bumalik na si Hesus sa langit.

ANG PAGPUPUGOT SA ULO NG MASASAMANG ESPIRITO SA PAMAMAGITAN NG BANAL NA ESPADA

Lee, Yoo-kyung: Habang nagdarasal ako ay dumating si Hesus. Noong nakaraang araw ay naikwento ni Haak-sung na nagustuhan niya ang mga prutas sa langit. Ang mga prutas ay parang mga ubas. Dinalhan ako ng Panginoon ng ganoong prutas. “Subukan mo ang prutas na ito at magagalak Ako na marinig kang kumanta.” Ang mga prutas sa langit ay napaka-sarap at ayaw kong tumigil sa pagkain niyon. Mahilig akong kumain at kumakain ako ng marami. Subalit si Hesus ay nagdala lang ng ilang prutas.

Nang matapos kong kainin ang mga prutas ay umawit ako. “Purihin Ka, ng aking kaluluwa.. Bawtismuhan Mo ako ng Espirito Santo.. at inawit ko rin ang Tumayo at makipaglaban sa Dyablo..” Habang umaawit ako ay pumunta si Hesus kay Dyakonesa Shin at Joseph. Nang umalis si Hesus sa aking tabi ay maraming masasamang espirito ang sumulpot mula sa isang kanto at marahan silang lumapit sa akin. “Hesus! Ama! Ama!” Nataranta ako at agad kong tinawag ang Panginoon at Siya ay kaagad dumating.

“Bakit mo Ako tinatawag?” Sumagot ako, “Panginoon! Sumulpot ang masasamang espirito galing sa kantong iyon!” Nang ituro ko ang direksyon ng masasamang espirito ay naglaho sila. Tinanong ko ang Panginoon, “Hesus! Maaari po bang isama ko si Joo-eun sa langit?” Sumagot ang Panginoon nang, “Hindi. Isa-isa lang ang maaari Kong dalahin.” Sinabi rin Niya, “Yoo-kyung, kapag bumalik ang masasamang espirito ay huwag kang matakot sa kanila dahil may otoridad ka upang paalisin sila sa Aking pangalan. Wala silang ibang magagawa kundi umalis. Gawin mo iyon at manalig ka!” Sumagot ako, “Amen!”

Nang makaalis na si Hesus ay may sumulpot na masamang espirito. Sumigaw ako ng, “Dugo ni Hesus!” at siya ay kaagad umalis. Habang papaalis siya ay sinabi niya, “Ang bastardong iyon ay tinakot ako sa pagtawag ng dugo ni Hesus! Tae!” Pagkatapos ay may masamang espirito na naman ang dumating. Umakyat siya sa aking balikat at nagpabigat siya akin. Nahirapan akong magdasal. Umiyak ako ng malakas, “Trinidad na Diyos! Tulungan Mo ako!” Sumigaw ang masamang espirito, “Bibigyan kita ng sakit at hihilahin kita papuntang impyerno!” Biglang dumating si Hesus sa sandaling iyon at pinaalis Niya ang masamang espirito.

Bumaba din ang mga anghel at nag-alala sila para sa akin. Tinanong nila kung ayos lang ako. Pinuri ako ni Hesus, “Magaling! Ang aking mahal na Yoo-kyung ay marunong nang magpa-alis ng mga masasamang espirito. Mahusay!” Muling umalis ang Panginoon at may masamang espirito na naman ang nagpakita. Sa pagkakataong ito ay sinubukan niyang istorbohin ang pastor. “Palagi kang nagdarasal! Araw-araw! Anong napapala mo kapag nagdarasal ka? Meryenda? Pagkain? Tumigil ka na sa pagdarasal! Maglaro nalang tayo!” Hindi tinablan ang pastor, binalewala niya ang masamang espirito at nagpatuloy pa rin siya sa pagdarasal. Lumapit sa akin ang masamang espirito at sinikap niyang istorbohin ako sa aking pagdarasal. Sumigaw ako sa

Panginoon, “Panginoon! Ibigay mo sa akin ang espada ng Espirito Santo!” Biglang kong napansin na ang espada ay nasa aking mga kamay na. Pinugutan ko ng ulo ang masamang espirito. Umiyak siya sa sakit: “Ahh! Ang aking ulo! Ahh!” Pinutol ko rin ang kanyang mga kamay at ibang parte ng kanyang katawan. Sumigaw siya, “Katawan ko! Ang mga kamay ko! Ang aking mga paa!” At pagkatapos ay naglaho siya.

ANG BUONG PWERSANG PAGHIHIGANTI NG MASASAMANG ESPIRITO

Sister Baek, Bong-nyo: Sa gitna ng aming serbisyo, ay sumakit ang aking katawan, at nakaramdam ako ng sobrang sakit. Pakiramdam ko ay parang buhay ang sakit at kumakalat iyon sa loob ng aking katawan.

Tumigil ang pastor sa pangangaral at mabilis siyang bumaba sa altar. Sumigaw siya kay Joo-eun at sa iba pang myembro na bukas ang espirituwal na kamalayan upang malaman kung anong nangyayari sa akin. Habang inoobserbahan ni Joo-eun ang nangyayari ay ipinaliwanag niya sa grupo na hindi ako naging mapagbantay kaya naman nagkaroon ng pagkakataon na makapasok sa akin ang masamang espirito. Kapag may nakapasok na isang masamang espirito ay magbubukas ito ng pintuan para makapasok ang iba. Kahapon, nang bumisita ako sa impyerno ay sinaksak ko ang mata ni Satanas at sinugatan ko ang kanyang pakpak at likod. Labis na nagalit si Satanas at inutusan niya ang masamang espirito na lusubin ako ng buong pwersa. Ang lahat ng ito ay ipinaliwanag ni Joo-eun.

“Mga dyablo at masamang espirito! Lumusob kayo ng buong pwersa! Pumunta tayo sa Lord’s Church at lusubin si Sister Baek, Bong-nyo!” Ilang dosena ng masamang espirito ang pumasok sa aking katawan. Nagkaisa sila at lumikha ng isang kulupon. At mula doon ay kumalat sila sa aking katawan. Ang ibang masamang espirito ay mukhang mga tiyanak na may mga sungay sa kanilang ulo; mayroon rin namang nasa anyong ahas na may ibat-ibang kulay at ang iba ay kumikinang ang mata at may matalas na ngipin at kuko at nakadamit ng puti. Lahat sila ay nagdudulot sa akin ng sakit.

Kumalat sila sa aking katawan. Nakarating sila sa bawat parte ng aking katawan mula sa aking braso, balikat, pupulsohan, ulo, tiyan, balakang, paa at bukong-bukong. Hindi lang iyon, pinilipit rin nila ang aking mga kasu-kasuan. Hindi ko makaya ang sakit. Naunawaan ko na kung ano ang pinagdaanan ng pastor sa kanyang mahigpit na pagsubok. Sinubukan kong magdasal at labanan ang kanilang atake hanggang sa huli, subalit ako ay natumba sa sahig. Nagdasal para sa akin ang mga myembro mula gabi hanggang ika-lima ng umaga. Ang kanilang panalangin ang nag-paalis sa masamang espirito sa aking katawan. Pagkatapos niyon ay pagod na pagod silang lahat.

Nakapagdasal pa rin kami pagsapit ng ika-lima ng umaga. Masuwerte pa rin ako dahil may natira pang oras upang ako ay makapagdasal. Bayolenteng pinahirapan ng masamang espirito ang aking katawan, at ako ay naiwang nagdurusa. Tinanong ko ang Panginoon tungkol sa aking kalunos-lunos na katawan. Sa tuwing napapalayas ang masamang espirito sa loob ng isang tao, ang biktima ay kailangan magpagaling. Ngayon ay alam ko na kung bakit nagrereklamo ang pastor na masakit ang kanyang balikat at likod. Sa palagay ko ay may tatlongpong masamang espirito na pumasok sa aking katawan.

NILUSOB NI LEE, HAAK-SUNG SI SATANAS

Lee, Haak-sung: Habang nagdarasal ako sa ibat-ibang wika ay dumating si Hesus at tinawag Niya ako sa aking palayaw. “Sam Dol, bumisita tayo sa impyerno.” Nang hawakan ng Panginoon ang aking kamay ay lumipad na kami patungong impyerno. Ako at ang Panginoon ay nakarating sa harap ng trono ni Satanas. Ang hari ng masamang espirito ay tahimik na nakaupo. Napakataas niya at napakalaki; ang kanyang taas ay umabot sa himpapawid ng impyerno. Ang kanyang mga alagad ay hindi mabilang sa dami. May nakita akong mga kagamitan sa pagpapahirap sa mga tao na halos gabundok na ang taas. Ang mga kagamitan sa pagpaparusa ay nakapalibot sa trono ng dyablo.

Kabilang sa mga kagamitan sa pagpaparusa ay may nakita rin akong kagamitan sa pagsasaka. Para iyong mga kudkuran, at pangkarit ng palay. Mayroon ring baril at kutsilyo na karaniwang ginagamit sa pagpapahirap. Marami pang ibang mga kagamitan na yari sa bakal na ginagamit sa pagpaparusa. Nagulat ako ng makita ko ang aking lola, tiyo, pinsan, at ang aking tiya na nakatayo sa harap ng trono ni Satanas.

Sa tabi ng aking mga kamag-anak ay may mga puno na hugis krus. Ang mga masasamang espirito ay abala sa paghahanda upang ipako ang aking mga kamag-anak sa mga puno na hugis krus. Ang aking mga kamag-anak ay hindi makagalaw sa sobrang takot at mababakas sa kanilang mukha ang kaputlaan. Nang mapansin nila na naroon ako ay umiyak sila sa akin. Habang umiiyak sila ay sinusulyapan nila si Satanas upang tingnan ang reaksiyon nito. “Haak-sung! Bakit nandirito ka na naman? Umalis ka na! Bilis! Alis! Ang lugar na ito ay hindi dapat bisitahin. Alis na! Bilis!” Sinigawan ng mga dyablo ang aking mga kamag-anak, “Kayong lahat diyan, anong sinasabi niyo? Manahimik kayo!” Natahimik sila at nanginig sa takot.

Biglang sinimulan ni Satanas ang pagpapahirap sa aking pinsan. Sa tingin ko ay sinadya niyang gawin iyon upang guluhin ako at upang makita ang aking reaksiyon. Sa pamamagitan ng kanyang mahahabang kuko ay sinugatan niya ang likod ng aking pinsan. Napasigaw ang aking pinsan sa sakit at natumba siya. Subalit hindi pa rin napawi ang galit ni Satanas. Pinilas niya ang balat sa ulo at dinurog ang kanyang bungo. Ang ulo ng aking pinsan ay naging alikabok habang sumisigaw siya sa sakit. “Iligtas niyo ako! Pakiusap! Ahh!” Nawala ang aking pasensya at tumakbo ako patungo kay Satanas at sinipa ko ang kanyang paa subalit hindi siya natinag. Wala akong nagawa; wala akong magagawa dahil sa sobrang laki niya. Si Satanas ay higante at malakas. Wala akong bisa.

Si Hesus ay nanood at nagmasid kung paano ko hahawakan ang sitwasyon. Naalala ko ang kwento ni Joo-eun sa pag-lusob niya kay Satanas. Umakyat siya sa katawan nito at sinugatan niya si Satanas. Pakiramdam ko ay may dapat akong gawin; hindi lang ako dapat manood na walang silbi. Umakyat ako sa katawan ni Satanas at humawak ako sa buhok sa kanyang katawan. Ginamit ko rin ang aking mga kuko upang kalmutin ang kanyang katawan habang umaakyat ako. Hindi nagtagal at nakarating rin ako sa tuktok ng kanyang katawan. Dahil sa sobrang laki niya ay parang nasa dulo ako ng bangin ng tumingin ako sa ibaba. Nagsimula akong manginig. Kinilabutan ako sa takot dahil sa sobrang taas.

Kahit gusto kong saktan si Satanas ay hindi ko kaya dahil wala akong armas. Kaya naman nagdasal ako, “Diyos ko! Pakiusap bigyan Niyo po ako ng espada ng Espirito Santo!” Nang magdasal ako ay may bumaba mula sa langit na espada na yari sa ginto. Mabilis kong kinuha iyon at tinusok ko iyon sa mga parte na sinugatan ng ibang myembro ng simbahan.

Kung dati ay hindi ko kayang saktan si Satanas, ngayon ay kayang-kaya ko na. “Ahh! Masakit! Sinong nanggugulo sa akin? Bakit patuloy kang pumupunta sa lugar na ito? Sino ka munting tao para hamunin ako? Maghintay ka lang at maghihiganti ako!”

Patuloy kong tinusok ang mga parte na may sugat ng aking buong lakas. Sinaksak ko ang kanyang sugatang mata at nagbitin ako sa kanyang pakpak. Ang kanyang pakpak ay sira na at nagawa kong putulin iyon. Ngayon ay hindi na niya magagamit ang pakpak.

Napatalon si Satanas sa kanyang upuan at nagsimula siyang mataranta. “Ahh! Anong ginagawa mo sa akin? Kung hindi ikaw ay may iba na naman! Ahh! Nasasaktan ako! Maghihiganti ako sayo! Hindi ako magpapahinga hanggang hindi ako nakapag-hihiganti! Hindi ko hahayaan ang ganito!” Nagngalit si Satanas at umusok siya sa galit. Tinulak ko ang isa sa mga dyablo sa hukay na puno ng apoy. Nang mahulog siya ay napasigaw siya ng malakas sa sakit at mabilis siyang umakyat papaalis.

Ang alagad na dyablo ay nagalit ng sobra at naglakad siya patungo sa aking pinsan. Sa pamamagitan ng kutsilyo ay hiniwa niya ang laman ng aking pinsan at nilagay iyon sa malaking mangkok. Ang natira na lang sa aking pinsan ay ang kanyang buto. Habang pinapanood ko ang aking pinsan na sumisigaw at umiiyak ay naisip ko, “Kaya ba pinahirapan ang aking pinsan ay dahil nilusob ko at pinahirapan si Satanas? Winika ni Hesus, “Sam Dol, sapat na iyan. Umalis na tayo.” Nilisan na namin ang impyerno.

MAGHINTAY SA TAKDANG ORAS NG PANGINOON

Pastor Kim, Yong-doo: Ang aking mga kamay ay patuloy na gumagalaw. Namangha ako at nagtaka kung paano gumagalaw ang aking kamay ng natural. Walang kontrol ang aking isip sa ano mang pangunguna ng Espirito Santo. Palagi akong nasusurpresa at namamangha

Sa tuwing nagdarasal ako ay tinatanong ko sa aking sarili, “Ano na naman kayang uri ng pagkilos ang gagawin ng aking mga kamay ngayon?” Minsan ay nais kong hawakan ang aking mga kamay at braso upang huwag gumalaw iyon. Nais ko lang magpokus sa pagdarasal. Sa tuwing ako ay nasa ilalim ng pamamahala ng Espirito Santo, ang aking boses, ang aking mga braso at kamay ay ginagabayan ng Kanyang kapangyarihan kaya naman hindi ko iyon magawang pigilan.

Kung pipigilan ko naman ay parang itinutulak ko Siya papalayo at tinatanggihan. Kaya naman dapat ay sumunod ako. Hinihiling ko na mapabilis matapos ang lahat subalit ang Diyos ay mabagal na Siyang gumagawa na parang hindi Siya nagmamadali. Iyon ay kahalintulad kung paano marahang gumalaw ang Diyos Espirito sa ibabaw ng tubig.

Dahil hindi nagmamadali ang Diyos, ako naman ay hindi makontento sa sobrang bagal ng proseso. Dahil maikli ang aking pasensya at gusto ko ng mabilis na resulta, ay nag-aalala ako na baka hindi ako na hindi ko nasusunod ang patakaran ng Diyos. Nabubuhay ako sa mundo na mabilis na nagbabago. Kapag ako ay nahuhuli ay naiisip ko na ako ay napag-iiwanan na. Sa palagay ko ay nasanay na ako sa modernong pamumuhay; kaya naman pakiramdam ko ay mabagal ang aking progreso sa mga bagay na nangyayari sa loob ng simbahan, lalo na ang aming personal na karanasan sa ilalim ng gabay ng Espirito Santo. Kung nais kong manatili sa Panginoon ay kailangan kong itapon ang aking dating pag-uugali at mga personal na karanasan ko bilang isang Pastor.

Patuloy akong tinanong ng Panginoon. Nais Niyang sumagot ako kung pangungunahan ko ang simbahan na naaayon sa Kanyang kalooban o pangungunahan ko ito sa aking sariling kakayanan. Ang pundasyon ng aking mga nalalaman ay ang edukasyon, disiplina, at pilosopiya na natutunan ko sa mga nagdaang taon. Anong ministeryo ang naaayon sa Kanyang kalooban? Lahat ba ng taon sa ministeryo ay walang kabuluhan? Ano ang ginagawa ko noong ako’y magiliw na naglilingkod? Malinaw na ang lahat. Hindi kinilala ng Panginoon ang aking nakaraang ministeryo kung saan naglingkod ako ng may buong kompyansa at pag-aakala na ginagawa ko iyon na naaayon sa Kanyang kalooban. Nang mapagtanto ko na ang ministeryo na aking pinagpaguran ay hindi kinilalang Panginoon, ang aking buong katawanay nanginig sa pagpapakundangan. Itinuro at sinuri ng Panginoon ang aking kondisyon. Habang ako ay nagsusulat ng unang aklat, ay iniutos ng Panginoon na isulat ko ang mga karanasan ng kongregasyon. At higit sa lahat, hiniling ng Panginoon na ako ay sumunod habang sinusulat ko ang aklat. Ang aking pagtitiyaga at pasensya ay magbubunga ng mas kapani-paniwalang aklat.

Habang nagdarasal ako para sa espirituwal na kamalayan, ay naramdaman ko na malapit na ako sa langit. Subalit sinubukan ng masasamang espiritu na pigilan ako. Nilusob ako ng buong pwersa ng masasamang espiritu. Ang totoo niyan ay gumamit sila ng taktika ng gerilya. Habang lumalalim ang aking panalangin, at habang papalapit ako sa langit, ang masasamang espiritu na natalo ko noon ay lumusob sa ibang myembro ng simbahan. Ang plano nila ay lusubin ang mga myembro ng simbahan at hadlangan sila upang gambalain ako sa aking pagdarasal. Ito ay upang hadlangan ako sa pagkamit ng espirituwal na kamalayan. Sinusubukan ng masasamang espiritu na hadlangan at pigilan ang aking panalangin.

Ang mga myembro na bukas ang espirituwal na kamalayan ay nakita si Satanas at sinabi niya, “Kapag nabuksan na ang espirituwal na paningin ng pastor ay tapos na tayo! Lumusob kayo ng buong pwersa!” Sa tulong ng Panginoon, ang paglusob ni Satanas ay hindi epektibo. Bumuo muli sila ng grupo at lumusob ng pangalawang beses. Ang plano naman nila ngayon ay patumbahin ang mga myembro para ng sa ganoon ay magamit ng pastor ang lahat niyang oras sa pagpapaalis ng masasamang espiritu sa bawat myembro.

Muli, si sister Baek Bong Nyo ay natalo ng masasamang espiritu at may mga grupo na pumasok sa kanyang katawan. Malalim na ang gabi ng siya ay nilusob at nakipaglaban kami hanggang ika-lima ng umaga. Dahil sa nakaraang pag-atake sa akin, ang aking katawan ay patuloy pa ring sumasakit. Ang ibat-ibang sakit na aking nararamdaman sa aking katawan ang dahilan kung bakit halos nakahiga nalang ako buong araw.

ANG DIGMAAN SA PAGITAN NG MGA ANGHEL NA TAGAPAGBANTAY AT MASASAMANG ESPIRITO

Nakipaglaban kami at pinalayas ang masasamang espiritu sa buong magdamag. Halos wala na kaming oras sa pagdarasal. Ang aming pagdarasal ay nagsimula ng ika-lima ng umaga hanggang ika-walo at kalahati ng umaga. Naubos ang aming oras sa pakikipaglaban sa mga kaaway. Hinatid ko pauwi ang mga myembro

pagkatapos ng pagdarasal. Nakarating ako sa aming tahanan ng ika-siyam na ng umaga. Nang pumasok ako ay narinig ko ang aking anak na sumisigaw, “Papa! Pastor! Ang mga anghel at masasamang espirito ay naglalabanan sa inyong silid!” Nagulat ako, “Ano?! Halina at tulungan natin ang mga anghel sa pamamagitan ng ating panalangin.” Ang aking asawa at si Joseph at sumali sa aming pagdarasal sa aming tahanan.

Habang nagdarasal sila Joseph at Joo-eun ay nasaksihan nila ang eksena sa pamamagitan ng kanilang espirituwal na paningin. Sinabi nila na ang masasamang espirito ay dumating ng grupohan. Kahit hindi pa ganap na bukas ang espirituwal na paningin ni Joseph ay nakikita niya ang labanan ng masasamang espirito sa tulong ni Joo-eun. “Hindi sumusuko ang masasamang espirito! Hindi nila tayo hinahayaang mamahinga!” Nagpatuloy ako sa pagdarasal sa ibat-ibang wika subalit napansin ko na limitado ang aking abilidad upang itaboy silang lahat.

Kami ay sobrang napagod at nayamot sa kanilang patuloy na pagsalakay, Ginamit namin ang Banal na Apoy upang matalo ang masasamang espirito. Lahat sila ay nagkapira-piraso at nasunog. Sa wakas ay nagkaroon kami ng oportunidad upang mag-almusal ng matapos ang laban. Subalit iyon ay oras na para mananghalian. Sinabi ni Joo-eun, “Papa, pinoprotektahan tayo ng apat na anghel.” Tinanong ko siya, “Joo-eun, sa tingin mo ba ay maaari mo silang makausap?” Sumagot siya, “Opo! Medyo matagal ko na rin silang nakakausap.” Sinabihan ko si Joo-eun na ipaabot sa mga anghel ang aking pagbati na mahusay ang kanilang ginawa ngayong araw. Tinanong naman ni Joo-eun ang mga anghel patungkol sa kanila. Dumating ang Panginoon at nagpatuloy ang aming pag-uusap.

ANG IBIG SABIHIN NG MGA PAKPAK NG MGA ANGHEL

Kim, Joo-eun: “Hesus! May apat pong anghel sa bahay namin. Sino po sila? Bakit sila naririto sa aming bahay?”

Hesus: “Sila ang apat na anghel na tagapag-bantay na nakatalaga upang magtanggol sa iyong pamilya. Sila ay pinadala ng Amang Diyos upang protektahan ang bawat isa sa inyo.”

Kim, Joo-eun: Pero Hesus, bakit po ang mga anghel na nagprotektahan sa aking ina, kay kuya Joseph at sa akin ay may isang pares lang ng pakpak at hindi dalawa? Bakit ang anghel na tagapag-bantay ng Pastor ay may dalawang pares ng pakpak?”

Hesus: “Maraming oras ang ginugugol ng pastor sa pagdarasal para sa mga myembro ng simbahan. At isa pa, ang mga Pastor ay mataas na tagapaglingkod sa Diyos. Ang mga pastor ay masigasig na naglilingkod sa Panginoon. Kaya naman sila ay prinoprotektahan ng mataas na ranggo na anghel. Ang mga anghel na may dalawang pares ng pakpak ay mas mataas ang ranggo kumpara sa anghel na may isang pares na pakpak. Ang mga pastor na may malaking abilidad na pangunahan ang kanilang ministryo ay prinoprotektahan ng anghel na may tatlong pares na pakpak. Ang mga anghel na may tatlong pares na pakpak ay mas malakas at mas mataas ang ranggo.”

Kim, Joo-eun: “Hesus, nang pumasok po ako sa aming bahay ay nasaksihan ko ang labanan sa pagitan ng mga anghel at masasamang espirito. Ano po ang reaksiyon ng mga anghel sa tuwing nagtatalo ang aking ama at ina? O kapag nagtatalo kami ng aking kapatid? Ang totoo po niyan, ako at si kuya ay palaging nagtatalo.”

Mga Anghel: (Habang sila ay nakikinig sa aming pag-uusap ay pumagitan sila) Santa Joo-eun, hindi dapat kayo magtalo o mag-away. Sa tuwing nag-aaway o nagtatalo ang mga santo ay nababawasan ang kanilang gantimpala. Pakiusap, huwag na kayong mag-aaway!”

Kim, Joo-eun: “Panginoon, minsan po ay nakakaramdam kami ng mabigat sa aming katawan sa tuwing kami ay natutulog. Bakit po nangyayari ang pisikal na reaksiyong ito tuwing natutulog kami?”

PAGKAPARALISA HABANG NATUTULOG

Hesus: Nangyayari iyan kapag ang masasamang espirito ay nagpapabigat sa katawan ng mga tao. Ito ay nangyayari kapag ang anghel na tagapagbantay ng isang tao ay natatalo. Gayon pa man, hindi ito nangyayari

kung natatalo ng mga anghel ang masasamang espirito. Minsan ay may matataas na ranggo na masamang espirito ang nagtatangkang pumasok sa katawan ng isang tao at maaaring matalo ang anghel na tagapag-bantay. May anghel na tagapag-bantay ang pinapadala sa isang tao kapag tinanggap niya Ako bilang kanyang Panginoon at Tagapag-ligtas, at buong pusong nanalig sa Akin. Ang anghel na tagapag-bantay na ipinadala ang magprotektta sa isang tao sa buong buhay niya. Ang mga mananampalataya ay may mga anghel na tagapag-bantay. Ang mga hindi naman naniniwala ay may masasamang espirito na manggugulo sa kanila.

May mga pagkakataon na ang mga taong hindi naniniwala ay nabibigatan dahil sa masasamang espirito o maaaring makawala habang sila ay natutulog. Ang aking mga anak ay madaling malulusob kapag sila ay nagkakasala ng maraming beses o kapag ang kanilang pananampalataya ay humihina. Sila ay madaling talaban ng pag-atake habang sila ay natutulog. Kapag ang mataas na ranggo na masamang espirito ay mas malakas sa anghel na tagapag-bantay, ang taong patatamaan ay makakaramdam ng mabigat sa kanilang katawan. Karaniwan ay hindi nakikita ng tao ang labanan sa pagitan ng mga anghel at masamang espirito. Gayon pa man ay ligtas kayo dahil natatalo ng inyong anghel na tagapag-bantay ang masasamang espirito. Lagi mong tandaan iyan!”

Kim, Joo-eun: “Hesus, ano pong nangyayari sa anghel na tagapag-bantay ng isang taong tumaliwas o bumalik sa pagiging maka-mundo? Marami po ang taong ganito.”

Hesus: “Kapag ang isang tao ay nanalig subalit tumaliwas sa bandang huli ang anghel na tagapag-bantay ay babalik sa langit at haharap sa Diyos. Tatayo sila sa harap ng Diyos upang pagwikaan. Ang anghel na tagapag-bantay ay babalik sa kanilang orihinal na tungkulin. Kapag ang taong tumaliwas ay nagbalik-loob, ang anghel ay muling babalik upang protektahan ang mananampalataya katulad ng dati. Ang anghel na tagapag-bantay ay nariyan upang mag-protektta at tumulong sa abot ng kanilang makakaya, subalit ang lahat ay nakasalalay pa rin sa kagustuhan ng isang tao. Ang posisyon o ranggo ng anghel ay tataas base sa mga gawa ng isang tao.”

Kim, Joo-eun: “Ilang pares po ng pakpak ang maaaring magkaroon ang isang anghel?”

Hesus: “Ang isang anghel ay maaaring magkaroon ng hanggang tatlong pares ng pakpak. Bukod doon, may mga anghel na walang pakpak. Ang bilang ng kanilang pakpak at kanilang sukat ay nagpapakita ng kanilang posisyon at ranggo. Ang kanilang pakpak ay maaaring tumubo sa kanilang katawan. Minsan, sa espesyal na okasyon, ay Ako mismo ang naglalagay ng pakpak sa isang anghel.”

Kim, Joo-eun: “Hesus, kapag pinag-uusapan po namin sila ay parang natutuwa sila.

Hesus: “Tama. Nasisiyahan silang makinig sa mga usaping espirituwal. At kaagad naman silang nalulungkot kapag ang naririnig nilang pinag-uusapan ay tungkol sa mundo.”

Kim, Joo-eun: “Hesus, nakita ko po na sumasayaw ang apat na anghel habang pinag-uusapan namin sila. Wow! Ang kanilang sayaw ay halintulad kapag sumasayaw ang aking ina sa Espirito Santo. Anghel! Itinatala ng pastor ang inyong anyo at pag-uusap. Ang pastor ay nagsusulat ng aklat ng aming mga karanasan.”

Mga Anghel: “Wow! Totoo ba iyan? Ang tungkol sa amin ay maisusulat sa aklat?”

Kim, Joo-eun: “Oo naman!”

Hesus: (Ang mga anghel ay nalugod at sumayaw sila. Nais pa nilang mag-usap kami subalit pumagitan si Hesus) “Pekas! Dapat ay Ako ang kinakausap mo. Bakit sa mga anghel ka nakikipag-usap?”

Mga Anghel: (Habang nagsasalita ang Panginoon ay mapagkumbaba silang yumuko at magalang na tumabi.)

Kim, Joo-eun: “Hesus, ano pong nangyayari kapag namatay ang isang tao? Ilan pong anghel ang dumarating upang ihatid sila?”

Hesus: “Sa mga mananampalataya, ay mayroon silang anghel na tagapag-bantay at isa pang anghel upang maghatid sa kanila sa langit. Kapag namatay naman ang taong hindi nananampalataya, ay may nilalang mula sa impyerno ang darating upang ihatid siya patungong impyerno.”

Kim, Joo-eun: “Hesus, nais ko pong bisitahin ang tahanan ko sa langit.”

Hesus: “Dapat kang pumunta at bumisita sa tahanan mo sa langit. Gayon pa man, kung nais mong makita iyon ay kailangan mong magdasal ng masigasig. Huwag kang maging kampante sa iyong pagdarasal. Ito ang dahilan kung bakit hindi kaagad kita binibigyan ng pagkakataon na makapagbisita sa langit. Kung ibibigay Ko sayo ang iyong kahilingan ay maaari kang maging tamad at kampante sa iyong pagdarasal.”

Kim, Joo-eun: “Hesus, patawarin mo po ako sa dahil sa pagtatanong ko ng napaka-rami. Nais ko pong malaman kung umiiyak ang mga anghel. Kapag pumunta po kami sa langit, magkikita-kita po ba kami ng aming pamilya? Nag-aaway po ba o nagtatalo ang mga santo sa langit?”

Hesus: “Pekas, bakit ka mausisa sa maraming bagay? Matapos kitang biyayaan ng pagpropesiya ay parang pinagmamalupitan mo na Ako - hahaha. Sige, tanungin mo pa Ako ng marami, nang pa-isa-isa. Naipapakita ng mga anghel ang kanilang kalungkutan na mababakas sa kanilang mga mukha. Hindi sila umiiyak o nagkakaroon ng luha sa kanilang mga mata. Si Arkanghel Michael at Arkanghel Gabriel lang ang may kakayahang umiyak na may luha. Ang magkakapamilya ay masayang nagkikita sa langit. Gayon pa man, hindi sila nagkikita sa lahat ng oras, sa mga espesyal na okasyon lamang. Pero maaari silang magkita sa serbisyo ng simbahan sa langit. Ang langit ay lugar na walang lamat o dumi. Ang langit ay isang perpektong lugar. Ang Amang Diyos ang namamahala sa lahat ng bagay. Iyon ang dahilan kung bakit isang perpektong lugar ang langit.

Walang dahilan upang mag-talo o mag-away sa langit. Ang mga pag-aaway ay nangyayari dahil sa ang tao ay likas na makasalanan. Ang pagiging makasalanan ay nakakabahala at nakakaligalig. Iyon ang dahilan kung bakit nag-aaway at nagtatalo ang mga tao. Ang mga anghel ay hindi nag-aaway. Kung mangyari man iyon ay mapapaalis sila sa langit at wala na silang pagkakataon upang magsisi. Sila ay walang awang itatapon sa impyerno. Ang mga kaluluwang ligtas ay hindi nagtatalo o nag-aaway. Imposible iyon sa langit. Kung mangyari man iyon ay hindi sila ipapatapon sa impyerno dahil nasa ilalim sila ng awa ng Diyos. Sila ay mamumuhay ng masaya.

IKA- DALAWAMPUT WALONG ARAW: ANG AMING PERSONAL NA KARANASANG PANG-ESPIRITWAL

“12 Ang salita ng Diyos ay buhay at mabisa, mas matalas kaysa alinmang tabak na sa magkabila'y may talim. Ito'y tumatagos maging sa kaibuturan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at buto, at nakakaalam ng mga iniisip at binabalak ng tao. 13 Walang makakapagtago sa Diyos; ang lahat ay hayag at lantad sa kanyang paningin, at sa kanya tayo mananagot.

14 Kaya nga, magpakatatag tayo sa ating pananampalataya, dahil mayroon tayong Dakilang Pinakapunong Pari na pumasok na sa kalangitan, doon mismo sa harap ng Diyos. Siya'y walang iba kundi si Jesus na Anak ng Diyos. 15 Ang ating Pinakapunong Paring ito ay nakakaunawa sa ating mga kahinaan sapagkat tulad natin, tinukso siya sa lahat ng paraan, subalit kailanma'y hindi siya nagkasala. 16 Kaya't huwag tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng mahabaging Diyos upang makamtan natin ang habag at kalinga sa panahon ng ating pangangailangan.” Hebreo 4:12-16

ANG PAGLUSOB NG MASASAMANG ESPIRITO NG BUONG PWERSA

Pastor Kim, Yong-Doo: Habang dumaraan ang mga araw sa aming tatlongpong araw na pagdarasal, ang pakikipaglaban sa masasamang espiritu ay mas tumitindi. Sa tuwing ang mga munting tupa ay nagdarasal habang masama ang panahon ay naaawa ako sa kanila at hindi ko mapigilang umiyak. Kami ay pisikal at espirituwal na pagod dahil sa mabangis na pagsalakay ng masasamang espiritu. Ang labanan ay paulit-ulit. Minsan ay nananalo kami at minsan ay nananalo rin ang kalaban. Ito ay karaniwang nauulit.

Kahit matindi ang labanan ay hindi kami tumitigil sa pag-iyak sa Panginoon habang nakikipaglaban. Ang totoo niyan, ay matiyaga kaming umiiyak sa Kanya. Nagtipon kami ng ika-siyam ng gabi. Bago magsimula ang serbisyo ay umawit kami at nagpuri sa Panginoon. Habang kami ay sumasamba ay nilusob si Sister Baek, Bong-Nyo. Siya ang unang nakipagsagupa sa masasamang espirito. Siya ay natumba dahil sa pag-atake. Pinasok ng masasamang espirito ang katawan ni Sister Baek, Bong-Nyo. Sila ay hindi kaagad matatalo; hindi ko makita ang kanyang anyo at pigura ng kanyang mata. Ang paglusob ay biglaan at hindi kami nakapaghanda upang sagupain ang masamang espirito.

Bilang isang lalaki, ako ay nag-aalinlangan noon sa tawag upang maging isang pastor. Naisip ko, “Siguro ay naglalakad ako sa kadiliman. Bakit hindi ko maiwasan ang espirituwal na pag-atake? Bakit ako nakikibaka sa ganito?” Ang mga myembro ng simbahan ay nagsitumba sa sahig at umiyak sa sakit. Wala akong magawa at hindi ko sila magawang tulungan. Biglang hindi naigalaw ng aking asawa ang kanyang paa, siya ay naparalisa. Ang aking anak na si Joseph ay nilusob din at sumakit ang kanyang ulo. Ang aking anak na si Joo-eun ay naging biktima rin at sumakit ang kanyang braso. Si Yoo-kyung at Haak-sung ay natumba rin sa sahig at sila ay naging biktima ng masasamang espirito.

Kung paaalisin ko ang masamang espirito sa isang myembro ay kaagad silang lilipat sa ibang myembro. Ang myembro ng aming simbahan ay mahihirapan. Bilang pastor ay pakiramdam ko na nagkukulang ako. Pakiramdam ko ay hindi ako ganoon ka-espirituwal. Hindi ko magawang pawiin ang espirituwal na pagka-uhaw ng mga myembro. Hanggang sa ngayon ay hindi ko pa nauunawaan ang aking pagkukulang bilang pastor. Ang labanan sa araw na iyon ang nagbigay linaw sa aking espirituwal na kahinaan. Nabahala ako at nalumbay sa sandaling iyon.

Sa loob ng tatlong araw ay nakipaglaban kami sa masasamang espirito. Bilang resulta ay hindi ako nakatulong ng maayos. Kahit nasaan ako, sa bahay man o sa simbahan ay walang pinag-iba. Hindi ako hinahayaang mamahinga ng masasamang espirito. Ang digmaan noong nakaraang gabi ay nakakapagod. Ang digmaan ay nagpatuloy hanggang ika-walo ng umaga sa araw ng Linggo. Kahit nagamit ko ang aking pananampalataya at espirituwal na abilidad ay mahina pa rin ako.

Wala akong ibang pagpipilian kundi humingi ng tulong sa Panginoon. Nagsumamo ako sa Panginoon, subalit sinabi ng Panginoon na kailangan kong talunin ang masasamang espirito sa pamamagitan ng aking pananampalataya hanggang sa huli. Dahil nalalapit na ang oras ng pagsamba sa Linggo ay nainip ako at pinilit ko ang Panginoon, “Hesus! Tulungan mo po ako! Nagmamakaawa po ako! Mamagitan po kayo o kaya ipadala Niyo si Arkanghel Michael upang tumulong. Pakiusap, bilisan Niyo po! Hindi na po mahalaga kung sino ang tutulong sa amin.” Habang nagmamadali ako sa pakikiusap sa Panginoon ay nakiisa sina Joseph, Haak-sung at Joo-eun upang tumawag ng tulong. Lahat kami ay luhaan. Ang aming katawan ay basang-basa na sa pawis. Hindi nagtagal ay may mga anghel na dumating mula sa langit at tumayo sila sa aming harapan.

ANG PAG-TULONG NI ARKANGHEL MICHAEL

Sa aming palagay ay may ilang daan o hanggang ilang libong anghel ang dumating. Patuloy sila sa pagdating at pinalibutan nila kami. Nagsanggalang sila para sa amin at binalutan nila kami ng suson-suson na maliwanag na ilaw. Sinubukan ng masasamang espirito na lumusob. Hindi nagtagal ay may nakita akong kamangha-mangha, kumikinang at napaka-liwanag na ilaw na nagmumula sa langit. Papalapit na sa amin si Arkanghel Michael. Siya ay nakasakay sa puting kabayo, isang kabayong may pakpak. Ikinakampay niya ang kanyang malaki at kumikinang na espada. Nang makarating na siya at sa pamamagitan ng isang hampas lang ay napugutan niya ng ulo ang ibang masasamang espirito.

Ang mga natirang masamang espirito ay nataranta at nagkahiwa-hiwalay sila. Si Arkanghel Michael ay humakbang papalapit sa mga myembro ng simbahan, pinugutan niya ng ulo ang masasamang espirito. Nang mapugutan sila ng ulo ay may maitim na usok na nagmula sa kanilang katawan at pagkatapos ay nawala na sila.

Ibinuka ng mga anghel ang kanilang mga pakpak upang dumipensa at protektahan ang mga myembro ng simbahan. Si Arkanghel Michael ay patuloy pa rin sa pagsalakay sa masasamang espirito gamit ang kanyang

espada. Napasigaw sa sakit ang masasamang espirito at sila ay nataranta. Malaking kaguluhan iyon para sa kanila. Dumating si Hesus at nagmasid sa sitwasyon.

ANG PAGSUNOG SA MASASAMANG ESPIRITO SA PAMAMAGITAN NG BANAL NA APOY

Lee, Haak-sung: May ilang grupo ng masasamang espirito ang pumasok sa katawan ng aking ina. Napaikli ang oras ng aming pagdarasal dahil tumulong kami sa pagpapa-alis ng masasamang espirito sa kanyang katawan. Kahit magulo ang sitwasyon at nahihirapan ang aking ina ay nanatiling mahinahon pa rin si Pastor Kim at malakas at epektibo niyang pinangunahan ang serbisyo. Ang salita ng pastor ay nahaluan at pinalakas ng kapangyarihan ng Diyos. Kaya naman nang magsimula na ang aming prayer meeting ay napakalakas ng presensya ng Espirito Santo.

Malamig ang araw na katulad ng dati. Kaya naman wala ako sa kondisyon at punong-puno ang aking isip ng negatibong bagay. Gayon pa man, nang magsimula na akong magdasal ay pinuno ng Espirito Santo ng apoy ang aking puso. Gumalaw ang apoy nang paikot. Nang makapasok ang apoy sa aking puso ay namawis ako sa lakas at init niyon. Nasaksihan ko ang napakaraming mga anghel na dumarating mula sa langit. Sila ay sumusulpot mula sa krus sa altar. Nasa katawan pa rin ng aking ina ang masasamang espirito at nagpapahirap iyon sa kanya. Sa sobrang sakit ay gumugulong na ang aking ina sa sahi. Wala siyang magawa at hindi niya alam ang kanyang dapat gawin upang mawala ang sakit. Patuloy siyang umiiyak at sumisigaw. Lahat ng myembro ng simbahan ay nakikipaglaban upang mapaalis ang masasamang espirito. Ang laban ay nagpatuloy hanggang umaga. Laking pasasalamat namin dahil nagapi namin ang masasamang espirito sa tulong ni Arkanghel Michael at natapos namin ang serbisyo sa araw na iyon.

Nang bumalik na si Hesus at si Arkanghel Michael sa langit, ay nagkaroon pa rin kami ng oras upang makapagdasal ang bawat isa. Habang nagdarasal ako sa ibat-ibang wika ay may nakita akong isag grupo ng maitim na anino na gumagapang sa isang sulok. Sa loob ng ilang segundo, ay may sumulpot na masamang espirito na anyong dinosoro at tumakbo siya papalapit sa akin. Habang papalapit siya sa akin ay nabiyak ang kanyang ulo at may nakita akong gumagalaw na bagay na mapula at madulas sa kanyang ulo. Habang pinagmamasdan ko ang sitwasyon ay naramdaman ko na humihiwalay ang aking kaluluwa sa aking katawan. Nanghina ako sa sandaling iyon at ako ay nilusob ng masamang espirito. Tinawag ko ang Panginoon. “Hesus! Tulungan Mo ako! Iligtas Mo ako!” Kaagad dumating ang Panginoon at hinablot Niya ang buntot ng dinosoro at pagkatapos ay itinaon Niya iyon. Sumisigaw ang masamang espirito habang siya ay tumatakas.

Ang sumunod naman ay ang grupo ng maitim na anino na humila sa aking tsaleko. Sinubukan kong kumawala subalit hindi ko kaya. Naputol ang aking pagdarasal. Nang mapagtanto ko na hindi ko sila kayang talunin gamit ang sarili kong lakas ay nagdesisyon ako na isigaw ang kapangyarihan ng Banal na Apoy. Sumigaw ako ng, “Banal na Apoy! Banal na Apoy!” Biglang lumipad ang nag-aalab na apoy mula sa aking katawan at nadurog ang mga aninong espirito.

Nang magsimula muli akong magdasal sa ibat-ibang wika ay may narinig akong awit. Sumayaw at nagdasal ako sa ritmo ng awit. May napansin akong masamang espirito na nakasuot ng bakal na maskara ang lumapit sa akin. Nagpatuloy ako sa pagdarasal at ang aking mga kamay ay gumagalaw sa ritmo ng awit. Lumapit sa akin ang espirito at tinanggal ko ang kanyang maskara. Nang tanggalin ko ang kanyang maskara ay may lupon ng masamang espirito ang lumabas mula doon. Pinuksa ko silang lahat sa pamamagitan ng Banal na Apoy. Nang matalo ko ang masamang espirito ay dumating ang Panginoon at binigyan Niya ako ng kendi mula sa langit. Matamis at masarap iyon. Mabilis ko iyong kinain, kaya naman napa-ubo ako.

NASAKSIHAN MULI NI YOO-KYUNG ANG PAGHIHIRAP NG KANYANG KAMAG-ANAK SA IMPYERNO

Lee, Yoo-kyung: Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at tinanong Niya ako, “Yoo-kyung, nais mo bang bumisita sa langit?” Nang marinig ko ang kanyang tanong ay nagalak ako. Lumipad kami sa hangin. Dumaan kami sa kalawakan at sa pulong-bituin, at nagpatuloy kami sa paglipad papataas. Gayon pa man, hindi ko inaasahan ang aming paglipad sa madilim na lagusan at tumungo kami sa kaliwang daan. Ang kaliwang daan ay patungo sa impyerno. Ang kanang landas ay patungo sa langit.

Alam ni Hesus na kung tatanungin Niya ako kung nais kong bumisita sa impyerno ay tututol ako.

Nais kong bumisita sa langit. Nagagalak ako sa tuwing mayroon akong pagkakataon na bumisita sa langit. Ninanais kong tumira doon ngayon at magpakailanman. Subalit ang impyerno ay kakila-kilabot at nakakatakot na lugar. Ayaw kong bumisita o kaya naman isipin ang lugar na iyon. Nang tanungin ako ng Panginoon kung nais kong bumisita sa langit ay nasilo ako. Sa tuwing nararanasan kong bumisita sa impyerno ay hindi ako nakakatulog tuwing gabi. Ang aking katawan ay nakakaramdam ng natirang sakit mula sa impyerno.

Habang nag-iisip ako ay nakita ko ang aking mga kamag-anak na kinakaladkad. Pinipilit silang pumila kung saan naghihintay ang malaki at masamang nilalang. Napakalaki ng nilalang at ang kanyang taas ay umaabot sa tuktok ng impyerno. Maraming puno na hugis krus ang nakatayo sa harap ng malaking nilalang.

Naghahanda ang ibang masamang espirito upang ipako ang aking mga kamag-anak sa krus. Parang hari ang malaking nilalang. Sa tuwing nag-uutos siya, ang kayang mga nasasakupan at ang aking mga kamag-anak ay nanginginig sa takot. Natakot ako sa laki at dumadagundong na boses ng malaking nilalang.

Napaiyak ako dahil sa takot. Nag-alala ang aking lola at pinunasan niya ang aking mga luha. Hindi ako maaaring humawak sa kahit sino sa impyerno subalit sa sandaling ito ay pinayagan ang aking lola na lumapit sa akin at pawiin ang aking luha. Habang pinupunasan niya ang aking luha ay naramdaman ko na malamig ang kanyang mga kamay. Malamig iyon na parang yelo. “Yoo-kyung! Bakit ka muling pumarito? Hindi ito ang lugar upang pasyalan. Umalis ka na ngayon!” Umiiyak siya habang kinakausap niya ako.

Hinila ako ni Hesus sa kanyang tabi at binigyan Niya ako ng kulay pulang prutas. Sinabihan Niya ako na kainin iyon at tumigil na sa pag-iyak. Dinala iyon ni Hesus mula sa langit. Habang kinakain ko ang prutas ay tinitigan ako ng aking lola. Sinabi ng Panginoon, “Yoo-kyung, anong naramdaman mo ng hawakan ka ng iyong lola?” Sumagot ako, “Panginoon, ang kamay ng aking lola ay napaka-lamig. Para bang nilalamig siya at nanginginig.”

Habang umiiyak ang aking lola ay iniyuko niya ang kanyang ulo at sinabi niya sa Panginoon, “Minamahal kong Hesus! Salamat dahil dinala mo ang aking apo na si Yoo-kyung.” Ang aking tiyo na nakatayo sunod sa aking lola ay nagtanong, “Yoo-kyung, nasaan ang iyong ina?” Sumagot ako, “Si mama po ay may sakit ngayon. Hindi po siya makapagdasal ng mabuti at nakahiga lang siya sa simbahan.” Sumagot siya, “Totoo ba iyan? Sana gumaling na siya.” Nag-aalala siya sa aking ina. Nakita ko ang aking lolo at pinsan na nakatayo sunod sa kanila. Hindi ko alam kung anong paghihirap ang pinagdaanan ng aking lolo bago siya napunta sa lugar na ito. Ngunit ang balat niya sa katawan at sa mukha ay gutay-gutay.

Mababakas sa kanilang mukha ang pagkabagabag. Inihayag ng aking tiyo at pinsan ang kanilang agam-agam. “Yoo-kyung, anong dahilan kung bakit nandirito ka?” Umiiyak ang aking lola, “Yoo-kyung, nais kong umalis sa lugar na ito. Dahil kasama mo si Hesus ay pakiusapan mo Siya na kunin ako sa lugar na ito kasama mo. Ang impyerno ay lugar ng hindi mabatang sakit at paghihirap. Nakakatakot dito. Tulungan mo akong makaalis dito!”

Habang pinapanood ko ang aking lola na umiiyak at nag-mamakaawa ay nakiusap ako sa Panginoon, “Hesus, pakiusap, alisin Mo po siya sa lugar na ito! Naaawa po ako para sa aking lola!” Umiiyak ako sa Amang Diyos: “Diyos ko! Tulong!” Sumagot si Hesus, “Yoo-kyung, umalis na tayo. Sapat na ito para ngayong araw. Hinawakan Niya ang aking kamay at sa sandaling iyon ay narinig kong sumigaw ang aking pinsan. “Yoo-kyung! Tulungan mo ako! Iligtas mo ako!” May kulay pula, asul at dilaw na ahas ang pumulupot sa kanyang binti. Dahan-dahang gumapang ang ahas sa kanyang ulo.

Patuloy sa pag-sigaw at pag-iyak ang aking pinsan. “Yoo-kyung, kapag nakabalik ka na sa mundo ay mangaral ka sa mga kamag-anak natin at sabihin mo sa kanila na manalig kay Hesus. Sabihin mo na dumalo sila sa simbahan! Sabihin mo sa kanila na hindi dapat sila mapunta sa lugar na ito kahit anong mangyari! Naiintindihan mo ba?” Habang sumisigaw siya ay may lumapit sa kanyang masamang espirito na may matalim na sungay at iritableng nagtanong, “Anong pinagsasabi mo?” Para siyang balisa. Tinusok ng masamang espirito ang dibdib ng aking lola sa pamamagitan ng kanyang sungay. Natumba siya sa lupa at sumigaw sa sakit. Sumigaw ako, “Lola Lola! Dyablo! Hindi ko hahayaan ito! Huwag mong hawakan ang aking lola!”

Habang sumisigaw ako ay bigla kong napansin na nasa simbahan na ako at nagdarasal. Tinapik ni Hesus ang aking ulo at pinatahan Niya ako habang ako ay umiiyak at nagdarasal.

NAKASAKAY SI ARKANGHEL MICHAEL SA PUTING KABAYO

Sister Baek, Bong-Nyo: May ilang masamang espirito ang nakapila at pumasok sa aking katawan. Namanhid ang aking kaliwang kamay. Hindi ko makita ang pagkakaiba ng kanilang anyo. Nagbabad sila sa loob ng aking katawan. Sobrang sakit ang naramdaman ko at gumugulong na ako sa sahih. Napansin ako ng Pastor at ni Sister Kang, Hyun Ja. Tumigil sila sa pagdarasal upang tulungan ako. Tumulong rin ang mga myembro ng kongregasyon. Sinimulan nilang palayasin ang masasamang espirito sa loob ng aking katawan. Mahirap palayasin ang lahat ng masamang espirito sa loob ng aking katawan. Matagal na oras ang ginugol ng grupo sa pakikipaglaban.

Ang pakikipaglaban sa masasamang espirito ay nagpatuloy buong gabi. Nagmatigas ang masasamang espirito sa loob ng aking katawan. Hindi sila kaagad umalis. Isa-isang pinaalis ng Pastor at ng kanyang asawa ang masasamang espirito. Buong gabi silang nagdasal. May napakaraming masamang espirito sa loob ng aking katawan. Buong gabi nila akong pinahirapan. Namimilipit ako sa sakit. Sa wakas ay napaalis ang lahat ng masamang espirito pagsapit ng umaga. Nang una silang pumasok sa aking katawan ay hindi ko makita ang kanilang anyo o hugis. Gayon pa man, nang sila ay mapaalis nang isa-isa ay nakita ko rin ang kanilang tunay na anyo.

Nakita ko ang maraming uri ng ahas; ang iba ay malaki at ang iba naman ay maliit. May nakita rin akong mga insekto na nakakatakot ang itsura. May masamang espirito rin sa anyo ng batang babae at ang ibang espirito ay may mga sungay. Lahat sila ay napaalis isa-isa. Nang mapaalis ang lahat ng masamang espirito ay nakalma ako at nakalaya. Masakit ang aking katawan at nahihirapan akong gumalaw. Kinailangan kong magdasal ng nakahiga. Dumating ang Panginoon kasama ang grupo ng mga anghel. Dumating rin ang Espirito Santo at binigyan Niya ako ng Banal na Apoy. May pumasok na bolang apoy sa aking puso.

Nang makapasok ang bolang apoy sa aking puso ay uminit ang aking katawan. Dati ay nanginginig ako sa sobrang lamig subalit ng matanggap ko ang Banal na Apoy ay uminit ang aking pakiramdam. Bigla akong nagdasal sa ibat-ibang wika ng mas malakas habang nag-aalab ang apoy. Winika ni Hesus, “Alam Kong nahirapan ka ngayong araw. Kaya naman hindi kita dadalhin ngayon sa impyerno. Nagdadasal ka pa rin sa kabila ng sakit na iyong nararamdaman. Umalis na tayo. Gusto kong alisin ang iyong sakit.” Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at lumipad kami patungong langit.

Isinama ako ng Panginoon sa langit. Bumisita kami sa karagatan, sa bundok na kasing puti ng yebe, at sa iba pang lugar. “Ang iyong kamay ay malamig na parang yelo. Nahihirapan ka pa rin. Kagagawan iyan ng dyablo!” Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at sa sandaling iyon ay may nakita akong lumabas na maitim na usok na anyong ahas sa aking kamay. Bigla rin iyong nawala. Nang hawakan ng Panginoon ang aking kamay ay naging mainit iyon. Marahang sinabi ni Hesus, “Bong-nyo, mahina ang iyong pisikal na katawan ngayon. Humiga ka at magpahinga rito. Mahusay ang iyong ginawa ngayong araw.”

Pakiramdam ko ay bumalik ang aking sigla nang makapag-pahinga ako sa langit. Naglibang ako doon kasama ng mga anghel. Bumalik ako sa simbahan at nakita ko si Arkanghel Michael na nakikipaglaban sa masasamang espirito. Nakasakay siya sa puting kabayo. Hindi nakapagdasal ang pastor ng gabing iyon dahil pinaalis niya ang masasamang espirito sa loob ng aking katawan. Kaya naman naghanda siya upang magdasal kina-umagahan. May nakita akong limangpong masasamang espirito na nakapalibot sa pastor. Naghihintay sila ng pagkakataon upang umatake sa pastor. Lumapit si Arkanghel Michael sa pastor at sumigaw siya ng, “Masasamang espirito! Paano niyo nagawang pumunta at mag-tipon dito?” Inihampas niya ang kanyang kumikinang na espada na parang gintong liwanag. Nang ihampas niya ang kanyang gintong espada ay napugutan ng ulo ang masasamang espirito sa palibot ng pastor. Lahat sila ay naging alikabok. May nakita akong usok na nagmula sa alikabok nang papaalis na ang masasamang espirito patungong impyerno. Napakalinaw ng tagpong iyon.

Kung ikukumpara ko si Joo-eun sa ibang kabataan, siya ay matalino, makahulugan at masayahin. Ang pamilya ng pastor ay nakararanas ng pinansyal na paghihirap. Pero kahit naghihirap sila sa pamumuhay, ang mga

bata ay disiplinado at napalaki ng maayos. Hindi sila nagreklamo sa kanilang sitwasyon. Halos lahat ng myembro ng aming simbahan ay mga tinanggihan mula sa ibat-ibang simbahan. Lahat sila ay namalagi na dito at naging matatag ang kanilang pananampalataya.

Bumalik si Hesus sa simbahan at ginising Niya si Joo-eun na nakatulog dahil sa mahabang pagdarasal. Pinagmasdan ko ang Panginoon at naiyak ako nang makita ko na hindi sumasagot si Joo-eun. Naawa ako kay Joo-eun dahil lubha siyang napagod. Winika ng Panginoon, “Joo-eun! Pekas - Ako ito, ang Panginoon. Pumunta Ako upang isama ka sa langit. Gumising ka na Joo-eun. Minamahal kong Joo-eun! Pumarito ako upang ipakita sayo ang langit.” Marahan siyang hinikayat ng Panginoon.

Marahil ay sobrang napagod si Joo-eun kaya hindi siya sumasagot sa Panginoon. Nagbuntong-hininga ang Panginoon. “Patawad. Dahil sa iyong maalab at taimtim na pagdarasal ay nais Kong ipakita sayo ang langit ngayong araw. Patawad.” Marahan Niyang hinaplos ang likod ni Joo-eun.

Ang grupo ng masasamang espirito na pinaalis ni Arkanghel Michael ay muling bumalik upang pumasok kay sister Kang-Hyun Ja. Limampu silang nagsanib pwersa at pumalibot sa kanya. Naghintay sila ng pagkakataon upang pumasok sa kanyang katawan. Sa kabutihang palad, ay dumating si Arkanghel Michael sa kanyang tabi at sumigaw ng, “Hindi pa kayo natuto?!” Inihampas ni Michael ang kanyang espada ng isang beses at napugutan ng ulo ang masasamang espirito. Lahat sila ay nadurog at naging alikabok.

Ang pastor, ang kanyang asawa at si Dyakonesa Shin ay patuloy na nagdasal. May grupo ng mga anghel ang dumating at ibinalot nila ang kanilang mga pakpak upang mag-sanggalang at protektahan sila pastor. Patuloy na nakipaglaban si Arkanghel Michael sa masasamang espirito at pinugutan niya ang mga iyon ng ulo sa pamamagitan ng kanyang gintong espada.

IKA- DALAWAMPUT SIYAM NA ARAW: ANG AMING PERSONAL NA KARANASANG PANG-ESPIRITWAL

“Yamang kami’y mga katulong sa gawain ng Diyos, nakikiusap kami sa inyo na huwag ninyong sayangin ang kagandahang-loob na ibinibigay sa inyo ng Diyos. 2 Sapagkat sinasabi niya, “Sa kaukulang panahon ay pinakinggan kita, sa araw ng pagliligtas, sinaklolohan kita.” Ngayon na ang panahong nararapat! Ito na ang araw ng pagliligtas! 2 Corinto 6:1-2

ANG KAHILINGAN NI JOSEPH

Kim, Joseph: Isang araw nalang ang natitira sa aming prayer rally, subalit hindi pa rin nagigising ang aking espirituwal na kamalayan. Mabigat ang aking pakiramdam at nag-aaala ako. Tumulo ang aking mga luha. Nitong mga nakaraan, sa tuwing natatapos ang grupo sa pagdarasal ay nakikinig ako sa kanilang mga testimonya tungkol sa pagkamulat nila sa espirituwal. Hindi ko mapigilang huwag mainggit sa kanila. Tahimik pa rin ang Panginoon at hindi pa ako nakakarinig ng kahit ano mula sa Kanya. Ipinaliwanag ni Joo-eun at ng iba pang myembro kung bakit hindi ako nakakaranas ng pagkamulat. Ipinaliwanag nila na ako ay tinawag upang maging isang pastor. Kaya naman kailangan kong magdasal hanggang sa masiyahan ang Diyos. Hindi ko alam kung bakit kailangan magdasal ng isang pastor ng mas matagal at mas matindi. Ang aking ama na si Pastor Kim ay hindi pa rin mulat sa espirituwal na kamalayan. Naisip ko na siguro ay nawawalan na rin ng pag-asa ang kanyang puso. Gayon pa man ay hindi ipinakita ng pastor ang emosyon ng pagkabigo. Sa halip ay inaliw niya ako ng kanyang mga salita na nagpalakas sa akin. “Tayo’y magdasal at maging matiisin.”

Habang ako ay nagdadasal ay napaiyak ako at nagsisi. Medyo matagal din akong umiyak. “Panginoon! Pakisap, buksan Mo po ang aking espirituwal na mata! Ipakita Mo po sa akin! Pakiusap!” Habang nagdarasal ako sa ibat-ibang wika ay may nakita akong asul na liwanag na kumukutitap sa gitna ng kadiliman. Nawala din iyon. Nagdasal ako at umasa na makitang muli ang asul na liwanag. Hinahangad iyon ng aking puso. Subalit, hindi ko na muling nakita ang asul na liwanag. Nakaramdam ako ngpagkabigo ngunit hindi ako nagalit.

ANG PAGBABAGO NI DYAKONISA SHIN, SUNG-KYUNG AT NI JUNG-MIN

Dyakonisa Shin, Sung-kyung: Bagaman umiyak ako sa pagsisisi ng matagal na oras ay hindi pa rin ako nakakita ng pangitain. Habang ginugunita ko ang mga gabi ng aming pagdarasal ay naisip ko na iyon ay isang milagro. Kung wala ang tulong ng Panginoon ay hindi iyon maaaring mangyari. Ang aking pangako ng pagdarasal ay bunga ng grasya at awa ng Diyos. Habang nakikinig ako sa salaysay ng ibang myembro tungkol sa kanilang espirituwal na kamalayan at mga karanasan sa pagbisita sa langit at impyerno ay nakaramdam ako ng hiya at nag-alinlangan ako sa aking pananampalataya. Ang aking pananampalataya ay pakitang tao lamang. Sinubukan kong humabol sa iba. Sa ngayon ay inaamin ko ang aking mga kasalanan at umiiyak ako ng may pagsisisi.

Pinagmamasdan ng aking asawa ang aking anak na lalaki na si Jung-Min. Nagbago ang kanyang pag-uugali. Nakaranas si Jung-Min na makatungo sa impyerno. Tumitig sa akin ang aking anak at sinabi niya, “Mama, kailangan mong makita ang impyerno at maranasan iyon.” Kinailangan kong aliwin ang aking sarili dahil nagulat ako sa kanyang pahayag.

Nag-iisang anak si Jung-Min at siya ay handa na upang pumasok sa elementarya. Siya ay dating sugapa sa mga laro sa internet at sa panonood ng cartoons. Gayon pa man, nang maranasan niya ang Banal na Apoy ng Espirito Santo ay nabuhay siyang muli at nakatanggap ng banal na biyaya. Hindi na siya nanonood ng telebisyon o naglalaro sa internet sa loob ng isang buwan. Inilaan niya ang kanyang oras sa pagdarasal. Nakapagdarasal na siya sa loob ng tatlong oras na nakataas ang mga kamay. Ang kanyang ambisyon ay para maging isang pastor. Nagbabasa at nag-aaral siya ng bibliya araw-araw. Nais kong makita kung ano ang iba pang magiging pagbabago sa kanya.

NAGHIRAP ANG PANGINOON SA KRUS

Lee, Haak-sung: Habang ako ay nagdarasal ay may tatlong masamang espiritu ang nagpakita sa akin ng sabay-sabay. Ang isa sa kanila ay mukhang malakas. Maskulado ang pangangatawan ng malakas na espiritu. Siya ay isang malaking espiritu. May tatlo siyang ulo. Tumakbo siya sa aking tabi upang abalihin at guluhin ako. Hinabol ko siya at hinawakan ko ang kanyang mga binti. Nang mahawakan ko ang masamang espiritu ay inihampas ko siya. May apoy na mula sa Espirito Santo ang lumabas sa aking mga kamay at tumama iyon sa masamang espiritu. Kaagad siyang nadurog at naging alikabok. May napansin akong kulay itim na nagtatago sa likod ni Dyakonisa Shin. Hinarap ko ang maitim na bagay na iyon na katulad ng ginawa ko sa maskuladong espiritu. Hindi nagtagal ay may sumulpot na masamang espiritu sa anyo ng isang dinosoro. Basag at nakabukas ang kanyang bungo. Hinablot ko siya at walang awa kong inihampas papaikot na maraming beses. Nadurog siya sa piraso. May madumi at nakakatakot na mga surot ang mabilis na gumapang mula sa nasirang katawan ng dinosoro. Iyon ay naging isang kulupon. Sumigaw ako ng malakas, “Apoy ng Espirito Santo!” May apoy na tumalsik mula sa aking katawan. Ang bolang apoy ang sumunog at sumira sa masasamang espiritu at sa kulupon ng insekto.

Nagpakita ang Panginoon nang matalo ko ang masasamang espiritu. Nang makita ko siya ay napaiyak ako. Nakiusap ako kay Hesus. “Pakiusap, dalhin mo si Joseph at si Joo-eun sa langit!” Sumagot ang Panginoon, “Oo sige, gagawin Ko.” Tinawag Niya ako sa aking palayaw at sinabi Niya, “Sam dol! Pumunta tayo sa langit!” Hinawakan ko ang kamay ng Panginoon at nakarating kami sa hardin ng mga bulaklak.

Habang nag-aaliw ako sa hardin ng mga bulaklak ay tinawag ako ng Panginoon. “Haak-sung, kailangan natin pumunta sa ibang lugar. Umalis na tayo ngayon.” Iniisip ko kung saan kami pupunta. Nalaman ko na pupunta kami sa simbahan (Lord’s Church). Sa isang pangitain, ay nakita ko ang Panginoon na naglalakad sa isang burol at pagkatapos ay naglaho Siya. Biglang nagpakita ang Panginoon sa akin. Siya ay naglalakad na may pasang krus. Binubugbog Siya ng mga tao. Nagdurugo ang kanyang mga sugat sa katawan. Nililibak nila ang Panginoon.

Siya ay may suot na koronang tinik. May dugong tumutulo sa kanyang mukha na mula sa kanyang ulo na pinutungan ng koronang tinik. Nakita ko ang eksena kung paano ipinako ang Kanyang mga kamay at paa ng mahahaba at matatalim na pako. Namatay Siya. Umiyak ako ng malakas ng masaksihan ko ang paghihirap ni Hesus. Nakita ko ang koronang tinik, ang mga pako, at ang pagbuhos ng tubig at dugo. Pagkatapos ay

nagpakita ang Panginoon. “Haak-sung, huwag kang umiyak.” Hindi ko kailanman malilimutan ang nakita ko sa pangitain.

KINAIN KO ANG MGA PRUTAS MULA SA LANGIT NG SABAY-SABAY

Lee, Yoo-kyung: Ang araw na ito ay hindi tulad ng dati. Si Hesus ay naghihintay na sa amin sa simbahan bago pa man magsimula ang aming pagdarasal. Nakatayo siya sa ilalim ng krus na nakabitin sa simbahan. Nang magsimula na akong magdasal ay tinawag ko ang Amang Diyos. Pumunta ang Panginoon sa aking harapan at hinawakan Niya ang aking kamay. Hinawakan Niya ang aking kamay at lumipad kami sa langit. Kumanta ako nang makarating kami sa langit. Pinanood ako ni Hesus. Kumanta ako ng tatlong awit: “Nagpupuri ang aking lauluwa, Tumayo at makipaglaban sa masasamang espirito, Binyag ng Espirito Santo.” Umawit ako ng paulit-ulit. Pumalakpak ang Panginoon at winika Niya, “Mahusay umawit ang aking minamahal na Miss Mole. Kalugod-lugod.” Pinuri Niya ako.

Sinabi ko sa Panginoon, “Panginoon, masakit po ang aking lalamunan at may ubo rin po ako.” Sumagot ang Panginoon, “Talaga? Hindi ka maaaring magkasakit. May sipon ka rin ba? Pagagalingin kita kaya huwag kang mag-alala.” Hinaplos Niya ako. Nang haplusin Niya ako ay naramdaman ko ang init, kabutihang loob at pagkamahinahon Niya. Hindi ko alam ang aking gagawin.

Sinabi ko sa Panginoon, “Panginoon, barado din po ang aking ilong.” Sumagot Siya, “Pagagalingin Ko din iyan.” Dinalhan ako ni Hesus ng prutas sa langit. Ang prutas sa langit ay halos kaparehas ng prutas sa lupa. Parehas iyon ng hugis, laki at kulay. Ang mga prutas na dinala sa akin ng Panginoon ay parang mga sirwelas, mansanas, ubas, at peras. Gayon pa man, hindi kayang ikumpara ang lasa ng mga iyon. Napaka-sarap ng mga prutas sa langit.

Kapag kinagat ang prutas ay matutunaw iyon sa iyong bibig. Winika ni Hesus, “Yoo-kyung, kumain ka ng mga prutas hanggang sa gusto mo at magpagaling ka.” Biglang lumapit sa akin si Yae-ji at sinabi niya, “Sister, narinig ko na may sipon ka. Hindi ka dapat magkasakit. Kailangan mong maging malusog sa lahat ng oras.”

Habang papabalik na kami ng Panginoon sa simbahan ay lumipad kami sa kalawakan. Mula sa malayo ay may nakita kaming itim na ulap na gumagalaw. Sinabi ko sa Panginoon, “Hesus, hindi ko po matandaan na nakita ko dati ang maiitim na ulap na iyon. Bakit biglang nagkaroon? Maitim iyon at natatakot ako.” Sinabi ng Panginoon, “Hindi iyon mga ulap kundi mga masasamang espirito. Nagpanggap sila bilang mga ulap.” Sila ay masasamang manlilinlang. Huwag kang mag-alala. Ipagtatanggol kita.” Nakarating kami sa simbahan.

Tinanong ako ng Panginoon, “Yoo-kyung, nilalamig ka ba?” Sumagot ako, “Opo Panginoon. Nilalamig po ako.” Hinaplos ng Panginoon ang aking katawan. Nang haplosin Niya ang aking katawan ay biglang uminit ang aking pakiramdam. Pakiramdam ko ay isa akong nag-aalab na apoy. Pagkatapos ay nagpaalam na kami sa isat-isa. Hindi ako nakapagbantay at nawala ang aking depensa kaya naman nagkaroon ng pagkakataon na makapasok sa akin ang masasamang espirito. Buong gabi nila akong pinahirapan. Subalit gumaling ako nang ipagdasal ako ng pastor.

MULING NAKATAGPO NI SISTER BAEK, BONG-NYO SI SATANAS SA PANGATLONG PAGKAKATAON

Sister, Baek, Bong-Nyo: Habang umiiyak ako at nagsisisi, si sister Joo-eun na nakaupo at nagdarasal sa aking tabi ay napaiyak rin at nagsimulang magsisi. Sa sandaling iyon ay sumunod ako at nakibagay. Habang nagdadasal ako ay may nakita akong mga anghel na bumababa mula sa langit. Binalutan nila ang mga myembro ng simbahan ng maliwanag na ilaw na pananggalang. Ang pananggalang na ilaw ay napakaliwanag at hindi ko iyon kayang titigan. Subalit may mga grupo ng masamang espirito ang dumating at lumusob. Nagmasid sila at naghintay ng pagkakataon upang makapasok sa pananggalang na liwanag.

Dumating ang mga anghel upang kunin ako. Inutusan sila ng Panginoon. “Naghihintay ang Panginoon sa kalawakan. Magmadali ka, kailangan natin umalis ngayon dahil naghihintay Siya sayo.” Hinimok nila ako na magmadali. Nang makalabas ako sa pananggalang na ilaw ay lumipad kami ng mga anghel papataas. Lumipad ang masasamang espirito patungo sa amin at sinubukan nilang umatake. Kami ng mga anghel ay matindi ang pakikipaglaban sa kanila habang lumilipad.

Nakarating kami sa kalawakan subalit wala doon ang Panginoon. Nawala ang aking kapanatagan nang ako ay natakot. Lumipad kami sa may lagusan. Sa tuwing wala ang Panginoon sa aking tabi ay bumibilis ang tibok ng aking puso dahil sa takot. Biglang nagpakita ang Panginoon at hinawakan Niya ang aking kamay. Inaliw Niya ang natatakot kong puso. “Bong-nyo, matagal ka na bang naghihintay? Halina at bumisita tayo sa impyerno. Huwag kang matakot, protektahan kita.”

Sinamahan ako ng Panginoon sa impyerno. Hindi ko akalain na ang hari ng masasamang espirito ay nakatayo sa aking harapan. Sa una ay hindi ko mawari kung anong uri ng masamang espirito iyon; hindi ko iyon nakilala. Gayon pa man ay nakilala ko siya nang makipag-usap siya sa akin.

“Ikaw? Pumunta ka na naman dito! Sinira mo ang aking mata at ginalusan mo ang aking likod. Sinira mo rin ang aking mga pakpak. Sa tingin mo ba ay kaya mong mabuhay ng hindi nagkakasala? Masakit ang aking katawan dahil sa mga galos na iyong ginawa sa aking likod. Matagal ko nang hinihintay na bumisita kang muli dito. Sa wakas ay nandirito ka na!” Sumigaw siya at ang impyerno ay parang nilindol. Ang hari ng mga masasamang espirito ay nag-utos sa kanyang mga alagad. “Dalhin ninyo ang kanyang pamilya dito!” Sa isang utos niya ay nakita ko ang aking pamilya na hinihila papalapit sa amin. Ang aking pamilya ay kinalakadkad sa harapan ng hari ng masasamang espirito habang tinatakot sila. Nanginginig ang aking pamilya at namumutla sila sa takot. Sumulyap sila sa akin sa kanilang kawalang pag-asa. Ang Panginoon ay tahimik na nakatayo at nanonood.

Sumigaw ang aking kapatid, “Ate Bong-nyo! Nais kong makita ang aking anak na babae na isinilang pagkatapos akong mamatay!” Naglalita rin ang aking ina. “Anak ko, Bong-Nyo! Namimiss ko na rin ang aking apo. Ilang araw bago ako mamatay ay ipinanganak siya.” Mahirap maintindihan ang kanilang sinasabi dahil pinahihirapan sila. Paano nila nagagawang mangulila sa kanilang anak sa ganoong klaseng lugar? Nakakatakot ang kanilang paghihirap at sakit na narararanasan. Paano nangyari na may nararamdaman pa rin silang emosyon?

Dahil sabik na sabik na sila sa kanilang pamilya ay binalitaan ko sila. Ang anak ng aking kapatid ay ang aking pamangkin at siya ay mahigit nang dalawangpung taong gulang. Sinabi ko sa aking kapatid na ang kanyang anak ay hindi Kristiyano. Gayon pa man ay ipinangako ko sa kanya na mangangaral ako sa kanyang anak at aakayin ko siya sa simbahan (Lord’s Church).

NAGHIGANTI SI SATANAS SA AKING PAMILYA

Nang marinig ng hari ng masasamang espirito ang aming pag-uusap ay labis siyang nagalit. Lalo siyang nagalit ng marinig niya ang tungkol sa pangangaral. “Ano? Mangangaral kanino? Anong pinagsasabi niyo? Hindi mo alam kung gaano kasakit ang aking naramdaman dahil sayo! Hinintay ko ang pagkakataong ito. Pahihirapan ko ang iyong pamilya! Simulan na ang pahirap!” Inutusan niya ang kanyang mga alagad at sumagot sila, “Opo sir! Haring Satanas!” Naglakad ang masamang nilalang patungo sa aking ina, kapatid at pamangkin.

Ang aking ina ay nakasuot ng puting damit at ang aking kapatid at pamangkin ay nakasuot naman ng itim. Inihiga ng nilalang ang aking pamilya sa sahig. Sinimulang tusukin ng nilalang ang aking ina simula sa kanyang mga paa. Matalas, mahaba at makapal ang pakong kanyang ginamit. “Ahh! Bong-Nyo! Iligtas mo ako! Pakiusap tulungan mo ako!” Natanggal ang kanyang balat at laman at napuno ng dugo ang kanyang katawan. Ang kanyang sigaw at pagtangis ay narinig sa buong lugar. Pakiramdam ko ay sasabog ang aking tenga sa sobrang lakas ng kanyang sigaw.

Ang mga nakita ko sa impyerno ay hindi gawa lamang ng aking imahinasyon; hindi iyon kathang isip. Ang impyerno ay totoong lugar. Ano man ang aking mga nasaksihan, iyon ay mga pangyayaring naganap sa aking harapan. Ang tanawin at ingay ng pagpapahirap ay totoo. Paano ko magagawang lumikha ng imahinasyon ng ganoong paghihirap? Naubos ang limitado kong pasensya at sumigaw ako na parang sira-ulo. “Panginoon! Pakiusap gumawa po kayo ng paraan! Pakiusap! Bilisan Niyo po! Hindi ko na sila kayang makita pa! Pakiusap! Bakit hindi Niyo po pinarurusahan ang masamang bastardo na nagpapahirap sa aking ina?” Umiyak ako.

Umiyak ako, “Mama! Ang kawawa kong ina! Pinahihirapan siya dahil ginalit ko si Satanas. Kasalanan ko kung bakit mas lumala ang pagpapahirap sa aking pamilya. Anong gagawin ko? Mama! Patawarin mo ako! Kasalan ko ito!” Inutusan ni Satanas ang kanyang alagad na ipagpatuloy ang pagtusok sa katawan ng aking ina. Tinusok ng nilalang ang tiyan, leeg, dibdib, at ulo ng aking ina. Hindi sila nagpakita ng awa. Sumigaw at nawalan ng malay ang aking ina. May dugo at piraso ng mga balat ang kumalat. Hindi na siya mukhang tao.

Ang aking kapatid at pamangkin ay nagdurusa nang mapanood nila ang pagpapahirap sa aking ina. Nanginginig sila sa takot. Nang matapos sila sa aking ina ay tumakbo ang nilalang patungo sa aking kapatid at pamangkin. Tinusok ng masasamang espirito ang kanilang katawan ng pako na katulad ng ginawa nila sa aking ina. “Ah! Bong-Nyo! Tulungan mo ako! Iligtas mo ako!”

“Tiya, tulungan mo ako! Tiya! Pakiusapan mo ang Panginoon! Bilis!” Patuloy na tinusok sila ng masasamang nilalang ng walang awa. Ang sigaw ng aking kapatid at pamangkin ay umalingawngaw hanggang sa himpapawid ng impyerno.

Sumigaw si Satanas ng malakas, “Nakita mo? Anong nararamdaman mo? Hindi ka ba natutuwa? Dahil sinaktan mo ako ay sasaktan kita sa pamamagitan ng pagpapahirap sa iyong pamilya. Hahayaan kitang masaksihan ito!” Sinubukan kong huwag pansinin si Satanas. Sinulyapan ko ang aking ina at sumigaw ako, “Mama! Ang kawawa kong ina! Noong huli akong bumisita sa impyerno ay nasa apoy ka ng impyerno. Nasaktan ako ng sobra ng makita kita sa apoy. Sinubukan kong ipaghiganti ka sa pamamagitan ng paglusob sa hari ng masasamang espirito. Subalit ang ginawa kong paghihiganti ay nagbunga ng mas malalang pagpapahirap sayo. Patawarin mo ako. Mama patawarin mo ako! Anong gagawin ko?” Umiyak ako ng umiyak. Nayamot ako at sinumpa ko ang hari ng masasamang espirito.

“Satanas! Ikaw na dyablo! Ang Santatlong Diyos ay nananahan sa akin! Anak ako ng Diyos! Sisirain ko ang lugar na ito, ipinapangako ko sayo! Kung hindi ko man kaya ay ipaghiganti ako ng aking Diyos! Mamamatay ka! Itatapon ka sa dagat-dagatang apoy! Maghihintay ako hanggang dumating ang araw na iyon! Ikaw ay marumi at manlililang na masamang espirito! Maruming Satanas! Sino ka sa tingin mo? Sino ka para tuksuhin ang mga tao sa lupa upang sila ay magkasala at akayin sila patungong impyerno. Bastardo! Sumpain ka! Satanas! Ikaw at ang lahat mong alagad na sumusunod sa iyong mga utos ay isusumpa ng Amang Diyos!”

Nakita ng Panginoon na lalo akong nabalisa kaya mabilis Niyang hinawakan ang aking kamay. Nasa impyerno ako subalit kaagad na may nakita akong liwanag. Kagaad akong napunta sa langit. Matapos akong mapunta sa madilim na impyerno ay napatigil ako sa kalugod-lugod na liwanag sa langit. Ang biglang pagbabago ng lugar ay nakapagpalito sa akin.

Marahang ipinaliwanag ni Hesus, “Bong-Nyo, kahit gusto kitang tulungan ay hindi maaari. Kapag ang isang tao ay napunta na sa impyerno ay hindi na siya makakaalis doon. Imposibleng baguhin Ko iyon. Maliligtas ka lang kapag ikaw ay nabubuhay pa sa lupa. Kapag namatay na ang isang tao ay wala nang pagkakataon upang makapagsisi. Tapos na ang lahat. Ang magagawa Ko lang para sa iyo ay umiyak kasama mo o dalhin ka sa langit. Ang myembro ng iyong pamilya ay nasa impyerno. Wala na akong magagawa pa, wala na iyon sa Aking mga kamay. Walang sinoman ag makakatulong sa kanila.” Nalulungkot ang Panginoon sa sitwasyon.

Kahit ako ay nasa langit, sa tuwing naiisip ko ang aking pamilya sa impyerno ay napapaiyak ako. Hindi ko mapigilang isipin ang aking pamilya na pinahihirapan sa impyerno. Nasasaktan ako ng sobra. Walang makapag-aaliw sa sugatan kong puso. Inilipad ako ng Panginoon sa pinakamataas na himpapawid sa langit. May nakita akong kakaibang ulap: iyon ay hugis hagdan. Hinawakan ng Panginoon ang aking kamay habang naglalakad kami sa ulap. Gayon pa man ay naiisip ko pa rin ang aking pamilyang naghihirap.

Patuloy akong umiyak na parang bata. Nahihiya akong umiyak sa harapan ng Panginoon. “Panginoon, patawad po. Natutunan ko po na hindi dapat umiyak sa langit. Anong gagawin ko? Hindi ko po kayang pigilan.” Tumawag ang Panginoon ng tatlong anghel. “Si Santa Baek, Bong-nyo ay babalik na sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church). Bantayan ninyo siyang mabuti.” Ako at ang mga anghel ay bumalik na sa lupa. Sa tuwing bumabalik ako sa mundo na galing sa impyerno ay sumasakit ang aking buong katawan. Sumasakit ang aking likod. Nagdasal ako sa Panginoon, “Panginoon, sobrang sakit po ng aking likod. Nahihirapan akong magdasal ng nakaluhod. Maaari po bang humiga nalang ako sa mahabang upuan sa simbahan habang

nagdarasal?” Sumagot ang Panginoon, “Maaari.” Sumagot rin ang Amang Diyos, “Maaari kang magdasal ng nakahiga.”

Nagdasal ako habang nakahiga. Bumalik si Hesus at dinala Niya ako sa kabundukan sa langit. May nakita akong maliwanag at kumikinang na mga poste na yari sa bato. Ang mga poste ay napakaliwanag. Lumapit ako sa mga poste. Ang mga poste ay parang mga kristal at naaninag. Kumikinang ang mga poste sa lahat ng direksyon. Napakaganda ng mga poste sa bundok na iyon at hindi maipaliwanag ang kagandahan niyon. Alam ng Panginoon na malungkot ako kaya naman dinala Niya ako sa magagandang lugar. Ginawa Niya ang lahat upang mapasaya ako. “Bong-Nyo! Tumahan ka na sa pag-iyak.” Hindi ko iyon mapigilan at halos hindi na ako tumigil.

PAGBOBOLUNTARYONG PUMUNTA SA IMPYERNO

Nang makabalik ako sa simbahan ay nagdasal ako ngunit hindi nagtagal ay nakatulog ako. Habang natutulog ako ay binabantayan ako ng aking anghel na tagapagbantay at tatlo pang anghel. Nang magising na ako ay tinanong ko ang mga anghel kung saan pumunta ang Panginoon. Kasama ko ang Panginoon bago ako matulog. Sumagot ang mga anghel, “Huwag kang mag-alala. Babalik rin ang Panginoon.” Matapos silang sumagot ay nagpakita ang Panginoon. Tinanong ko ang Panginoon, “Panginoon, ang amin pong tatlongpung araw na prayer rally ay magtatapos na bukas. Wala na po akong pagkakataon upang bumisita sa impyerno. Nais ko pong bumisita sa impyerno sa isang huling pagkakataon.”

Sumagot Siya, “Talaga bang gusto mo iyan? Hindi ka pa pisikal na magaling dahil sa huli mong pagbisita. Nasa matinding pagkabigla ka pa din. Bong-Nyo, bakit mo gustong bumalik? Bakit gusto mong muling bumisita sa impyerno?” Namangha ang Panginoon. Sumagot ako, “Marami po akong natutunan sa prayer rally na ito. Sa gitna ng pangangaral ay maraming sinabing kakaiba ang Pastor. Sa palagay ko, ang layunin niyon ay upang hikayatin kami at palakasin ang aming pananampalataya. Inulit ko sa Panginoon ang mga salitang natutuan ko sa pastor. Tumawa ng malakas ang Panginoon at sinabi Niya, “Narinig Ko na ang mga salitang iyan.” Sumagot ako, “May natutunan po akong isang mahalagang bagay—iyon ay sa pamamagitan ng pananampalataya! At saka natutunan ko rin pong magdasal ng matiyaga sa anomang kahilingan, lalong-lalo na ang pagkamulat sa espirituwal. Marahil ang ibang myembro ay ganoon din ang iniisip.

Winika ni Hesus, “Bong-Nyo, naiintindihan Ko ang iyong intensyon, subalit kung bibisita ka muli sa impyerno ay makikita mong muli ang iyong mga magulang. Mulí kang masasaktan. Nasasaktan ako dahil alam Kong hindi kita kayang tulungan. Bakit nais mong bumisitang muli sa impyerno?” Mabilis akong sumagot, “Panginoon, ang aming pastor ay nagsusulat ng aklat na magbubunyag ng katotohanan at katauhan ng dyablo at ng impyerno. Kaya naman kung bibisita akong muli ay mararanasan at masasaksihan ko iyon ng mas detalyado. Mas makapagsulat kami ng tama at akma. Dapat na maselang ilarawan ang impyerno at ang masasamang espirito. Habang sinasabi ko ang aking debosyon ay namangha si Hesus. Lumuhod ako ng diretso upang magdasal. Sinabi ng Panginoon, “Maaari kang magdasal ng nakahiga.” Kaya naman inutusan ko si Haak-sung na dalhan ako ng unan. Habang nakahiga ay nagdasal ako.

Dinala ako ng Panginoon sa impyerno. Umalis Siya at iniwan akong mag-isa. Naglakad ako sa kadiliman. Makipot ang daan kaya kailangan kong mag-ingat. Naalala ko ang daan na iyon kaya madali akong nakapaglakad. Patuloy ako sa paglalakad kahit wala akong makita o maramdaman na kahit na ano. Hindi ko namalayan na bigla akong nakulong sa isang selda. Sinubukan kong alamin kung saan ako nahuli sa bitag, ngunit wala akong makita at saka hindi rin ako halos makagalaw.

MULI KONG NARANASAN ANG PAGHIHIRAP SUBALIT HINDI AKO NAKARAMDAM NG ANOMANG SAKIT

Matapos ang ilang sandali ay may masasamang espirito ang nagpakita at tinanggalan nila ako ng damit. Hinubaran nila ako. Nakakulong ako sa isang maliit na selda. May naramdaman akong kakaibang malagkit na bagay sa sahi. Naramdaman ko ang malagkit na bagay na iyon na umaakyat sa aking binti at katawan. Umakyat sila papataas sa aking katawan. Nang dumikit sila ay para bang nilagyan ako ng pandikit sa buong katawan. Kaagad akong sumigaw sa masasamang espirito. “Masasamang nilalang! Ang Santatlong Diyos ang nangangalaga sa akin! Hindi ako natatakot sa inyo! Ipagtatanggol ako ng Diyos! Lahat kayong masamang nilalang sa impyerno, makinig kayo sa akin! Kaonti nalang ang natitirang araw at sisirain na ng Diyos ang

impyerno! Hintayin ninyo ang nakasisindak na araw na iyon!” Sinadya ko rin magsalita ng masasama sa kanila.

Habang sumisigaw ako ay may malagkit na bagay na patuloy na umaakyat sa aking dibdib, leeg at bibig. Pinipilit nilang dumikit sa aking bibig at isara iyon. Sumigaw ako ng malakas, “Masamang nilalang, sinusumpa kita! Malapit ka nang mamatay!” Nanginginig ang aking buong katawan habang sumisigaw ako.

Hindi nagtagal, ay may kakaibang nilalang ang sumulpot mula sa loob ng malagkit na bagay. Ang mga maliliit na nilalang ay gumagalaw ng pakislut-kislot. Nagulat ako ng malaman ko kung ano sila. Sila ay maiitim na alupihan at gumagapang sila sa aking buong katawan. Napakarami nila. Binutas at pumasok sila sa aking balat. Sa kabutihang palad ay pinoprotektahan ako ng Diyos at wala akong naramdamang anomang sakit. Kaya naman pinagtawanan ko sila.

Nairita ang hari ng masasamang espirito sa aking kawalang pagkabahala. Wala akong naramdamang sakit. Nagbigay ng senyas ang hari at pagkatapos ay may napakaraming ahas ang dumating at pumulupot sa aking katawan. Habang pinupuluputan nila ang aking katawan ay kinakagat din nila ako.

Buong pananalig akong sumigaw ng, “Masarap sa pakiramdam! Kagatin niyo pa ako! Inaalís niyo ang mga parteng makakati.” Habang pinagtatawanan ko ang mga nilalang at insekto ay may grupo ng mga ahas na kobra ang nakatayo at patuloy sa pagkagat sa akin.

Kahit ilang beses nila akong kagatin o higpitan man nila ang kanilang pagkapulupot ay wala pa rin akong naramdamang sakit. Biglang napuno ang aking silid ng maraming ahas. Nagdasal ako sa Panginoon. “Panginoon, tulungan Mo po ako. Nasaan po Kayo? Bumalik na po Kayo kaagad!” Patuloy kong tinawag ang Kanyang Pangalan subalit hindi Siya nagpakita.

Nagdasal ako sa ibat-ibang wika at hindi ko alam kung ilang oras na ang nakalipas. Pero medyo matagal na rin ako doon. Nakita ko ang anyo ng Panginoon sa gitna ng liwanag. Tinawag ko Siya. “Panginoon! Panginoon!” Nagalak ako nang makita ko Siya. Nang ikinaway ng Panginoon ang Kanyang kamay ay biglang naglaho ang kulungan at ang impyerno. Naksuot na naman ako ng kumikinang na puting damit na may pakpak sa likod. Kahit nasaan man ako, kung wala ang Panginoon sa aking tabi, ay nasa impyerno ako.

Pakiramdam ko ay nasa impyerno ako sa loob ng kalahating taon. Hindi maipaliwanag ang impyerno. Iyon ay lugar ng pasakit at paghihirap. Ang isang araw sa impyerno ay parang isang libong taon, o kaya naman ay sampung libong taon. Ayaw kong isipin ang impyerno kahit isang segundo lamang. Iyon ay tahanan ng walang hanggang desperasyon, walang katapusang pagsigaw at pagtangis. Nang ibalik ako ni Hesus sa simbahan ay hinaplos niya ang mga parteng masasakit sa aking katawan. Winika rin Niya, “Bong-Nyo, Santa Bong-nyo. Lahat kayo ay ang aking mga munting tupa. Lahat kayo ay nagsikap na magdasal sa loob ng tatlongpung araw. Patuloy kayong mag-aral ng Salita at dumalo sa simbahan. Sabihin mo sa iyong pastor na itala ang lahat ng iyong mga karanasan.

PINALAYAS NG PASTOR ANG MGA DYABLO

Pastor Kim, Yong-Doo: Kahapon ay may grupo na naman ng masasamang espirito ang pumasok sa katawan ni Sister Baek, Bong-nyo. Ang pakikipaglapan upang mapaalis ang masasamang espirito ay inabot ng buong magdamag. Araw ng Linggo iyon ng ako ay lusubin ng masasamang espirito. Sa oras ng kahinaan, habang naglalakbay ang aking isip ay pisikal akong nilusob.

Sa loob ng aming pang-gabing serbisyo ay muling nilusob si Sister Baek, Bong-nyo, at pinasok siya ng masasamang espirito. May ibat-ibang kawan ng masamang espirito ang nang-abala at nanakit kay sister Baek, Bong-nyo. Sa kabutihang palad, ang masasamang espirito ay hindi nakapasok sa kanyang ulo.

Gayon pa man, ay natumba siya sa sahig dahil sa sobrang sakit na nadadagdagan bawat minuto. Nang mangyari iyon ay umuwi kaming hindi mapakali. Nang makauwi kami sa bahay ay hindi kami nakapagpahinga ng mabuti. Bukas ay makokompleto na namin ang aming tatlongpung araw na prayer rally, kahit lusubin pa

kaming muli. Patuloy sa pag-atake ang masasamang espirito. Hindi sila sumusuko. Sa totoo niyan ay napapagod na ako sa kanilang pag-atake.

Ang pakikipaglaban at pagpapalayas ng masasamang espirito ay nakakapagpahina sa aming pisikal na katawan. Ang buong grupo ay pagod na pagod. Gayon pa man ay pinalalakas kami ng Panginoon ng paunti-unti. “Makikipaglaban ako hanggang kamatayan, kahit ang kapalit pa ay ang aking buhay!” Isa-isa kong pinaalis ang masasamang espirito. At pagkatapos ay biglang natumba sa sahig ang aking asawa. Habang siya ay katulong ko sa pagpapa-alis ng masasamang espirito ay inatake siya at pumasok ang masasamang espirito sa kanyang katawan. Madali siyang tablan dahil sa kanyang mahinang estado sa espirituwal at pisikal.

Palipat-lipat ang paglusob ng masasamang espirito sa aking asawa at kay sister Baek, Bong-Nyo. Para bang sinasadya nila kaming lituhin sa kanilang target. Pinagtatawanan nila kami. Ang labanan ay nagpatuloy hanggang umaga at patuloy sila sa pagmamatigas. Namagitan ang Panginoon. Sa una ay nakatayo Siya at pinagmamasdan ang aming ginagawa kahit kami ay umiiyak na sa Kanya. Hindi inutusan ng Panginoon na umalis ang masasamang espirito. Habang pinapanood ng Panginoon ang aming pakikipaglaban, ay tinitingnan din Niya ang aming pagtitiyaga at ang lakas ng pananampalataya upang mapaalis ang masasamang espirito. Buong pananalig naming inuutusan na umalis ang masasamang espirito. Patuloy Niya kaming pinanood at inobserbahan.

Sa tingin ko ay parang nagmumukha kaming mga sira-ulo at lunatiko. Maaaring isipin ng mga hindi nakakakilala na kaming lahat ay nababaliw na. Hindi ko maintindihan kung paano kami napunta sa ganitong mabigat na suliranin. Hindi ako nananaginip. Lahat ito ay totoong nangyayari at hindi ko alam kung hanggang kelan ang suliraning ito. Ang aking isip ay nanghihina at nag-aalinlangan. Subalit alam ko na kung huhusgahan ko ang espirituwal na kalagayan sa pamamagitan ng pisikal na konklusyon, ay lubha akong magkakasala sa Panginoon. Kaya naman sinikap kong ipokus ang aking isp.

Pinagpatuloy ko ang pagpapaalis sa masasamang espirito sa pamamagitan ng Pangalan ng Panginoon. Kailangan ng tulong mula sa Panginoon sa pag-papaalis ng masasamang espirito. Dati ay naniniwala ako na ang pag-papaalis sa masasamang espirito ay magagawa lang sa simpleng salita mula sa Bibliya. Subalit dahil sa aming prayer rally at mga karanasan sa pakikipaglaban ay kinailangan kong magsisi patungkol sa tunay na kalagayan ng espirituwal na labanan. Pinagwawalang bahala ko lang dati ang pagpapa-alis ng masasamang espirito. Katulad ng dati ay nakipaglaban kami sa masasamang espirito buong magdamag hanggang sa pagsapit ng umaga. Pagkatapos ng laban ay nakapagdasal na kami ng kanya-kanya. Katulad ng dati ay iginalaw ng kusa ng Diyos ang aking mga kamay upang makapagpagaling. Ang aking mga kamay ay kusang gumagalaw sa ibat-ibang direksyon. Ang pag-galaw ng aking mga kamay ay mga galaw na nakapagpapagaling.

Malubha akong nilusob ng masasamang espirito labing limang araw na ang nakararaan. Kinagat ako at nag-iwan iyon ng marka sa aking balat. Sobrang sakit ang aking dinanas. Ang marka ng kagat ay hindi gumagaling at hindi humuhupa ang sakit. Naintindihan ko na ang lohika sa likod ng pag-atake. Alam ng masasamang espirito ang tungkol sa aklat na aking isinusulat. Nagsusulat ako sa pamamagitan ng aking kanang kamay. Inatake nila ako sa kanang bahagi ng aking katawan. Ang aking kanang kamay, kanang pulso, kanang bahagi ng aking balikat, kanang bahagi ng aking likod, at ang aking mga ugat ay masasakit. Sinusubukang pigilan ng masasamang espirito na matapos ko ang aklat.

Bago ang pag-atake, ay malaya akong nakakapangaral, sumasamba, nagpupuri at nagdarasal hanggang sa nais ko. Ngunit ngayon, sa tuwing nagsasalita ako o gumagalaw ay nahihirapan ako dahil sa sakit. Kaya naman hindi ako nakakagalaw ng maayos. Lahat ng ito ay resulta ng aking pagpapabaya. Inutusan ako ng Panginoon na itago ang aking nasasaksihan at nararanasan at gawin iyong sekreto hanggang hindi pa natatapos ang aklat. Subalit matigas ang aking ulo at hindi ako sumunod. Ang aking pagpapabaya ang nagdala ng malubhang resulta. Kaya naman magiging maingat na ako sa lahat ng bagay. Maingat na rin ako sa pakikipagkita sa mga tao. Hanggang ang aklat ay hindi pa natatapos at hindi pa nailalabas ay dapat na umiwas ako sa pagbanggit ng anomang karanasan sa kahit na sino. Ang totoo niyan ay umiwas ako sa maiksi o mahabang pag-uusap ng aking mga kamag-anak. Pinagbabayaran ko ang resulta ng aking pagsuway. Napagtanto ko na nakakatakot suwayin ang Kanyang mg utos dahil sa aking pisikal na paghihirap. Nagsisisi ako araw-araw at umaasa na gumaling sa lalong madaling panahon.

TATLONGPUNG ARAW: ANG AMING PERSONAL NA KARANASANG PANG-ESPIRITWAL

14 “Mga kapatid, ipinapakiusap din namin na inyong pagsabihan ang mga tamad, pasiglahin ang mahihinang-loob, at kalingain ang mga mahihina. Pagtiyagaan ninyo silang lahat. 15 Huwag ninyong paghigantihan ang gumawa sa inyo ng masama; sa halip, magpatuloy kayo sa paggawa ng mabuti sa isa't isa at sa lahat.

16 Magalak kayong lagi, 17 palagi kayong manalangin, 18 at magpasalamat kayo sa Diyos sa lahat ng pagkakataon; sapagkat ito ang kalooban ng Diyos para sa inyo sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus.

19 Huwag na ninyong hadlangan ang Espiritu Santo. 20 Huwag na ninyong bale-walain ang anumang pahayag mula sa Diyos. 21 Suriin ninyo ang lahat ng bagay at gawin ang mabuti. 22 Lumayo kayo sa lahat ng uri ng kasamaan.

23 Nawa'y lubusan kayong gawing banal ng Diyos na siyang nagbibigay ng kapayapaan. At nawa'y panatilihin niyang walang kapintasan ang buo ninyong katauhan, ang espiritu, kaluluwa at katawan, hanggang sa pagparito ng ating Panginoong Jesu-Cristo. 24 Tapat ang tumawag sa inyo, at gagawin niya ang mga bagay na ito.” I Mga Taga-Tesalonica 5:14-23

Ang simula ng espirituwal na karanasan

Dyakonesa Shin, Sung-Kyung: “Hesus! Bigyan Mo po ako ng lakas ng iyong Espiritu upang ako ay makapag-sayaw sa espiritu na katulad ni Misis Kang, Hyun-ja at sister Baek, Bong-Nyo! Nagmamakaawa po ako! Lubha po akong nagnanais niyon!” Habang nagdarasal ako ng taimtim ay naramdaman kong umiinit ang aking mga kamay. Napaka-init niyon. Para bang may hawak akong bolang apoy. Naranasan ko ito nitong nakaraan subalit saglit lang. Ngunit ngayong araw, ang aking buong katawan ay mainit at ang aking mga kamay ay nakataas ng kusa. Pakiramdam ko ay para bang may hindi makitang tao ang humahawak sa aking mga kamay at siya ang magtataas o magbababa sa aking mga kamay. Ang aking mga kamay at braso ay patuloy sa pagtaas at pagbaba ng kusa. Napakapambihira niyon. Ang totoo niyan, ang aking braso at kamay ay gumagalaw ng ibat-ibang mosyon. Ang aking puso ay nagagalak. Umiiyak rin ako at nagsisisi. Dumadaloy ang aking luha sa aking mukha. Pakiramdam ko ay lumalalim ang aking panalangin. Lumipad ako sa madilim na alapaap.

Ang apat na anghel na tagapag-bantay

Kim, Joo-eun: Sa aming prayer rally ay binigyan ako ni Hesus ng Banal na biyaya at ang biyaya ng pag-propesiya. Lahat ng iyon ay Kanyang regalo sa akin. Mahal na mahal ko si Hesus. Sa tuwing ipinipikit ko ang aking mga mata at tinatawag ko ang Kanyang Pangalan ay kaagad Siyang magpapakita sa akin. Tinatawag Niya ako sa aking palayaw, “Pekas.” Sasabihin Niya, “Pekas, anong kailangan mo? May nais ka bang itanong?” Magiliw Niyang sinasagot ang aking mga tanong.

Ngunit sa maraming pagkakataon ay nagpapanggap ang masasamang espiritu bilang si Hesus. Alam nila na palagi kong tinatawag ang Panginoon at palagi akong nagtatanong. Sa una ay hindi ko makilala ang pagkakaiba ng nagpapanggap na masamang espiritu at ang tunay na Hesus. Madaming beses na akong nalinalang. Ngunit ngayon ay sinusubok ko ang bawat espiritong nagpapakita. Sa pamamagitan ng pagsubok sa espiritu ay nakikilala ko kung sino ang totoong Hesus at sino ang masasamang espiritu. Hindi kayang ibuhos ng masasamang espiritu ang kanilang dugo. Hindi kaya ng masasamang espiritu ang magpasan ng krus. Lahat sila ay sinungaling. Nagsisinungaling sila sa tuwing sila ay nagpapakita. Biniyayaan ako ng Panginoon ng karunungan upang makilala ang masasamang espiritu. Kaagad ko na silang nakikilala ngayon.

Sa tuwing nagtatanong ako ng patungkol sa aking pisikal na kagustuhan, kasakiman, at mga walang kwentang bagay ay tumatalikod sa akin ang Panginoon at Siya ay nagiging tahimik. Dahil ako ay bata pa, sinasagot ng Panginoon ang aking mga katanungan sa paraang mauunawaan ko. Nagpapasalamat ako sa Panginoon sa

Kanyang kabutihan. Ang Panginoon ay napaka-sensitibo at may magandang kalooban. Mas maganda Siya kaysa sa sedang tela. Siya ay masigla, maginoo, at sentimental. Ang totoo niyan ay napaka-metikuloso Niya sa lahat ng bagay. Alam Niya ang lahat ng bagay, at alam Niya kung ano ang nasa loob ng ating mga puso. Minsan ay ibinubbunyag sa akin ni Hesus ang ilang impormasyon patungkol sa aking ina at ama. Hindi ko alam kung ano ang iniisip at nararamdaman ng aking mga magulang sa kanilang panlabas na anyo. Subalit nagbibigay sa aking ng mensahe si Hesus na sila lang ang nakakaalam dahil iyon ang nasa loob ng kanilang mga puso. Nang sinabi ko iyon sa aking mga magulang ay namangha sila. Ang mensahe mula sa Panginoon ang nagiging daan upang sumuko sila at magsisi.

Nakakausap ko rin ang mga anghel na tagapag-bantay ng aking pamilya. May apat kaming anghel dahil may apat na myembro ng pamilya. Nang subukan kong kausapin ang mga anghel ay namagitan si Hesus. Sinasabi Niya, “Pekas! Ako ang iyong Panginoon! Kung nais mong makipag-usap o magtalakay ng mga tanong ay tawagin mo ang aking Pangalan at mag-usap tayo. Bakit palagi mong gustong makipag-usap sa mga anghel?” Kapag nagseselos ang Panginoon ay natutuwa ako dahil ninanais Niya ako.

Nakadalo ako sa prayer rally dahil bakasyon sa tag-lamig. Nang dumalo ako ay nagdasal ako ng taimtim. Itinigil ko rin ang pag-aaral ko ng piano at iba pang aktibidad para makapagdasal ako. Bilang resulta ay pinagpala ako ni Hesus. Subalit natatakot ako pagdating ng eskwelahan. Alam ko na kapag nagsimula na ang eskwela ay magiging limitado na ang oportunidad ko sa pagdadasal. Siyam na buwan na ang nakararaan nang ako ay huling nanood ng telebisyon o gumamit ng kompyuter. Sa una ay napakahirap iwasan ang ganoong aktibidad. Subalit ngayon ay nagigiliw na akong makasama ang Panginoon. Ngayon, ang mga oras na dating inaaksaya ko sa telebisyon o kompyuter ay nagagamit ko sa pagdadasal at pag-aaral ng Salita. Luwalhati kay Hesus.

ANG TUNGKOL SA PAKPAK NG MGA ANGHEL

Nang matapos na ang prayer rally ay umuwi kami sa bahay. Nakita ko na naghihintay ang mga anghel na tagapagbantay ng aking pamilya. Dumami ang pakpak ng anghel na tagapagbantay ng pastor. Iyon ay dating dalawang pares ngunit ngayon ay naging tatlong pares na pakpak na. Tinanong ko ang Panginoon, “Hesus! Dati po ay sinabi Mo sa akin na ang mga anghel na tagapagbantay ng malalaking simbahan ay may tatlong pares na pakpak. Bakit po ang anghel ng aming pastor ay may tatlong pares na pakpak din kahit maliit lang ang aming simbahan? Kahapon, ang anghel na iyon ay may dalawang pares ng pakpak. Bakit po ngayon ay mayroon na siyang tatlong pares ng pakpak?” Sumagot ang Panginoon, “Maraming pastor ang nagdadasal ng taimtim sa simula ng kanilang paglilingkod. Subalit kapag lumaki na ang kanilang simbahan ay hindi na sila nagdadasal na katulad ng dati. Binigo nila Ako at Ako ay nalulungkot. Ngunit si Pastor Kim ay palaging nagdadasal ng taimtim. Pinamumunuan rin niya ang kanyang ministro ng naaayon sa kalooban ng Diyos. Kaya naman binigyan ko ang kanyang anghel ng isa pang pares ng pakpak.” Ang anghel ng aking ina ay may isang pares ng pakpak.

BAHAGYANG NABUKSAN ANG ESPIRITUWAL NA MATA

Kim, Joseph: Dahil ngayon ang huling araw ng aming tatlongpung araw na prayer rally, ay inihanda ko ang aking sarili upang makapagdasal ng taimtim. Magdadasal ako ng may dedikasyon at ng buong puso. Naghawak kamay kami ni brother Haak-sung. Itinaas ko ang aking kaliwang kamay at ako ay nagdasal sa ibat-ibang wika. Habang nagdarasal ako na nakapikit ang mga mata ay may naramdaman akong humahawak sa aking kaliwang kamay.

Pagkatapos ay may naramdaman akong kuryente na nanalantay sa aking kaliwang kamay at umagos sa aking buong katawan. Pakiramdam ko ay kinuryente ako. Nagulat ako kaya hinawakan ko ang aking kaliwang kamay ng aking kanang kamay upang ramdamin kung ano ang nagdudulot ng kuryente.

May naramdaman akong humahawak; napakalakas niyon. Pakiramdam ko ay may hindi nakikitang nilalang ang humahawak sa aking kamay. Dahil nagdadasal ako, ay hindi ko binubuksan ang aking mga mata. Gayon pa man ay tinanong ko si brother Haak-sung, “Brother Haak-sung! Pakiramdam ko ay may humahawak sa aking kaliwang kamay. Alam mo ba kung sino iyon? Maaari bang tingnan mo para sa akin? Pakiusap, sabihin

mo sa akin.” Sumagot siya, “Brother Joseph, hawak ni Hesus ang iyong kamay ngayon at Siya ay papalipad patungong langit. Huwag mong buksan ang iyong mga mata. Ipagpatuloy mo lang ang iyong pagdarasal.”

Nang ipagpatuloy ko ang aking pagdadasal ay pakiramdam ko ay parang lumilipad ako sa madilim na kalawakan. Biglang may nakita akong asul na liwanag na kumikislap. Pagkalipas ng ilang minuto, ang asul na liwanag ay gumalaw papalapit at dumaan sa aking harapan. Kasing bilis iyon ng belosidad ng liwanag. May isa pang asul na liwanag ang dumaan subalit iyon ay mas malaking asul na liwanag kaysa sa una. Habang patuloy akong lumilipad papalayo ay may nakita akong hindi mabilang na liwanag na nagmumula sa mga bituin. Habang pinagmamasdan ko ang kahanga-hangang tanawin ay napasigaw ako ng, “Wow! Napakaganda!”

Patuloy akong nakakita ng napakaraming bituin habang lumalalim ang aking panalangin. Lumilimpas iyon sa akin sa belosidad ng liwanag at may naririnig akong kalantog habang dumadaan iyon. Nasasaksihan ko ang napakagandang tanawin. Ang mga bituin sa kalawakan ay napakaganda. Lumilipad ako ng mabilis. Pakiramdam ko ay isa akong astronawta na lumilipad sa kalawakan. Naisip ko, “Siguro ay nananaginip lang ako.” Sibukan kong hawakan ang aking sarili upang malaman kung gising ako. Nang hawakan ko at kurutin ang aking sarili ay nalaman ko na ang aking pisikal na katawan ay nasa simbahan pa rin at nagdarasal. Ngunit ng hawakan ko ang aking pisikal na katawan ay nasa espirituwal na mundo din ako.

Ang aking pisikal na katawan ay nagdarasal sa ibat-ibang wika subalit ako rin ay epirituwal na lumilipad ng mabilis. Biglang may nakita akong bagay na kaparehas ng barya. Ang bilog na bagay na iyon ay bahagyang nababalutan ng maitim. Iyon ay parang naging bilog na buwan, ngunit nasasaksihan ko ang isang eklipse. Lumikha ang eklipse ng gasuklay na buwan. Ang buwan ay may gintong sinag. Ang gintong liwanag ay nakakasilaw at hindi ko iyon kayang titigan. Hindi ko pa nararanasan ang ganoong liwanag. Ang liwanag ay umuugoy na parang pendulo. Dumuduyan iyon ng hanggang 120 digri. Habang nagduduyan ang liwanag ay may kulay ng bahaghari ang suminag.

Bigla kong naisip, “Wow! Siguro ang lugar na iyon ay ang labing dalawang perlas na tarangkahan sa langit!” Nag-akala ako na ngayong araw ang araw ng pagpasok ko sa langit. Umasa ang aking puso at nagdasal ako ng mas taimtim. Subalit sa di malamang dahilan, ay hindi ako itinataas ng aking panalangin. Kahit gaano kalakas ang aking pagdarasal ay hindi ako umuusod papataas. Hindi na ako lumilipad ng mabilis na katulad ng dati. Tumigil ako ng masaksihan ko ang bahaghari at makukulay na liwanag. Para bang biglang tumigil ang oras.

Malapit na sana ako. Nabigo ako. Hindi na ako lumipad papataas kaya bumalik nalang ako. Umasa ako na magkakaroon pa ng isa pang pagkakataon na makalampas sa pendulo. Natapos ang prayer rally sa ganap na ika-pito ng umaga.

SI JOSEPH AY NAGING TARGET NG DYABLO

Nang matapos ang aming prayer rally, ay nag-usap kami ni brother Haak-sung. Habang nag-uusap kami ay inihatid naman ng pastor at ni dyakonesa Shin si Jung-min pauwi ng bahay. Pinag-usapan namin ni brother Haak-sung ang aming mga karanasan noong kami ay nagdarasal. Pagkatapos ay biglang may nagpakitang maitim na bagay at umikot iyon sa aking ng mabilis. Ang bagay na iyon ay lumipad papaikot sa akin ng sobrang bilis. Bumilis ng bumilis ang pag-ikot hanggang sa naging parang ipo-ipo. Sa sandaling iyon ay nahilo ako. Sinubukan kong maging alerto at humawak ako sa isang bagay. Subalit nawala ang aking balanse at natumba ako sa sahig. Tumama ang aking ulo sa sahig at nawalan ako ng malay. Tumakbo si sister Baek, Bong-nyo at ang aking ina papalapit sa akin. Nagulat sila at natakot sa aking kalagayan. Hindi nagtagal ay nalaman ko ang nangyari sa pamamagitan ng mga myembro na bukas ang espirituwal na paningin. Ang kanilang paliwanag ay pare-parehas.

Kahit ako ay may espirituwal na kamalayan, ay mura pa ako sa mga espirituwal na bagay. Kung magdarasal ako ng mas matagal ay makakapunta ako sa langit at impyerno upang bumisita at matatanggap ko ang biyaya ng pag-propesiya. Naging sentro ako ng pag-atake dahil alam ito ng masasamang espirito. Ang kanilang layunin ay upang pigilan ang tuluyang pagbukas ng aking espirituwal na paningin. Nangangambala sila at lumulusob sa lahat ng oras. Ang mga myembro ng simbahan na nakasaksi sa aking pagkatumba ay nagsabi na

may nakita silang masamang espirito na nagpanggap na isang anghel. Tahimik na umaligid ang espirito sa akin. Umikot siya ng mabilis sa akin na nagtulak upang matumba ako sa sahig. Nang matumba ako ay nakita nila ang masamang espiritong iyon na may kasama pang dalawang masamang espirito at sila ay pumasok sa aking ulo. Iyon ang dahilan kung bakit sumakit ang ulo ko.

Tinulungan ako ng mga myembro ng simbahan na makatayo. Sumasakit ang aking ulo. Ang tanging naalala ko lang ay ang paliwanag na ibinigay. Ang mga myembro ng simbahan na bukas ang espirituwal na kamalayan ay nagtipon sa palibot ko at pinaalis nila ang masasamang espirito. Subalit sa kabila ng kanilang pagsusumikap ay mas lalong sumakit ang aking ulo.

Lahat ay naghintay sa pastor. Dating sumasakit ang aking ulo ngunit kaya ko iyong tiisin. Subalit ngayon, dahil sa masasamang espirito ay hindi ko kaya ang sobrang sakit. Pakiramdam ko ay masisiraan na ako ng ulo. Sa sobrang sakit ay napasigaw ako ng malakas. Habang sumisigaw ako sa sakit ay dumating ang pastor. Nakita ako ng pastor na nakaratay sa sahig at humihingi ng tulong. Tinanong niya ako kung ano ang nangyari. Sabay-sabay na ipinaliwanag ng mga myembro ng simbahan kung ano ang nangyari. Nang malaman iyon ng pastor ay malakas siyang sumigaw ng, “Sumpain ang masasamang espirito! Sa Pangalan ni Hesus, bigkisin kayo at umalis!” Nang sumigaw ang pastor ay umalis ang masasamang espirito na sumisigaw. Pagkatapos ay nakahinga ako ng maayos at naging kalmante. Nawala na rin ang sakit ng aking ulo.

ANG PASTOR AY KILALANG-KILALA SA LANGIT

Sister Baek, Bong-Nyo: Pagkatapos ng aming pang-gabing panalanging pagpupulong, ay nangaral ang pastor pagsapit ng umaga. Habang nangangaral siya ay nagsalita si Hesus sa tabi ng pastor. Sa gitna ng sermon ay sinabi ng Panginoon, “Bong-Nyo! Nalulugod Ako sa inyong tatlongpung araw na prayer rally!” Paulit-ulit na sinabi ng Panginoon na hindi Niya mapigilang tumawa at ngumiti sa langit sa tuwing iniisip Niya kami.

Sinabi rin ng Panginoon sa amin na sa tuwing tumatawa o ngumingiti Siya, ay alam ng mga anghel at mga santo ang dahilan kung bakit Siya natutuwa. Ang mga anghel at mga santo ay nasasabik makarinig ng bagong balita. Pinilit ng mga santo si Hesus upang sabihin sa kanila kung bakit Siya masaya.

Sinabi ng Panginoon na si Pastor Kim, Yong-Doo sa Lord’s Church ay kilala sa langit. Kapag nabuksan ng tuluyan ang espirituwal na kamalayan ng pastor ay makakabisita na siya sa langit kasama ng Panginoon. Hindi ako makapag-hintay sa araw na iyon. Pinamumunuan ng pastor ang isang maliit at mahirap na simbahan sa lupa subalit kinikilala siya at pinahahalagahan ng Panginoon. Ako ay nagpapasalamat dahil doon.

Itinuturing na sariling pamilya ng pastor ang aking pamilya. Pinakitutunguhan niya kami ng may respeto at dignidad. Ibinibigay ng pastor ang kanyang sarili sa amin ng hindi naghihintay ng anomang kapalit. Nang bumisita ako sa impyerno at nakipaglaban kay Satanas ay pinalaki ng Panginoon ang aking gantimpala. Lumaki din ang gantimpala ng pastor sa langit at mas lumaki ang kanyang tahanan doon. Ang totoo niyan, ang kanyang bahay sa langit ay mas malaki kaysa sa akin. Nang bumisita ako sa langit at nagkaroon ng oportunidad na makita ang aking tahanan doon, ay nakita ko rin ang tahanan ng pastor na nasa 514 palapag na ang taas.

Ang pagtatalo ni sister Kang, Hyun-ja at ni Joo-eun ang naging sanhi ng paguho at pagbawas ng laki ng kanilang bahay. Ang tahanan ni Mrs. Kang, Hyun-ja ay nasa 318 palapag; iyon ay dating 319 palapag bago sila mag-away. Ang tahanan ni Joo-eun ay nasa 31 palapag, ngunit pagkatapos ng pakikipagtalo niya kay Mrs. Kang, Hyun-ja ay naging 28 palapag na lang. Ang tahanan naman ni Joseph ay nasa 22 palapag at ang tahanan ni Haak-sung ay nasa 28 palapag. Dahil si Yoo-kyung ay palaging nakikipagtalo kay Haak-sung, ang kanyang tahanan ay naging 17 palapag na dating 20 palapag. Ang tahanan ni Dyakonesa Shin, Sung-kyung ay nasa 6 na palapag at nagkukulang siya sa pagpapatayo ng kanyang tahanan dahil sa kulang siya sa mabubuting gawa.

Ang bawat tao ay may imbakan ng mga kayamanan sa langit para sa patuloy na pagpapanday ng kanilang tahanan, subalit ang mga materyales na ginagamit ay depende sa mabubuting gawa. Natigil ang pagpapanday ng bahay ni Dyakonesa Shin, Sung-kyung. Ang aking tahanan ay nasa 70 palapag na ang taas.

Ang tahanan ni brother Lee, Haak-hee ay nasa 300 palapag na ang taas. Ngunit hindi ko iyon maintindihan kaya tinanong ko ang Panginoon. “Hesus, si brother Lee, Haak-hee po ay dumadalo lang tuwing Linggo. Bakit po napaka-taas na ng kanyang tahanan?” Sumagot ang Panginoon, “Alam mo na mahigit nang pitumpong taong gulang si brother Lee, Haak-hee, subalit kahit ganoon ay hindi siya nagmintis sa pagdalo tuwing Linggo. Kahit umuulan ng niebe, umuulan o bumabagyo ay hindi siya nagmintis sa pagdalo ng Linggong serbisyo. Sumasakay siya sa kanyang motorsiklo mula sa malayo; sumasakay siya mula sa siyudad ng Haak-dong hanggang sa siyudad ng Suk Nam Dong. At saka, kapag may sobra siyang pera ay ibinibigay niya iyon sa simbahan. Ito ang dahilan kung bakit mataas na ang kanyang tahanan.

Ako ay bagong myembro lang sa simbahan at hindi ko alam ang tungkol kay brother Lee, Haak-hee. Hindi ko alam kung magkano ang ibinigay niyang ikapu sa simbahan. Subalit ng ipinaliwanag ng pastor ang kanyang ugali ay mas nakilala ko siya. Ayon sa pastor, si Brother Lee, Haak-hee ay mahigit nang pitumpong taong gulang at medyo mahina na. Sa kanyang edad ay madali na siyang kapitan ng mga sakit. At saka may problema rin siya sa kanyang binti at nahihirapan siyang maglakad. Gayon pa man, sa kabila ng kanyang limitasyon ay matapat pa rin siyang dumadalo sa simbahan at ginagampanan ang kanyang posisyon bilang aser.

Ang ibang matatanda ay dumadalo at umaalis sa aming simbahan. Iba-iba ang kanilang mga dahilan sa kanilang pag-alis. Ang iba ay umalis dahil wala daw pagpapanibagong buhay sa aming simbahan; ang iba naman ay umalis dahil sa tukso at ang iba ay may kanya-kanyang dahilan. Ngunit si Brother Lee, Haak-hee ang nag-iisang nanatili at nag-tiyaga kahit anong katayuan at mga pagsubok ang dumating. Palagi niyang tinutulungan at sinusuportahan ang pastor. Kahit ngayon ay nakita ko siyang dumalo sa simbahan kahit masama ang panahon. Ginagawa niya ang kanyang makakaya upang makadalo sa simbahan. Kilala din siya dahil hindi siya nahuhuli sa simbahan. Kailanman ay hindi siya dumating nang huli.

Kinikilala rin ng Panginoon na ang aming simbahan ay sumasamba ng nakalulugod sa Kanya. Bihira lang ang simbahan sa buong mundo na nakapagbibigay lugod sa Panginoon. Pinuri Niya ang serbisyo ng aming simbahan. Sinabi ng Panginoon na maraming pastor ang namumuno sa kanilang simbahan ng ayon sa kanilang kagustuhan. At kakaonti lang ang mga pastor na namumuno ng naaayon sa pinag-uutos sa Bibliya. Kaya naman tinanong ko ang Panginoon tungkol sa aming pastor. Sinabi ng Panginoon na ang aming pastor ay nagsisikap gawin ang ipinag-uutos ng Panginoon at naaayon sa Kanyang kalooban. Nagalak ang pastor nang sinabi ko na kinikilala siya ng Panginoon.

Sinabi sa amin ng Panginoon na hindi Niya inisip buksan ang aming espirituwal na paningin. Subalit pagkatapos ng aming tapat na panalangin at espirituwal na pakikidigma sa mga demonyo ay nahuli namin ang Kanyang atensyon. Sa una ay naisip ng Panginoon na susuko rin kami pagkatapos ng ilang pagsubok. Subalit nang makita Niya kami na tapat na nagdarasal ng walang humpay ay humanga Siya at nagdesisyon na buksan ang aming espirituwal na paningin. Isa-isa Niyang binuksan ang aming espirituwal na paningin.

Sinabi ng Panginoon na alagaan namin ang aming pisikal na katawan dahil nanghihina kami sa matagal at walang humpay na pagdarasal. Nang matapos ang aming prayer rally ay sinabi ng pastor, “Mula ngayon ay magkakaroon lamang tayo ng buong gabing pagdarasal tuwing Myerkules, Byernes at Linggo. Sa mga ibang araw ay gagawin nating pang-umaga ang serbisyo.” Nang ibunyag ng pastor ang kanyang adyenda ay pumalampak ang Panginoon at sinabi Niya, “Maganda ang iyong plano! Umaayon din Ako sa plano! Paano mo nalaman ang Aking iniisip na katulad ng iyong plano?” Nalulugod ang Panginoon. Umawit kami at sumamba, “Nagpupuri ang aking kaluluwa..” Pinasalamat namin ang Panginoon sa aming panalangin at umuwi na kami ng bahay.

ANG NAKAKAGULAT NA SANDALI NANG MARANASAN ANG BAUTISMO SA APOY

Misis Kang, Hyun-Ja: Ang katapusan ng aming tatlongpung araw na prayer rally ay nagdulot sa akin ng kalungkutan at mabigat ang aking kalooban dahil hindi pa tuluyang nabuksan ang aking espirituwal na kamalayan. Kaya naman hiniling ko sa pastor na pahabain pa at ipagpatuloy iyon ng ilang araw. Gayon pa man ay inutusan ako ng Panginoon na sundin ang desisyon ng pastor. Ang totoo niyan, ay sinabi sa amin ng Panginoon na nasuri Niya ang bawat myembro ng kongregasyon. Natuwa ako nang malaman ko na

magkakaroon pa rin kami ng tatlong prayer meeting bawat lingo. Umaasa ako na mabuksan ang aking espirituwal na kamalayan sa pagpapatuloy ng aming prayer meeting.

Mahigit sampung taon na akong nabubuhay bilang asawa ng pastor. Marami na rin akong naidulot na pasakit sa pastor. Kaya naman ay kailangan kong magsisi.

Sa simula ng aming relasyon, ako at ang pastor ay may mag-kaibang paniniwala sa pananampalataya. Mula bata ay malakas at matatag na ang pananampalataya ng pastor. Sa tuwing may problema siya ay nagdarasal siya at nagtitiwala sa Panginoon. Buo ang kanyang pag-asa sa Panginoon. Kung ikukumpara, ang aking pananampalataya ay puno ng pag-aalinlangan at makikita iyon sa aking panalangin.

Kahit ang pastor ay umaasa sa Panginoon, para sa akin ay nagkukulang siya sa pinansyal upang suportahan ang kanyang pamilya. Gayon pa man, habang lumilipas ang mga taon at lumalakas ang aking panalangin, ay napagtanto ko na mahal ng Diyos at pinahahalagahan Niya ang aking asawa bilang isang matapat na lingkod. Malalim ang pagmamahal ng Diyos sa aking asawa. Hindi ako nakapagdasal ng matagal na oras na nakapagpalugod sa Panginoon. Noong nakaraang taon ng Hulyo, ay nagsimula akong magdasal ng may disiplina. Nang magbigay ako ng mas maraming oras sa Panginoon sa pagdadasal ay naging maganda ang taong 2005.

Ano ang ministeryo? Ano ang tungkulin ng asawa ng pastor? Ano ang aking dapat gampanan? Dati ay pumupunta ako sa mga lugar ng panalangin sa Korea upang mahanap ang sagot sa aking mga tanong. Subalit ang aking paghahanap ay walang saysay. Sa araw, kami ng pastor ay nag-eebanghelyo sa ibat-ibang lugar. At sa gabi ay patuloy kaming nagdarasal. Nanghina ako at lumala ang aking karamdaman. Nanghina ang aking kalusugan nang ako ay magkasakit. Ako ay may tuberkulosis sa baga at matagal nang naghihirap sa sakit na iyon. Palagi akong umiinom ng gamot. Ngunit nang makilala ko si Hesus ay gumaling ako sa aking karamdaman. Ngayon ay maayos na ang aking kalusugan.

Dahil sa mahina ang aming ministeryo, ay hindi kami nakahanap ng paraan upang mapalago ang aming simbahan. Walang pag-unlad ang mga ritwal at karaniwang gawain ng aming simbahan. Isang araw ay binigyan kami ng Panginoon ng pagkakataon. Mahabang oras akong nagdadasal ngunit hindi iyon nagbubunga. Ang aking mga panalangin ay hindi sinasagot. Hindi epektibo ang aming ministeryo at walang saysay ang aming mga ginagawa. Sa taong 2005 ay nagdesisyon ang pastor na umalis na sa pagkatulog. Nagdesisyon ang pastor na baguhin ang aming kalagayan. Ang aming paglilingkod sa Diyos ay nagsisimula sa pagsamba at pagkatapos ay ang panalangin sa pagsisisi. Pagkatapos ay nangangaral ang pastor. Dati ay nangangaral siya sa loob lang ng isang oras, subalit ngayon ay tumatagal na iyon ng dalawa o hanggang tatlong oras. Kahit dalawa o tatlong oras ang aming serbisyo, ang mga myembro ay nagnanais pa ng mas matagal. Ang mga myembro ng kongregasyon na sumali sa tatlongpung araw na prayer rally ay nakakaramdam pa rin ng kakulangan at nagnanais pa ng mas maraming karanasan. Habang tumatagal ang aming pagsamba ay mas lalong tumitindi ang kanilang pagkagutom. Nang dumalo sila sa prayer rally ay sumasamba sila, nagdarasal at nakikinig sa sermon hanggang sa naisin nila. Hindi na namin iniisip ang oras. Ang pagsamba ay tumatagal ng tatlo hanggang apat na oras. Ang sermon naman ay tumatagal ng tatlong oras. Ang panalangin ay tumatagal ng hanggang limang oras araw-araw. Ang sermon ng pastor ay pinalalakas ng Espirito Santo. Buhay na buhay ang sermon sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Ang makapangyarihang sermon ay tumatagos sa mga puso at espiritu ng mga myembro. Sinabi ng Panginoong Hesus sa akin na magkakaroon ako ng ministeryo ng pagpapagaling sa pamamagitan ng banal na sayaw.

Nang marinig ko iyon ay naging mausisa ako at tinanong ko ang Panginoon tungkol sa ministeryo ng pagpapagaling. Sinagot ng Panginoon ang aking tanong sa pamamagitan ni sister Baek, Bong-Nyo. Marahang nagpaliwanag ang Panginoon at nagbigay ng halimbawa. May mga ibat-ibang espirituwal na antas upang maisagawa ang pagpapagaling sa pamamagitan ng ministeryo ng banal na sayaw.

Halimbawa, kung ako ay nasa mababang paaralan ay hindi ako karapat-dapat at hindi ko mauunawaan. Subalit kung ako ay nasa kolehiyo, ay karapat-dapat na ako upang magsagawa ng ministeryo ng pagpapagaling sa pamamagitan ng banal na sayaw. Si sister Baek, Bong-nyo ay nasa unang baytang pa lamang ng elementarya. Subalit kapag narating na namin ang unang baytang sa hayksul ay tataas ang aming antas at paunti-unti na namin iyon na magagawa. Ang pagsasayaw sa Espirito Santo ay hindi napag-aaralan o

natututunan. Hindi iyon maaaring likhain ng kahit na sino. Iyon ay maisasagawa lamang sa pamamagitan ng pagpapala ng Diyos.

PAGTAWID SA TULAY NA WALANG BALIKAN

Pastor Kim Yong Doo: Maraming beses kaming pinagsabihan ng Panginoon, “Ang mga nananalangin sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) ay nakaranas ng malalim na pagkamulat sa mga bagay na espirituwal. Hindi na kayo makakapamuhay ng katulad ng normal na Kristiyano. Tumawid na kayo sa tulay na kung saan ay hindi na ninyo kayang bumalik pa.”

Napakasaya ko sa mga itinulong ng Panginoon. Ako ay nag-aalala lang sa kung paano ko papamunuan ang aming maliit na simbahan ng naayon sa kalooban ng Panginoon. Kakaonti ang aking lakas ng loob at pinangingibabawan ito ng takot. Nasaksihan ko ang mga myembro ng aming simbahan na natalo ng mga espirito. Aking napagtanto na ang pundasyon ng aking mga kaalaman ay ignorante pa sa maraming bagay at ang kaalaman ko sa Bibliya ay limitado. Sa aking pagiging ignorante at limitadong kaalaman ay hindi ako handa na makipaglaban sa espirituwal na mundo. Nang aking maisip ito, ako ay nanginig sa pagkahiya.

Marami sa mga koreanong pastor ang gumagamit ng sarili nilang istilo ng pagtuturo at paglilingkod. Sa katotohanan pa niyan, ginagamit nila ang kanilang sariling pilosopiya. Kadalasan, sa mga organisadong relihiyon makikita ang panglabas lang na kabanalan. Wala nang presensya ang Panginoon sa kanilang pagsamba. Ako rin ay nakokonsensya dahil ako man ay kasali sa organisadong relihiyon. Kapag naririnig ko ang “sa kagustuhan ng Panginoon” ang aking puso ay natutuwa. Ako ay natutuwa dahil kinompirma ng Panginoon ang kondisyon ng maraming koreanong pastor at mga simbahan.

Pinakita sa akin ng Panginoon ang kondisyon ng mga simbahan sa ngayon. Wala ako sa posisyon upang ipaliwanag at manghugsa sa problema. Ako ay naghihintay sa Panginoon upang Sya na mismo ang gumawa ng paraan. Tinatago ko lang ang problemang ito sa aking puso. Nilunasan ng Panginoon ang ibang pangkaraniwang problema ng simbahan na hindi ko kayang solosyunan bilang tao. Ito ay ang mga problema na kinakaharap ng mga pastor sa ngayon na sa tingin palang ay napakahirap na pagsubok. Nilunasan lahat iyon ng Panginoon at binigyan Niya ako ng perpektong solusyon para doon. Kami ay pinili upang habang buhay na mamuhay para sa Diyos. Ang mga pastor at kongregasyon ay huhusgahan base sa kanilang mga gawa. Ang kanilang buhay ay susuriin; ang kanilang pagsusumikap ay susuriin; at ang kanilang mga iniisip ay susuriin din. Hindi mahalaga kung ang isang santo ay galing sa malaki o maliit na simbahan - lahat sila ay tatayo sa harapan ng Panginoon. Lahat ng ating gawa ay huhusgahan sa araw na iyon.

Dati, noong ako ay dumadalo sa mga pantas-aral o nagbabasa ng mga anunsyo ng mga simbahan at kung paano sila nagyayabang sa bago nilang tayong simbahan ay naiinggit ako at nagseselos. Ang mga bagong simbhang iyon ay nabuo sa loob lamang ng maikling panahon at malaki na kaagad ang kanilang kongregasyon. Ang iba sa mga bagong simbahan ay mabilis na lumalago at isinasalaysay nila na mayroon silang pagpapanibagong-buhay. Malinaw kong nakikita ang kanilang layunin at intensyon. Nanliliit ako sa kanilang tagumpay. Nalulungkot ako dahil pakiramdam ko ay isa akong talunan. Gayon pa man, ay nagpasya ako na huwag gawing agam-agam ang aspetong iyon sa akin.

Hindi ibig sabihin niyon na ang aking ministryo ay magiging maluwang o nang walang pag-ibig. Madalas, ang mga pastor at santo ay may magandang motibo sa pagsisimula ng kanilang pananampalataya. Subalit, habang lumilipas ang panahon at nagbabago ang mga araw, ay hindi napapansin ng mga santo na sila ay nagiging kaibigan na ng mundo. Sila ay nagiging maka-mundo. Magagalit ang Panginoon at Siya ay mag-huhugsa. Santiago 4:4

Ang bawat tao ay nabubuhay ng naayon sa kanilang kaugalian at pamantayan. Ang kanilang iniisip at pagpapasiya ay magkaiba din. Ang ibang myembro ng aming simbahan ay nagsasabi na may mga taong nagsasabi sa kanila na isang kulto ang aming simbahan.

Hayaan niyo akong magsipi ng tipikal na pahayag ng marami, “Anong uri ng simbahan ang may bagong mananampalataya na nakakapagsalita ng ibat-ibang wika? Anong uri ng simbahan ang nakakapag-propesiya, lumalaban sa masasamang espirito, at may rebelasyon ng langit at impyerno? Ang isang tao ay makakapunta

lang sa langit o impyerno kapag siya ay namatay na. Marahil ay maaaring makaputa ang isang tao sa langit at impyerno sa kanilang panaginip. Subalit isa o dalawang beses lang sila maaaring makabisita. Ngunit ang pagpunta sa langit at impyerno araw-araw ay imposible.” Pagkatapos ay sinusubukan nilang kunin ang mga myembro ng aking kongregasyon sa kanilang simbahan.

Matapang kong inihahayag, “Tama sila. Pupunta tayo sa langit o impyerno kapag tayo ay namatay. Subalit nararanasan naming makapunta sa langit at impyerno kahit kami ay buhay pa sa tulong ng makapangyarihang Diyos.” Ako ay nilibak at tinuya ng aking sariling mga kapamilya at inakusahan na isang mistiko, ngunit hindi ko pinansin ang kanilang sinasabi. Ang kalangitan at ang Panginoon ay isang malaking misteryo. Kahit ang itinakda naming prayer rally ay tapos na, ay ipagpapatuloy pa rin namin ang pagdarasal ng walang humpay. Ang aming mga banal na karanasan ay pinaikli sa aklat na ito. Kung itatala ko ang bawat karanasan, ay hindi magkakasya sa aklat ang dami ng impormasyon. Kaya naman, itatala ko ang ibang karanasan sa mga susunod na aklat. Patuloy pa rin ang pagbisita ng Panginoon kahit tapos na ang prayer rally. Namamagitan ang Panginoon sa lahat ng aming pang-araw-araw na gawain. Sina Haak-sung at Yoo-kyung ay mas naging matalino dahil sa kanilang mga karanasan.

Sinabi sa akin ng Panginoon na bibigyan Niya ako ng pagkakataon upang magsulat ng mga aklat na hindi lamang patungkol sa langit at impyerno. Sa aming unang aklat ay nagkulang kami sa papel at hindi namin naitala ang ibang kamangha-manghang karanasan. Subalit ipinagpaliban iyon ng Panginoon para sa susunod na aklat. Ang susunod na aklat ay mayroong kamangha-mangha at nakakagulat na nilalaman kaya naman nag-iingat akong mabuti.